

ANG KAPANGYARIHANG KAILANGAN MO
UPANG KAILANMAN AY HINDI KA SUMUKO

WALANG MAKAPIGIL

**JOHN
BEVERE**

MAY-AKDA RIN NG MABILING AKLAT NA *PATIBONG NI SATANAS*



MAY KALAKIP NA WALANG MAKAPIGIL RESOURCE DVD

Mahal kong Kaibigan,

Kung paano mo tapusin ang paglalakbay na kasama mo si Kristo ay higit na mahalaga kaysa kung paano mo ito sinimulan. Tulad ng taong tumatakbo sa isang karera, dapat mong iwasto ang iyong posisyon upang makatakbo ka nang maayos. Ngunit ilan sa atin ang nakakita ng mga kapatid sa pananampalataya na natuksong sumuko dahil sa tindi ng hirap at mga pasubok? Ang mabuting balita ay ibinigay na ng Diyos sa atin ang sapat na biyaya upang pagharian natin ang mga mabibigat na sitwasyon sa ating buhay. Ang kapangyarihang makatapos nang maayos ang siyang mensaheng ipinaaabot ng aklat na Walang Makapipigil (Relentless).

Naniniwala akong kinasiyahan ng Panginoon ang mensaheng ito upang tugunan ang isang napakahalagang pangangailangan sa Simbahan sa ngayon. Mula nang ito ay mailunsad, napakaraming mga lalake at babaeng nagpatotoo kung paanong napalago sa kanilang mga buhay ang paglaya, pananampalatay at pagtitiis. Ako mismo ay nakaranas ng revival sa aking espiritu habang inihahayag ng Panginoon ang mga katotohanang ito sa akin.

Inilagay ng Panginoon sa aking puso na ibahagi ang mensaheng ito sa iyo at sa iba pang tulad mong *spiritual leaders* sa mundo. Tanggapin mo ito, kasama ng aking pagmamahal at suporta. Gamit ang kalakip na disc at iba pang mga kapaki-pakinabang na materyal mula sa internet, nawa ay maibahagi mo ang mensahe sa bawat taong iyong makilala. Naniniwala akong iaangat ka ng Diyos, gayundin ang mga taong inilagay Niya sa ilalim ng iyong pangangalaga tungo sa mafaas na layunin, kapamahalaan at makalangit na hantungan.

Kaibigan, ang mensaheng ito ay nagpabago sa aking buhay at paglilingkod sa Diyos. Dalangin ko na ikaw rin ay makaranas ng malaking pagbabago habang tinutuklas mo ang mga bagay na nais ituro ng Panginoon sa iyo mula sa mga pahina ng aklat na ito. Ikagagalak kong marinig kung paano ka napagpala ng mensahe nito, maging ang mga taong nasa ilalim ng iyong ministryo.

Ang iyong kapatid kay Kristo,



John Bevere
JohnBevere@gmail.com



Sundan ninyo si John Bevere
sa Facebook at Twitter

magturo umabot magbigas
**Messenger
International**
MessengerInternational.org

MGA PAPURI PARA SA

“WALANG MAKAPIPIGIL”

“Ang Walang Makapigil ay magpapaalab ng iyong pagmamahal sa mga bagay na may kinalaman sa Diyos at magpapalakas sa iyong pasya na tumayo nang may katatagan sa pananampalataya at hanapin ang tadhanang inilatag sa iyo ng Diyos.”

—JOYCE MEYER, best-selling na awtor at Bible Teacher

“Si John Bevere ay may mataas na pagtawag sa kanyang buhay na paglingkuran ang katawan ni Cristo. Ang pagnanais niyang makita ang bawat isa na masumpungan at lumago sa itinadhana ng Diyos para sa kanila ay malinaw na makikita sa kanyang mga katuruan. Ang kanyang pagmamahal kay Cristo at ang malalim na kapahayagan ng Salita ng Diyos ang siyang magtutulak sa iyo upang matamo ang nais ni Cristo nang walang humpay.”

—BRIAN AND BOBBIE HOUSTON, mga senior pastor, Hillsong Church

“Isang bagay ang magsulat tungkol sa isang paksa; iba naman ang ipamuhay ang iyong mga ibinabahagi. Sa kanyang pananalita at pamumuhay, naipahahayag ni John Bevere ang makapangyarihang bungang nagagawa ng walang humpay na paghahanap ng layunin ng Diyos. Pinalalakas niya ang loob ng mga mambabasa upang umalis sa matamlay na buhay espirituwal tungo sa isang maalab na paghahangad sa kalooban ng Diyos... isang hamong nararapat yakapin!”

—JAMES ROBISON, pangulo, LIFE Outreach International, Fort Worth, Texas

“Nakuha ni John Bevere ang pangunahing pamantayan upang pag-aralan ang pagkakaiba-iba ng buhay na ito. Hinahamon niya ang bawat mananampalataya na higitan pa ang hangaring maging matatag tungo sa mas higit na kailangang katangiang Walang Makapigil. Nagagawa ng mga taong makamit ang ilang mga dakilang layunin sa kanilang buhay dahil hindi sila nagpapigil. Hinihikayat ko kayo na maglaan ng panahon upang basahin mabuti ang mahahalagang salitang ito.”

—BISHOP T. D. JAKES, The Potter's House

“Di-hamak na napakaraming nagaganap na kamangha-mangha sa simbahan. Lilan lamang ang matapat na nakapagtapos. Ngunit hindi kailangang maging ganoon. Si John Bevere, isa sa mga kahanga-hangang tao sa Simbahan ngayon, ay hinahamon tayong manampalataya na ang buhay natin ay hindi itinakdang maging mga kuwento lamang ng mga maaaring mangyari. Ang iyong pananampalataya at maalab na pag-ibig ay hindi kailangang manghina o mamatay. Maaari kang di-magpapigil.”

—STEVEN FURTICK, lead pastor, Elevation Church, at awtor ng Sun Stand Still

“Bawat aklat na isinusulat ni John Bevere ay isang mahalagang ambag sa pagbuo ng isang matibay, malusog, at mabungang buhay para kay Cristo! Salamat, John, sa panibagong aklat!”

—JACK W. HAYFORD

“Ang Walang Makapipigil ay kung ano ang kalaban tungo sa atin. Panahon na upang tayo man ay huwag ring magpapigil sa ating pananampalataya at mga gawa. Ang Diyos ay bumubuo ng mga taong matatag na hindi titigil hanggat hindi naisasakatuparan ang Kanyang kalooban. Ang aklat na ito ay isang napakahalagang kasangkapan para sa ganitong hangarin.”

—CHRISTINE CAINE, direktor, Equip & Empower Ministries, at tagapagtatag ng The A21 Campaign

“Ilang taon na ang nakalilipas nang makatanggap ako ng isang pulsera na may mga salitang RELENTLESS... simula noon ay lagi ko na itong suot upang paalalahanan ang aking puso sa aking hangarin kay Cristo at sa Kanyang layunin sa aking buhay. Ang aklat na ito ng kahanga-hangang si John Bevere ay patuloy na naglalahad ng dakilang kuwento ng ating matinding pag-ibig at paghahangad kay Hesus at sa Kanyang di-matatawarang pag-ibig para sa atin. Alam kong ang katuruang ito ay magbubukas ng puwang sa iyong puso na manabik nang higit pa.”

—DARLENE ZSCHECH, worship leader and singer/songwriter

“Ang Walang Makapipigil ay isa sa mga aklat na nakapupukaw ng espirituwal na aking nabasa. Inuudyukan tayo ni John na lagpasan pa ang pagtititi sa buhay patungo sa pagtatagumpay sa bawat panig ng ating buhay kasama ang kapangyarihan ng Diyos. Ito ay isang napapanahong mensahe ng pagbibigay-kapangyarihan sa Katawan ni Cristo na magtutulak sa iyo sa pagtawag ng Diyos sa iyong buhay sa isang masidhi at mapangahas na paraan. Kung talagang ninanais mo na makatapos nang maayos at mamuhay nang di-papipigil sa bawat panig ng iyong buhay kung saan ka tinatawag ng Diyos, kailangan mong basahin ang aklat na ito.”

—STOVALL WEEMS, punong pastor, Celebration Church, Jacksonville, Florida, at awtor ng Awakening

“Ang bagong aklat ni John Bevere na Walang Makapipigil ay nararapat na basahin para sa mga nakaranas ng mga nakatitod na hadlang ng kagipitan. Sasamahan ka ng Walang Makapipigil sa iyong paglakad patungo sa biyaya ng Diyos habang ginagamit Niya ang mga libis at bagyo ng iyong buhay upang palakas in ka para sa itinakda Niyang layunin. Pinapaaalalahanan tayo ni John na kahit kailan ay di tayo susukuan ng Diyos at maging tayo man ay di natin Siya dapat sukuan.”

—JENTEZEN FRANKLIN, senior pastor, Free Chapel, sa New York Times, best-selling author

ANG KAPANGYARIHANG KAILANGAN MO
UPANG KAILANMAN AY HINDI KA SUMUKO

WALANG MAKAPIPIGIL

JOHN
BEVERE

MAY-AKDA RIN NG MABILING AKLAT NA *PATIBONG NI SATANAS*

Walang Makapipigil ni John Bevere © 2014 Messenger International
www.Messengerinternational.org

Originally published in English as **Relentless**, The Power You Need To Never Give Up
Additional resources in Tagalog by John & Lisa Bevere are available for free
download at: www.CloudLibrary.org

Orihinal na inilathala sa Ingles bilang **Relentless**, The Power You Need To Never
Give Up. Matatagpuan at maaaring i-download nang walang bayad ang iba pang
mapagkukunang impormasyon nina John at Lisa Bevere sa:
www.CloudLibrary.org

ISBN 978-971-778-184-6

All Scripture quotation from the Holy Bible, unless otherwise indicated, are
lifted from the from the Ang Salita ng Dios, 1998 and 2010 versions.

Certain words, phrases and sentences, for emphasis, are indicated in italics
form.

Lahat ng talata na mula sa Banal naKasulatan, maliban kung isinasaad, ay
hango sa bersyon na Ang Salita ng Dios. Karapatang ari 1998 at 2010 ng Biblica
Publishing. Kapag hinango ang mga talata sa Bagong Magandang BalitaBibliya,
makikita ang mga titik na MBB. Kapag Ang Dating Bibliya ang ginamit, ADB ang
mga titik na nakalagay.

Ang mga talatang naka-italics ay idinagdag ng may-akda upang magbigay diin sa
pagbubulay-bulay ng mambabasa.

To contact the author: JohnBevere@gmail.com

Upang makaugnayan ang may-akda: JohnBevere@gmail.com

This book is a free gift from Messenger International as it is
NOT FOR SALE

Ang aklat na ito ay libreng regalang Messenger International at
HINDI IPINAGBIBILI.

Translation and production : Glad Tidings Publishing, Inc. Manila, Philippines
Isinalin at inilathala: Glad Tidings Publishing, Inc. Manila, Philippines

Iniaalay ko ang aklat na ito sa aking anak...

ALEC BEVERE

Napagtagumpayan mo ang mga balakid, pumaibabaw ka sa mga
mabibigat na pagsubok.

Ngayon pa lang, ang iyong buhay ay patotoo na ng kaganda-
hang-loob at biyaya ng Diyos.

Ipinagmamalaki kita at mamahalin magpakailanman.

NILALAMAN

Introduksyon

- 1 Walang Makapipigil ■ 1
- 2 Maghari sa Buhay ■ 13
- 3 Ang Pinagmumulan ng Kapangyarihan ■ 27
- 4 Kung Paano Lumakad si Hesus ■ 39
- 5 Katangi-tangi ■ 53
- 6 Makita o Pumasok ■ 77
- 7 Sino ang Nasa Likod ng Kaguluhan? ■ 99
- 8 Maging Handang Magtiis ■ 121
- 9 Magpakatibay sa Biyaya ■ 139
- 10 Ang Sandata ng Kababaang-Loob ■ 147
- 11 Itapon ang Kabigatan ■ 165
- 12 Maging Mahinahon at Mapagbantay ■ 185
- 13 Labanan ang Diyablo ■ 201
- 14 Ang Pinakamataas na Uri ng Paglaban ■ 219
- 15 Walang Humpay na Panalangin ■ 237
- 16 Tumakbo Para Sa Gantimpala ■ 255
- 17 Malapit sa Hari ■ 273
- 18 Huwag Susuko! ■ 283

Appendix A ■ 295

Isang Panalangin Upang Maging Anak ng Diyos

Appendix B ■ 299

Kung Bakit Ako Gumagamit ng Iba't ibang
Salin ng Bibliya

Para sa Higit Na Mas Malalim na ■ 300
Pagninilay at Diskusyon

PANIMULA

Ilang sandali matapos kong umpisahan ang pagsusulat ng aklat na ito, nanood ako ng isang pelikula na malinaw na naglalarawan ng kahalagahan ng pamumuhay na walang makapipigil, ang *The Ghost and the Darkness* ay pinagbidahan nina Michael Douglas at Val Kilmer. Ito ay batay sa isang pangyayari na naganap sa huling bahagi ng siglo 1800.

Isang napakatalinong military engineer na nagngangalang Patterson (Val Kilmer) ang inatasan upang mangasiwa sa paggawa ng tulay sa riles upang matawid ang Ilog Tsavo ng Uganda at nang sa gayon ay madagdagan ang maabot ng British East African Railway. Ang proyekto ay atrasado na sa iskedyul nang dumating si Patterson sa lugar.

Madali niyang nalaman kung bakit. Ang mga manggagawa ay nawawala sa gabi, at hindi na muling nakikita. Mabilis ding nalaman ni Patterson na may dalawang leon na nangangain ng tao ang umaali-aligid at tinitiktikan ang mga manggagawa. Upang mahinto ang kanilang mabangis na pagpatay, naglagay siya ng mga bitag at sinubukan ang iba't ibang paraan, subalit ang dalawang pumapatay na leon ay tila nalalaman ang mga galaw ni Patterson at sila ay nakakatakas sa kanyang mga bitag.

Nang umabot sa tatlumpo ang mga napapatay, kinuha ng kumpanya ng riles ang serbisyo ng isang Amerikanong mangangaso na si Charles Remington (Michael Douglas). Kilala siyang mahusay sa pagsubaybay at pangangaso. Gayunpaman ang mga leon ay patuloy na pumapatay hangga't gusto nila. Sa bawat gabi, sila ay namiminsala sa pamamagitan ng pagpatay hanggang sa ang mga manggagawa ay maniwala na ang mga leon ay masasamang espiritu na hindi mapipigilan. Nang ang bilang ng mga namamatay ay lumagpas sa 130, sinakmal na ng matinding takot ang mga manggagawa sa kampo. Walang nagawa sina Patterson at Remington kundi ang panoorin na lamang silang tumakas at magsitalon pasakay sa tren papuntang Tsavo.

Ito ang makabuluhang kaganapan sa buhay ko na tuminag sa akin. Maliwanag na ang lahat. Sa isang tabi ay mayroong duwag na superbisor na ginagatungan ang takot ng kanyang mga tauhan at binubuyo ang mga ito na iwanan ang gawaing pinagkasunduan nilang tapusin. Sa kabilang

dako ay ang tatlong lalaki—sina Remington, Patterson at ang alalay ni Patterson—na tumatangging pabayaang ang kanilang mga tungkulin at pagayagan na talunin sila ng takot.

Natira ang tatlong lalaki upang harapin ang mga tusong leon. Sinubukan nilang puksain ang mga ito subalit nabigo sila nang maraming beses. Halos naging kapalit ito ng kanilang mga buhay, subalit sila ay determinadong patigilin ang oposisyon at tapusin ang tulay. Armado sila ng mga superyor na armas. Kumbinsido si Remington at si Patterson na sa huli, sila ang mananalo kung sila ay magpapakatalino at tatanging sumuko.

Ang mga leon na nangangain ng tao, sa wakas, ay nagapi. Ngunit napakalaking halaga ang naging katumbas ng tagumpay. Nang bumalik ang mga manggagawa, iba na ang pagtingin nila sa kanilang *project engineer* na si Patterson. Malaki ang naging paghanga ng mga manggagawa sa kanya at tulong-tulong silang gumawa at natapos ang tila imposible. Nakumpleto ang tulay sa takdang oras!

Bilang mga kinatawan ng Diyos, gumagawa rin tayo ng mga tulay. Pinaglalapit nito ang agwat sa pagitan ng langit at lupa. Gayundin, tayo ay may hinaharap na oposisyon, at ang Banal na Kasulatan ay inilalarawan ang ating kalaban bilang isang leon na naghahanap ng masisila. Subalit tulad ng mga leon ng Tsavo, ang ating kaaway ay walang mga armas; tayo ay mayroon. Tinanggalan na siya ng armas; ngunit inarman na tayo ng pinakamalakas na sandata.

May mga labanang dapat na ipanalo at mga kuta na dapat mapagtagumpayan. Kadalasan ang mga ito ay nag-uugat sa mga pag-iisip, kala-karan, at mga kaparaanan na itinanim ng kaaway sa mga tao sa mundong ito. Ang ating oposisyon ay mahirap talunin ngunit “kay Cristo” tayo ay higit na malakas.

Kaya kaharap natin ang isang napakahalagang tanong: Tayo ba ay magiging katulad ng mga nahintakutang manggagawa na tumakas sa oras ng kagipitan upang iligtas ang kanilang mga sarili, o tutulad ba tayo sa mga taong matatapatang na hindi nagpapakigil na ituloy ang utos ng langit? Naniniwala ako na sa loob ng mensaheng ito ay mga katotohanang may potensyal upang hubugin sa iyo ang isang matatag na paninindigan. Hindi ka lamang palalakasin ng mga katotohanang ito upang makatayo ka nang

matatag, bibigyan ka rin ng kasanayan upang magtagumpay at makagawa ng positibong pagbabago.

Mahalagang ikaw ay maging matatag sa kaalamang ito. Sa napakatagal na panahon, ang mga anak ng Diyos ay nabihag at nawasak dahil sa kaku-langang ito (Isaias 5:13; Hosea 4:6). Ang tamang kaalaman ay humahabi ng isang pundasyon ng pananampalataya, at sa pamamagitan ng pananam-palataya tayo ay nagiging dahilan ng pagbabago sa isang ligaw at madilim na mundo.

Nilikha ka upang makagawa ng isang bagay na kakaiba sa iyong mundo ng impluwensiya. Sama-sama nating ipanalangin at tanggapin ang hamon habang tinutuklas natin ang hindi magpapapigil na kapangyarihang hindi kailanman susuko!

WALANG MAKAPIPIGIL

“Mas mabuti ang pagtatapos kaysa sa *pagsisimula*.”

MANGANGARAL 7:8

Iniisip ko na tayo ay nagkakasundo rito: *kung paano tayo “nagtapos” ay higit na mahalaga kaysa kung paano tayo “nagsimula”*.

Sa buhay Kristiyano, ang pinakamainam na pagwawakas ay ang marinig mo mula sa Panginoon ang mga salitang, “Magaling, Aking tapat at mabuting lingkod!”

Ano ang kinakailangan nating gawin upang marinig ang naturang mahahalagang mga salita mula sa Kanya na Siyang lahat sa atin?

Upang makatapos nang maayos, kinakailangan nating mamuhay nang maayos. Ang kailangan dito ay ang sapat na kaalaman kung paano “hindi sumuko” at ang pagkakaroon ng espiritung *walang makapipigil*.

Paano ba natin makakamtan ito? At bakit napakahalaga nito?



Sa totoo lang, ako ay nababahala na maraming mga mananampalatayang hindi makatatapos nang maayos. Sa isang pagkakataon, binigyan ako ng Diyos ng isang maliwanag na pangitain na magiging sentro sa tema ng aklat na ito.¹

Isang lalaki ang nagsasagwan nang salungat sa malakas na agos ng ilog. Nagsumikap siyang sumulong laban sa daloy ng tubig – mahirap ngunit magagawa naman.

1 Sa aking aklat na *A Heart Ablaze* (Nashville: Thomas Nelson, 1999.), bahagya kong ibinahagi ang pangitaing ito. Ngayon, nakakaramdam ako ng pangangailangang muling ikuwento ito at palawakin pa.

Ang ibang mga bangka na higit na malalaki at magaganda at naglalaman ng maraming tao, ay madalas siyang nilalampasan pababa sa daloy ng tubig. Nagtatawanan, nag-iinuman, at nagpapahingalay ang mga taong nasa mga malalaking bangka. Paminsan-minsan nilang tinitingnan ang taong nagsasagwan nang taliwas sa agos ng tubig at pinagtatawanan. Sinikap ng lalaking umusad unti-unti habang ang mga ito ay walang kahirap-hirap sa pagsulong.

Makalipas ang mahabang oras, ang lalaking ito ay napagod nang labanan ang salungat na agos ng tubig. Hapo at dismayado, isinantabi niya ang kanyang sagwan. Ilang sandali pang nagpatuloy ang kanyang bangka mula sa lakas na kinikilos nito na pasalungat sa agos, hanggang ito ay tuluyang huminto. Nakalulungkot ang sumunod na pangyayari: bagamat salungat pa rin ito sa daloy ng tubig, unti-unti itong dumausdos pababa, tangay ng agos ng tubig.

Maya-maya ay isa pang bangka ang kanyang napansin. Kakaiba ito sa ibang bangka – tulad ng kanyang bangka – ito ay salungat din sa daloy subalit nagpapatianod sa agos ng tubig. Sakay din nito ang mga taong ang inaatupag ay magsaya, makihalubilo sa iba at magpahingalay. Dahil ang bangkang ito ay salungat sa agos – ang direksyon na gusto ring puntahan ng lalaki – patalon siyang lumipat sa bangkang ito at nakisama sa mga nakasakay doon. Dahil dito, sila ay naging grupong malapit sa isa't isa. Hindi katulad ng ibang bangka na ang hinaharap at tinutungo ay ang pababang daloy ng tubig, ang bangkang ito ay pasalungat. Subalit, nakakalungkot mang sabihin, ang bangkang ito ay patuloy na dumadaloy sa agos ng tubig.

Ano ang ibig sabihin ng pangitaing ito? Ang ilog ay kumakatawan sa mundong ito. At ang bangka ay ang katawan ng tao na may kakayahang mamuhay at gumawa sa mundong ito. Ang taong nasa bangka ay ang mananampalataya; ang sagwan ay sumisimbolo sa biyaya ng Diyos. Ang mga bangkang puno ng nagkakasayahang tao ay may isang layunin, at ang daloy ng tubig sa ilog ay ang sistema ng mundong ito na nasa ilalim ng kapangyarihan ng ating kaaway.

Sa pamamagitan ng sagwan ng biyaya ng Diyos, ang tao ay may kakayahang sumalungat sa daloy ng tubig ng mundong ito at makarating sa kanyang destinasyon na isulong ang kaharian ng Diyos. Ang pisikal niyang lakas ay kumakatawan sa kanyang pananampalataya. Nakalulungkot na

siya ay nanghina at napagod sa laban. Maaaring hindi niya naisip na siya ay may kakayahan. Kaya nawawalan siya ng gana at loob na magpatuloy, hanggang siya'y sumuko na lamang.

Kapag ang tao ay tumigil na sa pagsagwan, dito pumapasok ang pandaraya ng diyablo. Nagkakabunga pa rin siya subalit hindi na ito ang naghihikayat sa kanya upang sumulong. Maling-mali ang kanyang paniniwala na maaaring huminto at magpahinga – kahit hindi na magbantay at maki-paglaban – magiging matagumpay pa rin ang kanyang buhay Kristiyano.

Sa wakas, kapag ang bangka ay huminto na at nag-umpisang dumausdos pababa, sa umpisa mabagal lang ito, ngunit maya-maya, bibilis din ito na kasimbilis ng daloy ng tubig.

Ito ang ibig sabihin ng pangitain: Kahit ang kanyang bangka ay tumuturo pasalungat sa daloy ng tubig, ito ay dadausdos pa rin pababa. Ito na ngayon ang magiging mukha ng isang Kristiyano — alam niyang mangaral, umawit at kumilos ayon sa takbo ng kaharian ng Diyos – subalit ang totoo, nakikiayon na siya sa sistema ng mundong ito (1 Juan 2:13-17).

Sa bandang huli, ang ating pangunahing tauhan ay nakatagpo ng ibang bangka–isang grupo ng mga ‘mananampalataya’ na katulad niya. Iniisip niya na sila ay kabilang sa simbahan dahil sila’y salungat din sa daloy ng tubig. Alam nilang mangaral, umawit at maging kumilos ayon sa takbo ng kaharian. Sila ay panatag kahit walang bunga ang kanilang buhay Kristiyano. Sila rin ay nasa ilalim na ng pandaraya ng diyablo na may kontrol sa daloy ng mundong ito.

Ang mga Kristiyano sa ganitong bangka ay hindi na tinutuya at hinahamak ng mga di-mananampalataya. Sa katunayan, tanggap na sila at minsan ay pinupuri pa ng mga makamundo. Hindi na sila katulad ni Pablo na ang laging ninanais gawin ay ang bagay na ito, “Nagpapatuloy nga ako patungo sa hangganan upang makamtan ang gantimpala ng pagkakatawag sa akin ng Diyos sa pamamagitan ni Hesus”.(Filipos 3:14) Sa totoo lang, ang mga Kristiyanong nagpapatangay sa sistema ng mundo, ay walang lakas labanan ito.

Pag-isipan mo ang isinulat ni Apostol Juan:

“Sa katunayan, ang lahat ng nasa mundo – ang ginugusto ay ang kanyang pamamaraan, ang ginugusto ay lahat para sa kanyang sariling

pakinabang, ang ginugusto ay ang ipagmalaki ang sarili – hindi ito galing sa Diyos Ama kundi mula sa mundo. Ito ang maghihiwalay sa iyo sa Kanya. Lumilipas na ang mundo at mga hilig nito, subalit ang taong gumagawa ng kalooban ng Diyos ay mananatili magpakailanman.” (1 Juan 2:16-17, MSG)

Ang pangitaing aking inilalarawan sa inyo ay tumutukoy sa tatlong uri ng tao: ang *mananampalataya*, ang *di mananampalataya* at ang *nadaya*.

- » Ang *di-mananampalataya* ay namumuhay ayon sa agos ng mundo. Wala sa loob niya kung ano ang katotohanan at ang laging hinahangad ay lahat ng kanyang kagustuhan.
- » Ang *mananampalataya* ay kailangang magpatuloy na ipaglaban ang pananampalataya upang makamit ang pagsulong ng kaharian ng Diyos.
- » Ang *nadaya* ay mga tao na itinatago ang motibo ng kanilang makasariling kagustuhan sa pamamagitan ng pag-aanyong Kristiyano at di-wastong paggamit ng Salita ng Diyos.

Alam kong ang pangitaing ito ay nagpapakita ng isang nakababahalang larawan ng isang mananampalataya sa panahong ito. Dahil dito ay napipilitan tayong itanong ang napakahalagang katanungan na ito: “Sino sa tatlong uri ng tao ang tumutukoy sa akin?” Pagkatapos ng lahat, inuutos sa atin ng Salita ng Diyos na...

“Subukin ninyo ang inyong mga sarili kung kayo ay namumuhay ayon sa pananampalataya. Suriin ninyo ang inyong sarili. Hindi ba ninyo alam na nasa inyo si Cristo Hesus? Maliban na lamang kung kayo ay bigo sa pagsubok.” (2 Corinto 13:5)

Pagkatapos kong makita ang pangitain at maunawaan ang kahulugan nito, higit kong naisip ang aking pagkakasala sa pamamagitan ng Salita ng Diyos na naisulat para sa mga Hebreong Kristiyano:

“Dahil dito’y itaas ninyo ang inyong nanghihinang mga kamay at patatagin ang nangangalog na mga tuhod! Magpatuloy kayo sa paglalakad sa tuwid na daan... Pag-ingatan ninyo na huwag tumalikod ang sinuman sa inyo sa pag-ibig ng Diyos. Huwag kayong magtanim ng sama ng loob na dahil dito’y napapasama ang iba.” (Hebreo 12:12-13, 15)

Bilang anak ng Diyos, matapang na hangarin natin na tapusing mabuti ang takbuhin para sa Kanyang kaluwalhatian. Ikaw at ako ay hindi dapat tumalikod sa biyaya ng Diyos. Hindi tayo dapat magsawa at iwanan ang ating mga sagwan at magpatianod na lamang sa sistema ng mundo.

Kailangan nating makita ang mga halimbawa sa Salita ng Diyos, at kung ano ang nangyayari sa mga taong nakatapos o di nakatapos nang maayos. Isipin natin si Solomon na anak ni David, ang pinakamatalino, pinakamayaman, at pinakamakapangyarihang hari sa kanyang panahon. Walang sinuman bago sa kanyang henerasyon o pagkalipas nito, ang nakakamit ng malapit sa tugatog na kanyang natamo. Subalit siya'y nagkamali – iniwan niya ang kanyang sagwan – sa huling bahagi ng kanyang paghahari, ang kanyang puso ay napalayo sa Diyos at pumanig sa takbo ng mundong ito.

Dahil nagkaroon si Solomon ng maraming dayuhang asawa, marahil ay naranasan niya ang katakut-takot na di-pagkakaunawaan sa loob ng kanyang pamilya patungkol sa pagiging matapat at masunurin kay Yahweh. Upang mapanatili niya ang kanyang pakikisama sa kanila, hindi siya naging tapat kay Yahweh. Nagtayo siya ng mga altar at sumamba sa mga diyus-diyosan ng mga paborito niyang asawa.

Si Solomon ay lubos na dumanas ng kahirapan dahil sa kanyang pagkakamali. Ngunit ang lubos na naapektuhan ng kanyang pagkakamali ay ang kanyang mga anak at mga apo.

Ang kaharian na ipinagkatiwala sa kanya ay isang kahariang matatag dahil sa katapatan ng kanyang amang si David. At ito'y tumatag pa nang tumatag dahil sa kanyang talino na kaloob ng Diyos noong siya ay nagsi mula. Subalit nagkaroon ng kaguluhan, pagkakahiwalay, at di nagpatuloy ang tagumpay dahil sa kanyang pagkakamali. Ang kasaysayan ng Israel ay lubos na maiiba sana kung si Solomon ay nanatiling matatag lamang.

Ihambing natin ngayon si Solomon kay Juan na Tagapagbautismo. Si Juan ay desidido na panghawakan ang katotohanan, matapang na pinamuhay at ibinahagi ito. Siya, katulad ni Solomon, ay naharap sa isang malaking pagsubok. Subalit ang maaaring mangyari sa kanya ay mas masahol pa kay Solomon. Hindi asawa o mga asawa ang hindi naniniwala sa katothang ibinahagi niya kundi ang mismong hari ng Judea. Si Solomon ay

mayroong problema sa kanyang pamilya subalit ang kinaharap ni Juan ay posibleng pagkakakulong, paghihirap o pagkamatay. Gayunman, sa gitna ng mahirap na sitwasyong kinaharap niya, matatag niyang tinayuan ang katotohanan na kanyang ipinamuhay at ibinahagi. Ang resulta - higit na mainam ang pamanang iniwanan ni Juan na Tagapagbautismo kaysa kay Haring Solomon.

Hindi lang sina Juan na Tagapagbautismo at Haring Solomon ang humarap sa ganitong kalaking pagsubok – katulad ng malakas na daloy ng tubig sa ilog – maging ikaw at ako. Tayo ay seryosong nakikipaglaban sa mapagmalaki at mababaw na kabuluhan ng mundong ito. Malakas ang hatak nito. Madaya. Mapanukso. Huwag mong isipin na okey lang ang manghina. Ang tanging paraan upang makatapos nang maayos, ay ang maging matatag ka sa iyong pananampalataya. Kapag ito ang ginawa natin, tayo ay magiging isang malaking banta sa kaharian ng kadiliman.

ANG ESPIRITUNG WALANG MAKAPIGIL

Ano ba ang ibig sabihin ng *walang makapigil*? Ito ang espiritu na desidido, pursigido at di kaagad sumusuko. Ang ibig sabihin lang nito ay pagiging matatag at matiyaga.

Ang di-sumusukong espiritu ay maaari rin nating makita sa pwersa ng kadiliman. Subalit sa ating pag-uusap, gagamitin natin ang salitang ito sa positibong kahulugan upang tukuyin ang isang tao na matatag, malakas ang loob at determinadong tapusin ang pinagagawa sa kanya. Maging ito man ay sa maikling panahon o mahabang panahon, tatapusin niya ito ayon sa hinahangad na resulta. At walang maaaring makapigil sa kanya.

Habang iniisip natin ang isang mananampalatayang walang makapigil, tinutukoy natin ang isang taong matatag sa kanyang pananampalataya, pag-asa at pagsunod sa Diyos anuman ang balakid. Ang hindi magpapapigil na mananampalataya, na tapat sa layuning makatapos nang maayos, ay isang tunay na taga-likha ng kasaysayan na laging kikilalanin ng kalangitan bilang nagkamit ng taos-pusong paghanga mula sa Panginoon at magsasabi sa kanya, “Magaling.”

Dati, ang mga salitang *walang makapipigil* ay hindi ko kailanman nakita sa aking sarili, dahil ako ay isang taong madaling sumuko.

Ako ay nakakilala sa Diyos noong taong 1979 nang ako ay pumasok sa Unibersidad ng Purdue. Pagkatapos ng semestrong iyon, dali-dali akong umuwi sa amin upang ibalita sa aking mga magulang na Katoliko ang natagpuan kong bagong pananampalataya. Ang sagot ng aking ina sa akin, “John, isa na naman ba ito sa mga bago mong uso? Naku! Susukuan mo rin ito katulad ng iba!”

Ang kanyang masakit na sagot sa akin ay may katotohanan—dahil alam niyang madali akong magsawa at sumuko.

██████████
 Ang isang
 mananampalatayang
 hindi nagpapapigil
 ay isang tunay
 na tagalikha ng
 kasaysayan.

Naalala ko na bilang binata, nilalaban ko ang takot ko na baka hindi ako makapag-asawa. Nakikipag-*date* ako noon sa babae ngunit pagkatapos ng pangalawa o pangatlong *date* ay tinitigilan ko na. Ang mga babaeng ito ay kaakit-akit talaga, matatalino at nagtataglay ng mga katangiang magaganda pero nagsasawa agad ako sa kanila. Ang ibang kalalakihang nakipag-*date* sa kanila, nakakabuo ng mas matatag na relasyon na humahan-tong sa kasalan.

Alam ninyo hindi lang sa pakikipag-*date* sa mga babae ako madaling magsawa, maging sa pag-aaral ng piano. Naumpisahan ko ito pero pagkalipas ng anim na buwan, ayoko na. Hindi pumayag ang aking mga magulang. Dumating sa punto na nawalan na ako ng gana, kaya mismo ang aking guro sa piano ang nagmakaawa sa aking mga magulang na tigilan na namin ang aming pag-aaral. Sa buong panahon ng kanyang pagtuturo ng piano, ako lang ang tanging estudyante na hinikayat niyang tumigil na sa pag-aaral nito!

Pagkatapos noon, kinausap ko ang aking mga magulang na mag-aaral naman ako ng gitara. Bumili kami ng isang mamahaling gitara. Inumpisahan kong tugtugin nang may pananabik. Pero muli, tumagal lang ito ng ilang buwan.

Sa *sports*, ganon din ang nangyari. Naglaro ako ng *baseball*, ngunit umayaw din pagkalipas ng ilang taon. Tapos, *basketball* naman, na sandali lang tumagal. Ang sumunod naman ay *golf* ngunit hindi rin nagtagal. *Track and field* – ganun din ang nangyari.

Marami pa ang mga sumunod. Inuumpisahan kong magbasa ng aklat ngunit hindi ko natatapos. Noong ako ay nasa hayskul, may isang aklat na nabasa ko nang buong-buo – ang *The Old Man and The Sea* na sinulat ni Ernest Hemingway. Kinakailangan itong basahin sa paaralan at dahil maikli lamang ito at mahilig ako sa pangngisda, natapos ko itong basahin.

Sumali rin ako sa mga samahan pero di ko rin ipinagpatuloy. Tapos, nagkaroon naman ako ng espesyal na hilig. Bumili ako ng mga mamahaling kasangkapan (*gadget*). Pero kinalawang na lang sa aking taguan dahil di ko na nagamit nang mawalan na ako ng gana.

Sa madaling salita, tama ang aking ina sa kanyang paghusga. Uulitin ko ba ang gawi ko noon? Magsasawa rin ba ako sa aking bagong natagpuang pananampalataya? Ang aking mga Bibliya at aklat ba ay mauuwi rin sa aking taguan kasama ng mga panandalian kong naging interes?

Ang mabuting balita ay ako, na dating madaling umayaw at magsawa ay mahigit tatlung taon nang maalab na umiibig pa rin kay Hesu-Cristo. Ang desisyon ko ngayon ay tulad pa rin o maaaring higit pa, mula nang ako ay umuwi sa aming tahanan at ibalita sa aking mga magulang ang aking bagong pananampalataya. Ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, ang aking Ama, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ang bumago sa akin mula sa isang taong dating madaling umayaw na ngayo’y may espiritu nang walang makapipigil.

Ginawa ako ng Diyos na isang matatag na mananampalataya na hindi sumusuko.

Kung ang Panginoong Hesucristo ay tinanggap mo na sa iyong puso, ang espiritu ng katatagan ay para rin sa iyo. Subalit kailangan mo itong linangin. Ito ang layunin ng aklat na ito - na maipahayag sa iyo kung paano mo ito isasabuhay upang makatapos ka nang mainam.

SUMULAT ANG DIYOS NG ISANG AKLAT TUNGKOL SA IYO

Nauunawaan mo ba kung sino ka at kung gaano ka kailangan ng Diyos upang maipatupad Niya ang Kanyang layunin sa mundo? Nagtataka ka ba na ang ating Ama sa langit ay umaasa sa iyo?

Ang Diyos ay lumikha ng isang plano na nais Niyang ipamuhay mo. Ang buong buhay mo ay nakaplano na bago ka pa man isilang. Ang mang-aawit ay nagsabi na :

“ Ako’y iyong nakita na, hindi pa man isinilang,
batid mo kung ilang taon ang haba ng aking buhay ;
pagka’t ito’y nakatitik sa aklat Mo na talaan,
matagal nang balangkas mong Ikaw lamang ang may alam.”
(Awit 139:16)

Ang Diyos ay sumulat na ng aklat tungkol sa iyo, bago ka pa man binalak ng iyong mga magulang. Hindi lamang ang mga kilalang tao at mga pinuno ang may mga aklat na naglalaman ng kanilang kuwento. Ang kuwento ng iyong buhay ay napag-isipan at naisulat na ng Diyos bago ka pa isilang.

Maaaring hindi ka sumang-ayon, “John, mukhang di mo kilala kung sino ang kausap mo! Ang aking buhay ay punong-puno ng bugbog, pasa at kasiraan dahil sa aking mga maling pasya. Ang Diyos pa rin ba ang may-akda niyan?”

Hindi, isang libong beses kong sasabihin, hindi! Ang ating Diyos ang Siyang nagplano ng ating lalakaran pero nasa atin ang pagpapasya nang tama upang lakaran ang Kanyang magandang plano para sa atin. Ang ating mga maling desisyon ang siyang magpapahamak sa atin ngunit ang totoo ang pagsisisi ang siyang magtutuwid sa atin.

Maaaring magtanong ka uli, “Ngunit may masasamang nangyari sa akin na hindi dahil sa desisyon ko. Naranasan ko sa aking buhay ang sobrang hirap at kawalan ng pag-asa, Siya rin ba ang may akda nito?”

Uulitin ko, hindi! Nabubuhay tayo sa isang makasalanang mundo. Dahil dito, ang sabi ni Hesus ay makararanas tayo ng kapighatian at kahirapan. Ang magandang balita ay alam ng Diyos ang paraan ng diyablo kung paano

ka niya pababagsakin bago ka pa man isilang. Sa Kanyang karunungan, ay gumawa Siya ng paraan upang ito ay iyong mapagtagumpayan. Kaya nga ang sabi sa Kanyang Salita, ang tawag Niya sa mga mananampalatayang matatag ay matagumpay.

Hinihikayat tayo ng Hebreo 12:1 na buong tiyagang takbuhin ang ka rerang nasa unahan natin. Ang ating Diyos ay nagtakda ng takbuhin para sa iyo, sa akin at sa bawat anak Niya. Upang makatapos tayo sa takbuhing ito, kailangan natin ang tiyaga o posisyong hindi magpapapigil. Wala nang ibang paraan. Mapapansin mo na ito lamang ang katangian na binabanggit sa talatang ito. Hindi sinasabi ng may-akda na, “Takbuhin natin ang karera nang may kasayahan” o “Takbuhin natin ang karera na may layunin” o “Takbuhin natin ang karera na seryoso”. Huwag mong mamasamain ang aking sinabi – ang kasayahan, layunin o pagiging seryoso at ang iba pang magagandang katangian ay mahalaga sa paglakad sa buhay Kristiyanong. Ngunit ang pinakasusi dito sa karerang ito ay ang pagiging matatag o posisyong hindi magpapapigil.

Kailangan ng katatagan upang makatapos nang maayos. Gusto ko ang sinasabi sa Hebreo 12:1 : “...Buong tiyaga tayong tumakbo at magpatuloy sa takbuhing itinakda ng Diyos para sa atin.” Ang pagtatapos ng takbuhin ay napakahalagang pagpapasya, hindi lang sa atin kundi maging doon sa mga taong ating maiimpluwensiyahan. Napakahalagang huwag mag-iba ng direksiyon sa daang nais ng Diyos na ating lakaran. Kung ikaw ay anak ng Diyos, nasa iyo ang kakayahan ng Banal na Espiritu. At kung ikaw ay magiging matapat katulad ni Apostol Pablo, masasabi mo rin, “Pinagbuti ko ang aking pakikipaglaban; natapos ko na ang dapat kong takbuhin; at nanatili akong tapat sa pananampalataya.”

Marahil dumaranas ka ngayon ng kahirapan sa iyong buhay may-asawa, sa iyong pamilya, sa iyong trabaho, negosyo, pag-aaral, pananalapi, kalusugan o anupaman. Maaaring ang iyong sitwasyon ay parang walang pag-asa at parang walang solusyon - parang may malakas na kapangyarihan na pinipilit kang sumuko. Ang mabuting balita ay, “hindi ito kayang gawin ng tao, ngunit hindi ito imposible sa Diyos. Sapagkat ang lahat ng bagay ay kayang gawin ng Diyos.” (Marcos 10 :27). Gaano man kahirap ang iyong sitwasyon, hindi ito imposible sa Diyos. Si Hesus ay nagbigay ng isang mahalagang bagay upang tayo ay maging karapat-dapat sa Kanyang

pangako. "...sagot ni Hesus. 'Kahit ano ay maaaring mangyari, para sa taong may pananampalataya.' (Marcos 9:23)

Ang taong di sumusuko ay nakikita na ang imposible ay maaaring maging posible. Iyan ang mensaheng nais nating ipahatid—sa pagharap mo sa mga sitwasyong hindi mo kaya at tila imposible para sa iyo, dahil sa lakas at biyaya ng Diyos, makikita mo na ang imposible ay magiging posible.

Makinig ka sa akin! Nais ng Diyos na tawagin kang “dakila sa paningin ng Diyos.” (Lucas 1:15) Siya ay para sa iyo at walang sinuman na nais kang magtagumpay sa iyong buhay na higit pa sa Kanya. Inihanda na Niya ang magandang buhay mo at nakikita Niya ang iyong pagtatapos na mag-iiwan ka ng isang pamana ng pananampalataya, makabuluhang buhay at kadakilaan na pwedeng tularan ng mga susunod pa sa iyo. Ngunit ang lahat ng ito ay nakasalalay sa iyo bilang mananampalatayang nagpapakatag at hindi sumusuko.

Marahil iniisip mo, “Pero John, ang totoo, hindi ako isang taong matiyaga at matatag. Wala akong karanasan na naging matatag ako sa mga mahihirap na panahon.”

Walang ibang magnanais na magtagumpay ka kundi ang Diyos.

Kung iyan ang larawan mo, meron pang ibang mabuting balita. Ang iyong nakaraan ay hindi mahalaga. Dahil sa biyaya ni Hesucristo, hindi ka itinakda na ulitin ang iyong mga pagkakamali sa iyong nakaraan. Posible talaga na matapos mo ang buhay nang maayos dahil sa iyong pagtitiyaga. Ikaw ay kandidato sa pagtatapos. Sa maikling kabanata ng iyong buhay o sa buong kahabaan nito, itinadha-na ng Diyos na maging dakila ka sa Kanyang paningin. Ito ang Kanyang pangako.

Hindi natin maiiwasan ang mga hirap na naghihintay sa atin kung susundan natin ang nilakaran ni Hesus. Ang mga gantimpala ay walang kasinghalaga. Nais ng iyong kaaway na wasakin ang iyong impluwensiya at ang ipinagagawa ng Diyos sa iyo. Para kay satanas, isa kang banta na dapat patigilin—sa katunayan, magiging masaya siya kapag nakita ka niyang “patay”. Pero dahil sa nangyari sa Krus ng Kalbaryo, si satanas ay

isa ng talunang kaaway. Ang bawat labanan na ating kinakaharap laban sa kanya ay napagwagian na. Subalit, kailangan pa rin nating labanan siya, ang kanyang mga kasama at ang kanilang naimpluwensiyahan—nang walang humpay. Sama-sama nating matututunan kung paano.

Ikaw ay nilikha upang magtagumpay sa mundong ito. Ikaw ay anak ng Hari na nakatakdang maghari alang-alang sa Kanya. Ang mga susi ng kaharian ay nasa iyo. Kapag ikaw ay lumakad na malapit sa Kanya at manatiling matatag sa iyong pananampalataya, ibibigay Niya ang lahat ng lakas at patnubay na kailangan upang mapagtagumpayan mo ang malalakas na alon laban sa iyo.

Bago tayo magpatuloy, ipagkatiwala natin ang paglalakbay na ito sa ating Panginoon:

Mahal kong Diyos, habang binabasa ko ang aklat na ito, hayaan Mo na ang iyong Espiritu Santo ang magturo at magbigay ng kaliwanagan sa akin. Ang nais ko ay higit pa sa impormasyon o inspirasyon; nais kong maunawaan ang yaman at lawak ng pagtawag na Iyong inilagay sa aking buhay. Nais kong maunawaan ang kapangyarihang inilaan Mo sa akin upang tuparin ang aking kapalaran. Sa pamamagitan ng mensaheng ito, palakasin Ninyo ako upang matatag akong tumayo sa katotohanan nang walang makapipigil na anumang hrap na hahadlang sa katuparan ng plano mo sa pamamagitan ko. Isinilang Ninyo po ako sa ganitong kapanahunan; dalangin ko ang mensahe ng “Walang Makapipigil” ang magsanay at makatulong sa akin upang maganap ang Iyong dakilang plano na magbibigay ng kapurihan at kagalakan sa Iyong puso.

Sa pangalan ng Panginoong Hesucristo, ito ang aking kahilingan. Amen.

MAGHARI SA BUHAY

“Ang Salita ng Diyos ay buhay at mabisa.”

HEBREO 4:12

Kung ating babasahin ang Salita ng Diyos ayon sa eksaktong sinasabi nito, magiging kapansin-pansin ang magaganap na pagbabago sa buhay ng marami sa atin.

Ang pinakamalaking hamon sa atin ay ang maniwala lamang sa Kanyang Salita sa gitna ng mga kaganapan sa ating buhay. Kung ang iyong kalagayan ay hindi kanais-nais sa sandaling ito, batid mo na ito ay maaaring mabago - na ang mga pangyayari sa iyong buhay ay posible pang maiba. Ang tanging bagay na hindi kailanman magbabago ay ang Salita ng Diyos. Ipinahayag ni Hesucristo daan-daang taon na ang nakararaan, “Ang langit at lupa ay mawawala, ngunit ang Aking mga Salita ay mananatili magpakailanman.” (Lucas 21:33) Tumingala at obserbahan ang araw na nagbibigay liwanag at init sa ating planeta sa buong panahon na ang tao ay naririto. Ito ay mawawala bago ang Salita ng Diyos ay mapatunayang hindi totoo. Ang Salita ng Diyos ay mananatili magpakailanman!

DAPAT TAYONG MAGHARI SA BUHAY NA ITO

Sa susunod na apat na kabanata tayo ay magsasaliksik at bubuo ng isang lubos na mahalagang katotohanan -- isang katotohanan na mahalaga sa ating mga pakikipagsapalaran upang matapos nang maayos bilang mga hindi magpapakipigil na mananampalataya. Aalertuhin ko kayo na maaari

itong lumabas na tayo ay lumalayo nang kaunti sa paksa, ngunit samahan ninyo ako. Tinitiyak ko sa inyo na ang lahat ng ito ay maglalakip upang matulungan tayong makumpleto ang ating paglalakbay.

Sa ating pagsasa-isip nito, suriin natin ang isa sa mga pinaka-makapang-yarihang talata sa Bagong Tipan:

“Ang mga taong pinagpala nang sagana at itinuring na matuwid ng Diyos ay maghahari sa buhay sa pamamagitan ni Cristo.” (Roma 5:17).

Maingat na tingnan ang parirala na *maghari sa buhay*. Ang New International Version ay isinalin itong “paghahari sa buhay”; sa ibang pangungusap, ang sabi ni Weymouth ay “maghahari bilang mga hari sa buhay.” Ikaw at ako, bilang anak ng Diyos, ay mamumuno bilang mga hari o reyna! Ang mga salitang ito ay hindi basta-basta salita ng tao, sapagkat alam natin na “lahat ng Banal na Kasulatan ay kinasiyahan ng Diyos.” (2 Timoteo 3:16) Samakatuwid, ang Diyos ay literal na nagpapahayag na tayo ay mamumuno sa buhay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang Anak. Pansinin, hindi Niya sinabing, “Ikaw ay mamumuno sa langit isang araw.” o “Ikaw ay mamumuno sa susunod na buhay.” Hindi, malinaw na inatasan Niya tayo upang mamuno sa buhay bilang mga hari o reyna sa pamamagitan ni Cristo.

Isa sa pangunahing mga kahulugan mula sa aking diksiyunaryo ng isang hari o reyna ay, “Isang tao na tinitingala o kilala sa isang partikular na larangan. Ang salitang paghahari ay tumutukoy sa “pangingibabaw o laganap na impluwensiya.” Ang mamuno bilang isang hari o reyna ay ang magkaroon ng mataas na kapangyarihan at impluwensiya sa isang partikular na larangan. Saang larangan tayo dapat na hindi maunahan o maging higit sa lahat? Sa larangan ng buhay.

Sa madaling salita, dapat hindi tayo daigin ng buhay dito sa mundo; dapat natin itong pamahalaan. Ito ang Salita ng Diyos, ang Kanyang pangako sa iyo! Hinihikayat kitang panatilihin matatag ito sa iyong puso.

KUSANG PINIPILING PAHAYAG

Isaalang-alang ang kusang pinipiling pahayag na narinig na nating sinasabi sa loob ng maraming taon. Kapag ang sitwasyon ay naging mahi-

rap, nakapanghihina ng loob, nakapipinsala, at maaaring maging sanhi ng kamatayan. Ang mabubuting mga tao ay madalas na kusang magsasabi na “Ang Diyos ang may kontrol.” Ang pahayag na ito ay nagpapahiwatig na walang dahilan upang labanan ang pagsalungat dahil ang Diyos, mula sa kanyang likas na pagmamahal at kabutihan, kahit papaano ay maaaring palitan ang lahat ng kagipitan para sa sukdulang kabutihan dahil Siya ang nagpapatakbo ng lahat.

Ang katotohanan ay, hinirang na tayo ng Diyos upang mamahala. Ngayon, bago mo itapon ang aklat na ito, mangyaring pakinggan mo muna ako.

Sa Awit na ating binasa, “Ang kalangitan ay ang langit ng Panginoon, ngunit ang lupa ay ibinigay Niya sa mga anak ng tao (Awit 115:16). Ang The Message na salin ng Bibliya ay ipinapahayag ito sa ganitong paraan: “Ang langit ng langit ay para sa Diyos, ngunit inilagay Niya tayo sa kapamahalaan ng lupa.” Sino ang may pananagutan sa lupa? Tayo!

Ang Diyos na makapangyarihan sa lahat ang pumili sa tao upang pamahalaan ang daigdig at patakbuhin ang mga bagay-bagay dito. Kung ang Diyos ang nanatiling may kontrol sa daigdig tulad ng paniniwala ng marami, kung gayun, nang sinimulan ni Adan na isubo ang ipinagbabawal na prutas, sana ay namagitan ang Diyos at inagaw ito mula sa kanyang kamay. “Ano ang nangyayari sa iyo, Adan?” Marahil ang sigaw ng Diyos. “Hindi mo ba nauunawaan ang kahihinatnan ng iyong gagawin? Hindi mo ba napapagtanto ang sakit, kahirapan, karamdaman, kagutuman, karukhaan, pagpatay, pagnanakaw, at marami pang darating sa iyo at sa iyong kaapu-apuhan? Bukod pa ryan ang mga lindol, buhawi, unos, mga peste, tagtuyot at panganib mula sa mga mababangis na hayop? Hindi mo ba nauunawaan na ang buong kalikasan ay dadanas ng kaguluhan? At higit sa lahat, na kakailanganin kong ipadala ang Aking kaisa-isang Anak upang magdusa nang kahindik-hindik na kamatayan upang ibalik ang sangkatauhan sa Akin?”

Ngunit hindi pinigilan ng Diyos si Adan dahil Kanyang pinaubaya ang daigdig sa sangkatauhan. Ang ating mapagmahal na Manlilikha ay hindi tulad ng marami na nagbibigay ng kapangyarihan at pagkatapos ay binabawi ito kapag hindi nagustuhan ang pamamalakad. Kapag nagbigay ang Diyos, ito’y isang permanenteng kaloob. Nasa atin ang Kanyang Salita pa-

tungkol dito: “Dahil ang mga regalo ng Diyos at ang kanyang pagtawag ay hindi kailanman mababawi.” (Roma 11:29, NLT.)

Maaaring mayroong kumontra, “Ngunit sinasabi ng Bibliya na, “Ang mundo ay sa Diyos at ang lahat dito” (Awit 24:1). Bilang tugon, hayaan nin-yong iugnay ko ito sa isang kaganapan sa aming pamilya ilang taon na ang nakalipas.

Kapag nagbigay ang Diyos, ito ay isang permanenteng kaloob.

Ilang taon na ang nakalipas, ang ina ni Lisa na si Shirley na nasa kanyang ika-70 taon, ay naninirahang mag-isa sa isang apartment sa Florida na walang kamag-anak na malapit. Nais talaga namin ni Lisa na mapalapit siya sa aming pamilya at isang araw ay nakapansin si Lisa ng mga ibinibentang magagandang *townhomes* na humigit-kumulang limang minuto ang layo mula sa aming tirahan. Kaya aming nilapitan si Shirley na may alok na bilhin ang isa sa mga tirahan para sa kanya at umanib sa aming grupo sa Messenger International. Tinanggap naman niya nang may kagalakan. Ang *townhome* ay nabili, at upang makaramdam siya ng kalayaan, napagdesisyonan namin na kahit papaano ay singilin siya ng renta kada buwan. Ilang taon na rin ang lumipas mula nang siya ay lumipat, at umuunlad siya sa bawat aspeto ng kanyang buhay.

Sa buong panahon na iyon bilang may-ari ng *townhome*, hindi namin siya kailanman sinabihan kung paano niya aayusin o lalagyan ng palamuti ang kanyang bahay; ano ang kanyang lulutuin para sa agahan, tanghalian o hapunan; o anong mga kasangkapan ang kanyang bibilhin. Ang ina ni Lisa ang namamahala sa pang-araw-araw na daloy ng buhay. Ako ang may-ari ng tirahan—mayroon akong titulo—ngunit dahil aming pinaupahan ito sa kanya, siya ang magpapatakbo sa mga nagaganap sa tahanan ng iyon ayon sa kanyang nais. Maaari siyang humingi ng aking tulong anumang oras, ngunit hindi ako makikialam hanggang hindi siya nagsasabi.

Sa magkatulad na kalagayan, ang mundo ay sa Panginoon. Siya ang may-ari, ngunit pinatirhan Niya sa sangkatauhan. Pakinggan ang Kanyang sinabi noong tayo’y nilikha Niya at binigay sa atin ang “tahanan” dito sa daigdig:

“Nilalang nga ng Diyos ang tao ayon sa kanyang larawan. Sila ay Kanyang nilalang na isang lalaki at isang babae, at sila’y pinagpala Niya. Sinabi Niya, “Magpakarami kayo at punuin ninyo ng inyong mga anak ang buong daigdig, at kayo ang mamahala nito. Binibigyan Ko kayo ng kapangyarihan sa mga isda sa tubig, sa mga ibon sa himpapawid, at sa lahat ng mga hayop na nasa ibabaw ng lupa.” (Genesis 1:27-28, MBB)

Inatasan tayo ng Diyos na pamahalaan ang Kanyang malaking ‘*town-home*’. Ikaw at ako, hindi ang Diyos, ang may kontrol sa kung paano natin patatakbuhan ang ating buhay sa planetang ito.

ANG BAGONG KASERO (LANDLORD)

Isang malaking problemang dumating sa Hardin ng Eden nang pumasok ang diyablo sa katawan ng ahas at hinikayat sina Adan at Eba na suwayin ang Salita ng Diyos at paniwalaan ang kanyang kasinungalingan. Nang ginawa ito ng tao, nagkaroon tayo ng panibagong kasero na ang pangalan ay satanas. Hindi lamang natin ibinigay ang ating mga sarili, kundi ibinigay din natin sa kanya ang lahat ng nasa ating pamamahala. Ang ating kaapu-apuhan, maging ang kalikasan, ngayon ay nasa ilalim ng malupit na kaaway.

Ang malawakang paglipat sa bagong kasero ang nagbigay daan sa engkwentro na nangyari sa pagitan nina satanas at Hesus. Dinala ng diyablo si Hesus sa tuktok ng isang mataas na bundok at ipinakita sa Kanya ang lahat ng mga kaharian sa mundo. Inalok Siya ni satanas at sinabing, “Ibibigay ko sa iyo ang pamamahala sa lahat ng kahariang ito at ang kadakilaan nito. Ipinagkaloob ito sa akin, at maibibigay ko sa kaninumang naisin ko.” (Lucas 4:6)

Kailan pa “nailipat” sa diyablo ang lahat ng mga kaharian sa mundo? Nangyari ito sa Hardin ng Eden ilang libong taon na ang nakalilipas nang isuko ni Adan ang karapatang pamahalaan ang mundo na ipinagkatiwala ng Diyos sa kanya. Ang ibinigay ng Diyos sa tao ay nasa kamay na ngayon ng Kanyang pinakamatinding kaaway. Kaya naman sinasabi sa atin ng Kasulatan, “Alam nating tayo’y mga anak ng Diyos, kahit na ang buong sanlibutan ay nasa kapangyarihan ng diyablo.” (1 Juan 5:19, MBB)

ANG PLANO NG PAGBAWI

Nais ng Diyos na maibalik sa kamay ng tao ang naisuko ni Adan. Gayunpaman, hindi Siya maaaring dumating bilang Diyos at basta na lang kunin itong muli. Hindi binabawi ng Diyos ang kapangyarihan na Kanya nang ibinigay, na kusang binitiwang ni Adan. Nawala ito ng tao, kaya narapat na tao din ang magsauli nito. Kaya nga si Hesus ay naparito bilang “Anak ng Tao.” Siya ay ipinanganak mula sa isang babae at lubusang naging tao. Siya ay mula sa Banal na Espiritu, kaya napatunayang Siya ay tunay ding Diyos (na malaya sa sumpa ng kasalanan). Gayunpaman, maliwanag na sinabi sa atin na, “Sa takdang panahon, iniwan ni Hesus ang Kanyang pagka-Diyos at kinuha ang kalagayan bilang alipin, at naging tao.” (Filipos 2:7) Bagama’t Siya ay Diyos, iniwan Niya ang Kanyang pagka-Diyos at namuhay sa mundo bilang tao.

Si Hesus ay namuhay na ganap na masunurin sa Ama. Dahil sa Kanyang pagiging busilak at taos-pusong pagtanggap sa krus, lubos Niya nabawi ang nawala ni Adan sa pamamagitan ng Kanyang sariling dugo. Ang Kasulatan ang nagsabi na, “Hinubaran Niya ng kapamahalaan at kapangyarihan ang kaaway, at ito ay Kanyang ipinarada sa lahat, at pinagtagumpayan Niya ang mga ito.” (Colosas 2:15) Ngayon, Siya na lamang ang nagmamay-ari sa kapangyarihang naiwala ni Adan. Kaya nga, Kanyang sinabi na, “Ang lahat ng kapangyarihan ay ibinigay na sa Akin sa langit at sa lupa.” (Mateo 28:18)

Isang araw, Siya ay babalik at isasauli Niya ang buong kalikasan, katu-lad ng dati bago nahulog sa kasalanan si Adan sa Hardin ng Eden. Ayon sa sinulat ni Pablo,

“Nabigo ang sangnilikha, hindi dahil sa kagustuhan nito, kundi dahil itinulot iyon ng Diyos. Gayunpaman, nagbigay din Siya ng pag-asa na lahat ng nilikha ay pinalaya ng Diyos upang hindi na ito mabulok, at upang makabahagi sa maluwalhating kalayaan ng mga anak ng Diyos.” (Roma 8:20-21)

Ang kalikasan ay nasa ilalim ng kahinaan: ang ating mga katawan ay tumatanda at namamatay, ang mundong pisikal ay nabubulok at nasisira, ang mga mababangis na hayop ay naghahanap ng masisila at kinakain ang mas mahihinang hayop, ang mga ahas ay mayroon pa ring nakamamatay

na kamandag, ang karamdaman ay lumalaganap, at ang mga unos at buhaw ay patuloy na nananalanta. Gayunpaman, mayroong Isa na may lubos na kapangyarihan upang ang lahat ng ito ay mabaligtad. Siya ay walang iba kundi si Cristo.

SINO SI CRISTO?

Ang tanong ngayon ay, sino si Cristo? Dahil sa kaisipang hindi pa nabago, napagnanakawan ang mga anak ng Diyos. Kapag naisip ng marami si Cristo, iniisip nila na si Hesucristo ay isang pangalan na ang apelyido ay Cristo. Ang alam lamang ng mga taong ito ay: Siya ang Dakilang Hari na namatay sa krus at nabuhay na mag-uli. Oo, ang pangalang Cristo ay nangangahulugang Panginoon at Tagapagligtas, subalit ating tingnan ang sinasabi ng Salita ng Diyos.

Si Pablo ang nagsabi sa atin, “Kayo ngang lahat ay iisang katawan ni Cristo, at bawat isa sa inyo ay bahagi nito.” (1 Corinto 12:27) Tayong mananampalataya, magkakasama, ay bahagi ng katawan ni Cristo. Bawat isa sa atin ay mahalagang “bahagi ng katawan” ni Cristo. Si Hesus ang ulo, tayo ang katawan, ganoon kasimple!

Bawat isa sa atin ay mayroong ulo sa gitna ng ating mga balikat, at mayroon ding dalawang kamay, dalawang paa, dalawang tuhod, dalawang bisig, dibdib, sikhmura, atay, dalawang bato, at iba pa. Kapag inisip mo ang iyong sarili, iniisip mo ba ang iyong ulo ay hiwalay sa iyong katawan? Tatawagin mo ba ang iyong ulo sa isang pangalan at ang iyong katawan sa ibang pangalan? Di ba, hindi? Ikaw ay iisang tao. Kung makita mo ang aking ulo, tatawagin mo ba itong John Bever? Paano kung sandaling maitago ang aking ulo, at ang nakita mo ay ang katawan ko lamang, tatawagin mo pa rin bang John Bever ito? Ang aking ulo at katawan ay iisa.

Gayundin naman, si Cristo bilang ulo at ang Kanyang katawan ay iisa. Si Hesus ang ulo, at tayo ay bahagi ng iba’t ibang parte ng katawan, subalit iisa tayo kay Cristo. Kaya kapag nabasa mo si Cristo sa Bagong Tipan, hindi mo Siya dapat tingnan na Siya lamang ang namatay sa krus, kundi pati ikaw. Kaya, ayon sa Banal na Kasulatan, “Si Hesus na nagpabanal sa mga tao, ang Kanyang Ama at ang Ama ng mga taong ito ay iisa.” (Hebreo 2:11) Si Hesus mismo ang nanalangin, “Hindi lamang sila ang idinadalangin Ko;

idinadalangin Ko pati ang mga mananalig sa Akin dahil sa pahayag ng aking mga taga-sunod, ‘Ama maging isa nawa silang lahat. Kung paanong Ikaw ay nasa Akin at Ako ay nasa Iyo, gayundin naman, maging isa nawa sila sa Atin.’”(Juan 17:20-21)

Ikaw ay nakipag-isa kay Hesus. Tunay na naging kaisa!

Kaya, nakatitiyak ka na hindi ko kinuha lamang ang isang talata na ito at itinuro nang wala sa tema. Hayaan mong ibahagi ko sa iyo ang makakapagpatibay sa iyong pananampalataya at pang-unawa mula sa nakatutuwang prinsipyo. Nais kong basahin mong mabuti at pagbulay-bulayin kung ito ay hindi mo pa nabasa dati:

- Si Pedro ang sumulat na tayo ay naipanganak na muli mula sa Salita ng Diyos upang maging kabahagi tayo ng “likas Niyang katangian bilang Diyos.” (1 Pedro 1:23, 2 Pedro 1:4) Ang salitang “likas” ay nangangahulugang “katutubo o natural na katangian o pag-uugali ng isang tao.” Ikaw at ako ay mayroong ganoong katangian tulad ni Hesus, katulad nang ang aking kamay at ang aking ulo ay bahagi ng aking buong katawan at pagkatao, hindi sila magkaiba.
- Si Juan ang apostol na sumulat, “Mula sa kanyang kapuspusan, tayong lahat ay tumanggap.” (1 Juan 1:16) Narinig mo ba ang salitang kapuspusan? Kung pag-iisahin natin ang mga salita ni Juan kay Pedro, mapapansin natin na tinanggap natin ang kapuspusan ni Cristo mula sa Kanyang mahalagang katangian o buong espirituwal na pagkatao.
- Sa unang liham ni Juan isinulat niya, “Kung ano si Hesus, ganoon din tayo dito sa mundo (1 Juan 4:17).” Hindi niya tinukoy ang buhay sa hinaharap mula sa talatang ito. Hindi, isinulat niya ito sa pangkasalukuyan: Kung ano si Hesus, ganoon din tayo—ngayon mismo, sa araw na ito!
- Sinulat ni Pablo, “Alam ba ninyo na ang inyong katawan ay miyembro ni Cristo?” (1 Corinto 6:15) Kung paano niya ito sinabi ay nagpapahiwatig na ang kaalamang ito ay saligan. Nalimutan mo na ba ang panimulang katotohanang ito? Tayo ba bilang simbahan ay naniniwala talaga sa mga salitang ito?

ANG KAPANGYARIHAN NI CRISTO

Ngayong alam na nating tayo ay kasama kapag naririnig natin ang ngalang Cristo, tingnan natin ang ibig sabihin ng pahayag ayon sa antas ng kapangyarihan at kapamahalaan na mayroon tayo kay Cristo. Sa Kanyang sulat sa mga taga-Efeso, si Pablo ay nanalangin nang taimtim na ang bawat taga-sunod ni Cristo nawa ay makaunawa. “Kung ano ang di masukat at walang limitasyon at ang higit na dakilang kapangyarihan Niya na sumasaatin.” (Efeso 1:19)

Nakamamanghang mga salitang naglalarawan! Matindi ang nais niyang sabihin! Sumasang-ayon ka ba na ang Panginoon ng kaluwalhatian ay hindi masusukat at walang limitasyon ang kapangyarihan? Mapagtitibay mo ba na ang kapangyarihan ng Diyos ay daig lahat ang kadakilaan, anumang kapamahalaan, at kapangyarihan mayroon ang sansinukob? Natitiyak ko na susuportahan mo ang mga salitang ito nang walang pasubali.

Gayunman, ganoon din ba ang sasabihin mo tungkol sa iyong sarili? Higit sa lahat, ito ba ay iyong paniniwalaan? Kung hindi, parang hiniwalay mo na rin ang iyong sarili kay Cristo. Ikaw ba ay bahagi ng ibang katawan? Hindi ka ba bahagi ng katawan ni Cristo at miyembro ng Kanyang katawan? Maaaring iniisip mo, “John Bevere, ngayon parang wala ka na sa katuwiran! Talaga nga ba? Upang makita ninyo na tama ang aking sinasabi, basahin natin ang sumusunod na talata sa mga kasulatang nasabi :

“Kung ano ang di-masukat at walang limitasyon at higit na dakilang kapangyarihan Niya na sumasa-atin at para sa atin na nananampalataya.” (Efeso 1:19)

Dinadala tayo ni Pablo sa direksyong ito. Bakit? Bilang mananampalataya ni Hesucristo, ikaw ay bahagi ni Cristo. Kaya nga, kung anumang kapangyarihan ang taglay ni Cristo, ay mayroon ka rin! Kung ano Siya, ganoon din tayo sa sanlibutan. Hinahayaan mo bang manuot nang mabuti sa iyong puso ang mga katuruang ito?

Kung mananatili tayo sa *Amplified Bible Translation*, patuloy nating palabasin ang nasa loob ng panalangin ni Pablo sa mga taga-Efeso:

“...kung paano pinatunayan ng kanyang dakilang kapangyarihan na ito ang Kanyang ginamit noong binuhay Niya muli si Cristo at pinaupo sa kanan ng Diyos sa kalangitan.” (Efeso 1:19-20)

Nananampalataya ka ba na ang Panginoong Hesucristo ay napako sa krus, namatay, inilibing, nabuhay na muli mula sa kamatayan, at ngayon ay nakaupo sa pinakamataas na kapamahalaan? Kung ikaw ay tunay na Kristiyano, tiyak na mananampalataya ka. Subalit ito nga ba ay pinanampalatayan mo tungkol sa iyong sarili? Malamang, maraming mananampalataya ang hindi naniniwala sa mga bagay na ito. Subalit, bigyang pansin ang sinulat ni Pablo:

“Hindi ba ninyo alam na tayong lahat na nabautismuhan kay Cristo Hesus ay nabautismuhan sa Kanyang kamatayan? Samakatuwid, tayo’y namatay na at nailibing na kasama Niya sa pamamagitan ng bautismo upang kung paanong binuhay muli si Cristo sa pamamagitan ng dakilang kapangyarihan ng Ama, tayo rin ay magkakaroon ng panibagong buhay.” (Roma 6:3-4)

Pansinin natin ang mga talatang ito ay hindi tungkol sa bautismo sa tubig, kundi “pagkalubog” sa atin sa katawan ni Cristo sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos ay noong tayo ay isinilang na muli. (1 Corinto 12:13) Tayo ay katawan ni Cristo, kaya nga, noong tayo ay nailubog sa Kanya, nabago na ang kasaysayan ng ating buhay. Namatay tayo kasama Niya, nailibing, nabuhay na mag-uli at bilang mga bago ng nilalang sa Kanya, nabubuhay tayo tulad Niya! Muli, “Kung ano Siya, ganoon din tayo sa mundo.” Tayo ay na kay Cristo! Tayo ay si Cristo!

Pakiusap, huwag kang malito sa linyang, “Tayo ay Cristo.” Hayaan mong magpaliwanag ako sa pamamagitan ng isang ilustrasyon. Ipalagay nating ikaw at ang iyong kaibigang si Jim ay nasa isang dalampasigan. Lumangoy si Jim palayo hanggang sa siya ay lumubog hanggang balik. Kung may isa pa kayong kaibigan na mapadaan at magtanong, “Nasaan si Jim?” Hindi mo sasabihing, “Ang katawan ni Jim ay nasa tubig.” Kundi, “Si Jim ay nasa tubig.” Ganito ang isasagot mo dahil, kahit hindi nakalubog ang ulo ni Jim, ang katawan at ulo niya ay isa.

Tayo nga ay ang Cristo sa mundo. Siya ang ulo, at tayo ang Kanyang Katawan!

Ayon sa Efeso 1:20, dahil tayo ay bahagi ni Cristo, tayo ngayon ay nakaupo sa lugar ng paghahari. Sa katunayan, ito ay sa pinakamataas na kapangyarihan sa sandaigdigan, kasama ng Diyos Amang nasa langit. Sinabi rin ni Hesus, “Ang lahat ng kapangyarihan ay ibinigay na sa akin sa langit at sa lupa.” (Mateo 28:18) Patuloy ding sinabi ni Pablo:

“Kaya’t nasa ilalim ng kapangyarihan ni Cristo ang lahat ng paghahari, kapamahalaan, kapangyarihan, at pamunuan sa kalangitan. Higit na dakila ang Kanyang pangalan kaysa sa lahat, hindi lamang sa panahong ito kundi maging sa darating.” (Efeso 1:21)

Nanampalataya ka ba na ang Panginoong Hesus ay nakaupo sa posisyon na higit na mataas sa lahat ng pamunuan, kapamahalaan, at kapangyarihan dito sa mundo at sa kalangitan? Bilang Kristiyano, syempre, oo, ganun na nga. Subalit tinatanong kong muli: Nanampalataya ka ba na ito ay para sa iyo rin? Maaaring hindi mo makita ito sa ganitong liwanag. Malamang nga hindi mo talagang pinaniniwalaan ang katotohanang ito. Kung ganoon nga, ikaw ay napahiwalay kay Cristo sa iyong pag-iisip o kaya naman sa iyong pananampalataya. Ikaw ba talaga ay bahagi ng ibang katawan? Hindi! Ikaw ay bahagi ng katawan ni Cristo! Tayong lahat ay na kay Cristo. Tayo ay si Cristo. Tayo ay katawan Niya!

Pakinggan ninyong mabuti ang sinabi ni Pablo upang patunayan ito:

“Ipinailalim ng Diyos sa paa ni Cristo ang lahat ng mga bagay, at ginawa Siyang ulo ng lahat ng bagay para sa Iglesia (ang pamumuno na napapatupad sa buong simbahan), na Kanyang katawan, ang kapunuan Niya na pumupuspos sa lahat (dahil sa katawang iyon ay nabubuhay ang kabuuan Niya na kumukumpleto at pumupuno sa lahat ng Kanyang Katauhan).” (Efeso 1:22-23)

Tayo na Kanyang katawan, ang kabuuan ni Hesucristo, ay ganap tayong kaisa Niya. Sinabi ni Pablo na ang lahat ay nailagay sa ilalim ng Kanyang paanan. Kung ikaw ay bahagi ng katawan ni Cristo at nagkataong ikaw ay daliri sa paa, ikaw ay nasa mataas pa ring kalagayan—hindi lang parang medyo mataas—sa lahat ng pamunuan, kapangyarihan, pamamahala sa mundong ito at sa ilalim ng mundo. Kay Cristo, ang kapangyarihan mo upang mamahala na naibalik na sa iyo ay higit pa sa naiwala ni Adan.

Isang mabuting posibilidad na nakita ng Diyos na mahihirapan tayong maunawaan ang kahalagahan ng katotohanang ito, kaya binigyan niya ng inspirasyon si Pablo na gawin itong maliwanag sa ikalawang kabanata ng Efeso. Hindi Siya mag-iiwan ng alinlangan. Alalahanin ninyo na sa pasimula, ang isinulat ni Pablo ay mga sulat na may taglay na nagpapatuloy

na mensahe. Ang paghahati ng mga sulat na ito sa kabanata at talata ay naidagdag na lamang sa pagdaraan ng panahon.

At itinaas Niya tayong kasama Niya at naiupo kasama niya (binigyan tayo ng pinag-isang upuan kasama Niya) sa kalangitan (mula sa ating pagiging nilikha Niya) kay Cristo Hesus. (Efeso 2:6)

Ang ulo ay hindi pinutol sa katawan. Tayong lahat ay kasama Niya na nakaupo sa mataas na kapamahalaan, awtoridad, at kapangyarihan sa kalangitan. Sa madaling salita, tayo ay nasa kalagayan na mataas sa lahat ng pwersa sa daigdig—sa katunayan, mas higit na mataas pa!

Wala ni isa mang espiritu ng demonyo, o bumagsak na anghel o si satanas man, ang may kapangyarihan o awtoridad sa atin. Tayo ay mayroong pinakamataas na posisyon at kapangyarihan kay Cristo! Hallelujah!

MAGHARI SA BUHAY

Sa mga bagay na ating naipaliwanag na, tingnan nating muli ang talata sa kasulatan na naibahagi sa simula ng kabanatang ito.

Ang mga taong pinagpala nang sagana at itinuring na matuwid ng Diyos ay maghahari sa buhay sa pamamagitan ni Cristo. (Roma 5:17)

Pagtuunan natin sandali ng pansin ang mga salitang “maghahari sa buhay sa pamamagitan ni Cristo.” Bilang miyembro ng katawan ni Cristo, tayo ay maghahari laban sa lahat ng oposisyon sa buhay at kabanalan. Dahil tayo ang dapat na mamahala dito sa mundo, kung ang lahat ay mali at nananatiling di tama, ito ba ay dahil isinusuko natin o hindi ginagampanan ang ating kapangyarihan?

Maraming taon na ang nakararaan nang inihayag ng aking pastor sa aming malaking kongregasyon na ako ay papasok na sa ministeryo ng pangangaral. Lumipas ang ilang araw, isang nakatatandang mangangaral ang lumapit sa aking asawa at sinabi, “Lisa, ako ay mayroong mensahe galing sa Diyos na para sa iyong asawa.”

Bata pa kami noon at desperadong matuto at lumago (kahit ngayon naman). Ang sabi ni Lisa, “Sabihin po ninyo ang mensahe sa akin at ipaaalam ko po kay John.”

Ang wika ng nakatatandang ministro, “Sabihin mo kay John na kung hindi siya lalakad sa kapangyarihang ibinigay ng Diyos sa kanya, may ibang kukuha noon at gagamitin laban sa kanya.”

Nang ipaalam ni Lisa sa akin ang mga mensahe, ito ay tumarak na parang matalas na patalim sa aking puso. At napatunayan ko sa maraming taon ng aking ministryo na ang mga salitang iyon ay totoo—hindi lang sa akin, kundi sa sinuman na na kay Cristo. Ako ay madalas nalulungkot na makita na maraming totoong nagmamahal sa Diyos na natatalian at kontrolado ng mga pwersa ng oposisyon at mga sitwasyon. Ang ating Panginoong Hesus ay nagbayad ng napakalaking halaga upang palayain sila, subalit sila ay nakatali pa rin. Masamang panahon, mga natural na sakuna, sakit, mga impluwensya ng mga demonyo, mga salungat na pangyayari—ang listahan ay walang katapusan. Ito ang mga pwersa na may kontrol at nangingibabaw sa mga mabubuting tao na, sa totoo lang ay, mga hari at reyna sa buhay, ngunit mga mangmang kung sino sila kay Cristo—sila talaga ang mga hari at reyna ng buhay na ito na walang kamalayan sa katotohang ito.

Kung isa ka sa mga napagharian sa halip na naghahari, mayroon akong magandang balita para sa’yo. Kung iyong isasapuso ang Salita ng Diyos na ating natuklasan sa kabanatang ito, magsisimulang magbago ang iyong buhay. Ngayon ay alam mo na ang kapangyarihan at awtoridad na nasa iyo upang matulungan ang mga mangmang o walang lakas. Maaari mo nang dalhin ang magandang buhay ng kaharian sa mga nangangailangan.

Si Apostol Juan ay gumawa ng isang magandang pahayag para sa ating lahat na bahagi ng katawan ni Cristo: “Ang nagsasabing nananatili siya sa Diyos ay dapat mamuhay tulad ng naging pamumuhay ni Hesucristo.” (1 Juan 2:6, MBB)

Iginiit ito ni Hesus noong kanyang sinabi, “Kung paanong sinugo ako ng Ama, gayon din naman, sinusugo ko kayo.” (Juan 20:21, MBB) Katulad ng paghahari ni Hesus, nais rin Niya na tayo ay maghari. Noong dumating ang unos upang wasakin si Hesus at ang Kanyang mga kasamahan, kinausap Niya ang hangin at dagat, at sinunod nila Siya. Nang kinailangan Niya ng pagkain para sa mga tao sa ilang, pinarami Niya ang kaunting mayroon sila at nagpakain sa libo-libo na, sa dulo, mas marami pa ang pagkaing natira kaysa sa kanilang pagsisimula. Nang wala Siyang masakyang bangka at

kinailangang tumawid Siya ng dagat, naglakad Siya sa tubig. Nang maubos ang nakaimbak na alak sa kasalan, ginawa Niyang alak ang tubig. Pinalanta rin niya ang punong igos at namatay ito dahil sa mga salitang nagmula sa Kanyang bibig. Binalik din niya ang tainga ng isang sundalong natagpas ng espada. Pinagaling Niya ang mga maysakit, binigyan ng paningin ang bulag, binigyan ng pandinig ang bingi, at pinalakad ang lumpo. Walang mga pagsubok na maaaring makadaig sa Kanya na *naghahari sa buhay*.

Hindi Siya nasindak ng mga taong sinaniban ng demonyo: Mayroon Siyang sagot upang patigilin ang kanilang mga salitang sumasalungat sa bawat kumprontasyon. Ang mga namumunong masasama ay hindi Siya mahuli. Ang mga galit na tao ay hindi Siya maitulak sa dulo ng burol; naglakad lamang Siya sa kanilang kalagitnaan. Ang mga inalihan ng demonyo ay hindi Niya kinatakutan; bagkus, pinalaya Niya sila. Ang listahan ay walang katapusan, katulad na lamang ng pagbubuod ni Juan sa pagtatapos ng kanyang kasulatan patungkol sa buhay ni Hesus. “Marami pang kababalaghang ginawa si Hesus na nasaksihan ng Kanyang mga alagad, ngunit hindi natatala sa aklat na ito...At marami pang ginawa si Hesus na kung susulating lahat, inaakala kong hindi magkakasya kahit pa buong mundo. (Juan 20:30; 21:25)

Naghari si Hesucristo sa buhay. Pinagharian niya ang mga oposisyon at kahirapan. Dinala Niya ang langit sa lupa. Itinalaga Niya ang pamantayan na dapat nating sundin. At inaasahan Niyang gagawa tayo ng higit pa sa Kanyang mga nagawa: sa buong daigdig ang mga aklat na masusulat (Juan 20:30; 21:25, MBB). “Sinasabi ko sa inyo: ang nananalig sa akin ay makagagawa ng mga ginagawa ko at higit pa rito, sapagkat pupunta na ako sa Ama.” (Juan 14:12, MBB)

Kaya naman dinadala nito tayo sa ating susunod na mga lohikal na tanong. *Paano* tayo maghahari sa buhay? Saan magmumula ang kapangyarihan?

ANG PINAGMUMULAN NG KAPANGYARIHAN

““Ang lahat ng nakatanggap ng masaganang biyaya at itinuring na matuwid ng Diyos ay maghahari sa buhay sa pamamagitan ni Cristo.”

ROMA 5:17 (TEV)

Tulad ng ating natuklasan, alam nating paghaharian natin ang buhay bilang mga hari at reyna. Hindi tayo dapat pagharian ng buhay sa mundong ito—tayo ang maghahari dito.

Ang kasunod na dapat nating tanungin ay, “Taglay ko nga ba ang kapangyarihan o kakayanan para magawa ito?” Tingnan natin ang halimbawa ng Chihuahua at ng mabangis na oso (*grizzly bear*).

Ang mga Chihuahua ay mga asong maliliit, maiingay. Sila ay makulit. Nakaenkwentro ka na ba ng Chihuahuang nagpapapansin? Siya ay mag-iingay at walang tigil na kakahol upang palayasin ka sa inaangkin niyang teritoryo. Maaari ka niyang kagatin sa iyong bukung-bukong. Kapag dahan-dahan mo siyang pinaalis, magpapatuloy siyang ipaglaban ang kanyang kagustuhan hanggang mapasunod ka. Gayunman, kung ikaw ay pagod na sa asal ng asong ito, dapat mo siyang sigawan at bigyan ng isang malakas na sipa, at ang Chihuahua ay takot at talunang aalis. Bakit? Ang maliit na asong iyon ay walang laban sa isang taong may hustong gulang at pag-iisip.

Sa kabilang dako, kung ang isang malaki at mabangis na oso ay may katulad na determinasyong ikaw ay paalisin, at nagkataon na ikaw ay walang dalang baril upang lumaban, ikaw ay nasa malaking peligro. Madali kang madadaig at mapapatay ng oso.

Katulad ng natutunan natin, may mga pwersa na ayaw tayong makatapos nang maayos. Habang nilalabanan natin sila, paano natin malalaman na may kapangyarihan tayo laban sa mga pwersang ito? Sa paglaban natin sa malalakas na kaaway, tayo ba ay tulad ng Chihuahua o ng mabangis na oso? Saan manggagaling ang kapangyarihan nating maghari?

Ang sagot ay manggagaling din sa Roma 5:17: “Tayo ay may kakayanan na maghari dahil sa masaganang biyaya ng Diyos.” (Sa aking aklat na “Higit sa Pangkaraniwan,” binigyan ko ng detalyadong paliwanag ang ganap na kahulugan ng biyaya, kaya dito ang tatalakayin ko lamang ay ang mahahalagang punto.)

ANG MALAKING DISKONEKSYON

May napakalaking diskoneksyon na nangyari sa mga Kristiyano sa Amerika mula sa grupo ng mga ebangheliko tungkol sa kaalaman sa “masaganang biyaya.”

Noong taong 2009, ang ministryo namin ay naglunsad ng *survey* sa buong Amerika at nagtanong sa libu-libong mga mananampalataya ng Salita ng Diyos na dumadalo tuwing Linggo sa mga simbahan at sumusunod kay Cristo mula sa iba’t-ibang denominasyon at mga simbahang tinatawag nilang *independent churches*. Layunin ng *survey* na tanungin ang mga tao tungkol sa kahulugan at paglalarawan nila sa biyaya ng Diyos kung saan magbibigay sila ng hindi bababa sa tatlong kahulugan.

Nakagugulat makita na ang karamihan ay sumagot nang ganito tungkol sa kung ano ang biyaya ng Diyos: (1) kaligtasan (2) isang regalo na di tayo karapatdapat tumanggap; at (3) kapatawaran sa mga kasalanan.

Natutuwa ako na nauunawaan ng mga Kristiyano sa Amerika na ang kaligtasan ay dahil sa biyaya ng Diyos at tunay na sa biyaya lamang. Ang kaligtasan ay hindi galing sa tubig na iwinisik sa atin sa pagdalo ng isang simbahan, hindi sa pagsunod sa mga batas ng relihiyon, o kaya naman ay sa

paggawa ng mabuti upang matabunan ang nagawa nating kasamaan. Ang Efeso 2:8-9 ay maliwanag na nagsasabi sa atin, “Dahil sa biyaya tayo naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, at hindi ito dahil sa atin, ito ay regalo ng Diyos, hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang walang maipagmalaki ang sinuman.” Ito ay nakakapagbigay ng pag-asa sa atin na malamang matibay na naitaguyod ang mga Kristiyano sa mga grupong ebangeliko sa pagkakaunawa sa biyaya ng kaligtasan—na hindi ito maaaring matanggap sa ibang paraan kundi sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesucristo, dahil sa kanyang pagtubos sa atin sa

■■■■■

krus ng Kalbaryo.

Isang trahedya ang makita na ang mga taong mayroong mabubuting intensyon ay sumusubok na *maging karapatdapat* sa pabor ng Diyos. Nakakita ako ng mga sitwasyon na nakakadurog ng puso mula sa mga lalake at babae na nagsisikap mabuti upang marating nila ang maayos na katayuan sa harapan ng Diyos. Kahit

Nakakalungkot makita na ang mga taong mayroong mabuting intensyon ay sumusubok na maging karapatdapat sa pabor ng Diyos.

■■■■■

gaano kaganda ang tingin o sinasabi sa iyo ng lipunan, sabi sa Efeso 2:8-9, hindi natin kayang iligtas ang ating mga sarili sa pamamagitan ng ating sariling gawa upang makaiwas sa parating na paghuhukom sa mga tao. Ang kaligtasan ay natatanggap lamang sa pamamagitan ng pananampalataya, dahil ito ay regalo ng Diyos sa atin sa pamamagitan ng kamatayan at pagkabuhay na muli ng Kanyang Anak na si Hesus.

Ito rin ay masakit makita sa mga nanampalataya at nakatanggap ng regalo ng Diyos na walang hanggang kaligtasan subalit nagpapatuloy sa buhay na parang kailangan pa nilang magtrabaho upang makuha ang biyaya ng Diyos. Naniniwala ang mga ganitong mananampalataya na kailangan nilang magdasal nang mahaba, mag-ayuno palagi, at gumawa ng maraming mabubuting gawa at makiisa sa mga gawain sa ministeryo upang maging karapatdapat. Kaya pinagsabihan ni Apostol Pablo ang mga taga-Galacia dahil sa ganitong pagkakamali: “Kung kayo ay pinapaging-matuwid ng kautusan, kayo ay napahiwalay na kay Cristo. Nahulog na kayo mula sa biyaya (Galacia 5:4).” Napakalungkot na makita ang marami

sa mga mananampalataya na taos sa puso ang intensyon subalit nabibihag sa ganitong kaisipan.

Ang *survey* na ito ay nagpapahayag na, sa pangkalahatan, ang mga Kristiyano sa Amerika ay nakakaalam na sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, ang mga kasalanan ay napawi na. Sa Efeso 1:7 napagtibay pa ang napakagandang katotohanang ito: “Tinubos tayo ni Cristo sa pamamagitan ng Kanyang dugo, at sa gayon ay pinatawad na ang ating mga kasalanan. Ganoon kadakila ang kanyang kagandahang-loob.” Ito ay libreng regalo ng Diyos upang mabayaran ang ating mga kasalanan nang walang hanggan. Salamat sa Diyos!

Kaya maraming mananampalatayang Amerikano ang nakasandig sa katotohanang ang biyaya ng Diyos ay naghahatid ng kaligtasan. Ito ay regalo na hindi tayo karapatdapat tumanggap. Ito ay nagpapatawad ng ating mga kasalanan. Magaling ang ginawa ng mga ministrong nangangaral ng ebanghelyo na pagbibigay diin sa mga katotohanang ito. At naniniwala akong nalulugod ang Diyos dahil dito.

Subalit ang malungkot na aspeto na natuklasan sa *survey* ay ang dalawang porsyento (2%) lamang mula sa libu-libo ang pinaniniwalaang nanampalataya na “ang biyaya ay pagbibigay-kapangyarihan ng Diyos.” At ganito isinalarawan ng Diyos ang Kanyang biyaya:

“Ang biyaya ko ang tangi mong kailangan, dahil ang Aking kapangyarihan ay dakila kapag ikaw ay mahina.” (2 Corinto 12:9)

Kung pagmamasdan mong mabuti ang Bibliya na mayroong pulang sulat, iyon ang mga Salita ng Panginoong Hesus, samantalang ang iba naman ay itim, mapapansin mo na ang lahat ng mga salitang ito ay hindi itim. Ito ay kulay pula. Kaya nga kahit ang mga salitang ito ay naipahayag ni Pablo, hindi niya ito mga salita—ito ay galing mismo sa Panginoon. Ang kahulugan para sa Diyos ng biyaya ay ang Kanyang pagpuspos sa atin ng Kanyang kapangyarihan. Subalit, ayon sa *survey*, mga 2% lamang mula sa mga mananampalataya sa Amerika ang nakaaalam at nakauunawa sa mga ito. (Ang totoong resulta ay 1.9%). Ito ay kulang sa dalawa sa bawat 100 mananampalataya! Ang ating makapangyarihan at dakilang Diyos ang nagsasabi na ang Kanyang biyaya ay ang pagbibigay Niya ng Kanyang kapangyarihan. Gayunpaman, dalawa lang mula sa isang daan ang nakaaalam nito. Talagang nakakabahala!

ANG PAGBIBIGAY-KAPANGYARIHAN NG DIYOS

Ang salitang *mahina*, katulad ng pagkagamit dito sa 2 Corinto 12:9, ay nangangahulugang “kawalang kakayahan.” Sinasabi ng Diyos na, “Ang tulong ko’y sapat sa lahat ng pangangailangan mo; lalong nahahayag ang aking kapangyarihan kung ikaw ay mahina.” (MBB) Ito ang makikita nating nasabi ni Pablo tungkol sa mga mananampalataya sa Macedonia: “Naipahayag ko na sa inyo ang biyaya ng Diyos na naibigay sa mga simbahan sa Macedonia... Dahil ako mismo ang patotoo sa kanilang kakayahan, oo, at sa higit pa sa kanilang kakayanan.” (2 Corinto 8:1,3) Ginawang posible ng biyaya ng Diyos sa mga mananampalataya sa Macedonia na magpatuloy nang higit pa sa kanilang kakayahan. Iyon ang tinatawag nating biyaya na nagbibigay kapuspusan ng Kanyang kapangyarihan.

Si Pedro rin naman ay nagbigay ng kahulugan sa biyaya ng Diyos sa iisang paraan, “Sumagana nawa sa inyo ang pagpapala ...tinanggap natin sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan ang lahat ng bagay na magtuturo sa atin upang tayo’y mamuhay na makadiyos. Muli, ang biyaya na tinutukoy dito ay “ang Kanyang kapangyarihan.” Si Pedro ang nagsabi na ang lahat ng kailangan natin upang mamuhay ayon sa nais ng Diyos ay ibinigay na sa atin sa pamamagitan ng kapuspusan ng Kanyang biyaya, at ito ay ating natanggap sa pamamagitan ng pananampalataya.

Mas lalo pa natin itong maipapaliwanag sa pagtuon natin sa mga Griyegong salita. Ang madalas gamitin ng salitang Griyego para sa *biyaya* sa Bagong Tipan ay *charis* na mas kilala sa salitang Ingles bilang *grace*, at ito ay binigyan ng kahulugan ni James Strong sa kanyang pinagpipitaganang *Exhaustive Bible Concordance* bilang “regalo,” “benepisyo,” “pabor,” “mapagbigay,” at “bukas-palad”. Kung sasamahan mo pa ito ng mga naunang pagpapakahulugan mula sa mga talata sa aklat ng Roma, Galacia, at Efeso, makikita mo nang maliwanag kung paano ang pagkaunawa sa aspeto ng biyayang mayroon ang karamihan ng mga Kristiyano sa Amerika. Gayunpaman, hindi dito natapos si Strong. Nagpatuloy siya sa mga kahulugan na ibinigay niya tungkol sa biyaya bilang “ang banal na impluwensiya sa puso, at ang pagsasalarawan nito sa buhay.”

Mula sa paliwanag na ito ay ating nakita na may panglabas na kapa-hayagan na nagaganap sa ating puso, na lalo pang nagpapatindi sa kapang-

yarihang buhat sa biyaya. Ang Bibliya ang nagsabi na noong si Barnabas ay dumating sa simbahan ng Antioch “nakita niya ang ebidensiya ng biyaya ng Diyos, at siya ay nagalak.” (Mga Gawa 11:23, MBB) Hindi niya narinig ang tungkol sa biyaya; nasaksihan niya ang ebidensiya nito. Nakita niya ang pagpapala sa puso na naipahayag sa panglabas na pamumuhay ng mga tao.

Kaya nga sinulat ni Santiago, “Ipakita mo sa akin ang iyong pananampalatayang walang mga gawa, at ipakikita ko naman sa iyo ang aking pananampalataya sa pamamagitan ng aking mga gawa (Santiago 2:18 MBB).” Isinama ko ang salitang *biyaya* para sa *pananampalataya* dahil ang pananampalataya ang nagbibigay daan patungo sa biyaya ng Diyos (Roma 5:2 MBB). Si Santiago ang may sabi, “Ipakita mo sa akin ang ebidensiya ng iyong kapangyarihan, dahil ito ang totoong patunay na ikaw nga ay nakatanggap ng biyaya sa pamamagitan ng iyong pananampalataya.” (Roma 5:2, MBB)

Ang *Zondervan Bible Encyclopedia* ang nagbigay kahulugan sa salitang *charis*: “Ang biyayang ito ay tulad sa isang dinamita ang bisa o epekto sa ating katayuan sa harapan ng Diyos upang tayo ay gawing matuwid sa Kanya. Ang biyaya ay nakakaapekto din sa ating karanasan. Ang biyaya ng Diyos ang nagbibigay kapangyarihan sa atin upang mapagtagumpayan natin ang ating mga kahinaan.”

Habang maingat kong binabasa ang bawat talata sa Bagong Tipan tungkol sa biyaya, matapos ang maraming oras ng pag-aaral ng bawat diksiyunaryong Griyego at matapos kong makausap ang mga taong nagsasalita at gumagamit ng salitang Griyego, ang aking pansariling kahulugan ng *biyaya* ay:

Ang libreng kapangyarihang naibigay sa atin upang tayo ay magkaroon ng kakayanan na higit pa sa ating natural na abilidad.

BAKIT SOBRANG NAKALULUNGKOT

Bakit kaya naging sobrang nakalulungkot ang resulta ng *survey* na 2% lamang ng mga Kristiyano sa Amerika ang nakauunawa sa kapangyarihang dulot ng biyaya ng Diyos? Hayaan ninyong ilarawan ko ang pangyayaring ito nang ganito...

Halimbawa ay gumawa tayo ng pagsasaliksik at nakadiskubre tayo ng isang maliit na tribo na naninirahan malapit sa equador sa Africa. Ating napag-alaman na ang tribong ito ay lumalakad ng dalawang milya araw-araw upang sumalok mula sa pinakamalapit na bukal at makainom ng sariwang tubig ang mga tao.

Kapag ang mga taga-tribong ito ay nangailangan ng pagkain, hindi lalapit ang hayop doon sa kanilang kampo at sasabihing, “Ako ang iyong panghapunan, sibatin mo na ako.” Hindi! Ang mga taga-tribo ay pupunta kung saan naroon ang mga hayop upang hulihin at patayin ang mga ito upang sila ay may makain. Minsan, pagkatapos nilang mahuli at mapatay ang pinakamabangis na hayop, kailangan nilang buhatin iyon kahit na mabigat at dadalhin nila sa kanilang maliit na kampo na walo hanggang sampung milya ang layo.

Kapag may pangangailangan sila sa kampo, napipilitan silang lumakad ng mahigit na 35 milya upang makarating sa pinakamalapit na bayan, bilhin ang kanilang mga kailangan, at buhatin ang mga iyon pabalik sa ganoon kalayong lugar pauwi sa kanilang kampo.

Matapos naming malaman ang lahat ng mga ito, nagpasya kami na bigyan sila ng regalo.

Oo, bibigyan namin sila ng pagpapala na siguradong magiging kapakipakinabang sa kanila (ganito ang mga kahulugan na ibinigay ni Strong sa kanyang listahan). Nagpasiya kami na bilhan sila ng sasakyan, isang bagung-bagong *Land Rover*.

Binili namin ang sasakyan, at isinakay namin sa barko papuntang Africa, at aking minaneho papunta sa kanilang lugar. Matapos kong iparada ang sasakyan malapit sa kanila, pumunta kami sa kubo, at inanyayahan ang namumuno sa kanilang maliit na tribo na ang tawag nila ay *Chief*. Dinala namin siya kung saan naroon ang *Land Rover* para kanyang makita. Kalakip ang malaking ngiti, aming ipinahayag, “Ito ang aming regalo sa inyo!”

Inanyayahan namin ang *Chief* na maupo sa harapan. Isa sa amin ay pumunta sa harapan upang paandarin ang sasakyan. Masaya naming sina-bi, “*Chief*, itong Land Rover ay kamangha-mangha! Mayroon itong *aircon*! Kahit ang init sa labas ay 108 degrees fahrenheit, ang kailangan mo lamang

gawin ay pindutin ang isang buton dito, ilagay sa 72, at mararamdaman mo ang 72 *degrees* na lamig kahit sobrang init sa labas.”

Patuloy din naming sinabi sa kanya na, “Maliban pa doon ay mayroon din itong *heater*. Kaya kapag malamig naman sa labas, pindutin mo din ito sa 75, at mararamdaman mo ang 75 na *degree* na init kahit na 40 *degree* ang lamig sa labas.

“Mayroon din kaming inilagay na XM Satellite na Radyo sa loob ng *Land Rover* na ito.

Alam ba ninyo ang ibig sabihin nito?” Maaari kang makarinig ng *live broadcasts* mula sa iba’t ibang panig ng mundo habang nasa loob ka ng sasakyan.” Maaari mong pakinggan ang isang *live broadcast* mula sa BBC sa Inglatera. Siyempre, namangha ang *Chief*.

“At hindi lang ito, *Chief*,” patuloy namin, “Mayroon din kaming inilagay na DVD *player* sa loob nitong *Land Rover*. Naglagay rin kami ng kaunting DVD.” Isinaksak ko sa loob ang isa, kaya namangha lalo ang *Chief* nang makita niya ang makulay na palabas na pelikula.

“At mayroon pa! Itong *Land Rover* ay mayroong CD *player*.” Naglagay naman kami ng CD sa loob, at ang *Chief* ay sobra-sobrang nagitla sa sasakyan na napuno ng napakagandang musika ng pagsamba.

Pareho kaming lumabas sa *Land Rover*, at ang *Chief* ay nagtanong, “Ano ang ibibigay namin sa inyo para sa mamahaling regalong ito?”

“Wala,” ang sagot naming may katiyakan. “Hindi ninyo dapat bilhin ito mula sa amin. Ito ay libreng regalo para sa iyo at sa inyong tribo. Mahal naming kayong lahat!”

Ang *Chief* at ang kanyang tribo ay lubos na nagpapasalamat. Umalis na kami.

Subalit, makalipas ang ilang buwan, nalaman namin na ang tribong ito ay lumalakad pa rin nang malayo, halos apat na milya, upang umigib ng tubig. Lumalakad pa rin sila ng ilang milya upang mangaso at binubuhat pa rin ang mga nahuling hayop pabalik sa kampo. Sila ay naglalakad pa rin ng 35 milya upang kumuha ng pangangailangan sa pinakamalapit na bayan. Bakit kaya?

Dahil nakaligtaan naming sabihin sa kanila na ang pangunahing gamit ng Land Rover na iyon ay upang maging *sasakyan*. Itinuro namin ang lahat kay *Chief* liban sa pinakaimportanteng aspeto: ang Land Rover ay sasakyang magdadala sa kanila kahit saan sila pumunta kasama ng kanilang mga karga.

Gayundin naman, maraming mga Kristiyanong namumuno ang nakaligtaan sabihin sa maraming Kristiyanong mula sa kanluran na ang pangunahing layunin ng biyaya ng Diyos ay ang *pagbibigay-kapangyarihan*.

ANG KAHULUGAN NG PANGUNAHING LAYUNIN

Maaari ninyo akong hamunin: “Ang pangunahing kahulugan ng salitang *biyaya* ay talaga bang pagbibigay-kapangyarihan ng Diyos? Paano mo nasasabi ang mga salitang ‘yan?’”

Kamakailan lamang, habang ako ay nananalangin, naramdaman ko na ang Panginoon ay nagtatanong sa akin ng isang palaisipang tanong: *Anak, paano Ko ipakikilala ang biyaya mula sa Aking aklat, ang Bagong Tipan?* Dahil ako ay nakasulat na ng maraming aklat na mahigit sa isang dosena, ang katanungang iyon ay mahalaga sa akin. Sa tuwing ako ay nagpapakilala ng bagong salita sa aking aklat, isa sa pinakamahalagang dapat gawin para sa mga mambabasa ay, ibinibigay ko muna ang pangunahing kahulugan ng salita. Pagkatapos ay ibibigay ko naman ang pangalawang kahulugan nito, subalit ang importante sa lahat ay ang pinakakahulugan nito.

Halimbawa, kung ako ay susulat kay *Chief* upang ipaalam sa kanya ang tungkol sa Land Rover, ito ang sasabihin ko sa kanya:

Chief, mayroon kaming ibibigay na bagong sasakyan sa inyo, isang Land Rover. Ang pangunahing layunin nito ay bilang sasakyan. Ngayon ang mga tao ay hindi na kailangang magbuhat ng mabigat na lalagyan ng tubig sa kanilang mga likuran ng milyang layo balikan; isa lamang mula sa tribo ang kinakailangang mag-aral magmaneho nito upang madala ang tubig na naigib pauwi. Ngayon, ang tao ninyo ay hindi na kailangang magbuhat ng milyang layo pabalik sa kampo ninyo para lamang sa nahuling hayop na kakainin; isa sa inyo ang magmamaneho ng sasakyan papunta doon sa paghuhulihan at

dadalhin ito pauwi. At isa pa, ang tao ninyo ay hindi na kailangan pang lumakad ng tatlumpu't limang milya para lamang kumuha ng pangangailangan mula sa kalapit na bayan. Kailangan lang paandarin ang sasakyan papunta doon para kunin ang pinamili at iuwi; ito ay hindi kakain ng mahabang oras.

Napakahalagang ipakita ang pangunahing gamit ng Land Rover sa unang bahagi pa lamang ng sulat dahil hindi pa nakakita si *Chief* at ang kanyang mga tao ng ganitong klase ng sasakyan.

Pagkatapos, sa ikalawang bahagi ng sulat, maaari kong sabihin sa kanya ang patungkol sa aircon at *heater*. Sa ikatlong bahagi, maaari kong ipaliwanag ang *XM Satellite Radio* at ang DVD at CD *player*. Tatapusin ko ang sulat sa pagsabi sa kanya na ang sasakyan ay isang regalo. Ngunit napakahalagang ipaliwanag ko muna sa kanya ang pangunahing gamit ng sasakyan sa pinakaunang bahagi ng aking sulat.

Ngayon, bumalik tayo sa tanong ng Panginoon sa akin: *Paano ko ba ipinakilala ang biyaya sa Aking aklat na Bagong Tipan?*

Sumagot ako, “Hindi ko po alam.” Pumunta ako sa aking computer, binuksan ang *Concordance* ng Bibliya, at natuklasan ko kung paanong ipinakikilala ng Diyos ang biyaya sa Bagong Tipan. Ginawa niya ito sa Juan 1:16 MBB: “Dahil sa siya’y puspos ng pag-ibig, tayong lahat ay tumanggap mula sa kanya ng abut-abot na kaloob.”

Pansinin na ang ginamit ni Juan ay “abut-abot na kaloob.” Mayroon akong kaibigang Griyego na naninirahan sa Athens. Isa siyang ministro na hindi lamang nagsasalita ng Griyego bilang kanyang pangunahing wika kundi nag-aral din ng makalumang Griyego. Siya ang aking pinagkakatiwalaan pagdating sa wikang Griyego. Kanyang ibinahagi sa akin na sa talatang ito, sinasabi sa atin ni Juan na binigyan tayo ng Diyos ng “pinakamayaman at masaganang biyaya.” Sa madaling sabi, ipinaaabot sa atin ng apostol na ibinibigay sa atin ng malago at saganang biyaya ang kabuuan ni Hesucristo! Narinig mo ba iyon? Ang kabuuan mismo ni Hesucristo! Tumutukoy ito sa kakayanan at kapangyarihan.

Nais kong siguraduhin na naiintindihan mo kung ano ang sinasabi dito. Halimbawang lumapit ako sa isang *average* na manlalaro ng *tennis*. Siya ay isang C-level na manlalaro sa kanyang *local club*. Sasabihin ko sa

kanya, “Mayroon na tayo ngayong siyentipikong paraan upang maibigay sa iyo ang kabuuan—ang buong kakayahan—ni Roger Federer.” (Kung ikaw ay mahilig sa *pro tennis*, si Federer ang isa sa pinakamahusay na mga manlalaro sa kasaysayan ng larong tennis.) Ano sa tingin mo ang isasagot sa akin ng manlalarong ito? Malamang sasabihin niya, “Gusto ko iyan! Ibigay mo sa akin kaagad ‘yan! Ano ang kailangan nating gawin?” At kapag naibigay natin sa kanya ang kabuuan ni Roger Federer, ano ang maaaring mangyari? Nahulaan mo: Mananalo siya sa kampeonato ng kanyang *club*; makasali siya at mananalo sa *US Open*, at mananalo rin ng ilang mga torneo sa Wimbledon.

O, kaya naman ay lalapit ako sa isang estudyanteng nasa unang taon ng pag-aaral ng arkitektura sa unibersidad. Ipaalam ko sa kanya, “Meron ng siyentipikong paraan upang ang kabuuan—ang buong kakayahan—ni Frank Lloyd Wright ay mapasaiyo. Ano sa palagay mo ang isasagot ng batang estudyante? Tiyak, matutuwa siya, at makikiusap, “Pakibigay mo sa ‘kin iyan. Ngayon na.” At sa oras na mapasakanya, ano kaya ang kanyang gagawin? Maaaring hihinto na siya sa pag-aaral at magpapakadalubhasa sa kanyang propesyon.

Isa pang halimbawa. Lalapitan ko ang isang nagsusumikap na negosyante at sasabihing, “Mayroon na tayong paraan upang mabigyan ka ng kabuuan—ng buong kakayahan—ni Bill Gates.” Ano sa tingin mo ang gagawin niya matapos matanggap ang buong kakayahan ni Bill Gates? Mag-iisip siya kaagad ng mga paraan upang makadiseno ng bagong mga produkto at gumawa ng mga *investment* sa negosyo na hindi pa niya naiisip noon.

Sa kabila ng mga halimbawang ito, hindi tayo binigyan ng biyaya ng kabuuan nina Roger Federer, Frank Lloyd Wright at Bill Gates. Ang biyayang ito ay magiging maliit lamang. Hindi, ang biyaya ng Diyos ay magbibigay sa atin ng kabuuan mismo ni Hesucristo! Naiintindihan mo ba ito? Ito ang kakayahan! Ito ang kapangyarihan!

Ang biyaya o grasya ng Diyos ay magbibigay sa atin ng kabuuan mismo ni Hesucristo!

Kaya hindi ipinakikilala ng Diyos ang biyaya sa Bagong Tipan bilang libreng regalo, kahit na walang hanggan akong magpapasalamat na ito ay Kanyang libreng kaloob. Hindi Niya lamang ito pinapakilala bilang bayad sa ating mga kasalanan, kahit na ako'y taos-pusong nagpapasalamat dahil ang Kanyang biyaya ang nagbayad sa ating mga kasalanan. Hindi, Kanyang ipinakikilala ang biyaya bilang pagbibigay-kapangyarihan upang higit nating matanggap ang kabuuan ni Hesucristo.

Kung iyong maaalala mula sa mga naunang kabanata, sinulat ni Pedro na sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, tayo ay “kahati ng kanyang banal na kalikasan” (2 Pedro 1:2-4). Ang salitang kalikasan ang naglalarawan sa mahalagang ugali o karakter ni Hesucristo! Kaya naman sinasabi ni Juan, “sapagkat tayo'y tulad ni Cristo, kahit nasa daigdig pang ito.” (1Juan 4:17) Nauunawaan mo ba ang bigat ng mga salitang ito?

Binibigyang diin nito ang ating kapangyarihan at kakayahan na maghari sa buhay! Ang biyaya ng Diyos ang muling lumikha sa atin na maging katulad ni Hesus. Ito ang nagbibigay kapangyarihan sa atin na mamuhay na tulad Niya. Tayo ay literal na si Cristo. Tayo ang Kanyang katawan. Tayo ang mistulang Cristo sa mundong ito. Tayo ay mga Kristiyano. Kaya naman matapang na isinulat ni Juan sa 1 Juan 2:6, MBB na, “Ang nagsasabing nananatili siya sa Diyos ay dapat mamuhay tulad ng pagkapamuhay ni Hesucristo.”

Isapuso ang mga salitang ito: nararapat tayong mamuhay tulad ni Hesus sa mundong ito. Ito ay hindi isang suhestiyon mula sa Bibliya; ito ay isang biblikal na utos!

KUNG PAANO LUMAKAD SI HESUS

“Ang sinumang nagsasabing siya ay nananatili sa Kanya, ay nararapat din namang lumakad kung papaano lumakad si Hesus.”

1 JUAN 2:6

Kung tayo ay lalakad katulad ni Hesus noong Siya ay namuhay sa ating mundo, nararapat nating itanong, “Paano ba Siya lumakad?”

Una, Siya ay lumakad nang may kamangha-manghang kabanalan at kalinisan. Hindi Siya nadaig ng mga pagnanasa ng mundong ito; napagharian Niya ang mga hindi natural at hindi makadiyos na mga pagnanasa. Gayundin, nagpahayag sa atin si Apostol Pablo tungkol sa tamang kaparaanan ng paglilingkod sa Diyos:

“Linisin natin ang ating sarili sa lahat ng magpaparumi sa ating katawan o kaluluwa, at ating gawing ganap ang ating sarili sa kabanalan.” (2 CORINTO 7:1, MBB)

Naririnig ba ninyo ang kanyang mga salita “linisin natin ang ating mga sarili”? Hindi niya sinabing “Lilinisin ka ng Diyos.” Hayaan mong ipaliwanag ko ito. Ang dugo ni Hesus ang naglilinis sa atin sa lahat ng kasalanan—ito ang benepisyo ng katubusan natin. Subalit itinuturo ni Apostol Pablo kung paano natin ipamumuhay ang malayang ipinagkaloob sa atin. Samakatuwid, ito ay kung paano tayo inaaasahang mamuhay at

magdala ng ating mga sarili bilang mananampalataya. Ang tinutukoy Niya dito ay tungkol sa panlabas na pagbabago bilang bunga ng ating katubusan mula sa Panginoon.

Napansin ba ninyo ang salitang *lahat* sa talatang ito? Hindi lang natin dapat pakalinisin ang ating mga sarili mula sa *ilang mga bahagi* o kaya naman sa *maraming bahagi* sa ating katawan o kaluluwa kundi sa *lahat ng bahagi*. Inaasahan tayong maglinis ng ating mga sarili nang ganap upang maging banal. Si Pedro ang nagpatibay ng mga ito sa kanyang mga sinulat, “Magpakabanal kayo sa lahat ng inyong ginagawa, katulad ng Diyos na tumawag sa inyo ay banal.” (1 Pedro 1:15, MBB). Kung ating seseryosohin ang pagtanggap sa mga salitang ito at hindi natin gagawing magaan (tulad ng ginagawa ng ibang nangangaral), ito na ang karapatdapat na paraan upang makapaglingkod sa Diyos at lumakad katulad ng banal na pamumuhay ng ating Panginoong Hesus. Ngunit paano kaya natin gagawin ito? Sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos.

Hayaan ninyong isalarawan ko. Noong ako ay nasa *high school*, ako ay isang mahusay na makasalan. Ano ang ibig sabihin nito? Ang aking gawi ay magkasala at nagagawa ko ito nang mahusay.

Noong ako ay *teenager* pa, tinanong ako at ang aking nakababatang kapatid na babae ng aming ama kung gusto naming sumama sa sinehan sa bayan upang manood ng pelikulang *The Ten Commandments* na pinangungunahan ng aktor na si Charlston Heston. Sa aming bayan na mayroong tatlong libong tao, hindi nagpapalabas ang aming sinehan ng 15 pelikula nang sabay-sabay. Paisa-isa lamang ang kanilang pinapalabas. Wala pa kami noong *Xbox o Wii*, malaking *flat-screen* TV o kaya ay iyong mga iba pang mga mayroon ngayon – sinaunang *small-screen colored* TV lang. Kaya kapag mayroong nag-alok na manlilibre sa akin sa sinehan, tinatanggap ko agad dahil gustong-gusto ko talaga.

Nang nasa loob na kami ng sinehan at nanonood na ng palabas, bigla na lamang mayroong eksena kung saan bumuka ang lupa at kinain si Dathan kasama ang lahat ng kanyang kasamahan na lumalaban kay Moises. Nilamon sila nang buhay ng lupa at dumiretso sa impyerno. Bilang isang mahusay na makasalan, nang nakita ko ito sa malaking *screen*, sobra akong nagsisi. Binalikan ko ang mga ginawa kong masasama at mahahalay; humingi ako ng tawad sa Diyos at nangako na hindi ko na uulitin ang

mga iyon. Lumabas ako sa sinehan na iyon bilang isang kabataang nabago. Subalit tumagal lamang iyon ng isang linggo. Pagkatapos, bumalik agad ako sa aking mga masasamang gawain. Bakit? Ako ay nagsisi subalit hindi ko natanggap ang biyaya.

Makalipas ang ilang taon, nang ako ay tumuntong sa kolehiyo, ibinahagi sa akin ng isa kong kapatiran sa *fraternity* ang *Four Spiritual Laws* na galing sa Campus Crusade. Pagkatapos basahin ang ikaapat na batas, tinanggap ko si Hesucristo bilang Panginoon at Tagapagligtas. Sa oras na iyon, ako ay naging anak ng Diyos. Subalit ang totoo, namumuhay pa rin ako sa makasalanang paraan tulad ng dati bago ko Siya tanggapin. Ito ay dahil sa kakulangan ng katuruan at kaalaman tungkol sa Bibliya, sapagkat di ko alam ang kapangyarihang nakalaan na para sa akin.

Lumipas ang ilang taon. Ang mga talatang ito, na maraming beses ko nang nabasa, ay parang tumalon mula sa pahina ng aklat: “Sikapin mong ipagpatuloy ...ang kabanalan, dahil kung wala nito ay walang makakakita sa Panginoon.” (Hebreo 12:14). Ang mga salitang ito ay naging mabigat sa aking puso. Ang nasabi ko ay, *Gusto kong makita ang Panginoon, kaya kailangan kong mamuhay nang may kabanalan*. Sa kasamaang palad, hindi ko rin ito naintindihan nang tama kaya naging legalista ako. Madalas kong masaktan ang mga tao sa aking paligid dahil sa aking pagiging legalista. Sinasabihan ko silang magpakabanal, subalit hindi ko naman sila mapalakas upang magawa nila ito. Binabase ko pa rin ang banal na pamumuhay sa abilidad at kapasyahan ng tao (*will power*), hindi sa kakayanan na bigay ng Diyos. Dahil dito, naasiwa sa akin ang aking asawa, mga kaibigan, at lahat ng naging malapit sa akin.

Makalipas ang ilang panahon, nangusap ang Panginoon sa akin habang ako ay nananalangin: *Anak, ang kabanalan ay hindi gawain ng laman, ito ay galing sa Aking biyaya*. Dito na nagsimula! Ito ang wala sa akin noon. Naunawaan ko na ngayon na ang biyaya ng Diyos ay ang kapangyarihan Niya na nasa aking buhay at ito ang nagbibigay sa akin ng kakayahan na gawin ang mga bagay na hindi ko magawa sa aking sariling kakayahan. Ito ang maglilinis sa akin mula sa lahat ng nagpaparumi sa aking katawan o kaluluwa upang ako ay maging ganap na banal. Ito ang katanggap-tanggap na paraan upang tayo ay makapaglingkod sa Diyos. Ito ang dahilan kung bakit nasabi ng manunulat ng Hebreo na,

“Nawa’y magkaroon tayo ng biyaya, upang makapaglingkod sa Diyos sa paraang kalugod-lugod sa Kanya.” (Hebreo 12:28)

Ang biyaya ng Diyos ang nagbibigay kapangyarihan sa atin upang maglingkod sa kanya nang katanggap-tanggap; ito ang nagbibigay sa atin ng kakayahan upang madalisay ang ating mga sarili sa mga bagay na hindi natin kayang gawin sa ating mga sarili.

Ayon sa pambansang *survey* na aming isinagawa, maaari naming sabihin na 98% ng mga Kristiyano sa Amerika ang sinusubukang mamuhay nang makadiyos sa kanilang sariling abilidad! Mga 2% lamang ang nakakaalam na ang biyaya ng Diyos ang nagbibigay sa atin ng kapangyarihan, at nangangahulugan na imposibleng ang 98 % ay makabahagi sa kapangyarihang ito dahil hindi nila ito alam. Tinatanggap natin ito mula sa Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya, at hindi ka maaaring manampalataya sa isang bagay na hindi mo alam. Tulad ng sinabi ni Pablo, “Paano mananampalataya ang mga tao kung hindi nila alam ang mensahe?” (Roma 10:14) Tayo ay makikinabang lamang mula sa kung ano ang alam nating mayroon tayo.

Balikan natin ang halimbawa sa Africa. Kung hindi alam ng tribo ang pinakalayunin ng Land Rover bilang sasakyan, hindi nila ito mapapaandar. Sila ay mananatiling nagtatatalon sa tuwa dahil sa AC, *heater*, *radio*, at CD *player*, subalit hindi nila mapapaandar ang sasakyan.

Minsan, may nabili akong magandang *camera*. Binuksan ko ang lalagyan, at inilabas ito, at agad ginamit tulad ng ibang mga dati kong *camera*; Kinuhanan ko ng litrato ang mga gusto kong imahe. Sa palagay ko ito ang ginagawa ng marami kapag bumibili sila ng *camera*.

Pagkalipas ng maraming taon, isang araw ako ay nagtaka kung paano nakakakuha ang aking kaibigan ng magagandang kuha ng gabi, *landscape*, *action* at mga *close-up* na larawan pa. Nagtanong ako at nalaman ko na ang aking *camera* ay mayroon palang lahat ng kapabilidad tulad ng *camera* ng aking kaibigan. Kinuha ko ang *manual* ng *camera* at natutunan kong gamitin lahat ng kakayahang mayroon ito. Dahil dito mas higit na gumanda ang mga litratong kuha ko ngayon kaysa noong una! Naging ignorante ako sa mga bagay na mayroon na ako, kaya hindi ko agad masayang nagamit ang mga benepisyo nito.

Gayundin naman sa buhay ng kapus-palad na 98%. Hindi pa nila naunawaan ang Manwal ng Buhay, ang Bibliya, upang matuklasan kung ano ang ibinigay sa kanilang biyaya. Sila ay gumagaya lamang sa nakita nilang ginagawa at itinuturo ng mas nakararami. Hindi nila batid ang potensiyal na mayroon sila.

Ano ang mangyayari kung susubukan nating mamuhay nang banal at malinis sa pamamagitan ng ating sariling abilidad? Isa sa dalawang bagay: maaari tayong maging legalistang ipokrito (salungat ang sinasabi ng bibig sa totoong ginagawa), o tayo ay magpapatuloy sa makasalanang pamumuhay na mahigpit ang kapit sa hindi makabibliyang katuruan na, *Ang biyaya ang magtatakip sa lahat ng kasalanan na pinili kong ipagpatuloy gawin*. Kaya ang tingin natin sa *ang mamuhay tulad ni Hesus* ay isang magandang layunin na hindi posibleng mangyari.

Mula sa kaisipang ito, ang iba sa mananampalataya at tagapagturo ay nakaimbento ng isang maling doktrina: “Sa pagtubos ni Hesucristo sa atin, tayo ay ginawang mga anak ng Diyos; gayunman, tayo ay makasalanang pa rin dahil tayo ay tao lamang.” Nakagapos tayo sa maling akala na ang makasalanang gawi at mahalay na pag-uugali ng isang ‘mananampalataya’ ay maaaring magpatuloy sapagkat bayad na at pinatawad na. Naghahatid ito ng huwad na kapayapaan.

Subalit hindi ito ang itinuturo ng ebanghelyo sa Bagong Tipan. Ang mabuting balita ay hindi lamang binayaran ni Hesus ang halaga upang makalaya tayo sa parusa ng kasalanan, kundi tinubos din Niya tayo upang tayo ay makalaya sa *kapangyarihan* ng kasalanan! Ito ay maliwanag sa mga salita ni Pablo: “Subalit hindi na dapat paghariin sa inyo ang kasalanan, dahil kayo ay wala na sa ilalim ng kautusan kundi nasa ilalim ng biyaya.” (Roma 6:14) Ang kautusan ay maaari lamang pigilan ang mga tao. Sa kabilang banda, ang biyaya ay ang pagbibigay ng kapangyarihan na nagpapalaya sa atin mula sa mga bagay na di natin kayang palayain ang ating mga sarili sa sarili nating lakas - ang kasalanan. Kaya nga si Pablo ang naghikayat sa mga Kristiyano sa Corinto, “Naninikluhod ako sa inyo na huwag ninyong pabayaan na ang tinanggap ninyong biyaya mula sa Diyos ay masayang.” (2 Corinto 6:1)

Hindi itinuturo ni Pablo ang pag-aaksaya sa biyaya na naituro sa marami nating mga simbahan sa Kanluran. Ang uri ng biyayang iyon

ay ganito ang sinasabi: Alam ko na ako ay hindi nabubuhay tulad nang nararapat, subalit ayos lang dahil ako naman ay ligtas na at nasa ilalim na ng biyaya ng Diyos. Sa maraming pagkakataon, mas lalo pang lumayo sa katotohanan ang mga mananampalatayang ganito ang iniisip, *Maaari kong magawa ang gusto ko dahil ang kaligtasan ko naman ay hindi batay sa aking gawa kundi sa tinapos na gawain ni Hesus para sa akin. Ako ay nasa ilalim ng Kanyang biyaya.* Kaya ngayon, ay wala halos desisyon sa sarili na magkaroon ng makadiyos na pamumuhay. Maaari ba nating aksayahin ang biyayang ito? Sa katunayan ay hindi. Ang kaisipang ito ay malaking pagkakamali at hindi ayon sa layunin at kapangyarihan ng biyaya ng Diyos.

Gayunpaman, kapag naunawaan natin na ang biyaya ng Diyos ay ang kanyang kapangyarihan na sumasaatin at nagbibigay sa atin ng kakayanan upang magawa ang mga bagay na hindi natin magagawa sa sarili nating lakas—maglilinis sa atin sa lahat ng bagay na nagpaparumi sa ating katawan at kaluluwa upang ganap tayong gawing banal—mauunawaan na natin kung paano natin ito masasayang.

Ngayon, nagpasya kaming balikan ang maliit na tribo sa Africa pagkatapos ng sampung taon. Pupuntahan namin ang lugar na kung saan nadala ang Land Rover. Subalit nakapagtataka, na ang sasakyan ay nakaparada pa rin sa parehong lugar. Marumi at puro alikabok ang sasakyan, at tinubuan na ng damo ang paligid. Pinilit naming buksan ang pintuan, siniyasat ang mga instrumento, at nadiskubre namin na pareho pa rin ang nabasa namin sa *odometer* simula noong idineliber ito isang dekada na ang nakalipas. Hindi ba natin sasabihin sa bawat isa na, “Sinayang nila ang regalong ibinigay natin sa kanila sampung taon na ang nakararaan!”

Ang tribong ito ay maaaring gumawa ng mga awitin ng pasasalamat tungkol sa libreng regalo na Land Rover o nagpahayag ng masisidhing mensahe sa bawat isa tungkol dito.

Maaaring nagtalunan pa sila sa tuwa papasok sa loob ng sasakyan kapag may ulan at sumulat ng mga awitin at nagturo ng mga mensahe tungkol sa kabutihang dala ng sasakyang ito. Subalit nananatili ang katotohanan na hindi nila ito pinaandar. Sinayang nila ang regalo!

Kaya nga, hindi nais ni Pablo na ikaw at ako ay hindi makatanggap ng pangunahing pagpapala at benepisyo mula sa kamangha-manghang biyaya ng Diyos:

“Namamanhik ako sa inyo, kayong nakatanggap ng biyaya ng Diyos na huwag ninyo itong sayangin...kaya nga, linisin natin ang ating sarili sa lahat ng magpaparumi sa ating katawan o kaluluwa, at tayo ay ganap na maging banal.” (2 Corinto 6:1;7:1)

May mas liliwanag pa ba sa mga salitang ito? Ang tanong ko ay ganito, “Bakit hindi ito naituro at nabigyan ng higit na pagpapahalaga at pagpapaliwanag sa ating mga simbahan?”

ITINUON NI HESUS ANG PANGANGAILANGAN NG MGA TAO

Sa mga nakaraang pahina, nakita natin na ang utos na nakasaad sa Bibliya,

“Sinuman ang nagsasabi na siya ay nasa Panginoon ay dapat lamang na lumakad kung paano si Hesus ay lumakad.” (1 Juan 2:6)

Pansinin natin ang salitang *dapat*. Katulad ng ating napansin sa una, ang talatang ito ay hindi mungkahi kundi *utos*. Inaasahan ng Diyos na tayo ay lumakad kung paano si Hesus ay lumakad. Kaya tayo ay magtanong pa, *Paano pa ba lumakad si Hesus?*

Maliwanag na sinasabi sa ebanghelyo na si Hesus ay tumugon sa mga pangangailangan ng mga tao. Pinagaling Niya, nilinis ang mga may karamdaman, pinalaya ang mga nakagapos, binuksan ang mga bulag na mata, at mga binging tainga; nakapagsalita ang mga pipi, at nakalakad ang mga lumpo, nagparami ng mga pagkain upang pakainin ang mga nagugutom; at maging mga patay ay Kanyang binuhay. Kaya nga tayo ay Kanyang inatasan, “Kung paanong ang Ama ang nagsugo sa Akin, kayo ay aking sinusugo.” (Juan 20:21)

Paano natin gagawin ang mga bagay na ito? Sa pamamagitan ng *libreng kaloob na biyaya ng Diyos!* Ang Bibliya ay nagtala ng tungkol sa unang simbahan, “At sa dakilang kapangyarihan, ng mga apostol ay nagpatotoo ng tungkol sa pagkabuhay na muli ng ating Panginoong Hesus. At ang dakilang biyaya ay nasa kanilang lahat.” (Mga Gawa 4:33)

Bakit kaya pinagsama ng Diyos ang *dakilang kapangyarihan sa dakilang biyaya*? Dahil *ang biyaya* ay ang *kapangyarihan ng Diyos*!

Maaaring iniisip mo, “Eh, John, ang mga ito ay pahayag tungkol sa mga apostol, at ako naman ay hindi apostol o pastor.” Kaya naman hayaan mong sabihin ko sa iyo ang tungkol sa isang “ordinaryong” tao. Ang simbahan sa Jerusalem ay may restoran, at isa sa mga lalaking nagsisilbi sa mga lamesa ay si Esteban. Hindi siya apostol, propeta, ebanghelista, pastor o tagapagturo. Hindi, siya ay nagsisilbi ng pagkain sa mga matatandang mga babae. Subalit sinabi ng Bibliya: “Si Esteban, ay isang lalaking puno ng biyaya ng Diyos... gumawa ng mga dakilang milagro at palatandaan mula sa mga tao.” (Mga Gawa 6:8)

Paano kaya niya nagawa ang mga dakilang himala kung hindi siya apostol o pastor? Sa kapangyarihan ng biyaya ng Diyos! Ginawa niya ito tulad ng ginawa ni Hesus, kinatagpo Niya ang mga pangangailangan ng mga tao sa pamamagitan ng kapangyarihan ng libreng biyaya ng Diyos.

Ang libreng kaloob na ito ay nakalaan para sa bawat mananampalataya. Ito ay para sa iyo at sa akin. Sa kadahilanang ito, si Hesus ang nag-utos sa atin na, “Humayo kayo sa buong mundo at ipangaral ninyo ang ebanghelyo sa lahat ng tao... Ang mga mananampalataya ay binigyan ng kapangyarihan upang gumawa ng mga milagro... sila ay maaaring magpatong ng kamay sa maysakit at ang may sakit ay gagaling.” (Marcos 16:15, 17-18) Hindi sinabi ni Hesus na, “Ang mga apostol lamang ang bibigyan ng kapangyarihan (biyaya) na gumawa ng mga milagro,” at hindi rin Niya sinabi na, “Ang mga apostol lamang ang bibigyan ng kapangyarihan (biyaya) na maging mga anak ng Diyos.” Hindi, maliwanag na sinasabi ng Salita ng Diyos na, “Ang lahat ng tumanggap sa Kanya, sa kanila ibinigay ang karapatang maging anak ng Diyos.” (Juan 1:12) Wala tayong problemang paniwalaan ito, di ba?

Ang Bibliya rin ang nagsabi sa atin, “Ang mga mananampalataya (hindi lamang mga apostol) ay bibigyan ng kapangyarihan (libreng kaloob na biyaya) na makagawa ng mga milagro” upang tayo ay makalakad tulad nang kung paano si Hesus ay lumakad! Sa kapangyarihan ng Diyos, tayo ay maghahari sa kasakitan, karamdaman, at anupamang kahirapan na dulot ng buhay para sa mga mahal natin.

KARUNUNGAN, KAALAMAN, PANG-UNAWA, PAGKAMALIKHAIN

Paano pa ba lumakad si Hesus? Siya ay lumakad na mayroong kamangha-manghang karunungan, pang-unawa, kabatiran, katalinuhan, at pagkamalikhain. Ang karunungan Niya ay tunay na nakapagpamangha sa mga kinikilalang edukadong mga personalidad. Saan ba nanggaling ang Kanyang karunungan?

“Ang batang si Hesus ay lumaking malakas sa espiritu, puno ng karunungan, at ang biyaya ng Diyos ay sumasakanya.” (Lucas 2:40)

Biyaya ang dahilan kung bakit siya ay nagkaroon ng di-pangkaraniwang karunungan.

Dinadala tayo nito sa isang mabuting katanungan: Kung ang biyaya ng Diyos ay para lamang sa kapatawaran ng kasalanan at pagpasok sa kalangitan (maraming Kristiyano ang sa ganitong paraan naturuan), bakit pa kaya kinailangan ni Hesus ang biyaya? Hindi Siya nagkasala kahit kailan, kaya hindi Niya kailangan ng kapatawaran. Bagamat si Hesus ay Anak ng Diyos, Siya ay ipinanganak, at lumakad sa mundo bilang tao. Hinubad Niya ang kanyang pagiging Diyos. (Filipos 2:7) Kaya nga, Siya mismo ay nangailangan ng kapangyarihang dulot ng biyaya upang makalakad Siya sa karunungan, pang-unawa, kabatiran, at kapangyarihang maglikha na nakapaloob sa Kanyang karakter.

Gustong-gusto ko ang pagkamalikhain ng Kanyang karunungan, kagalingan, at mabuting pagpapasya. Nailigtas nito ang buhay ng isang babae, isinalaysay sa ikawalong kabanata ng Juan kung paano nahuli ng mga relihiyosong panatiko ang isang babae sa akto ng pangangalunya. Kinaladkad nila ito sa harapan ng templo at ihinagis siya sa harapan ni Hesus. (Nais kong malaman kung bakit hindi nila ginawa ito sa lalake na nangalunya kasama ng babae). Tinanong nila si Hesus, “Si Moises ay nagutos na ang babaeng mahuhuli sa pangangalunya ay nararapat batuhin hanggang sa mamatay. Subalit kayo ano ang masasabi Ninyo?”

Sa harapang panunuligsang iyon, ang malikhaing karunungan ay kailangan. Si Hesus ay yumuko at nagsimulang magsulat sa lupa. (Naniniwala ako na inilista Niya ang mga pangalan ng mga lihim na kalaguyo

ng mga namumunong ito. Marahil ay isinulat niya ang mga pangalang *Hannah, Rachel, Isabel*). Nang magpilit sa kanilang mga katanungan ang mga pinuno, tumigil ang Panginoon sa pagsusulat at nagsabi ng ganito, “Mga ginoo, sinuman sa inyo ang walang kasalanan, hayaan nating siya ang unang magpukol ng bato sa babaeng ito.” At nagpatuloy Siya ng pagsulat sa lupa.

Gusto kong isipin na ang mga nagbabanal-banalang mga lider na ito ay nakita na ang mga pangalan ng mga babaeng nakarelasyon nila. Subalit ito man ang dahilan o si Hesus ay naglagay ng paghatol na ultimatum, sila ay isa-isang bumitiw sa hawak nilang bato at mabilis na umalis. Sinabi ng Bibliya na, “Noong marinig nila ito, silang lahat ay umalis, isa isa, mula sa nakakatanda muna.” (Juan 8:9) Si Hesus ay naiwan, kasama ang babae.

Matapos nito ay tumayo si Hesus at tinanong ang babae, “Nasaan sila, babae? Wala bang natira dito upang ikaw ay usigin?” Sinabi ng babae na ang lahat ng nag-aakusa sa kanya ay umalis na. Kaya sinabi ni Hesus sa kanya, “Hindi rin kita uusigin, kaya nga humayo ka at huwag ka na muling magkasala.” (Juan 8:10-11)

Ang karunungan ni Hesus at pagkamalikhain ang nagligtas sa babaeng ito. Pansinin natin na hindi siya inusig ni Hesus. Si Hesus ang bukod-tanging hindi nagkasala, subalit malaking habag ang naipakita niya sa babaeng ito. Hindi siya nagbigay ng paghatol na karapatdapat sa babae ayon sa batas. Gayunpaman, Siya ang nagsabi, “Humayo ka, at huwag ka nang magkasalang muli.” Biyaya ang nagsalita, sapagkat ang biyaya ay nagbibigay ng di nararapat para sa atin, samantalang ang awa ay ibinibigay ang nararapat para sa atin. Hindi isinumpa ng habag ang babae, subalit ang biyaya ng Diyos ang nagbigay sa kanya ng kapangyarihan upang hindi na mahulog muli sa nakamamatay na bitag ng pangangalunya.

■
Tunay na
kapangyarihan ang
biyaya.
■

Ang biyaya ng Diyos na na kay Hesus ang nagbigay sa Kanya ng karunungan upang palayain ang babae mula sa paghatol ng mga relihiyosong panatiko. Ito din ang nagbigay sa babae ng lakas upang makalaya sa pangangalunya. O, anong kapangyarihan mayroon ang biyaya!

Sa isa pang sitwasyon, si Hesus ay malapit na sa baybaying dagat ng Galilea kung saan may propesyonal na kumpanya sa pangingsda ang kasalukuyang may malaking problema. Ang kumpanya ay wala ni isang huling isda sa buong araw. Paano kung nagmamay-ari ka ng isang malaking tindahan at wala itong benta sa buong maghapon? Iyan ay maituturing na pinakamasamang araw mo. Subalit isang salita lamang ng malikhaing karunungan mula kay Hesus at naging pinakamatagumpay na araw iyon ng kanilang negosyo! Si Hesus ay hindi mangingsda; Siya ay karpintero—subalit Siya ay may biyaya! Kamangha-manghang karunungan at kapangyarihan!

Sa ibang sitwasyon naman, alam ni Hesus kung saan makahahapan ng asno dahil sa biyaya ng karunungan. Hindi Niya kailangang saliksikin ang *Craigslist* o *eBay*. Alam niya kung paano magbayad ng buwis kahit na hindi siya pumunta sa *H & R Block* – sinabi niya kay Pedro na manghuli ng isda at kapag binuksan niya ang bibig ng isda, makikita niya ang barya para sa eksaktong halaga. Ito ang nangyari nang mahayag ang biyaya.

Ang kaalaman ni Hesus ay kamangha-mangha. Alam Niya na may demonyong kumikilos sa kanyang mga manggagawa bago pa man naipahayag ang kasamaan ni satanas sa katauhan ni Hudás. Alam niya na si Nathanael ay isang tao na walang pandaraya bago pa man sila magkita.

BAGUHIN ANG LIPUNAN

Sa pinakabuod, ang biyaya ng Diyos sa buhay ni Hesus ang nagbigay sa Kanya ng kakayanan upang baguhin ang pamayanan na kinabibilangan Niya. Siya ay pumunta sa kasalan sa Cana. Ang mga kasalan ay hindi maliliit na okasyon; buong bayan ay kasali. Ang partikular na kasalang ito ay magiging isang kabiguan dahil ang mga punong-abala ay naubusan na ng alak maaga pa lamang. Naisip ba ninyo ang kahihiyang maidudulot nito sa dalawang pamilya sa darating na mga taon? Subalit isang engkwentro lamang sa biyaya ng Diyos kay Hesus, at ang kasalan ay naiangat sa bagong antas sa kataasan ng uri.

Sa isang komunidad na ang tawag ay Nain, magbibigay ang gobyerno ng tulong sa isang babaeng balo na namatayan ng kaisa-isa niyang anak na lalake. Sa buong buhay niya, ang gobyerno ang nagbibigay sa kanya ng

pagkain, damit, at tirahan mula sa pera ng mga nagbayad ng buwis. Subalit, sa isang enkwentro sa biyaya ng Diyos sa pamamagitan ni Hesus, nabuhay ang kanyang anak, at hindi na kinailangan ng gobyernong bigyan siya ng suporta. Ang kanyang dignidad ay naibalik at ang kanyang angkan ay nagpatuloy. (Lucas 7:11-15)

Sa isang bayan, si Hesus ay nakipagtagpo sa pinuno ng isang organisadong sindikato. Pinag-uusapan natin dito ang ngayo'y itinuturing na pinakapinuno ng sindikato. Isang enkwentro lang sa biyaya ng Diyos sa pamamagitan ni Hesus, si Zacheo ay nangako na gagawin niyang ligtas, at higit na maunlad na lugar para tirhan ang kanilang bayan. Ang mga tao ay hindi na lolokohin ng taong naniningil ng buwis. At hindi lang iyon, si Zacheo mismo ay nangako na, "Ibibigay ko ang kalahati ng aking mga ari-arian sa mahihirap." Ang mga taong umaasa sa bayan ay makikinabang. At heto pa, ibabalik nya ang 400% ng kanyang ninakaw. Tiyak, pasisiglahin nito ang ekonomiya ng kanilang rehiyon (Lucas 19:1-8). Isang enkwentro lamang sa biyaya ng Diyos ang nakagawa ng lahat ng ito!

Sa isa pang pangyayari, isang binatang may kakulangan sa pag-iisip—o ganap na wala sa sarili—ang nakitang naghihirap mag-isa. Wala silang ospital para sa mga baliw noon, subalit kailangan pa ring maghirap ang gobyerno na mag-alaga sa kanya. Kailangan nilang gamitin ang pera na nasingil mula sa buwis upang masiguradong siya ay mapapakain, mabibihisan, at mapoprotektahan. Kailangan din ng maraming damit, dahil sinisira palagi ng binata ang kanyang mga damit. Subalit isang enkwentro sa biyaya ng Diyos sa pamamagitan ni Hesus, at ang dating baliw ay gumaling. Hindi na siya kailangan pang alagaan at proteksyunan, at ang pondo mula sa buwis sa halip na gamitin sa kanya ay makatutulong na paglingkuran ang komunidad. At ngayon ang sampung bayan sa rehiyon sa Decapolis ay makakarinig na tungkol sa kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng taong ito na nakaenkwentro ng biyaya ng Diyos! (Marcos 5)

Isaalang-alang ang lahat ng bingi, bulag, pilay, may karamdaman, at ang iba pang may pisikal na kapansanan na mga tao na hindi na kailangang problemahin ng gobyerno upang tustusan dahil sa biyaya ng Diyos kay Hesus. Hindi lang iyon, ang mga taong ito ay magiging mabungang mamamayan sa kanilang mga pamayanan. Maaari pa tayong magpatuloy—at higit pa sa naisulat sa mga ebanghelyo, dahil atin ding napansin ang isinulat ni Juan na

hindi kayang ilaman ng maraming mga aklat ang lahat ng mga himalang ginawa ni Hesus sa tatlong taon ng kanyang pagmiministeryo sa mga tao.

Alalahanin natin, ipinangako ni Hesus na “Ang lahat ng nanampalataya sa akin ay gagawin niya lahat ng aking ginawa at higit pa dito.” (Juan 14:12) Paano? Sa pamamagitan ng libre at di pinaghirapang kaloob na biyaya ng Diyos. Tayo ang magbabago ng ating sambayanan tulad ng kaparaanan ni Hesus - sa pamamagitan ng libreng biyaya ng Diyos!

ANG PAGHAHANAP

Naniniwala akong ginawang pinakalayunin ng mga kapamahalaan at kapangyarihan ng kadiliman sa mundo na itago ang kaalamang ito sa atin. Sila ay maginhawang nakakahinga sa 98% ng mga Kristiyano sa Amerika na ang tingin lamang sa biyaya ay libre at hindi pinaghirapang regalo at ang kapatawaran ng mga kasalanan habang nananatiling mangmang sa matinding kapangyarihang dulot nito. Ang ibig sabihin nito, 2% lamang ang tunay na banta sa kanilang mga kuta.

Hindi natatakot ang kaaway sa ating pagkakaroon ng mga magagandang gusaling sambahan, mga aklat na nailathala, mga malalaking pagtitipon, mga programa sa telebisyon, o kaya naman mga *satellite broadcasts* hangga’t ignorante tayo sa kamangha-manghang kapangyarihang nakalaan para sa atin. Ang ikinatatakot ng mga pwersa ng kadiliman ay ang madiskubre ng mga mananampalataya ang kapangyarihang malayang ipinagkaloob sa atin at pagkatapos ay ang matapang at malikhaing kakayanan upang baguhin natin ang ating pamayanan tulad ni Hesus. Takot sila na gampanan natin ang *paghahari sa buhay*.

Si Martin Luther ay nasa paghahanap (*quest*) nang kanyang ipako ang kanyang 95 *theses* sa pintuan ng All Saints Church sa Wittenberg, Germany noong ika-31 ng Oktubre, 1517. Ito ang nagpasimula ng Pagbabago o *Reformation*. Ang simbahan ay nagbago simula noon. Ito ay gawa ng Espiritu ng Diyos sa pamamagitan ng tao. Ang buod ng kanyang *theses* ay *ang mga matuwid ay mamumuhay sa pananampalataya*. Hinamon niya ang mga maling katuruan ng organisadong simbahan na nagdala sa mga tao sa pagkakagapos.

Ako rin ay nasa paghahanap. Alam kong may mga kasama ako sa layuning ito. Gusto ka naming isali. Hindi kami magpapakong 95 na *theses* sa lumang pintuang kahoy, kundi sa pintuan ng mga puso ng mga kapwa mananampalataya. Ang aming mensahe: *Ang biyaya ay hindi lamang kaloob ng Diyos upang takpan ang ating kasalanan. Ito ay nagbibigay sa atin ng kapangyarihang mamuhay katulad ni Hesus, upang maghari sa buhay sa pamamagitan ng kapangyarihan at kapamahalaan ng langit upang baguhin ang ating mundo ng impluwensiya.*

Tayo'y maging determinado na mapataas ang 2% na estatistika palapit sa 100 porsiyento. Kapag ang mananampalataya ay nakarinig ng salitang biyaya, nawa ay kaagad niyang isiping ito ay *kapangyarihang higit at lampas sa makataong kakayahan.*

KATANGI-TANGI

“Ang lahat ng nakatanggap ng masaganang biyaya at itinuring na matuwid ng Diyos ay maghahari sa buhay sa pamamagitan ni Cristo.”

ROMA 5:17 (TEV)

Ang mensaheng hatid ng Roma 5:17 ay tunay na dakila na tila hindi na makatotohanan. Marahil, dahil dito, marami ang hindi na lang ito binibigyang pansin.

Bawat isa sa atin na tumanggap kay Hesus bilang Panginoon ay dapat na mamuno sa larangan ng buhay. Lahat ng tumanggap ng libreng biyaya ng Diyos ay binigyan ng kapangyarihan upang mapagtagumpayan ang lahat ng kahirapang ibinabato ng mundo sa kanila. Ang mundo ay hindi dapat maghari sa ating buhay; tayo ang dapat maghari sa buhay na ito. Sa pamamagitan ng kapangyarihang biyaya ng Diyos, kaya nating baguhin ang ating lipunan kung paano binago ni Hesus ang lipunan sa Kanyang kapanahunan. Ito ay iniatas sa atin.

USAPANG PRAKTIKAL

Pag-aralan natin ngayon kung ano nga ba ang kahulugan ng paghahari sa buhay na ito sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. Kailangang mamuhay tayo nang iba sa kalakaran. Ang ibig sabihin nito ay hindi natin titingnan ang buhay na para tayong pumapasok lamang sa opisina at kukulekta ng sweldo tuwing a-kinse at katapusan, magreretiro, at sa dulo, mamamatay at pupunta ng langit. Kahabag-habag naman ang ganyang pananaw sa buhay. Nilikha tayo ng Diyos na higit pa diyan ang Kanyang layunin!

Ang buhay natin ay dapat na nakakaapekto o nakakaimpluwensiya sa iba, dahil alam natin na tayo ay tinawag ng Diyos upang maging ulo o pinuno at hindi upang maging buntot o tagasunod; upang umasenso, hindi upang malugi. (Deuteronomio 28:13) Hindi lang natin malalagpasan ang mga mahihirap na sitwasyon sa ating buhay kundi madadaig natin ang mga taong walang pakikipagkasundo sa Diyos. Dapat tayong maging lider sa madilim na mundong ito. Tayo bilang ulo ang siyang nagtatakda ng direksiyon, daraanan at lalakaran. Susunod lang ang buntot. Kailangan nating pamunuan ang lahat ng aspeto ng ating lipunan. Hindi tayo tagasunod lang.

Kung ikaw ay isang guro, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, makakalikha ka ng mga bagong paraan upang iyong maihatid ang kaalaman at karunungan sa iyong mga estudyante na hindi pa nagagawa at naiisip ng ibang mga guro sa inyong paaralan. Magtatakda ka ng mataas na pamantayan na magbibigay sigla sa iyong mga estudyante na ikapagtataka ng iba. Dahil dito, ang iyong mga kapwa guro ay mag-uusap-usap, “Saan kaya niya kinukuha ang mga malikhaing ideyang ‘yon?”

Kung ikaw naman ay nasa larangan ng medisina, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, makalikha ka ng bago at mabisang paraan kung paano susugpuin ang sakit. Ang iyong kamanggagawa ay mapapakamot ng ulo at magtataka, “Saan niya kinukuha ang mga kakaibang ideyang ‘yon?”

Kung ikaw ay nasa larangan ng pulitika, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, makakaisip ka ng solusyon upang mabigyang sagot ang mga panlipunang suliranin na hindi kaya ng iba. Pangungunahan mo sila sa paggawa ng batas, at ikaw ay mahahalal kaagad na di maabot ng isip ng iyong mga kasamahan. Ang iyong mabuting pagpapasya at kahusayan ang magiging dahilan kung bakit mapapakamot ng ulo ang iyong mga kasamahan, sabay sabing, “Saan niya kinukuha ang karunungan at mga matataas na ideyang ‘yun?”

Kung ikaw naman ay isang *designer*, dahil sa biyayang kaloob ng Diyos, makapaglabas ka ng mga malikhain at makabagong disenyo na kokopyahin ng iba. Sa iyo magpapasimula ang mga estilo at ideyang susundan ng lipunan. Hinahanap ka dahil sa iyong kakaibang gawa na angat sa gawa ng ibang mga *designer*. Napapakamot tuloy sila ng ulo at nagtatanong, “Saan kaya siya kumukuha ng mga kakaibang ideya?”

Kung ikaw naman ay tagapagpatupad ng batas, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, magdadala ka ng kapayapaan sa mga sitwasyong magulo. Kung paano si Hesus, alam Niya kung saan matatagpuan ang asno, ikaw naman alam mo kung saan matatagpuan ang mga kriminal. Madali mong maiipon ang mga ebidensiya upang malutas ang mga kaso nang mabilis kaysa sa ibang tagapagpatupad ng batas sa inyong pamayanan. Ang iyong pananaw, kakayahan at karunungan ay napakatalas na ang mga taong kasama mo sa larangan ay humahanga, “Saan kaya niya kinukuha ang pang-unawang iyon?”

Bilang negosyante, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, unti-unti kang makatutuklas ng mga produkto at mahusay na paraan ng pagbebenta nang mas nauuna sa iba. Nakikita mo kung ano ang pwedeng mapakinabangan at hindi. Alam mo rin kung kailan bibili at kailan magbebenta; kailan papasok at kailan lalabas. Ang ibang negosyante ay nagtataka kung paano ka naging lubos na matagumpay.

Hindi ito basta matatayog at di-maabot na halimbawa. Hinahalimbawa lang nito ang tawag ng Diyos sa atin. Ang bawat isa sa atin ay tinawag sa iba’t ibang larangan ng lipunan. Kahit iba-iba ang sektor ng lipunan na ating ginagalawan, kailangan nating ipakita ang ating pamumuno, pangunguna at kahusayan. Ang ating negosyo ay dapat na umunlad habang ang iba ay naghihikahos. Ang pamayanan na ating kinabibilangan ay dapat na payapa, nakalulugod at maunlad. Ang ating pinagtrabahuhan ay dapat na sumasagana. Ang ating musika ay dapat bago at di pangkaraniwan - at ginagaya ng mga taga mundo kaysa ginagaya natin ang kanila.

Dapat totoo din ito sa ating mga larawan, nakikita sa telebisyon at mga arkitekturang dibuho. Ang pagiging malikhain ng pamilya ng Diyos dapat magbigay sigla at dapat hanap-hanapin ng bawat antas ng lipunan. Ang ating mga palabas—maging sa larangan ng palakasan, libangan, sining, media o mga iba pang larangan—ay dapat kilalaning kapuri-puri. Ang ating mga lungsod, estado at bansa ay dapat managana kapag ang mga matuwid ang namumuno. Kapag ang mga mananampalataya ay kabilang sa anumang proyekto o adhikain, ito ay dapat humantong sa saganang pakinabang, katiwasayan at kahusayan. Tayo ay mga liwanag sa dilim. Sa pamamagitan ng pambihirang biyaya ng Diyos sa ating mga buhay, dapat makilala tayo sa gitna ng madilim na lipunan.

PAGPAPAKILALA NG ATING SARILI

Tayo na sinangkapan ng biyaya ng Diyos ay dapat makita ito sa lahat ng larangan ng ating buhay. Basahin mong maigi ang patotoo ni Daniel :

“Si Daniel ang naging pangunahin sa tatlong tagapamahala at sa mga pinuno ng rehiyon dahil sa pambihira niyang karunungan. Dahil dito, inisip ng hari na siya ang gawing tagapamahala sa buong kaharian.” (Daniel 6:3)

Ito ay pambihira. Napatanyag ni Daniel ang kaniyang sarili. Pansinin natin, sa kuwento ay hindi natin mababasa na, “Ang Diyos ang nagpatanyag kay Daniel.” Ang bawat pagsasalin ay ipinapakita na ang pambihirang binatilyong ito ay napatanyag niya ang kanyang sarili. Ang Salita ng Diyos sa salin ng The Message ay gumamit ng pang-araw-araw na pananalita: Lubos na dinaig ni Daniel ang ibang mga pinuno. Paano niya ito nagawa? Mayroon siyang kakaibang katangian dahil siya ay may relasyon sa Diyos. Sinanay ni Daniel ang sarili na magkaroon ng malapit at walang patid na ugnayan sa kanyang Manlilikha. Dapat tumulad kay Daniel ang may pakikipagtipan sa Diyos sa ngayon.

Sa salin ng The New American Standard ay ating mababasa ang ganito, “Sinimulan ni Daniel na ipakilala ang kanyang sarili... dahil may di-pangkaraniwang espiritu siya.” Ang ibig sabihin ng “di-pangkaraniwan” ay “lampasan ang pangkaraniwan, lumabas sa kasalukuyang kalagayan, higitan ang karaniwang panukat.” Minsan, mas lalo nating mauunawaan ang kahulugan ng isang salita kung aalamin natin ang kabaligtaran nito: pangkaraniwan, ordinaryo, normal. Ang mabuhay ng pangkaraniwan ay malayo o salungat sa buhay ng isang taong nagtataglay ng di-pangkaraniwang espiritu.

Ang kuwento ay nagsasabi sa atin na ang espiritu ni Daniel ay di pangkaraniwan, hindi ang kanyang kaisipan o kanyang katawan. Kapag ang espiritu ng isang tao ay di pangkaraniwan, ang kanyang kaisipan, katawan, kahusayan, katalinuhan, karunungan, kaalaman at lahat ng aspeto ng kanyang buhay ay susunod upang makibagay. Ang ating espiritu ang siyang humuhubog ng ating buhay. Kung alam talaga natin ang biyayang binigay sa atin, batid nating ito’y walang limitasyon, dahil “posible ang lahat sa sinumang may pananampalataya” (Marcos 9:23). Ginamit ni

Daniel kung ano ang mapapakinabangan niya sa relasyon niya sa kanyang Diyos. Dahil sa kanyang pakikipagtipan sa makapangyarihang Diyos, batid niya na kailangan niyang pagharian ang sitwasyon na kanyang kinakaharap at hindi siya dapat pamunuan nito. Siya ang dapat maging ulo at hindi buntot.

Pag-isipan nating maigi ito. Si Daniel kasama ang kanyang tatlong kaibigan ay kinuha mula sa kanilang maliit na bayang ang tawag ay Israel at sila ay dinala sa pinakamakapangyarihang bansa sa buong mundo. Kung ikaw ay isang Amerikano at iniisip mo na ang ating bansa ay naging dakila sa nakalipas na limampung taon, sinasabi ko sa iyo, ang Amerika ay walang sinabi kung ikukumpara sa kapangyarihan at kaningningan ng Babylonia. Ang Babylonia ang siyang naghari sa buong mundo noong mga panahong 'yun. Sa ekonomiya, sa pulitika, sa hukbong sandatahan, sa siyensya, sa karunungan, sa lahat ng larangan, kilalang-kilala ang Babylonia. Subalit, natuklasan natin na “Nakita ng hari na sa lahat ng bagay na itanong sa kanila, *sampung ulit na mas mahusay at magaling sila* (sina Daniel, Shadrach, Mishach, Abednego) kaysa mga salamangkero at enkantador ng kaharian. Ang ibang salin ay sinasabi na ang apat na ito ay sampung ulit na mas mahusay, sampung ulit na mas marunong at may pang-unawa na sampung ulit na mas magaling. Sila ay nagbigay ng mga suhestiyon at nagpatupad ng mga iniisip nila na di akalain ng mga marurunong sa Babylonia na maiisip nila – at ang mga ideyang ito ay natupad.

MAS DAKILA KAY DANIEL, MAS DAKILA PA KAY JUAN

Sa ganitong kaisipan, basahin natin ang mga salita ni Hesus: “Sinasabi ko sa inyo, wala pang isinisalang na mas dakila sa kanya. Ang tinutukoy Niya ay si Juan Bautista na mas dakila pa kaysa kay Daniel. Huwag mong paghambingin ang dalawa sa kanilang ginawa dahil si Juan ay nagtrabaho sa larangan ng paglilingkod at si Daniel naman ay sa larangan ng pamamahala sa gobyerno. Gayunpaman, nilinaw ni Hesus na si Juan ay “mas dakila.” Ngunit kanyang sinabi: “Mas dakila kay Juan ang pinakamababa sa pinaghaharian ng Diyos.” (Lucas 7:28)

Bakit ang pinakamababa sa pinaghaharian ng Diyos ay mas dakila kay Daniel o kay Juan? Si Hesus ay di pa naipapako sa krus upang palayain ang

sangkatauhan, kaya si Juan ay di pa naipapanganak ang kanyang espiritu. Hindi pa siya parte ng katawan ni Cristo. Hindi pa natin masasabi kay Juan, “Sapagka’t kung ano si Hesus ay gayon din si Juan Bautista sa mundo.” Si Juan ay di pa itinaas kasama ni Cristo at niluklok na kasama Niya sa langit. Subali’t ang lahat ng mga pahayag na ito ay totoo sa ating panahon ngayon. Dahil dito mas dakila ang pinakamababa sa pinaghaharian ng Diyos.

Ayon sa kalkulasyon, mula ng panahon na muling nabuhay si Hesus, ang bilang ng mga Kristiyano sa ating mundo ay dalawang bilyon. Ang tsansa ay napakanipis, pero kung ito’y nangyari, ikaw “ang pinakamababa” sa dalawang bilyon (*i.e.* kung ang “dakilang bilang” ay tumama mismo sa dalawang bilyong marka) ikaw ay mas dakila kay Juan Bautista, na ang ibig sabihin mas dakila ka pa rin kay Daniel! Kaya ang tanong na lumulutang ay: Napapakilala mo ba ang iyong sarili sa mundo? Ikaw ba ay sampung ulit na mas matalino, na mas maigi, na mas maliwanag ang pang-unawa, mas malikhain at mas mahusay mag-isip ng mga pagbabago kaysa sa mga kasamahan mong manggagawa dahil wala naman silang kaugnayan sa Diyos sa pamamagitan ni Hesucristo? (Hindi ko nabanggit—ikaw ba ay sampung ulit na mas pasensyoso, mas mapagmahal, mas disiplinado, mas mabait, mas mapagbigay, mas maawain at mas mapagkawanggawa kaysa sa iyong kasama sa trabaho?) Kung hindi, bakit?

Bakit karamihan sa mga mananampalatayang ipinanganak na muli ay hindi sampung beses na mas mahusay kaysa sa mga tagasanlibutan? Dahil ba sa dalawang porsiyento lang ang nakakaunawa na ang biyaya ay pagsasangkap ng kapangyarihan sa atin, na nagbibigay sa atin ng kakayahan na higit pa sa natural nating abilidad upang pagharian natin ang ating buhay at maipakilala natin ang ating sarili na tulad ni Daniel? Pansinin: Inatasan tayo na tulungan ang mga mahihina sa loob ng simbahan. Subali’t sinasabi ng Salita na hindi sila dapat manatili sa estadong mahina habang panahon. Kailangan din silang mahamon na maaari silang mabuhay ng di pangkaraniwang buhay na nakakaimpluwensiya ng iba.

Ang sabi ni Hesus na tayo “ang liwanag ng mundong ito.” (Mateo 5:14) Ang pagtukoy Niya sa mga anak ng Diyos bilang liwanag sa gitna ng kadiliman ay hindi lang minsan nangyari sa Bagong Tipan. Ang mga sumusunod na talata ay sumusuporta sa paghahalintulad ni Cristo: Mateo 5:14-16; Lucas 12:3; Juan 8:12; Mga Gawa 13:47; Roma 13:12; Efeso 5:8,

14; Colosas 1:12; Filipos 2:15; 1 Thesalonica 5:5; 1 Juan 1:7; 2:9-10. Ang pagiging liwanag sa madilim na mundong ito ay isang mahalagang aspeto ng ating buhay kay Cristo.

Napag-isip-isip mo ba kung ano ang ibig sabihin ng pagiging ilaw ng sanlibutan? Nakakalungkot isipin na marami ang nag-aakala na ang ibig sabihin ng pagiging “ilaw” ay ang pagpapakita ng ayos na kilos, pagbitbit ng Bibliya saan man tumungo at laging pagbanggit ng Juan 3:16. Ano kaya kung inakala rin ni Daniel na ganito ang pagiging ‘liwanag’? Ano kaya kung pinapasok niya ang mga opisina ng Babylonia at itrato nang maayos ang mga tao roon at sabihin sa kanila, “Mga pinuno ng Babylonia, ang sabi sa Awit 23, “Si Yahweh ang aking Pastol, hindi ako magkukulang ... “Ano kaya ang sasabihin sa kanilang sarili ng mga namumuno sa Babylonia sa tuwing si Daniel ay aalis ng opisina upang manalangin tuwing tanghali? Naiisip nyo ba? Sigurado ako, parang ganito, “Natutuwa kami na ang panatiko ay nakalabas na ng opisina. Sana mananalangin na lang siya buong maghapon. Kakaiba talaga siya.”

Bakit ginawa nila ang batas para si Daniel ay di na makapanalangin? (Daniel 6:6-8)

Ang totoong dahilan: si Daniel ay sampung beses na mas mahusay at magaling sa kanila—sampung beses na mas maraming alam kaysa sa kanila, mas mahusay at malikhaing mag-isip ng mga pagbabago. Siya ay tumaas nang tumaas sa kanyang puwesto hanggang sa siya ay maging pinuno na nilang lahat. At sila’y nataranta. Parang nakikita ko silang nagrereklamo, “Hindi natin maintindihan ito! Sinanay tayo ng mga pinakamahusay at pinakamarunong na mga guro, siyentipiko at mga pinuno ng mundong ito, samantalang si Daniel ay galing lamang sa isang maliit at di kilalang bansa. Saan niya nakukuha ang mga kaisipang ganito? Bakit mas mahusay pa siya sa atin? Siguro dahil sa kanyang pananalangin. Siya ay nananalangin sa kanyang Diyos tatlong beses sa isang araw. Gumawa tayo ng batas laban sa kanyang ginagawa para di niya tayo madaig!”

Si Daniel ay isang liwanag na nagniningning sa gitna ng isang madilim na kultura, dahil siya ay isang natatanging indibidwal. Subalit hindi ito gusto ng kanyang mga kasabayan. Nainggit sila kay Daniel. Gayunpaman, naiisip ko rin na karamihan sa kanila, isa na roon ang hari, ay nakita ang impluwensiya ng Diyos sa ipinamalas na kakayahan ni Daniel. Ang

kahusayan ni Daniel ay nakaakit at ito ang naging dahilan upang kanilang bigyang parangal ang kanyang Diyos. Bukod sa kaalaman niya sa Salita ng Diyos o kaya dahil sa siya ay mabuting tao o siya ay nananalangin ng tatlong beses kaya siya ay napansin nila. Sa totoo lang, ito ay dahil sa hindi pangkaraniwang husay at galing na ipinamalas niya sa lahat ng kanyang ginagawa.

Sa puntong ito, pakinggan natin ang sinasabi ni Hesus sa atin, “Gayundin naman, dapat ninyong paliwanagin ang inyong mga ilaw sa harap ng mga tao upang makita nila ang inyong mabubuting gawa at papurihan ang inyong Ama na nasa langit.” (Mateo 5:16) Ang sinasabi ni Hesus dito ay dapat na ang ating mga kahanga-hangang gawa ay mahayag sa paningin ng mga di mananampalataya. Paano napalitan ito ng maayos lamang na pagkilos at pagbanggit ng mga talata sa Kasulatan?

MGA PANGKASALUKUYANG HALIMBAWA

Si Ben na isa sa aking mga kaibigan, ay bise-presidente ng isa sa mga malalaking kumpanya ng kotse sa daigdig. Sa isang hapunang pinagsaluhan namin isang gabi, sinabi niya sa akin na bago siya naging bise presidente, siya ay nakapagtrabaho sa grupo ng isang pangunahing kakumpetensiya ng korporasyon nila. Ang sabi niya sa akin, “John, binabasa ko ang aklat ni Daniel na siya at kanyang tatlong kaibigan ay higit na mahusay nang sampung beses sa kanilang kapwa-manggagawa. Kaya ako ay nanalangin sa Diyos, ‘Panginoon, kung si Daniel at kanyang mga kaibigan ay sampung beses na higit na mahusay sa kanilang kapwa-manggagawa at sila ay nasa ilalim ng Lumang Tipan, kung gayon ako ay higit na mahusay ng sampung beses sa aking mga kapwa manggagawa dahil ako ay nasa ilalim ng biyaya ng Bagong Tipan.’”

Nagpatuloy siya, “John, ang korporasyong ito ay gumawa ng pangtaunang pagsusuri ng mga pagtitipid at produktibong paggawa ng bawat empleyado na matagal nang nanunungkulan sa kumpanya.” Sa madaling salita, ang pag-aaral na ito ay nagpapatunay ng husay, pagkamalikhain at produktibong paggawa ng bawat miyembro. “Ang pangalawa sa pinakamahusay na empleyado sa buong grupo ay nakatulong upang makatipid at maging produktibo ang kumpanya sa halagang

tatlumpu't limang milyong dolyares (\$35M). Alam mo ba kung magkano ang sa akin?"

Nangiti ako, habang hinihintay ko ang kanyang sasabihin sa aking tanong na, "Magkano?" Sumagot siya, "Tatlong daan at limampung milyong dolyares (\$350M) ang nakwentang natipid at naiambag ko sa produktibong paggawa. Itinanghal akong pinakamahusay na empleyado, sampung beses na mas mahusay sa pumangalawa sa akin." Iyan ang dahilan kung bakit si Ben ay naging isa sa mga mataas na pinuno sa isa sa malalaking korporasyon sa Amerika.

Iniisip ko tuloy iyong mag-asawang empleyado namin sa Messenger International.

Isang panahon ng tag-init dinala nila ang kanilang dalawang anak na lalaki sa isa sa aming pagpupulong na kung saan tinuturo ko sa kanila ang mga prinsipyong ito. Pagkatapos ng pagtitipon, iyong pinakabatang anak na lalaki nila, si Tyler, na kakalabing-isang taon pa lang ang edad, sabi niya sa kanyang ama, "Dahil ang biyaya ng Diyos ay nasa akin, dapat akong higit na mas mahusay sa ibang manlalaro ng aming pangsiyudad na paligsahan."

Imbis na ako ang magkuwento sa inyo ng istorya ni Tyler sa sumunod na football season, hayaan ninyo na maibahagi ko sa inyo ang liham ng kanyang ama at ina sa akin :

John,

Narito ang talaan ni Tyler sa panahon ng taglagas (siyam na laro kasama na rito ang play-off at kampeonatong laro). Ito ang pangmalawakang lungsod na paligsahan sa Colorado Springs para sa labing-isa at labing-dalawang taong gulang.

Ang aming anak ay may taas na limang talampakan at limang pulgada at siya ay labing isang taong gulang na. Masasabi ko na ang kanyang pangangatawan ay sagisag ng isang tunay na manlalaro kapag iyong titingnan ang kanyang larawan kasama ang mga kapwa niya manlalaro.

Sa simula ng paligsahan, ang pinuno ng kanilang koponan ay pinagmamasdan kung paano siya mag-ensayo sa taunang pagtitipon ng mga manlalaro ng football. Ang sabi niya, "Mukhang higit sa sampu ang naging bilis kaysa sa nakaraang taon ni Tyler."

Si Tyler ay may 893 na yarda ang layo na kanyang naabot, na may 78 pagdadala. Ang pinakamalapit rito ay may 518 na yarda na ang naabot, na may 70 pagdadala. Nabangko siya sa loob ng kalahating laro dahil sa inakala ng kanyang tagasanay hindi maka isportsman na ipasok siya. Si Tyler ay mayroong 17 touchdown na may 78 pagdadala. Ang pinakamalapit na manlalaro ay may 7 touchdown ng lupa sa 70 pagdadala.

Mula sa kalahatian ng regular na laro, ang mga tagasanay ng kalabang grupo ay nag-umpisang palakasin ang kanilang mga depensa sa lugar na pinaglalaruan ni Tyler. Habang naglalaro sila, napakinggan namin na ang mga tagasanay ay sumisigaw, “Bantayan ninyo ang numero 68!” “Meron ba sa inyo na nais pumigil kay 68?” “Ano ba ang ginagawa ninyo? Lulusawin kayo niyan!” Ang numero 68 ay si Tyler.

Hindi akalain ni Tyler na pagkatapos ng laro ay bababa sa kanilang kinatatayuan at babatiin siya ng “Hi” ng mga taong ni hindi niya kilala, at makikipag-usap ang mga ito sa kanya. Nagulat siya at nakaramdam ng pagtataka. Subalit sinabihan namin siya na ang biyaya ng Diyos ay nagbibigay ng impluwensiya at kailangan niya lang magtiwala dito. Sinabi rin namin sa kanya na gamitin niya ang kanyang impluwensiya nang maayos.

Matapat na sumasaiyo, Jim at Kelly T.

Nakamamangha talaga para sa akin kung paanong napakadali para sa maraming mga kabataan na magtiwala sa Salita ng Diyos at isagawa agad ang sinasabi Niya. Ang batang si Tyler ay nagpakita sa atin ng isang mabuting halimbawa!

MGA BIYAYANG NASA ATIN

Bakit hindi na lang natin paniwalaan kung ano ang sinasaad ng Kanyang Salita? Ang pakikipagtipan sa kanya ay ating mababasa ng ganito, “Sa Kanya na makagagawa nang higit pa kaysa sa maaari nating hilingin at isipin, sa pamamagitan ng kapangyarihang naghahari sa atin.” (Efeso 3:20) Hindi ito yaong kapangyarihan na bumababa sa langit pana-panahon; hindi rin ito yaong kapangyarihang taglay ng isang babae o lalaki na may

espesyal na tawag sa paglilingkod. Hindi, ito ay ayon sa kapangyarihang kumikilos sa atin.

Pansinin ninyo ang naunang bahagi ng talata: Kaya ng Diyos. Isipin ninyo na lang grabeng taggutom ang tumama sa isang partikular na lugar sa mundo. At isang mapagbigay at mapagmahal na bansa mula sa kabilang bahagi ng mundo ang nag-utos sa kanyang mga sundalo na dalhin sa naghihirap na lugar na ito ang mga barko at mga eroplano na punung-puno ng mga sariwang gulay, prutas, bigas, karne at malinis na tubig. Ang heneral ng mga sundalo ay naglabas ng utos sa mga mamamayan, “Magbibigay kami ng pagkain hangga’t kaya ninyong dalhin ang mga ito.” Ang unang lalaki ay nagdala ng picnic basket at nakadala ng pagkain na sapat lang para sa dalawang araw na pangangailangan nilang mag-asawa. Ang sumunod na lalaki naman ay nagdala ng malaking sako at umalis na taglay ang mga pagkain para sa limang araw na kakainin ng kanyang pamilya. Samantala, yong sumunod na lalaki naman ay nagdala ng isang napakalaking *pick up truck* at humakot ng mga pagkain para sa kanyang pamilya at sa kanyang nagugutom na mga kapitbahay hanggang sa susunod na buwan.

Iyong lalaki na nagdala ng *picnic basket* ay nakita ‘yung *pick up truck* na humahagibis sa bilis pauwi ng kanilang tahanan na dala-dala ang mahigit na isang toneladang pagkain. Ang kanyang pagkaligalig ay di mailarawan sa kanyang kilos. Nagalit siya. Nagreklamo siya sa kanyang mga kapitbahay at sa lahat ng mga nakinig sa kanya. At sa wakas, ang kanyang pagrereklamo ay nakarating din sa heneral. Tinawag siya nito at ang sabi sa kanya, “Sinabihan na namin kayo na kaya naming magbigay ng maraming pagkain hangga’t kaya n’yo. Bakit kayo nagdala ng maliit na lalagyan sa halip na malaking lalagyan? Bakit di ninyo dinala ang inyong mga *pick up truck* sa aming himpilan?”

Ano ba ang sisidlan ng isang Kristiyano kung ang pag-uusapan ay biyaya ng Diyos? Ayon sa Efeso 3:20, ito ay kung ano ang maaari nating hilingin o isipin. Ang ating Diyos ay nagsasabi, “Ang aking biyaya (kapangyarihan) sa iyo ay higit pa sa sisidlan na kaya mong dalhin.” Ang ibig sabihin, ang ating sisidlan ang magtatakda kung gaano karami ang kaya nating makuha mula sa di malimitahang pangtustos sa pangangailangan. Sa totoo lang, ang dala nating sisidlan ang tanging naglilimita sa Diyos. Naniniwala ako na ang ating Diyos ay nagtatanong sa akin at sa iyo ng ganito, “Bakit

ang iniisip mo lang ay kung ano ang nakukuha mo? Bakit ang inisip mo lang ay ikaw at ang iyong pamilya? Bakit di ka kumunekta sa malawak na kakayahang inilagay ko sa iyo at makagawa ka ng isang pambihirang palatandaan sa mga tao sa iyong kapaligiran katulad ng ginawa ni Daniel?

Kaya nga si Pablo ay sukdulang nanalangin na malaman at mau-nawaan natin “kung ano ang di-masukat at walang hangganan at higit na kadakilaan na kapangyarihang kaloob Niya sa atin na mga nananalig sa kanya.” (Efeso 1:19)

Pansinin ninyo ang mga salitang maingat na ginamit niya: di-masukat, walang hangganan, higit na kadakilaan. Kung ang pag-uusapan ay kapangyarihan ng Diyos sa iyong buhay, ano para sa iyo ang kahulugan ng mga salitang iyon? Pansinin mo na ang sinasabi ni Pablo ay “kapangyarihang nasa atin na” at hindi kapangyarihan na nakukuha natin sa panahon na ginagamit Niya ang Kanyang mga ministro. Ito rin ay ang “kapangyarihang

Ang ating
sisidlan ang nag-
iisang bagay na
maglilimita sa
Diyos.

para sa atin”, upang pagharian natin ang buhay rito. Ito ang kapangyarihang para sa atin upang tayo ay pumaibabaw at maipakilala natin sa ating mga sarili ang kapangyarihan ng muling pagkabuhay ni Hesucristo. Ito ang kapangyarihan na para sa atin upang magningning tayo bilang liwanag sa gitna ng madilim na sanlibutan.

Ngayon, kailangan nating itanong: Tayo ba ay namumuhay na hindi karapatdapat sa mataas na halagang binayaran ni Hesus? Kung tayo ay tapat, dapat ang sagot natin ay oo. Ito ang nagiging resulta kapag tinanggap natin sa ating sarili na tayo ay pangkaraniwan lang—nawawalan tayo ng pagkakataong maimpluwensiyahan ang mundo para sa kaharian ng Diyos.

Bakit ba madalas tayong magpadala sa kaparaanan ng mundong ito na walang pananampalataya? Halimbawa, sa panahon ng kahirapan, bakit tayong mga Kristiyano ay natatakot at pinanghihinaan ng loob tulad ng marami? Minsan, naiisip ko tuloy na baguhin natin ang pagkasulat ng Filipos 4:19: “Ibibigay ng Diyos ang lahat ng inyong pangangailangan ayon sa kundisyon ng iyong kabuhatan, ng mga bangko, at ng pambansang ekonomiya.” Hindi ba ganito tayo mag-isip sa panahon ng kahirapan? Subali’t ayon sa mga katotohanang mula sa Salita ng Diyos na ating pinag-

aaralan, ang panahon ng kahirapan ay siya ring panahon na dapat tayong magingning nang lubos. Ang mga mapagkukunan (*resources*) natin ay hindi naman umaalis sa planetang ito sa panahon ng kahirapan. Ang mga magagaling na ideya upang sumagana ay di naman ipinagbabawal. Ang pagiging malikhain ay hindi pinipigilan at ang paglikha ng mga pagbabago at pagsisipag ay hindi inaawat.

Ang panahon ng kahirapan ay dapat na maging paraan upang ang mga anak ng Diyos ay humakbang pataas, kung saan ang kapangyarihan ng Diyos ay sumasaatin. Ito rin ang magbibigay-daan sa mga ideyang maghahatid ng “milyon at bilyong salapi” na makatutulong sa maraming tao. Ang ibig sabihin ng kahirapan ay ang paghinto ng pagdaloy ng pananalapi mula sa dating pinagkukunan tungo sa mga bago at sariwang ideya ng pagkita ng pera. Ikaw at ako ang dapat pinagmumulan ng mga bagong ideyang ito dahil ang ating pinagkukunan ay hindi nauubusan.

Noong 1920, meron sanang nagsabi kay Aimee Semple McPherson na imposible para sa isang babaeng tulad niya sa panahong iyon ay magtayo ng isang malaking bulwagan na naglalaman ng limang libong upuan sa gitna ng Los Angeles. At sana sinabihan pa rin nila siya na imposibleng matustusan ito sa panahon ng matinding kahirapan sa Amerika. Gayunpaman, nagawa niya iyon. Nakapangaral ako sa bulwagang iyon. Isang malaking simbahan ang nagtitipon doon sa kasalukuyan. Naiulat na ang mga tagalikha ng pelikula mula sa Hollywood kapag Linggo ng gabi ay patagong pumapasok kung saan nangangaral si Aimee upang sila ay makakuha ng mga ideya sa mga props na ginagamit ni Aimee sa loob ng bulwagan. Ginamit nila ang mga ideyang ito para sa kanilang pag-aayos ng mga set sa Hollywood. Naimpluwensiyahan ni Aimee ang mundo dahil sa maningning niyang liwanag.

Maikukumpara ko ang ministryo ni Aimee sa isang programa sa telebisyon na aking napanood. Isang lalaki ang umaawit ng “Amazing Grace” sa harapan ng maraming tao. Sa harapan ng maraming tao ay may tatlong huradong nakaupo. Nang matapos na ng lalaki ang kanyang pag-awit, ang mga hurado ay nagsimulang husgahan ang kanyang pag-awit. Nabigla ako sa sinabi ng hurado, “Maganda ang pag-awit mo; ang tono ng iyong pagtatapos ay sana medyo mas malakas pa ang dating; ang iyong tono ay may kaunting kataasan ...”

Nawalan ng lakas ang aking mga binti. Naghinagpis ako, “Panginoon, ikaw ang lumikha ng sansinukob. Ikaw ang gumawa ng mga naglalakihang nebula at supernova, ang lubhang kamangha-manghang Rocky Mountains, ang mga kahanga-hangang nilalang sa dagat. Ikaw ay nananahan sa amin. Ngunit heto kami, kumukuha ng inspirasyon mula sa American Idol!” Isipin mo ito! Si Aimee naimpluwensiyahan niya ang Hollywood dahil sa kanyang pagiging malikhain, subalit tayo, dahil sa hindi natin ginagamit ang biyayang nasa atin na, tayo ay nakukuntento na lang na mamulot ng ating inspirasyon sa Hollywood.

Napuspos ako ng kalungkutan. Pinag-isipan ko talaga ito nang husto. Dumating ako sa ganitong konklusyon: kung tinuturo natin ang biyaya ng Diyos na pagpapatawad lamang ng mga kasalanan at pagbibigay-daan upang makapasok tayo sa kalangitan, mahihirapan tayong maghari sa mundong ito. Tila ba pinayagan tayo ng Diyos na maging katawa-tawa sa paningin ng mundong ito. Sa ating pagnanais na makagawa ng isang mensahe na madali at maginhawa para sa mga tao na di na kailangan ang pananampalatayang walang makapigpil o kaya ay ipaglaban ang pananampalataya, ang Diyos ay naghihinagpis na para bang sinasabi Niya, “Sige, papayagan kita na mapahiya ka sa iyong karunungan.”

Bakit ba napakahirap sa ating paniwalaan ang Kanyang mga pangako at mga kundisyon? Bakit kailangang ang Salita ng Diyos ang umayon sa uri ng ating pamumuhay, sa halip na piliin natin ang pagbabago na dulot ng pagpapasakop natin sa Kanyang katotohanan?

ANG AKING KARANASAN SA BIYAYA NG DIYOS

Isa sa mga aralin na ayaw na ayaw kong pag-aralan ay English—lalo na ang malikhaing pagsusulat (*creative writing*). Nangangatog ako kapag may leksiyon kaming aaralin na tungkol sa pagsusulat. Karaniwang inaabot ako ng tatlo hanggang apat na oras sa pagsusulat ng isa o dalawang pahina lamang ng papel. Uupo ako sa harap ng isang blankong papel at matagal kong pag-iisipan kung paano ako magsisimula. (Ito yung bago gamitin ang mga computer at iPad.) Kapag nakapagsimula na ako, tititigan ko ito nang maigi. At kung sa tingin ko ay mukhang masagwa, itatapon ko na kaagad

zung papel. Sa susunod kong pagsubok, susulat ako ng mga dalawang pangungusap, ngunit kung sa tingin ko hindi pa rin maganda, ibabasura ko agad. Ang prosesong ito ay paulit-ulit lang, hanggang marami na akong nasayang na papel at oras. Sa loob ng isa o mahigit na isang oras, nakagawa na sana ako ng isa o dalawang talata na maayos na. At kahit na ang aking nabuo ay mabuti naman sa aking pamantayan, mababa pa rin ang aking nakukuhang grado sa aking gawaing bahay.

Minsan, iniisip ko kaya siguro ipinasa ako ng aking mga guro sa English ay upang hindi na nila ako pagtiisan sa susunod na taon. Sa tingin ba ninyo eksaherado akong magsalita? Sa pagsusulit ng SAT, ang aking puntos, sa kabuuang 800, ay 370 lamang sa bahaging may verbal English. Iyan ay 46% lamang kaya masasabi talagang todo-bagsak. Mabuti na lang, may kaalaman ako sa matematika at siyensa na siyang naging daan upang ako ay tanggapin bilang engineering major sa Purdue University.

Kaya noong 1991, nang sabihin ng Diyos sa aking panalangin, “Anak gusto kong magsulat ka,” akala ko nagkamali Siya. Naisip ko, posible kayang sa dinami-dami ng Kanyang anak sa planetang ito, ang Diyos marahil ay nalito, kaya ako ang Kanyang napili.

Nahihiya man akong aminin, ang Kanyang hiniling, para sa akin ay katawatawa, kaya wala akong ginawa. Nang mga panahong iyon, wala akong alam patungkol sa ibinabahagi ko sa inyo na mahimalang pagbibigay-kapangyarihan ng biyaya ng Diyos.

Makalipas ang sampung buwan, sa loob lamang ng dalawang linggo, dalawang babae mula sa dalawang magkaibang estado ng Amerika ang lumapit sa akin. Ang isa ay taga-Texas at ang isa ay taga-Florida. Bawat isa sa kanila ay iisa ang sinasabi sa akin: “John Bevere, kung hindi mo isusulat ang mga mensahe na ibinibigay ng Diyos sa iyo, ito ay ibibigay Niya sa ibang tao at ikaw ay Kanyang huhusgahan dahil sa iyong di pagsunod.”

Nang marinig ko ang parehong mensaheng mula sa pangalawang linggo na ang nakalipas mula sa ikalawang babae, natakot ako sa Diyos. Kailangan ko nang makinig, at kailangan ko nang magsulat! Ngunit iniisip ko pa rin na maaaring nagkamali ang Diyos. Ni hindi nga ako makagawa ng 10-pahinang sulatin, paano pa kaya kung isang buong libro! Sa aking desperasyon, nagsulat ako ng kontrata sa Panginoon sa isang pahina ng

notebook. Kailangan ko ng biyaya, sinulat ko. Hindi ko ito magagawa nang wala ang Iyong biyaya. Pinirmahan ko ang kontrata at nilagyan ito ng petsa.

Pagkaraan, umupo ako upang magsulat. Hindi ako nagsimula nang may balangkas dahil hindi ko alam kung paano gumawa nito o kung saan ako dadalhin ng proseso. Mayroon lang akong pangkaraniwang ideya kung ano ang aking isusulat. Biglaang dumating ang mga ideya sa aking isipan na hindi ko naisip, naituro, o narinig na ituro ng sinuman noon. Nagsulat lang ako nang nagsulat, hanggang sa mayroon na akong manuskrito na pang-aklat ang haba. Pagkaraan, nagsulat ulit ako ng ikalawang aklat; pagkatapos ang ikatlo. Sa ngayon, nakasulat na ako ng labinlimang libro na milyon-milyon na ang nailimbag at nabenta sa mahigit na 60 wika sa buong mundo. Ang isang aklat, ang “Lumalapit” (*Drawing Near*), ay nanalo ng taunang *Retailer’s Choice* na gantimpala noong 2004, at ang ilan ay naging *bestseller* sa aking bansa at sa iba pa.

Nakikita mo ba na, kung susukatin sa aking “natural” na kakayahan, kung bakit hindi ko aangkinin ang papuri sa lahat ng ito? Lahat ito ay nangyari sa pamamagitan lamang ng biyaya ng Diyos!

Minsan, nakatayo na ako sa isang hockey arena sa Europa na mayroong higit sa 8,000 taong kalahok, karamihan sa kanila ay mga Kristiyanong lider, at aking naitanong kung ilan sa kanila ang nakabasa ng kahit isa sa aking mga aklat. Namangha ako nang makita kong nagtaas ng kanilang kamay ang halos lahat sa kanila. Sa isang pandaigdigang kumperensya sa Silangang Europa, tinanong ng host sa 6,000 lider kung nakabasa na sila ng kahit isa sa aking mga aklat na nalimbag sa kanilang sariling wika. Nakakagulat na makita na 90% ang nagtaas ng kanilang mga kamay. Nasabihan ako ng mga manlilimbag na Iranian (sa panahon na isinusulat ko ito, pito sa aking mga aklat ay naisalin na sa Farsi, ang opisyal na wika ng Iran), “Isa ka sa mga kilalang Kristiyanong manunulat sa buong Iran.” Ang ganitong mga ulat ay patuloy na dumarating. Ngunit ang aking punto lamang—grabe ang biyaya ng Diyos!

Hayaan ninyong ibahagi ko sa inyo ang isa kong pangarap: nais kong hanapin ang aking mga guro sa English noong ako’y nasa hayskul at ipakita sa kanila ang labinlimang aklat na aking naisulat dahil sa biyaya ng Diyos, panoorin silang mahimatay, at muling mahimasman at saka ipakilala sa

kanila si Cristo! Ang bunga ang magpapakilala sa akin sa kanilang mga mata at malinaw na magpapakita ng kagila-gilalas na biyaya ng ating Panginoong Hesucristo!

Dahil dito, matapang na sinabi ni Pablo, “Ngunit dahil sa kagandahang-loob Niya, ako’y naging apostol.” (1 Corinto 15:10) Makinig ka sa akin, minamahal na mambabasa: Kung sino ka ngayon iyan ay hindi dahil sa kung sino man ang nagluwal sa iyo, kung saang bahagi ka ng lipunan lumaki, kung anong grupong pang-etniko ang iyong kinabibilangan, kung ano ang iyong kasarian, o kung saan ka nag-aral. Ikaw ay ikaw ngayon, dahil sa biyaya ng Diyos!

Dati, isa rin akong teribleng tagapagsalita. Matapos kaming maikasal ni Lisa, sa unang pagkakataon na narinig niya akong magturo ng Magandang Balita, nakatulog siya nang mahimbing sa loob ng sampung minuto. Ang kanyang matalik na kaibigang si Amy ay nakaupo sa tabi niya at nakatulog din na nakikita ko na ang pagtulo ng laway mula sa kanyang nakabukas na bibig! Pareho silang nanatiling tulog sa kabuuan ng aking mensahe.

Ilang taon na ang nakalipas, nakakita si Lisa ng *video* ko na nagtuturo noong 1984. Pinalabas niya ito at sa loob ng ilang segundo ay nagmakaawa ako, “Lisa, itapon mo na ‘yan!” Kinuha niya ang *videotape*, niyakap sa kanyang dibdib, at tumawa nang malakas. “Hindi maaari,” ang sabi niya. “Pwede itong ipang-*blackmail* sa ‘yo!”

Ngayon, dahil sa nakapagpapalakas na biyaya ng Diyos, nakapagsalita na ako sa harap ng 5,000, 10,000 at maging 20,000 mga tao sa mga *arena* sa buong mundo. Tinatanong ako ng mga tao, “Kinakabahan ka ba bago magsalita?”

“Hindi. Hindi talaga,” ang aking tugon. Kadalasan ay nagugulat sila sa aking tugon. “Paano ka nakakaharap sa napakaraming tao nang hindi kinakabahan?”

Tatawa na lang ako at magsasabing, “Alam ko kung gaano ako kasama, at kapag hindi kikilos ang biyaya, lahat tayo’y magkakagulo.” Ngayong alam ko na ang biyaya ng Diyos, hindi ako binibigo nito. Lagi ko itong kasama!

Kaya naman sinasabi ni Pablo, “Iilan lamang sa inyo ang matatawag na marunong, makapangyarihan at maharlika sa paningin ng tao.” (1 Corinto

1:26). Bakit? Dahil ang mga matatalino, malalakas, at mga maharlika ay aasa lamang sa kanilang sariling kakayahan sa halip na umasa sa biyaya.

Noong una sa kanyang buhay, si Saul ay naging isa sa mga matatalino at maharlikang tao. “Maaari akong magkaroon ng kumpiyansa sa aking sarili,” kanyang inamin sa Filipos 3:4. Ngunit pinili ni Pablo na dumepende sa biyaya: “Ngunit dahil kay Cristo, ang mga bagay na pinapahalagahan ko noon ay itinuring kong walang kabuluhan ngayon.” (Filipos 3:7) Bakit naman nawalan ng kabuluhan ang mga bagay na ito? Dahil nais ni Pablong maglakad sa biyayang nagmumula sa muling pagkabuhay ng Diyos kaysa sa kanyang sariling abilidad “upang makilala ko Siya at ang kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli” (Filipos 3:10). Hindi ito nangangahulugan na hindi ginamit ni Pablo ang kanyang mga kakayahan. Nag-aral siya nang mabuti upang ipakita na siya ay maayos, at patuloy siyang nanalangin upang mapuno ng kaalaman ng layunin ng Diyos sa lahat ng karunungan at pag-unawang espirituwal. Ginawang maayos ni Pablo ang kanyang sarili, katulad ng dapat nating gawing lahat, ngunit naniwala siya sa Diyos upang maitaas ng biyaya ang kanyang makataong kakayahan tungo sa ruok ng makalangit na kapangyarihan.

Kung ikaw ay isang mag-aaral, dapat kang mag-aral nang mabuti, ngunit dapat mong paniwalaan ang Diyos para sa biyaya na magtataas sa iyo sa isang antas ng kaisipan at tagumpay na hindi mo magagawa para sa iyong sarili. Kung ikaw naman ay isang doktor, dapat kang sumabay sa mga kasalukuyang pagtuklas ng modernong medisina ngunit ang iyong pag-asa ay hindi dapat sa iyong abilidad o edukasyon. Ang iyong pag-asa ay dapat nasa hindi ordinaryong karunungan at pagkamalikhain na biyaya ng Diyos upang matulungan kang lumagpas at malaman ang hindi pa natutuklasan. Kung ikaw naman ay isang propesyonal na atleta, dapat mong paghusayin sa pag-eensayo, bagama’t ang iyong kumpiyansa ay nasa biyaya ng Diyos upang maging mas mahusay ka kaysa sa mga hindi mananampalataya sa iyong larangan.

Tandaan kung paano, sa unang kabanata, ating nadiskubre na ang ating mapagmahal na Manlilikhang Diyos ang nagsulat sa ating talambuhay bago pa man tayo ipanganak? Nabasa natin ang mga salitang papuri ni David: “Ako’y iyong nakita na, hindi pa man isinilang, batid mo kung ilang taon ang haba ng aking buhay; pagkat ito’y nakatitik sa aklat mo na talaan, matagal nang balangkas mong ikaw lamang ang may alam.” (Awit 139:16)

Hayaan mong magsalita ako tungkol sa iyong talambuhay. Imposibleng maisakutuparan mo sa iyong sariling kakayahan ang nilikha ng Diyos na talambuhay para sa iyo. Hindi mo ito basta magagawa. Kung ginawang posible ng Diyos na iyong maisagawa ang nilikha Niyang talambuhay mo sa iyong sarili, kailangan Niyang ibahagi sa iyo ang kaluwalhatian. At hindi ito gagawin ng Diyos! Malinaw Niyang sinasabi na “At ang Aking kaluwalhatian ay hindi Ko ibibigay sa iba.” (Isaias 42:8) Kaya talagang gagawin ng Diyos ang iyong talambuhay na lagpas sa iyong sariling abilidad upang dumepende ka sa Kanyang biyaya upang maisagawa ito. Sa paraang ito, sa Kanya ang lahat ng kaluwalhatian!

Ito ang aking sinasabi sa mga tao patungkol sa lahat ng mga aklat na aking naisulat. Walang mas nakababatid maliban sa akin sa kung sino ang tunay na may-akda ng mga aklat na ito. Hindi nahubog ang mga ito sa aking sariling kakayahan. Ang pangalan ko lamang ang nasa mga librong ito dahil ako ang unang taong nakaalam at nakabasa sa mga nilalaman nito. Alam ko kung sino ako dahil sa Kanyang kakayahan at biyaya, at hindi dahil sa akin. Ito ang libreng regalo ng Diyos.

Ang nakababahalang realidad, sa kasamaang palad, ay 2% lamang ng mga mananampalatayang Amerikano ang nakababatid na ang biyaya ng Diyos ay nagbibigay-kalakasan upang maabot ang naitadhana nilang talambuhay. Paano kaya matutupad ng 98% ang kanilang pagtawag sa kanilang sariling lakas? Sa totoo lang, hindi nila ito kakayanin.

Maaari kayang ito ang dahilan kung bakit hindi tayo nakakakita ng malawakang pagbabago sa ating komunidad?

ANG DAAN

Isang libreng regalo!

Ang kapangyarihang ito na aking sinusulat, ang biyaya ng Diyos, ay hindi mo makakamit, kikitain o magiging karapatdapat ka sa iyong sariling lakas. Katulad ng kinukumpirma ni Pablo, ang biyaya ay natatanggap lamang sa pamamagitan ng pananampalataya, at hindi ito galing sa ating mga sarili. “Sapagkat dahil sa kagandahang-loob ng Diyos, kayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ang kaligtasang ito’y kaloob ng Diyos at hindi sa pamamagitan ng inyong sarili; hindi ito bunga ng inyong

mga gawa kaya't walang dapat ipagmalaki ang sinuman.” (Efeso 2:8-9) Sa mga mananampalataya sa Roma, kanyang sinulat, “Sa pamamagitan ng pagsampalataya kay Hesucristo, tinamasa natin ang kagandahang-loob ng Diyos, at tayo’y nagagalak dahil sa pag-asang tayo’y makakabahagi sa kanyang kaluwhatian.” (Roma 5:2) Ano ang daan sa biyaya ng Diyos? Hindi ang pagtatrabaho nang sobra, pamumuhay nang maganda, pagdarasal nang dalawang oras araw-araw, pag-aayuno dalawang beses sa isang buwan—wala sa ating makataong mga gawa. Magkakaroon tayo ng daan sa biyaya sa pamamagitan lamang ng pananampalataya!

Bakit hindi tayo basta-bastang naniniwala? Tingnan mo na lamang sa ganitong paraan. Kung ang iyong balon na mayroong sariwang tubig ay nanuyot, mayroon kang problema. Kung wala ang sariwang tubig, mamamatay kayo ng iyong pamilya sa loob ng ilang araw. Ngunit sa dulong bahagi ng daan ay mayroong tore ng tubig ang iyong siyudad na puno ng milyun-milyong galon ng sariwang tubig, at isa sa mga pangunahing tubo mula sa toreng iyon ay dumadaloy sa harapan ng iyong bahay. Ano ang iyong gagawin? Pupunta ka sa munisipyo upang kumuha ng permit. Pagkatapos, pupunta ka sa *hardware* at bibili ng PVC na tubo, babalik sa iyong tahanan at ikokonekta ang mga tubo sa iyong bahay sa pangunahing tubo na dumadaloy sa harapan ng iyong bahay. Ngayon, mayroon ka ng paraan upang magkaroon ng milyun-milyong galon ng sariwang tubig—higit pa sa kakailanganin mo at ng iyong pamilya.

Sa madaling sabi, ang pananampalataya ang daan tungo sa biyaya. Sa gayon, maaari nating basahin ang Roma 5:2 sa ganitong paraan: “Mayroon tayong paraan tungo sa tubo ng pananampalataya patungo sa lahat ng tubig ng biyaya na ating kakailanganin.” Ganoon kadali: Ang tanging paraan upang makibahagi sa nakapagpapalakas na biyaya ay sa pamamagitan ng pananampalataya. Ito ang dahilan kung bakit ang manunulat ng Hebreo ay nagsabi: “Sapagkat tulad nila’y napakinggan din natin ang Magandang Balita, ngunit hindi nila pinakinabangan ang balitang kanilang narinig dahil hindi nila ito tinanggap nang may pananampalataya.” (Hebreo 4:2)

Ang mga taong kanyang nilalarawan dito ay mula sa angkan ni Abraham—mga tagapagmana ng mga pangako ng Diyos. Sa matalinhagang pananalita, ang lahat ng kapangyarihan at pagpapala mula sa langit ay dadaan sa kanilang mga bahay o tent. Sa kabila nito, hindi sila nakinabang

sa kung ano ang libreng ibinigay ng Diyos dahil hindi nila ikinabit ang kanilang mga “tubo ng pananampalataya” upang makuha at matanggap ang ipinangako ng Kanyang Salita.

Sa ganoon ding paraan, kung 2% lamang ng mga mananampalatayang Amerikano ang naniniwalang ang biyaya ng Diyos ay ang libreng pagbibigay-kapangyarihan—kapangyarihan na nagbibigay sa atin ng kakayahan na lumagpas sa ating natural na abilidad at tumutulong sa ating magningning sa madilim na sanlibutan sa paggawa ng mga kahanga-hangang mga gawa—paano tayo maniniwala bilang simbahan? Paano tayo makikibahagi? Narito ang paliwanag ni Pablo: “Paano naman sila tatawag sa Kanya kung hindi sila sumasampalataya? Paano sila sasampalataya kung wala pa silang napakinggan tungkol sa Kanya? Paano naman sila makakapakinig kung walang mangangaral sa kanila?” (Roma 10:14).

Kung tayong mga Kristiyano ay mananatiling ignorante o walang malay sa kung ano ang dinedeklara ng Salita ng Diyos patungkol sa Kanyang makapangyarihang biyaya, paano tayo maniniwala? Hindi natin maaaring paniwalaan ang hindi natin alam. Kung wala tayong tubo patungo sa biyayang ito, ang pangako ng Kanyang Salita ay hindi makatutulong sa atin.

Hindi natin
maaaring
paniwalaan ang
hindi natin alam.

Nasasaktan marahil dito ang puso ng ating Diyos. Malaking halaga ang binayaran ni Hesus upang tayo ay lumagpas sa mga nagawa nina Daniel at Juan Bautista—upang maging mga buhay na patotoo ng Kanyang masaganang buhay. Subalit pinababaw natin ang Kanyang mensahe upang isiping para lamang iyon sa pagpapatawad at kaligtasan mula sa impierno. Totoong mahalaga at kinakailangan ang mga regalong ito, ngunit nabigo tayong gamitin at pakinabangan ang kapangyarihan ng biyaya ng Diyos para sa ating kasalukuyang buhay. Dahil dito, wala tayong kakayahan upang gawin ang mga gawa ng Diyos sa madilim na mundong ito, wala rin tayong kakayahan na mabuhay na walang maaaring humadlang o makapigil alang-alang sa Kanyang kaluwalhatian.

Nagtanong na ang mga tagasunod ni Hesus, “Ano ang ating dapat gawin upang matupad ang nais ng Diyos na ating gawin?” (Juan 6:28). Sila ay nawawalan na ng loob. Nais rin nilang makatulong sa nahihirapang sangkatauhan sa pamamagitan ng kakayahang mula sa Diyos. Inatasan sila ni Hesus na sundin ang Kanyang halimbawa. Nagugulumihanang sila’y nagmakaawa, “Paano namin magagawa ang Iyong ginagawa?” Ang simpleng sagot ni Hesus? “Manampalataya kayo.” (Juan 6:29)

Ganoon lang. Manampalataya! Ang simpleng paniniwala sa “Salita ng biyaya” mula sa Diyos ang kinakailangan upang maranasan ito. Ganito pinalakas ni Pablo ang mga mananampalataya sa Efeso sa pagsasabing, “At ngayo’y itinatagubilin ko kayo sa Diyos at sa kanyang salitang nagpapahayag ng kanyang kagandahang-loob. Ito ang makakapagpatibay sa inyo at makakapagbigay ng mga pagpapalang inilaan sa lahat ng kanyang ginawang banal.” (Mga Gawa 20:32)

Iiwanan na ni Pablo ang kanyang mga minamahal; alam niya na ito na ang kanilang huling usapan sa bahaging ito ng kalangitan. Kapag alam mong sinasabi mo na ang iyong huling habilin, nagiging mapili ka sa mga salitang iyong bibitawan para sa iyong mga minamahal. Inihabilin sila ni Pablo hindi lamang sa Diyos, kundi maging sa “salita ng Kanyang biyaya.”

Ngayon ay lagi akong nakakarinig mula sa mga Kristiyanong may magandang intensyon ng ganito, “Kailangan mong magtiwala sa Diyos.” o “Kailangan mo lang ang Diyos sa iyong buhay.” o “Lumapit ka lang sa Diyos.” Habang tinuturo ng mga payong ito ang mga tao sa tamang direksyon, hindi ito ang kumpletong mensahe. Inihabilin ni Pablo ang kanyang mga kapwa mananampalataya hindi lamang sa Diyos kundi maging sa “salita ng Kanyang biyaya”. Ang biyaya ng Diyos ang nagtataguyod sa atin at nagbibigay sa atin ng ating mana. At ano ang iyong mana? Ito ang talambuhay na isinulat ng Diyos tungkol sa iyo bago ka pa man maipanganak!

Dahil sa ating hindi kumpletong katuruan sa biyaya, maraming mga Kristiyano (98%, upang maging sakto) ang nag-iisip na ang matinding pagpapalakas ng Diyos ay maaari lamang makuha kapag tayo ay nananalangin at nag-ayuno nang husto, o nagtrabaho sa serbisong Kristiyano, o mamuhay nang banal. Ang problema sa hindi kumpletong

pananaw na ito ay hindi natin alam kung ano ang sapat. Sa dahilang ito, kinumpronta ni Pablo ang mga taga-Galacia:

“Bakit ipinagkaloob sa inyo ng Diyos ang Espiritu? Bakit siya gumagawa ng mga himala? Dahil ba sa inyong mga gawa ayon sa Kautusan, o dahil sa inyong pananalig sa inyong narinig tungkol kay Cristo?” (Galacia 3:5)

Ang “nakakapagod na moral na pagsisikap” ay hindi magdadala sa atin palapit sa Diyos dahil tungkol ito sa ating sariling pagsisikap at lakas. Ang mahalagang aral sa kabanatang ito ay ang pagtuturo sa iyo ng daan tungo sa libre, at makapangyarihang biyaya ng Diyos—kung ang iyong pinaniniwalaan, pinagkakatiwalaan, at ginagamit ay ang Kanyang biyaya sa pamamagitan ng pananamपालतया.

Hindi ito kaiba sa naganap noong una mong tanggapin ang kaligtasan. Tingnan kung paano ito inilahad ni Pablo: “Sabihin nga ninyo, tinanggap ba ninyo ang Espiritu sa pamamagitan ng mga gawa ayon sa Kautusan o sa pamamagitan ng inyong pananalig sa inyong narinig tungkol kay Cristo?” (Galacia 3:2)

Katulad noong tayo’y naunang naligtas sa pamamagitan ng biyaya sa simpleng pagtanggap at pagtugon, ngayon tayo ay nagpapatuloy, sa pamamagitan pa rin ng biyaya, upang makagawa ng mga kagila-gilalas na mga bagay sa ating lugar ng impluwensiya.

CHIHUAHUA O MABANGIS NA OSO?

Kaya naman babalik tayo sa ating tanong sa Kabanata 3. Mayroon ba tayong kapangyarihan at abilidad upang hindi magpapigil sa ating paniniwala at mga ginagawa? Tayo ba ay mga Chihuahua o mga mababangis na oso?

Matapos pagnilayan ang mga kasulatan na ating pinag-aralan, nawa’y samahan ninyo ako sa pagsasabi—nang may kagalakan at katiyakan—na tayo ay parang mga mababangis na oso. Sa kumpiyansang ito sa ating isipan at puso, magpatuloy tayo sa pagdiskubre kung patungkol saan ang buhay Kristiyano na hindi magpapapigil sa anumang balakid, tukso at kahirapan.

MAKITA O PUMASOK

“Ang lahat ng nakatanggap ng masaganang biyaya at
itinuring na matuwid ng Diyos ay maghahari sa buhay sa
pamamagitan ni Cristo.”

ROMA 5:17 (TEV)

Umaasa ako na sana sa madalas kong pagpapaalala sa nakasulat sa Roma 5:17, ang talatang ito ay magiging bahagi na ng iyong buhay, katulad ng Juan 3:16. Malamang ito na ang iyong bibigkasin hanggang sa iyong pagtulog, dahil sa lubos na paniniwala na ito ay kalooban ng Diyos sa iyo upang mamahala ka sa bawat bahagi ng iyong buhay. Ang matibay na paniniwala dito ay siyang pangunahing kailangan upang ikaw ay makatapos nang maayos, na kikilala sa iyo bilang isang *mananagumpay* at *mananampalatayang hindi sumusuko*.

Bago tayo magpatuloy, hayaan mong ulitin ko ang napakahalagang katotohanan na ating binibigyang-linaw. *Ang lahat ng nakatanggap ng libreng biyaya mula sa Diyos ay nabigyan na ng kapangyarihan upang managumpay sa buhay na ito.* Tayo ang ulo at hindi buntot, nasa ibabaw at hindi sa ilalim ng mga pangyayari sa buhay. Tayo ay dapat na maging huwarang impluwensiya ng Kanyang kaharian na nagdadala ng pamamaraan ng pamumuhay ng Diyos dito sa mundo.

BAKIT KAYA ANG MARAMING KRISTIYANO AY HINDI NAKAPAGHAHARI SA BUHAY?

Bakit hindi lahat ng Kristiyano ay nakakapamuhay nang ganito? Bakit ang karamihan ng mga mananampalataya ay napaghaharian sa buhay kaysa sa naghahari sa buhay?

Natukoy na natin ang una at pinakamaliwanag na kasagutan. Ang pambansang estatistika na isinagawa noong 2009 ay naghayag na 98% ng mananampalataya sa Amerika ay hindi alam na ang *biyaya ng Diyos* ay ang *kapangyarihan ng Diyos na sumasakanya*. Naniniwala kami na ang estatistikang ito, sa kasamaang palad ay kumakatawan sa simbahan sa kabuoan ng mundong nasa gawing kanluran. Dahil sa kanilang pagiging mangmang sa katotohanang ibinigay na ng Diyos ang kamanghamanghang kapangyarihan sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, ang malaking bilang ng mananampalataya ay hindi makayang mamuhay sa paraang nais ng Diyos. Wala itong pinagkaiba sa mga nasa tribo ng Africa na taglay ang makapangyarihang *Land Rover* subalit walang kaalaman kung paano magagamit ang sasakyan. Sila ay patuloy na lumalakad sa malalayong distansya, pasan-pasan ang mga mabibigat na dalahin sa kanilang likuran.

Ang ikalawang kadahilanan kung bakit ang mga mananampalataya ay hindi nakapaghahari sa buhay ang pinakalayunin ng sumusunod na bahagi ng aklat na ito. Uumpisahan natin sa pamamagitan ng pagsisiyasat ng mga salita ni Hesus kay Nicodemus, isang Judiong pinuno na lumapit sa Guro nang palihim upang magtanong. Ang unang salita ni Hesus sa kanya ay, “Katotohan, katotohanang sinabi Ko sa inyo, malibang ipanganak na muli, ay hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos.” (Juan 3:3, TLAB)

Sinasabi ni Hesus ang tungkol sa *makikita ang kaharian*. Subalit ang kasunod Niyang mga salita kay Nicodemus ay naghahayag ng kakaibang mensahe: “Katotohan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, na malibang ang tao ay pinanganak ng tubig at ng espiritu, hindi siya makapapasok sa kaharian ng Diyos.” (Juan 3:5, TLAB)

Bakit kaya nagbago ng direksyon ang tinutukoy ni Hesus dito; mula sa *makikita mo* ang paghahari ng Diyos (sa talatang 3) tungo sa *pagpasok sa Kanyang kaharian* (talatang 5)? Kapag ginamit natin ang Ingles na

pananalita dito tungo sa interpretasyon ng Bibliya, maaaring hindi natin makuha ang tunay na kahulugan o kahalagahan ng kasunod na talata. Kung babalikan natin ang orihinal na pananalita ay matutulungan tayong maiwasto ang pang-unawa sa mga ito.

Kapag sinabi ni Hesus na kaharian ng Diyos, sa totoo lang, ang tinutukoy Niya ay ang “*paghahari ng Diyos*.” Ang salitang Griyego na madalas gamitin para sabihin ang tungkol sa *kaharian ng Diyos* sa Mabuting Balita ay ang *basileia tou Theos*. Ang kahulugan ng *Theos* ay Diyos, habang ang *basileia* ay nangangahulugang “*maharlikang paghahari, paghahari, pamamahala*.” Ang *basileia* na salita ay galing sa salitang para sa “salalayan” o “pundasyon”. Ang ibang mga iskolar ay naniniwala na pinakamainam na pagsalin ng mga salita ng *basileia tou Theos* ay “imperyal na paghahari ng Diyos” o ang “nasasakupan ng Diyos”. Gusto ko ang salitang *imperial*. Ang isa sa kahulugan nito ay “pinakamataas na kapangyarihan.”

Halimbawa, ang panalangin ng Panginoong Hesus na itinuro sa atin, “Ama Kong nasa langit, sambahin ang Ngalan Mo. Ang kaharian Mo ay mapasa-amin. Ang kalooban Mo ay mangyari sa amin sa lupa kung paano Ka naghahari sa langit.” (Lucas 11:2) Ang sinasabi Niya talaga dito ay, “Ama Kong nasa langit, Ikaw ang Dakilang Diyos, Ikaw ang Pinakamataas, ang makapangyarihan Mong paghahari nawa ang mapasa-amin. Ang kalooban Mo ang matupad sa amin sa lupa kung paano Ka naghahari sa langit.” Subalit ang problema, karamihan ng mga taong nakakarinig ng mga salitang ito ay panghinaharap ang iniisip, samantalang ang kaharian ng Diyos ay dumating na! Hindi pa dumating nang pisikal, katulad ng sinabi ni Isaias, dahil kapag si Hesus ay maghahari na nang pangwalang hanggan, ang impluwensiya ni satanas ay hindi na magpapatuloy. Gayunpaman, ang kaharian ng Diyos ay dumating na sa espirituwal. Ito ay nagaganap sa kaibuturan ng puso, sa mga taong nakipagtipan sa Diyos, dahil sabi ni Hesus, “Ang kaharian ng Diyos ay hindi dumarating tulad nang kung paano ito nakita. Walang magsasabi na,” Tingnan ninyo, ito na! O kaya naman ay “Nandoon na!; dahil ang Kaharian ng Diyos ay nasa iyo.” (Lucas 17:20-21)

Dahil sa ginawa ni Hesus sa kalbaryo, ang kaharian ng Diyos ngayon ay nasa puso na ng mga mananampalataya. Kailangan nating palaganapin ang Kanyang kaharian, ang Kanyang paghahari, kung nasaan tayo at kung saan tayo pumupunta. Kailangan nating maghari sa buhay sa pamamagitan

ng makapangyarihang regalo ng biyaya ng Diyos na ibinigay sa atin ni Hesusristo.

Ating siyasatin ang iba pang mga talata kung saan ginamit ni Hesus ang mga salitang *kaharian ng Diyos*, at ating palitan ng *ang pinakamataas at makapangyarihang paghahari ng Diyos*. Nakamamangha kung paanong sa nabagong pahayag ay makapagbigay ng mas makabuluhang kahulugan para sa mga mananampalataya ngayon.

Tulad halimbawa ng itinuro ni Hesus sa Mateo 12:28 kung saan ating mababasa, “Kung ating palalayasin ang mga demonyo sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos, tiyak na ang pinakamataas at makapangyarihang paghahari ng Diyos ang dumating sa iyo.” Ang Espiritu ng Diyos ay tumutukoy sa Banal na Espiritu, na Siyang ikatlong Persona ng Diyos, na Siyang nagpapatupad ng biyaya ng Diyos na sumasaatin. Siya ang tinatawag na *Espiritu ng biyaya* sa Bagong Tipan. (Hebreo 10:29)

Muli, narito ang salita ni Hesus: “Mas mainam pa ang kamelyo ay pumasok sa butas ng karayom kaysa ang mayaman ay pumasok sa pinakamataas at makapangyarihang paghahari ng Diyos.” (Mateo 19:24)

Ang mayaman ay siyang nagsasabi na, *Ako ay husto na at ayos ang kapasidad sa aking sarili upang magtagumpay*. Nang dahil sa kanyang katalinuhan, kayamanan, kalakasang pisikal, katalasan ng isip, koneksyon, at kakayahan, siya ay nanampalataya na kaya na niya sa kanyang sarili. Subalit nakita ni Hesus ang katotohanan sa kabila ng tabing. “Mapapalad kayong mahihirap,” sinabi Niya, “dahil sumasainyo ang pinakamataas at makapangyarihang paghahari ng Diyos.” (Lucas 6:20)

Hindi Niya tinutukoy ang mga kapos sa salapi. Pinagpapala Niya ang mga taong umaasa sa Kanyang biyaya. Sinabi ni Hesus na nasa Kanya ang Espiritu ng Diyos upang mangaral ng ebanghelyo sa *mga mahihirap*, subalit sa maraming pagkakataon Siya ay nakipagtagpo at nangaral sa mga mayayamang lalaki at babae sa komunidad na Kanyang dinalaw.

Nang banggitin ni Hesus ang kamelyo na papasok sa butas ng karayom, ito ay nangyari matapos Niyang makausap ang isang mayamang batang namumuno, na piniling magtiwala sa kanyang yaman kaysa sa Diyos.

Tingnan natin ang isa pang pahayag ni Hesus ng tungkol sa paghahari ng Diyos:

“Naibigay sa inyo ang pang-unawa sa misteryo ng pinakamataas at pinakamakapangyarihang paghahari ng Diyos; subalit sa kanila na nasa labas, ang lahat ay talinghaga.” (Marcos 4:11).

Ang kapamahalaan at kapangyarihan na binigay sa atin sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos ay tunay na isang misteryo –isang nakatagong katotohanan na tanging ang Banal na Espiritu lamang ang maaaring magpaunawa. “Wala pang matang nakakita, o taingang nakarinig, o kaisipang nakaunawa sa mga bagay na inihanda ng Diyos sa mga nagmamahal sa Kanya. Subalit pinahayag na ito ng Diyos sa atin sa pamamagitan ng Kanyang espiritu.” (1 Corinto 2:9-10) Ang katotohanan na ikaw at ako ay maaaring maghari sa buhay sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos ay nakatago hanggang sa ipahayag ito ng Banal na Espiritu sa atin sa pamamagitan ng mga apostol na sumulat nito sa Bagong Tipan. Ang kailangan lamang nating gawin ay manampalataya.

Narito pa ang isa sa mga isinaysay ni Hesus tungkol sa paghahari ng Diyos: “Tandaan ninyo, may ilan sa inyo rito na hindi mamamatay hangga’t hindi nila nakikita ang *pinakamataas at makapangyarihang paghahari ng Diyos* ay naghahari na.” (Marcos 9:1) Ang pahayag na ito ng Mesias ay nagtuturo na ang paghahari ng Diyos ay *nasa atin na ngayon at sa hinaharap*. Ang pinakamataas at makapangyarihang paghahari ng Diyos ay nasa loob ng mga taong sumusunod kay Hesus, sapagkat ang biyaya ng Espiritu ay dumating na sa kanila sa Araw ng Pentecostes. Sa ganoon ding liwanag, sinabi ni Hesus sa tagapagturo ng mga kautusan na sumagot sa Kanya nang may katalinuhan, “Ikaw ay di nalalayo sa pinakamataas at makapangyarihang paghahari ng Diyos.” (Marcos 12:34)

Katulad ng makikita natin sa mga halimbawang aking ibinahagi, ang kaharian ng Diyos ay mayroong higit pang kapangyarihan at kaugnay na kahulugan kapag ito ay ating binasa kung paano ito sinulat sa Griyego. Mapupuna mong nagiging malaking pagpapala at pagbubukas ng isip sa tuwing ating mababasa ang *kaharian ng Diyos* sa Bagong Tipan kapag ito ay pinalitan natin ng *pinakamataas at makapangyarihang paghahari ng Diyos*.

Subalit alalahanin natin ang isang napakahalagang aspeto ng pinakamataas at makapangyarihang paghahari ng Diyos. Ibinigay Niya sa atin ang paghaharing ito! “Ang langit, maging ang kalangitan, ay sa Panginoon; subalit ang mundo ay ibinigay Niya sa mga Anak ng Tao.” (Awit 115:16)

Si Hesus, bilang Anak ng Tao, ang bumawi ng naiwala ni Adan. Kaya nga sinabi ni Hesus, “Ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa mundo ay ibinigay na sa Akin.” (Mateo 28:18)

Subalit si Cristo na ating panginoon at hari ay wala na dito sa mundo, kaya ikaw at ako, na katawan ni Cristo – ang magpapatupad ng pinakamataas at makapangyarihang paghahari ng Diyos.

Kapag hindi natin ipinatupad ang ating paghahari, tayo ay mananatili sa ilalim ng pwersa ng mundong ito At paghaharian tayo nito. Hindi ito ang plano ng Panginoon! Tayo ay napuspos na ng kapangyarihan ng biyaya ng Diyos upang maghari sa buhay sa pamamagitan ni Cristo!

MAKITA O PUMASOK

Ating siyasating mabuti ang sinabi ni Hesus kay Nicodemo. Maaalala natin na ang Panginoon ang nagsabi, “Tandaan ninyo, ang sinasabi Ko sa inyo, na malibang ipanganak na muli ang tao, hindi siya makapapasok sa kaharian ng Diyos.” (Juan 3:3). Agad din Niyang isinunod ang ganitong mga salita: “...Maliban na ang isang tao ay ipanganak sa tubig at sa espiritu, hindi siya makapapasok sa kaharian ng Diyos.” (Juan 3:5) Sa pahayag na nakuha natin mula sa salitang Griyego patungkol sa paghahari ng Diyos, tayo ngayon ay nakalagay na sa tamang posisyon upang tuklasin kung bakit pinaliwanag ni Hesus na ang *makita* ang kaharian ng Diyos ay kaiba sa *makapasok* sa kaharian ng Diyos. Kung ating titingnan ang kaharian ng Diyos bilang isang pisikal na lugar tulad ng langit, ang ikatlong talata ay nangangahulugan na ang kapanganakang mag-uli ay hindi sapat upang *makapasok* sa langit – kundi ito ay *makikita* mo lamang. Kapag naunawaan mo ang sinasabi ni Hesus tungkol sa pinakamataas at makapangyarihang paghahari ng Diyos – o kaya naman ay ang kanyang kapamahalaan – ang mga talatang ito ay magiging iba ang kahulugan at mas lalong magiging madali nating maunawaan.

Ang salitang Griyego para sa *makita* sa ikatlong talata ay *eido*. Ang pangunahing kahulugan nito ay “makita, makaunawa, malaman, o mabatid.” Sinasabi ni Hesus sa atin na ang lahat ng naipanganak na muli ay makikita, makaunawa, makaaalam, at makababatid ng pinakamataas at makapangyarihang paghahari ng Diyos – ang kaharian ng Diyos.

Sa susunod Niyang pangungusap, hindi na Niya ginamit ang salitang “*makita*” (eido); ang ginamit Niya ay ang salitang *pagpasok* sa paghahari ng Diyos. Ang salitang Griyego para sa pagpasok ay *eiserchomai*. Ang pangunahing kahulugan nito ay “ang pagbangon at pagpasok sa” o kaya naman ay “bumangon at pumasok.” Kaya sa dalawang mga pahayag na ito, si Hesus ay lumipat mula sa *pagkakaalam* mo tungo sa *pagbangon at pagpasok sa pinakamataas at makapangyarihang paghahari ng Diyos*. Nakita mo ba ang kaibahan?

Bilang pagsasalarawan, kapag ako ay sumasakay sa eroplano upang pumunta sa isang lugar, alam ko na may kakayahan ang aking sinakyan upang ako ay iangat sa itaas ng mundo, at dalhin ako sa aking destinasyon. Bilang pasahero, nakita ko na at naranasan ang benepisyo ng pagsakay sa eroplano.

Hanggang isang araw, may kaibigan ako na bumili para sa akin ng mga aralin upang makapagpalipad ng eroplano. Pagkalipas ng mga unang pagsasanay, sumakay ako sa eroplano na may isang makina at sinabihan ako ng tagapagturo kung ano ang dapat gawin. Hindi nagtagal, hinila ko ang pamatok at pinalipad ang eroplano. Ito ay isang kakaibang karanasan para sa akin. Parang isang panaginip ang aking unang paglipad at ang katotohanang kaya ko nang paliparin ang eroplano kahit saan sa paraang gusto ko. Walang kalsada, walang daan. Sa halip, ako ang lumilikha ng daan, at ruta nito. Mula sa pagkakaroon ng kaalaman tungkol sa kakayanan ng eroplano at naranasan ang benepisyo ng pagsakay dito bilang pasahero, ngayon bilang piloto na nakapagpalipad ng eroplano kung saan ko man gusto nakapasok ako sa kalayaan ng pagpapalipad nito.

Ang mga salita ni Hesus ay nagpapakita na may dalawang uri ng mga mananampalataya. Maaari nating ihambing ang unang grupo ng mga pasahero ng eroplano doon sa nakakita, nakaunawa, at nakaranas ng mga benepisyo ng paglipad. At mayroon namang bumabangon at pumapasok bilang mga piloto na sila mismo ang siyang magpapalipad at magbibigay direksyon sa eroplano, kung saan ito pupunta at kung gaano kabilis at kataas ang magiging lipad nito. Ang mga pasahero, bagama’t sila ay nakikinabang sa pagsakay sa eroplano, sila rin ay nasa ilalim ng mga nakaalam magpalipad nito.

Upang maipaliwanag pa ito nang mas mabuti, ang mahalagang kaibahan ng *makita* at *pumasok* sa kaharian ng Diyos, ating isipin sa ating imahinasyon ang isang maliit na grupo na napunta sa isang isla at di sila basta makaalis doon. Isa itong mapanganib na isla na puno ng mababagsik na tao na nangangain ng mga mababangis na hayop, makamandag na ahas, mga gagamba, at mga alakdan. At kung hindi pa ito sobrang sama, mayroon din doong mga kanibal, o mga sinaunang tribo na nangangain ng tao. Ang ating maliit na grupo ay nasa delikadong kalagayan. Gayunpaman, mayroong isang mabuting balita; nandoon mismo sa isla ang isang jet na maaaring magamit. Ang *aircraft* na ito ay puno ng langis at handang lumipad. Kaya nitong magdala ng grupo ng tao nang ligtas sa panganib. Subalit, mayroong isang malaking problema; wala isa man sa grupo ang marunong magpalipad nito. Lahat tayo ay nakaranas na maging pasahero, subalit wala sa atin ang tumaas pa ng antas mula dito; ang magkaroon ng abilidad magpalipad ng eroplano. Kahit na ang eroplano ay may abilidad na lumipad nang ligtas at may kalayaan, hindi natin kayang gawin dahil hindi tayo marunong magpaandar ng eroplano, o kaya naman ay mag-isang mapalipad ito palabas ng isla.

Ang sitwasyong ito ang maliwanag na nagsasalarawan sa atin ng kaibahan ng mananampalataya na nakakita o nakaranas ng pinakamataas at makapangyarihang paghahari ng Diyos, kaysa ang mananampalataya na bumangon at nakapasok sa pinakamataas, makapangyarihang paghahari ng Diyos.

Malaking kaibahan, di ba? Ano'ng uri ng mananampalataya ang nais mong tularan?

PAPASOK SA PAGHAHARI

Ang isang tanong na dapat masagot ay, “Paano na ang isang anak ng Diyos ay makasulong mula sa nakita tungo sa pagpasok sa paghahari?” Sa madaling salita, paano tayo magiging espirituwal na pasahero tungo sa pagiging espirituwal na piloto? Si Apostol Pablo ang tumugon sa katanungang ito.

Batay sa direktibang mula sa Banal na Espiritu, sina Pablo at Barnabas ay umalis mula sa kanilang simbahan tungo sa unang lugar na sila ay

maglilingkod bilang apostol. (Mga Gawa 13:1-4) Matapos ang malayong paglalakbay sa iba't ibang siyudad sa Asya, nagsimula silang magbiyahe pauwi, upang dalawin ang ilang mga siyudad kung saan sila ay nagsimula ng ilang simbahan. Sa mga panahong yun, ang pagbiyahe ay mas mahirap kaysa sa ngayon. Maaari na akong sumakay ng eroplano at pumunta sa kahit saang siyudad sa mundo, na madalas isang buong araw lamang. Hindi ko na iniisip pa ang mga lugar na ito na aking iniwan sa ibang bansa. *Dahil sa hirap ng biyahe, iniisip ko na hindi ko na siguro makikitang muli ang mga taong ito.* Subalit sa panahon ni Pablo, naiisip niyang kapag iniwan na nila ang mga simbahan na kanilang sinimulan, maliit na ang tyansa na magkikita-kita pa silang muli matapos na sila ay maipanganak sa Kanyang kaharian hanggang sa magkasama-sama muli sila sa kalangitan. Kaya nga, makikita natin kung gaano pinipili ni Pablo ang mga tamang salita para sa mga mananampalatayang ito. At ang kanyang iniwang salita sa kanila ay nagtuturo kung paano sila mabubuhay nang may paghahari at hindi lamang upang *makita* kundi *makapasok* sa katotohanang ito.

“Nagbalik sila sa Listra, Iconium, at Antioquia ng Pisidia. Pinalakas nila ang loob ng mga alagad at pinayuhang manatiling tapat sa pananampalataya. Daranas muna tayo ng maraming kapighatian upang makapasok sa kaharian ng Diyos.” (Mga Gawa 14:21-22)

Hindi nag-iwan si Pablo sa tatlong siyudad na ito ng mga katuruang tungkol sa paghawak ng pera, mga katuruan kung paano magpalago ng simbahan, ng mga pagsasanay para sa mga namumuno ng iglesya, o kaya naman ang tungkol sa mensahe ng pag-asa – bagama't ang mga paksang ito ay pawang mahalaga rin. Hindi! Ang kanyang iniwang mga salita ay nakapagpatibay sa kanila bilang mga batang mananampalataya na mamuhay nang di sumusuko at tapusing maayos ang kanilang takbuhin. Ang kanyang layunin ay ihanda sila sa pagpasok sa paghahari.

Ang mga salita ni Pablo ay para rin sa ating lahat ngayon at nararapat ipasok sa ating mga puso at kaluluwa: *“Kailangan nating magdaan sa maraming kahirapan upang makapasok sa pinakamataas at makapangyarihang paghahari ng Diyos.”* Magpatuloy tayo dahil ito ay mensahe ng pag-asa at pananampalataya, hindi kalungkutan. Sa ganitong paraan natin isipin ang mga bagay na ito: Mangyayari ang matitinding paghihirap. Hindi ito maiiwasan.

Maliwanag na ipinaabot ni Hesus na ang matinding paghihirap ay magiging bahagi ng buhay ng Kanyang tagasunod. “Sa mundong ito, daranas kayo ng pagdurusa, subalit, magalak kayo, sapagkat napagtagumpayan ko na ang daigdig.” (Juan 16:33). Nagtagumpay na Siya, kaya ikaw at ako ay nabigyan ng awtoridad at kapangyarihan laban sa anumang ibabato sa atin ng mundong ito. Tayo ay kanyang katawan; tayo ang Cristo sa mundo. Napagtagumpayan natin ang mundo dahil kay Cristo.

Ang pagdurusa ay “estado ng kaguluhan at kahirapan.” Ang salitang Griyego para dito ay *thlipsis*. Ang Encyclopedia ng mga Salita sa Bibliya ay nagbigay ng ganitong interpretasyon sa *thlipsis*: matinding emosyonal at espirituwal na kabigatan, na ang sanhi ay maaaring mula sa panlabas o panloob na kadahilanan. Sa 55 ulit na paggamit ng salitang ito sa Bagong Tipan, 53 dito ang patalinghaga ang gamit. Ang sanhi ng pagdurusa ay maaaring mula sa mga kaaway, mga negatibong pangyayari, mga maling desisyon o mga damdaming hindi masupil.

Ang ibinigay na kahulugan ni James Strong sa *thlipsis* ay “kabigatan (literal o patalinhaga), kasakitan, kapighatian, dalahin, pag-uusig, kaguluhan.” Ayon kay W.E. Vine, ang *thlipsis* ay “anumang bagay na nagpapabigat ng kaluluwa o espiritu.”

Ang akin namang simpleng pakahulugan sa pagdurusa o *thlipsis* ay “isang disyerto.” Sa pagkasalin ng Bibliya sa Today’s English Version, ganito ang sinasabi sa Mga Gawa 14:22: “Kailangan nating magdaan sa maraming kapighatian upang makapasok sa Kaharian ng Diyos.”

Upang isalarawan ito, ating isipin na ikaw ay naglilingkod sa isang dakilang hari na sumakop sa buong bansa. Siya ay pumasok sa pinakakabisera na siyudad at pinalayas ang malupit na kalabang pinuno na naghari sa pamamagitan ng kamay na bakal. Ang pinatalsik na pinuno ay naging malupit sa mga tao, nilason ang kanilang mga isip, naikondisyon silang sang-ayunan ang mali at hindi marangal, at tinaniman sila ng galit at paghamak sa tamang pamamaraan ng matuwid at marangal na hari.

Inatasan ng mabuting hari ang kanyang mga lingkod upang pumasok sa lupain at ipatupad ang tagumpay sa pamamagitan ng pagkuha ng mga teritoryo at mga kuta ng kaaway na nananatili pa.

Sa buong lupain ay may mga tagasunod pa ang pinalayas na pinuno na humahawak ng mga kutang tanggulan at mga palasyo. Sila ay patuloy na nagpapalaganap ng mga kaparaanan ng dating masamang hari.

Dahil dito, marami pa din ang nasa ilalim ng impluwensiya ng masamang panginoon.

Kahit na ang buong laban ay napagtagumpayan na, marami pang nararapat gawin upang ipatupad ang tagumpay.

Ikaw ngayon ay patungo sa paglupig sa kastilyong nasa teritoryo ng kaaway. Maraming panganib sa daraanan, dahil dapat mong harapin at bawiin ang mga lugar na nasakop ng kaaway.

Ang mga kaaway ay naglagay ng maraming patibong upang harangan ka sa iyong layunin. Kailangan mong isa-isang paglabanan ang mga kahirapang ito. At kapag narating mo na ang kastilyo, haharapin mo ang pinakamatinding pagsubok sa lahat: ang tuluyang talunin at palayasin ang kaaway sa kanyang kutang tanggulan. Ang magandang balita: habang napagtatagumpayan mo ang mga patibong ng kaaway, ang kanyang mga pakana at pagtambang sa iyong dinaraan, ay higit kang pinatitibay ng iyong mga karanasan at nagiging mas magiting sa labanan. Kung masasakop mo ang kastilyo, ikaw ang maghahari sa buong teritoryo. Hindi lang 'yon, ikaw ay magiging mahusay at mapagkakatiwalaang mandirigma at magiging magaling ding pinuno sa teritoryong nakuha mo para sa iyong hari.

Ang mabuting hari sa kuwentong ito ay si Hesucristo. Siya ang nagsugo sa atin, na Kanyang mga tapat na
 sundalo, upang humayo at ipatupad ang
 Kanyang tagumpay laban sa pwersa ng
 kadiliman na nasa mundong ito. Habang
 tayo'y nagpapatuloy, maeenkwentro natin
 ang mga labanang mahihirap ngunit sa
 dulo ay magpapalaya sa mga lalake at
 babae na alipin pa rin ng mga taktika at
 pamamaraan at ng kaaway.

Patungo ka na
 sa paglupig sa
 kastilyong nasa
 teritoryo ng kaaway.

Ikaw at ako ay kailangang dumaan sa maraming kahirapan bago pumasok sa paghahari. Subalit, katulad ng sinabi ni Hesus, tayo ay

dapat magalak sapagkat napagtagumpayan na Niya ang sanlibutan. Sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, tayo ay binigyan ng kapangyarihan at kapamahalaan na harapin ang mga hamon na inihahagis ng mundo sa ating daraanan. At hindi lamang tayo nabigyan ng kapangyarihan ng biyaya ng Diyos, kundi tayo na nanampalataya kay Cristo bilang ating tagapagligtas at Panginoon ay may espesyal na lugar sa biyaya ng Diyos. Basahin natin nang may kagalakan ang mga salita ni Pablo sa mga Kristiyano sa Roma:

“Ang Espiritu ang nagpapatotoo, sa ating espiritu, na tayo’y mga anak ng Diyos. At yamang mga anak, tayo’y mga tagapagmana ng Diyos at kasamang tagapagmana ni Cristo. Sapagkat kung tayo’y kasama Niya sa pagtitiis, tayo’y makakasama Niya sa Kanyang kaluwalhatian. Para sa akin, ang mga pagtitiis natin sa kasalukuyan ay hindi maihahambing sa kaluwalhatian ng mahahayag sa atin balang araw.” (Roma 8:16-18)

Bilang mananampalataya, ikaw at ako ay mga tagapagmana ng Diyos! Tayo ay mga tagapagmana ng Diyos at kaisang-tagapagmana ni Hesucristo. Ang salitang tagapagmana ay galing sa salitang Griyego na *kleronomos*, na ang kahulugan ay “isang taong nakakaangkin o nagmamana.”

Ang binibigyang-diin dito ay ang karapatan ng tagapagmana na mag-angkin. Ang kahulugan sa aking diksiyunaryo ng tagapagmana ay “ang taong nagmamana at nagpapatuloy ng pamana ng hinalinhan.”

Mayroon ding ikalawang kahulugan ito: “ang taong legal na nag-aangkin ng katungkulan ng iba.” Wow, nauunawaan ninyo ba ito? Ginawa tayo ng Diyos na tagapagmana sa lahat ng Kanyang nagawa at pag-aari. Pag-aari natin ang lahat ng Kanyang pag-aari. Maghahari tayo kung paano Siya naghahari. Ang lahat ay pag-aari ng Diyos, samakatuwid ang lahat ay pag-aari natin. Wala kung gayun ang pwedeng magmalaki kung ano ang kayang gawin ng tao, “Ang sinulat ni Pablo sa mga kapwa mananampalataya. “Sa totoo lang, ang lahat ay pag-aari mo.” (1 Corinto 3:21) Lahat! Ikaw at ako ay tunay na mga tagapagmana ng Diyos! Ayon sa “Contemporary English Version”, “Ang lahat ay sa iyo, kasama ang mundo, buhay, kamatayan, ang kasalukuyan at ang hinaharap. Ang lahat ay sa iyo.” Pag-isipan mo ang mga katotohanang ito sa loob ng isa o dalawang araw. Kay Cristo, ikaw at ako ay higit na mayaman kaysa sa pinakamayamang tao sa mundo!

Subalit may isang mahalagang paalala. Sa nabanggit na mga talata sa Roma 8 ay maliwanag na sinasabing *kung*. Mayroong kundisyon sa ating mamanahin; sa madaling salita, hindi ito automatiko sa bawat Kristiyano. Ano ba ang kundisyon? Kailangan nating magdusa kasama Siya. Basahin natin muli ang mga talatang ito. Upang tayo ay makapasok sa realidad ng pagiging kaisang tagapamahala kasama ni Cristo Hesus. Kailangan nating harapin at pagtagumpayan ang anumang hadlang sa ating dinaraan, tulad ng Kanyang ginawa. Pansinin ang mga salitang *magdusa na kasama Siya*. Ang pagtagumpayan ang oposisyon ay hindi madali na para lang namamasyal sa parke o pamimitas ng bulaklak. Ito ay isang labanan, at ang paghihirap ay kaakibat ng labanan.

Subalit para sa atin, ito ay hindi isang paghihirap na ang dulot ay pagkatalo. Sa Roma 8:18 inihayag ni Pablo na ang pagharap natin sa pagdurusa ay maaaring maging positibo at puno ng pag-asa: “Para sa akin, ang mga pagtitiis natin sa kasalukuyan ay hindi maihahambing sa kaluwalhatian ng mahahayag sa atin balang araw.” Ito ang susing prinsipyo na nais kong maunawaan ninyo at panghawakan ninyo nang mabuti:

Kahit gaano katindi ang pagdurusa (thlipsis) na baharapin mo, ang kahirapan ay wala lang kung ihahambing sa antas ng pamumuno na tatahakin mo kapag ito ay iyong naipasa.

Kung tama ang panananaw natin sa pagiging Kristiyano, magkakaroon ng paghihirap; subalit sa bawat matagumpay na labanan, may mas dakilang kaluwalhatian ng kalakasan at karunungan na mananaig sa atin. Hindi lamang tinutukoy ni Pablo ang kaluwalhatian ng ipagkakaloob sa atin sa kalangitan; tinukoy din niya ang mga kapakinabangan nito sa atin sa kasalukuyan nating buhay. Kapag tayo ay nanaig sa mga kahirapan, tayo ay susulong (o papasok) sa mas malawak na antas ng pamumuno.

MAGDUSA KASAMA SIYA

Sa pagtingin natin sa mga salitang *magdusa kasama Siya*, dapat tayong magtanong, Paano naghirap si Hesus? Dito maraming nalilito, dahil may dalawang uri ng pagdurusa. Ang isa ay alang-alang sa katuwiran at ang isa naman ay alang-alang sa kamunduhan. Hayaan mong ipaliwanag ko ito.

Ang isang uri ng paghihirap ay nangyayari dahil ang mundong ito ay nasa ilalim ng paghahari ng kasamaan. (1 Juan 5:19) Bilang resulta nito, malupit at masama ang nangyayari sa mga tao araw-araw. Ang mga sanggol ay ipinalalaglag o inaabuso, ang mga batang babae ay sapilitang ipinapasok sa pagka-aliping seksual (*sexual slavery*), ang malalang mga sakit na nagpapaikli ng buhay, ang laganap na kahirapan at gutom, mga di-pagkakaunawaang sumisira at naghihiwalay sa mga pamilya, ang mapangwasak na pagkalulong sa mga masasamang bisyo—’yan ang maikling listahan. Walang mabuti at kapakinabangan sa pagdurusang ito. Ito ay malungkot at masakit, subalit ito ang mga resulta ng kasalanan ni Adan nang isuko niya ang kanyang kapamahalaan sa malupit na panginoon.

Ang ikalawang uri ng pagdurusang ay, para sa katuwiran. Ito ang ating pagtutuunan ng pansin, dahil ito ang klase ng pagdurusang na tinutukoy nina Hesus at Pablo. Lahat ng pagdurusang para sa katuwiran, kapag napagtiisan sa pamamagitan ng lakas ng Panginoon, ay mayroong pakinabang. Ang mga resulta nito ay laging kaluwalhatian. Pinalalakas tayo sa ating pagtagaw na maghari.

Ipinakita ni Hesus ang mga ito para sa atin sa Kanyang buong ministeryo. Alalahanin natin, tayo ay nakatalagang magdusa kasama Niya kung maghahari tayong kasama Niya. Kaya paano Siya nagdusa? Naghanda si Hesus ng tatlung-taon para sa ministeryo at pagkatapos nabautismuhan sa ilog ng Jordan ng isang kilalang propeta na ang pangalan ay Juan.

Nang si Hesus ay nabautismuhan, ang langit ay bumukas at bumaba ang Banal na Espiritu sa Kanya sa katawan at anyo ng isang kalapati. Nagsalita ang Diyos Ama mula sa langit upang marinig ng lahat, “Ikaw ang Aking pinakamamahal na Anak na lubos Kong kinalulugdan.” (Lucas 3:22).

Isipin mong kasama ka sa maraming taong nakakita ng kamanghamanghang pangyayaring ito, ang makalangit na pagkumpirma kay Hesus. Maraming lider ng bansa, pulitika at ministeryo ang nakasaksi din nito.

Ngayon kung tayo si Hesus, karamihan sa atin ay mag-iisip, *Ito ang tamang panahon upang simulan ang aking ministeryo! Kailangan kong ibigay ang aking unang mensahe ngayon, na narito ang mga taong ito sa paligid. Sa katunayan, pinaghandaan ko ito ng tatlung-taon. Marahil ay maaari*

akong umupa ng marketing and promotional team na maaaring kumuha ng napakahalagang pangyayaring ito. Alam ng mga naririto ngayon na ako ang tinawag ng Diyos para sa oras na ito.

Iyan ay makatwiran at matalinong pagtugon, hindi ba? Subalit, sa halip, ito ang ginawa ni Hesus: “Mula sa Jordan, bumalik si Hesus na puspos ng Espiritu Santo. Dinala Siya ng Espiritu sa ilang sa loob ng apatnapung araw, at doon Siya’y tinukso ng diyablo. Hindi Siya kumain ng anuman sa buong panahong iyon, kaya’t Siya’y nagutom. (Lucas 4:1-2). Maraming mananampalataya ang nag-aakala na si Hesus ay nasubok lamang sa dulo ng apatnapung araw na pamamalagi Niya sa disyerto. Ngunit hindi ‘yan nangyari. Habang ang Ebanghelyo ay nag-ulat ng tatlong pagsubok na tiniis ni Hesus, maliwanag ding ipinahiwatig na Siya ay nasubok (sa madaling salita ay nagtiis ng matinding paghihirap) sa buong apatnapung araw.

Pansinin natin kung sino ang nagdala sa Kanya sa disyerto. Hindi ang demonyo ang nagdala sa Kanya doon, kundi, ang Kanyang Ama, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Maaaring isipin ng iba, *Bakit kaya dadalhin ng Diyos ang Kanyang Anak sa disyerto kung saan alam Niya na si Hesus ay haharap sa matinding paghihirap at oposisyon?*

Isang katotohanan na makatitiyak tayo na hindi tayo dadalhin ng Diyos sa bagyo na wala Siyang ibibigay sa atin na kapangyarihan upang mapagtagumpayan.

(Akin pang susuportahan at ipapaliwanag ang prinsipyong ito sa susunod na kabanata.)

Ang maaari na nating matutunan dito ay hindi nilikha ng Diyos ang *thlipsis* o matinding paghihirap. Alam

Niya na tayo ay nakatira sa isang sirang mundo at kung tayo ang sasakop at maghahari dito, tayo ay tiyak na haharap sa pagtutol mula sa pwersa ng kadiliman. Samakatuwid, sinasanay tayo ng Diyos sa lahat ng lugar na alam Niyang kaya nating pangasiwaan upang palakasín tayo sa mas malawak na tagumpay.

Sinasanay tayo ng Diyos sa mga larangang alam Niyang kaya nating pamahalaan para sa mas malawak na tagumpay.

Si Hesus ay pumunta sa ilang na puspos ng Banal na Espiritu matapos Siyang mabautismuhan at makaenkwentro ng *thlipsis* sa sumunod na apatnapung araw. Alalahanin nating hinubad Niya ang Kanyang mga banal na karapatan upang lumakad sa gitna natin bilang isang taong puspos ng biyaya. (Filipos 2:7 at Lucas 2:40). Siya ay nakipaglaban at nagtagumpay sa kaaway, at ni minsan ay di nagpatalo sa mga tukso ng diyablo. Pagkatapos ng apatnapung araw, “Si Hesus ay bumalik sa Galilea taglay ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu, at ang balita tungkol sa Kanya ay naipalaganap sa buong rehiyon.” (Lucas 4:14).

Siya ay pumunta sa disyerto na puspos ng Espiritu ng Diyos, ngunit matapos mapagtagumpayan ang kahirapan mula sa mabigat na tukso, bumalik Siya sa kapangyarihan ng Espiritu ng biyaya.

Balikan natin ang mga salita ni Pablo sa Roma 8:18: “Para sa akin, ang mga kahirapan sa kasalukuyan ay hindi maikukumpara sa kaluwalhatiang mahahayag sa atin balang araw.” Ang talatang ito ay pwede nang basahing “Para sa akin ang mga kahirapan sa kasalukuyan ay hindi maikukumpara sa kapamahalaan at kapangyarihang mahahayag sa atin balang araw. Si Hesus ay pumasok sa mas malawak na antas ng kapamahalaan matapos Siyang matagumpay na pumasa sa mga *thlipsis* o pagsubok.

Binigyang diin ito ni Apostol Santiago ng ganito: “Mapalad ang taong nagtitiis (di nagpapapigil manatili sa katotohanan) sa ilalim ng pagsubok, sapagkat kung malagpasan niya ang pagsubok, tatanggap siya ng korona ng buhay na ipinangako ng Panginoon sa mga umiibig sa kanya.” (Santiago 1:12).

Pansinin natin na kapag napagtagumpayan ninyo ang pagsubok, katulad ni Hesus na apatnapung araw sa disyerto, ikaw ay tatanggap ng “korona ng buhay.” Alam ko na kaya mong gumawa upang matanggap ang korona bilang gantimpala sa langit sa araw ng paghuhukom. At ito ang totoo.

Subalit ako ay naniniwala na ang tinutukoy ni Santiago ay hindi lamang pisikal na koronang ipuputong sa langit, kundi ang pagpasok ngayon sa mas mataas na antas ng kapamahalaan sa buhay na ito.

Ang korona ay naghahayag ng kapamahalaan. Ano ang kasama ng kapamahalaan? Kapangyarihan.

Si Hesus ay pumunta sa ilang na puspos, subalit bumalik Siya na may *kapangyarihan*. Alalahanin nating papasok tayo sa paghahari kung

magdurusa tayo kasama Niya. Kaya kung tayo ay nagdusa ng *thlipsis* at pumasa sa pagsubok sa pamamagitan ng hindi pagsuko at ng hindi nagpapapigil na pagsunod sa Salita ng Diyos, habang ang buong impyerno ay galit na galit, – dito ay mayroong agarang pakinabang: malawak na kapamahalaan o paghahari sa larangan ng buhay na ating pinanindigan.

ANG PATOTOO NG AKING BIYENANG BABAE

Ang ina ng aking asawang si Lisa ay isang magandang halimbawa tungkol sa pangakong ito. Noong 1979, nasuri si Shirley ng kanyang doktor sa Indiana na may *breast cancer*. Ito ay hindi maagang nadiskubre, kaya kumalat na ang cancer sa kanyang *lymph nodes*.

Ang kanyang dibdib ay inalis kasama ang 3% ng kanyang *lymph nodes*, at tinaningan na ng doktor ang kanyang buhay.

Nais ni Shirley ng ikalawang opinyon, kaya siya ay pumunta sa MD Anderson Hospital sa Houston, Texas, na kinikilalang isa sa pinakamahusay na ospital sa Amerika na gumagamot ng cancer. Ang kanyang doktor ang nagsisilbing pinuno ng *oncology department*. Hindi maganda ang naging resulta ng kanyang pagsusuri dito. Matapos na ibigay niya ang resulta ng pagsusuri na tulad din ng sinabi ng unang doktor, dagdag pa niya, “Malala na ang iyong kalagayan, may matinding hatol,” di ba?” Naisip ng doktor na kung susunod na mabuti ni Shirley ang payo ng kanyang doktor siya ay maaaring mabuhay pa ng dalawang taon o posibleng tatlong taon na ang pinakamahaba. Wala na silang nakikitang lunas sa kaso ni Shirley.

Ang inihatol sa kanya ay matinding *radiation*. Pagkatapos, iniuwi siya sa Indiana ng mga dalawa o tatlong linggo upang magpahinga at balik ulit sa Houston para sa *chemotherapy*.

Habang nasa Houston, tumawag si Shirley sa isang sikat na pambansang ministeryo sa telebisyon upang siya ay ipanalangin. Nagkataon naman na ang lalakeng tumanggap ng kanyang tawag ay kilala ang mag-asawang namamahala sa mga outpatient na pasilidad sa MD Anderson. Kaya tumawag ang lalake doon at hinikayat na siya ay hanapin at ipagpatuloy ang pagmiministeryo sa kanya. At kumonekta naman ang mag-asawa

kay Shirley. Siya ay dinala sa kanilang simbahan, sa ball games at sa mga hapunan. Sa buong panahong ito ay naibabahagi nila kay Shirley ang mga pangakong nakapagpapatibay sa pananalig niya sa mga pangako ng Salita ng Diyos.

Si Shirley ay isang bagong Kristiyano. Bago natuklasan na siya ay may cancer, siya ay naturuan ng mga panimulang aralin tungkol sa pananampalataya ng asawang babae na nasa ministryo.

Sa kanyang pagbalik sa Indiana, siya ay nananghali kasama ang kanyang tagapagturo, na nagsabi kay Shirley na hindi lahat ay pinagagaling ng Diyos. Ang kanyang kaibigang ito ay nagbigay pa ng halimbawa ng ibang mga Kristiyano na hindi pinagaling sa mga malubhang karamdaman. Habang si Shirley ay nagbahagi ng Salita ng Diyos tungkol sa pag-asa na ibinahagi sa kanya ng mag-asawang nasa Houston, nainis ang babae dahil hindi nakikinig sa kanyang payo si Shirley.

Dahil dito, si Shirley ay nalito. Nang siya ay bumalik sa Houston upang magpa-*chemotherapy*, ang mag-asawa ay patuloy na kinatagpo siya at araw-araw na hinihikayat sa Salita ng Diyos. Sa huli, si Shirley ay nanampalataya mula sa kaibuturan ng kanyang puso na ang Salita ng Diyos tungkol sa kagalingan ay totoo. Wala na siyang pag-aalinlangan sa mga sinabi ng Diyos sa Kanyang Salita. Siya ay gagaling!

Nang magdesisyon si Shirley na ihinto na ang *chemotherapy*, inisip ng kanyang doktor na wala na siya sa tamang pag-iisip. Nang siya ay umalis sa ospital, sinundan siya ng doktor sa elevator, binigyan siya ng babala na ang kanyang desisyon ay maaaring magpaikli ng kanyang buhay. Subalit si Shirley ay desidido. Tuluyan siyang umalis at hindi na bumalik sa MD Anderson. Umuwi siya sa kanilang tahanan, at doon ay ibinuho niya ang Salita ng Diyos sa kanyang buhay araw-araw, sa pakikinig ng mga mensahe ng Diyos at sa Bible Study.

Hanggang ngayon, makalipas ang tatlung taon, si Shirley ay nanatiling malusog at nakatira sa bahay na malapit lang sa amin. Sa katunayan, sa edad na pitumpu't lima siya ay manggagawa sa *church relations department* ng aming ministryo. Kasama sa pangkat ng pitong katao na pinagkukunan ng mahigit dalawampung libong mga simbahan sa United States ng aming mga aklat at kurikulum.

Sa kanyang gawain, tinulungan niya ang maraming mga pastor at manggagawa ng simbahan na makita ang pagkukuhanan ng kanilang mga pangangailangan.

Sa lahat ng taon ko sa ministryo, kaunti lamang ang natagpuan kong tulad ni Shirley na napakadaling ipanalangin upang gumaling sa karamdaman. Noong minsan, bago pa lamang kaming kasal ni Lisa, ako ay umuwi galing sa trabaho, at si Shirley na dumalaw sa amin – ay nagkasakit ng matinding trangkaso. Nang ako ay pumasok, si Shirley ay pagapang na umaakyat sa hagdan papunta sa kanyang higaan. Wala siyang lakas na lumakad. Nang makita niya ako, ang sabi niya, “John, kailangan mo akong ipagdasal na maalis ang lagnat na ito sa akin.”

Habang ako ay nananalangin para sa kanya, ang kapangyarihan ng Diyos ay napakalakas, at mararamdaman hanggang ang aking biyenang literal na tumumba sa sahig at nawalan ng malay tao. Pagkatapos siya ay tumalon, masayang umikot, at ang sabi, “Gusto ko kayong ipaghanda ng hapunan!”

At ipinagluto nga niya kami ng masarap na hapunan. Natawa ako sa loob ko at napaisip, *Wow, ganito din ang nangyari kay Pedro*. Ang kanyang biyenang ay nagkasakit at pinagaling siya ni Hesus. Pagkatapos, siya ay tumayo at ipinagluto sila ng kanilang makakain. (Mateo 8:14-15)

Hindi lang madali para kay Shirley na makatanggap ng pagpapala sa panalangin, masipag din siyang manalangin para sa iba na gumaling mula sa kanilang karamdaman.

Mula noon hanggang ngayon, si Shirley ay nanatiling ligtas sa cancer at naging malusog sa loob ng tatlung taon at patuloy na dinudugtungan ng Diyos ang kanyang buhay. Dahil sa hindi nagpapapigil na paglaban sa matinding *thlipsis* sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, siya ay nakatanggap ng korona ng buhay sa larangan ng pagpapagaling. Siya ay nakapagtiis at nagtagumpay sa pagsubok na ito at ngayon nga ay naghahari sa bahagi ng buhay na ito na kanyang tiniis.

MGA MANANAGUMPAY

Ang iba ay mayroon ding ganoong patotoo katulad ni Oral Roberts. Siya ay nasa langit na ngayon subalit ang kanyang buhay at mga nagawa ay nagpapatuloy. Sa gulang na labingpito, si Oral ay muntik nang mamatay dahil sa sakit na tuberculosis. Siya ay di nagpapigil na labanan ang karamdamang ito sa pamamagitan ng Salita ng Diyos at panalangin. Dumating nga ang panahong kinumpirma ng kanyang doktor. Katulad ni Shirley, si Oral ay tumanggap ng korona ng buhay sa larangan ng pagpapagaling, at milyun-milyong tao ang lumakas at gumaling dahil sa kanyang buhay at ministryo.

Ako ay mayroong kaibigan na ang pangalan ay Jimmy na maraming taon nang pastor at naimpluwensiyahan ang marami sa kanyang ministryo. Sa batang edad, siya ay sinukuan na ng mga doktor, subalit dinala siya kay Oral Roberts sa isang gawain. Matapos siyang ipanalangin ni Oral, si Jimmy ay mahimalang gumaling.

Paano kung hindi nagpunyagi si Oral mula sa kanyang pagkabata? Nasaan kaya ang aking pastor na kaibigan ngayon – katulad ng milyun-milyong iba pa na nakatanggap ng kagalingan mula sa ministryo ni Oral Roberts? Paano rin ang mga taong naapektuhan ng buhay ni Pastor Jimmy tungo sa buhay na walang hanggan – nasaan din kaya sila ngayon? Si Oral ay pumasok sa paghahari. Ang buong resulta ng di nagpapapigil na pananampalataya ay malalaman sa araw ng paghuhukom.

Tingnan naman natin ang buhay ni Kenneth E. Hagin. Siya ay pinanganak sa McKinney, Texas noong 1917 na may problema sa puso. Si Kenneth ay sinuri at natuklasang mayroong kakaiba at walang lunas na karamdaman sa dugo. Naratay siya sa banig ng karamdaman sa edad na labing-anim at hindi na inaasahan na mabuhay pa kapag lumagpas ng pagiging binatilyo. Noong Abril 1933, siya ay namatay ng tatlong beses at nakita niya ang impyerno, at sa bawat pagkakataon ay milagro siyang nakababalik. Ibinigay ni Kenneth ang kanyang buhay sa Panginoong Hesus. Siya ay di nagpapigil na manampalataya at labanan ang kanyang karamdaman sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Isang pastor na dumalaw at umaliw sa kanya ang nagsabing, “Kumapit ka lang, anak. Matatapos na yan sa loob ng ilang araw.” Pagkalipas ng isang taon, si Kenneth ay

bumangon mula sa “banig ng kamatayan” at pagkatapos ng ilang panahon ay, nag-umpisa siyang mangaral.

Ang ministeryo ni Kenneth Hagin ay naging tanyag sa buong mundo. Nakapagpalathala siya ng animnapu’t limang milyong mga aklat at nagpatayo ng *Bible Training Center* na nakapagpatapos ng higit sa tatlong libong lalake at babae, marami doon ang naglingkod nang *full-time* sa ministeryo. Pagkalipas ng animnapu’t limang taon sa ministeryo, si Kenneth ay umuwi na sa Panginoon, subalit ang kanyang pamanang espirituwal ay nagpatuloy. Siya ay nakatanggap ng korona ng buhay sa larangan ng pagpapagaling ng mga maysakit, at bilang resulta nito, ang hindi mabilang na dami ng tao na gumaling at nabago ang buhay dahil sa kanyang matapat na paglilingkod.

Paano kung si Kenneth Hagin ay hindi nagpatuloy? Ano ang mang-yayari sa milyun-milyong tao na hindi maapektuhan ng kanyang buhay?

Ang tatlong tao na aking ibinahagi ang mga kuwento sa inyo – ang aking biyenang babae, si Oral Roberts, at si Kenneth Hagin – ay magkakatulad. Sila ay inatake, dinaya ng kaaway, at inalipusta. Ang asawa ng kaibigan ni Shirley ay hindi na siya pinansin o kinausap nang si Shirley ay manampalataya sa Diyos para sa kanyang kagalingan. Nang nabubuhay pa sina Oral Roberts at Kenneth Hagin, inakusahan sila na nasa mali, labis (o extreme), mga erehe, o kinasihan ng demonyo. Subalit, ano ang sinabi ni Hesus tungkol sa mga bagay na iyon? “Kahabag-habag kayo kung kayo ay pinupuri ng lahat ng tao, sapagkat gayundin ang ginawa ng kanilang mga ninuno sa mga huwad na propeta.” (Lucas 6:26)

Mayroong mga mangangaral at mga mananampalataya na pinagaan at pinalawak ang mensahe ng kaharian upang gumaan ang pakiramdam ng mga nakikinig. Dahil sa takot na masaktan ang iba o kaya naman ay masabihang “hindi marunong makibagay (*intolerant*)” o “nagpakalabis” (*extreme*), sila ay umaalis sa pakikipaglaban sa mabuting laban ng pananampalataya. Para sa kanila, anumang mangyari ay kalooban ng Diyos at dapat na tanggapin nang maluwag sa loob. Inalis nila ang mga nakatitised na bahagi ng Ebanghelyo, samantalang Siya ay sinasabing “batong katitisan.” Ang Salita ng Diyos ay tinawag si Hesus na isang “batong nakatitised,” subalit Siya ay pinagmistulang isang maliit na bato na lamang na hindi makatitised kaninuman.

Ang mga pastor na ito, mga ministro, at mga mananampalataya ay gusto lamang na mapuri ng lahat; at hindi sila maakusahan na labis (*extreme*), erehe, o kaya naman ay kinasihan ng demonyo. Subalit lahat ng mga akusasyong ito ay ikinapit kay Hesus. Hindi siya nagpapigil sa katotohanan. Inilantad Niya ang pandaraya ng mga gustong mapuri lamang ng ibang tao. Siya ang nagsabi, “Ibilang ninyo ang inyong sarili na pinagpala kapag mayroong nangungutya sa inyo o kaya naman ay itinakwil kayo o sinisiraan ang inyong pangalan.” (Lucas 6:22, MSG) Kabaligtaran ito ng puro papuri at mabuti ang nasasabi tungkol sa isang tao.”

Ang katotohanan ay ito: kung nais mong maging mananampalatayang walang makapigil o isang taong naghahari sa buhay, malamang na ikaw ay sisiraan ng puri, lalapastanganin, hindi uunawain, at lalayuan ng mga taong kunwari ay sumusunod sa Panginoon subalit kuntento na sa kumportableng buhay. Hahangarin nilang siran ka upang mabigyan ng katuwiran ang walang malasakit nilang mga gawi. Ginawa nila ito sa mga totoong propeta ng Lumang Tipan, kasama si Juan na Tagapagbautismo, maging si Hesus, at ang mga pinuno sa Bagong Tipan. Ganoon din ang ginagawa nila ngayon.

Ang pinakamatinding paghadlang na pagdadaan mo ay madalas na mula sa mga nagsasabing sila ay nakakakilala sa Diyos. Ito ay nagsisimula sa kasinungalingan tungo sa paninira, hanggang ikaw ay mawala sa kanilang landas. At ito ay maaari pang lumala katulad ng sinabi ni Hesus: “Dumat-ing na ang panahon na ang papatay sa iyo ay mag-aakala na sila ay naglilingkod sa Diyos.” (Juan 16:2)

Gusto mo bang maghari sa buhay para sa kaluwalhatian ng Diyos? Gusto mo bang magkaroon ng epekto sa buhay ng ibang tao para sa Kanyang kaharian nang habang buhay? Gusto mo bang sabihin sa iyo ng Panginoon na, “Magaling! Mabuti at tapat kong lingkod” sa dakilang araw na iyon? Kung gayun, pagpasiyahan mo ngayon: Ikaw ay haharap sa *thlipsis*, minsan medyo matindi, ngunit kailangan mong tiisin at pagtagumpayan.

Kung talagang nais mong pumasok sa paghahari at handa kang magtiis, magpatuloy sa pagbabasa. Ang pinakamainam ay parating pa lang.

SINO ANG NASA LIKOD NG KAGULUHAN?

“Dahil ipinagkaloob niya sa inyo, hindi lamang ang manalig sa kanya, kundi ang magtiis din naman alang-alang kay Cristo.”

FILIPOS 1:29

Nakahihikayat ang unang bahagi ng Filipos 1:29, “Dahil ipinagkaloob...” Kung ating maririnig ang mga salitang ito nang hindi nalalaman ang mga salitang kasunod sa talata, tayo’y masigasig na magtatanong, “Ano nga ba ang ipinagkaloob sa akin? Ano’ng pangako ang naghihintay sa akin?”

Ang sagot: “Magtiis para sa Kanya.”

Ano? Ang mabigyan ng pribilehiyo na magtiis ay hindi matatanggap ng pag-iisip ng maraming tao. Subalit ang Diyos ay hindi mandaraya; imposible para sa Kanya na balakin man lang ang ganoong gawain, dahil hindi Siya sinungaling. Sa simpleng tingin, ang talatang ito ay mistulang isang panloloko, subalit sa may pang-unawa, ito ay totoong nakakapanabik na pangako. Alam ito ng mga lumalakad at nagpapatuloy sa paglago kay Cristo mula sa kaibuturan ng kanilang mga puso: *mas matinding laban, mas dakilang tagumpay*.

Tingnan natin ang isang matapat na sundalo na dumaan sa matinding pagsasanay. Alam niya ang kahalagahan ng pakikipaglaban; na ito ay isang oportunidad upang magwagi. Siya ay mayroong pusong mananakop at nagnanais na pagsilbihan ang layunin ng kanyang hari. Kung ang laban ay maipamalita, siya at ang kanyang tropa ay nagsasaya sa oportunidad na

magtagumpay at makapagbigay-karangalan sa hari at benepisyo sa mga tao. Ipinagkaloob ito sa kanya, alang-alang sa hari at sa kaharian, na maghirap sa labanan upang siya ay magtagumpay. Nakikita mo ba ang kaugnayan nito sa Filipos 1:29?

Maaari mong sabihin, “Ngunit hindi naman ako sundalo, wala akong balak na manakop.” Kung ikaw ay na kay Cristo, ikaw ay totoong sundalo, dahil ang binhi ni Cristo ay ibinigay sa iyong espiritu. Si Hesus ang pinakadakilang mandirigma na nabuhay dito sa daigdig. Pakinggan ninyo ang sinabi ng Bibliya tungkol sa Kanya: “Sa katuwiran, Siya ay naghusga at Siya ay nakipagdigma. Ang Kanyang mga mata ay parang nagliliyab na apoy... mula sa Kanyang bibig ay matalas na tabak” (Pahayag 19:11-12, 15). Ikaw ay nalikhang mula sa wangis at larawan Niya; taglay mo ang Kanyang katangian. Dahil si Hesus ay mandirigma, ikaw rin ay mandirigma. Kaya nga, tayo ay paulit-ulit na pinaaalalananan patungkol sa pakikipaglaban sa Bagong Tipan. Katulad ng sinulat ni Pablo,

“Hindi ito tulad ng isang paligsahan sa bandang hapon na maaari mong iwan at kalimutan makalipas ang ilang oras. Ito ay panghabang panahon, isang buhay-o-kamatayang pakikipaglaban hanggang wakas sa diyablo at kanyang mga kampon.” (Efeso 6:12,MSG)

Gusto ko ang kaparaanan kung paano kinuha ng Bibliyang *The Message* ang sinabi ni Pablo. Tayo ay nasa buhay o kamatayang pakikipagdigma upang tapusin ang digmaan na hindi maaaring iwasan. Sinulat niya ang katulad na mensahe sa simbahan sa Corinto: “Tayo ay mga tao, ngunit hindi tayo nakikipagdigma sa pamamagitan ng mga plano at kaparaanan ng tao. Ginagamit natin ang makapangyarihang sandata ng Diyos.” (2 Corinto 10:3-4). Maliwanag dito na tayo ay mga sundalo sa isang espirituwal na digmaan! Ikaw ay nilikha para sa labang ito. Ikaw ay mandirigma sa kaibuturan ng iyong puso. Hinihikayat tayo ni Pablo na, “Kunin mo ang iyong bahagi sa kahirapan, bilang isang tapat na sundalo ni Cristo Hesus. Ang isang sundalo na nasa aktibong serbisyo ay nagnanais na bigyang kasiyahan ang kanyang pinuno.” (2 Timoteo 2:3-4) Kailangan mong tanggapin sa iyong puso at isipan, dahil ito ang totoo: kay Cristo, ikaw ay isang sundalo.

Bilang sundalo, maaari mong tahakin ang landas ng isang duwag sa pamamagitan ng pag-iwas o pagtakbo sa labanan, o kaya naman ay maaari

mong tahakin ang daan ng isang bayani sa pamamagitan ng masugid na pakikipaglaban upang magtagumpay. Nakalulungkot na kapag pinili mo ang una at maaalala ka bilang nang-iwan sa ere. Piliin mo ang daang nilalakaran ng magiging, at ikaw ay makatatanggap ng parangal para sa isang bayani mula sa iyong hari.

Mahal kong kaibigan kay Cristo, alam ko na nasa iyong puso ang pag-nanais na bigyang kasiyahan ang iyong Hari, maluwalhati Siya at mabuhay para sa Kanya. Kaya nga lang, kapag ang laman ang namayani, ito ang pipigil upang makuha mo ang pribilehiyo na makibahagi sa kahirapan ni Cristo.

Mula sa aklat ng Roma, mapapansin natin na tayo ay maghahari kasama ni Cristo. Maliwanag na talagang kailangan nating harapin at pagtagumpayan ang mga oposisyon at pagdurusa. Subalit dapat nating tingnan ito nang may magalak na pag-asam, na ang pagtitiis ay ipinagkaloob at hindi dapat katakutan. *Mas matinding labanan, mas dakilang tagumpay*—at sa kahuli-hulihan ay mas dakilang kaluwalhatian. At heto pa ang totoong magandang balita: *hindi mo kailangang matalo sa labanan*, dahil ipinangako sa atin, “Ngayon, tayo ay nagpapasalamat sa Diyos na Siyang nangunguna sa atin upang magtagumpay kay Cristo.” (2 Corinto 2:14).

HINDI NANG-AABUSO NG ANAK ANG DIYOS

Sa nakaraang kabanata, ipinakita natin ang mga sumunod na pangyayari matapos ang bautismo ni Hesus. Ang Banal na Espiritu ang nagdala sa Kanya sa ilang, kung saan si Hesus ay tinukso sa loob ng 40 araw at gabi. Ang Diyos, hindi ang diyablo, ang nagdala sa Kanya sa ilang. Alam ng Diyos na ang Kanyang Anak ay susubukin nang matindi, subalit dinala Siya roon para sa isang layunin. Ang prinsipyong itinuturo sa atin dito ay: *Hindi tayo dadalhin ng Diyos sa bagyo o unos na hindi Niya tayo bibigyan ng kapangyarihan upang ating mapagtagumpayan*. Ilagay ninyo ang katotohanang ito sa inyong puso nang panghabang buhay, dahil ito ang magpapalakas sa inyo sa gitna ng mga pagsubok.

Ipinaliwanag na mabuti ni Hesus na hindi Siya gumagawa o nagsasabi ng kahit na ano na hindi galing sa Kanyang Ama. Siya ay ganap na pina-

ngunahan ng Espiritu ng Diyos: “Wala akong ginagawa batay sa sarili Kong kapangyarihan. Ang ipinapasabi lamang ng Ama ang Siya kong sinasabi.” (Juan 8:28)

Isang araw, pagkatapos ng maghapon pagtuturo sa maraming tao, si Hesus ay napagod. Mayroon akong ideya kung ano ang Kanyang naramdaman. Sa maraming beses na ako ay nagturo ng apat o limang beses nang buong maghapon, ako ay napagod nang husto. Maging sa aking pagsakay pauwi ng hotel sa gabi, hindi ko na kayang magising pa para makipag-usap sa aking *host* sa lugar na iyon.

Ito rin ang alam kong totoo kay Hesus. Dumating ang gabi at handa na Siya upang humimlay ngunit pinangunahan Siya ng Banal na Espiritu na sabihin sa Kanyang mga disipulo na sumakay sila sa bangka at tumawid ng dagat. Sa kabilang ibayo, may isang taong inaalihan ng demonyo na kailangan nilang tulungang makalaya. Sumakay sa bangka at nakatulog kaagad si Hesus.

Isang matinding unos ang bumugso sa dagat. Apat sa kanyang mga kasamahan ang sanay na sanay sa tubig, halos buong buhay nila. Alam nila ang lagay at galaw ng dagat at maging kung paano harapin ang mga bagyong paparating. Subalit hindi ito pangkaraniwang bagyo. Kaya nang tumama ang malakas at sunod-sunod na alon sa bangka, ginising nila si Hesus at pasigaw na nagsabi, “Hindi ka ba nag-aalala na baka mamatay tayo?” Natitiyak nilang hindi nila malalagpasan ang matinding *thlipsis* na iyon.

Sa kalagitnaan ng bagyo, sa palagay ninyo ang Banal na Espiritu at Ang Ama ay natataranta? Naisip ba ninyo sa inyong imahinasyon na sila ay nag-uusap nang masinsinan, “Mahirap paniwalaan ito! Hindi natin inaasahan o

Alam ng Banal na
Espiritu... ang lahat
mula sa simula
hanggang dulo.

naisip ang bagyong ito ay darating! Ano ang gagawin natin? Hay, naku! Bakit ba natin sinabi kay Hesus na pumakabilang ibayo? Napakalaking pagkakamali!”

Nakakatawa kapag ating inisip, di ba? Ngunit siyempre, hindi ganoon ang nangyari. Alam ng Banal na Espiritu na ang bagyo ay darating, dahil alam Niya

ang lahat mula simula hanggang dulo. “Ako lang ang makapagsasabi sa inyo ng mangyayari bago pa ito maganap.” (Isaias 46:10) Pinangunahan Niya si Hesus sa bangka na may buong kaalaman na may paparating na bagyong nakamamatay. *Subalit hindi tayo dadalhin ni Hesus sa bagyong hindi Niya tayo bibigyan ng kapangyarihang ito’y mapagtagumpayan.* Nang gumising na si Hesus, Siya ay pumunta sa harapang bahagi ng bangka at inutusan ang bagyo na manahimik. Pagkatapos, hinarap naman Niya ang Kanyang mga alagad at pinagsabihan, “Bakit kayo natatakot? Bakit wala kayong pananampalataya?” (Marcos 4:40)

Bakit kaya pinagsabihan ni Hesus ang Kanyang mga kasamahan? Bakit Niya tuwirang sinabi na “wala silang pananampalataya”? Bago sila umalis sa pampang, sinabi Niya sa kanila, “Tumawid tayo sa kabila” (talata 35). Hindi Niya sinabi na, “Pumunta tayo sa kabila at sa gitna ay lulubog.” Alam sana nila na sapat ang biyaya (kapangyarihan) ng mga salita ni Hesus upang dalhin sila sa kabilang ibayo. Sana ay pumunta sila sa harap ng bangka at sinigaw ang mga salitang ito, “Bagyo, hindi mo kami maaaring patayin, o pigilan! Makararating kami sa kabilang ibayo dahil iyon ang sabi sa amin ng aming Panginoon, ‘Pumunta tayo sa kabilang ibayo’, Kaya umalis ka sa aming daraanan!”

Alam ng Diyos na ang bagyo ay darating, subalit binigyan Niya ang mga alagad ni Hesus ng kapangyarihan at kapamahalaan upang pagharian ang bagyo. *At ito ang susi ng lahat.* Ang naghihiwalay sa taong talunan at sa kanya na naghahari sa buhay ay ang kaalaman na ang labanan at ang mga suliranin sa buhay ay hindi maiiwasan— at ‘di katulad ng mga natural na tao—tayo ay may kapangyarihang maghari sa mga dumarating na di magagandang pangyayari. Kaya maaari nating kayanin, at kailangan nating lumaban nang hindi sumusuko hanggang ito ay ating mapagtagumpayan. Hayaan natin na ang 2 Corinto 2:14 ay maging totoo sa ating buong pagkatao: “Ngunit salamat sa Diyos na lagi Niya tayong sinasama sa parada ng tagumpay kay Cristo.”

Kung ang sitwasyon ay iniwan sa mga alagad, at sa kanilang makitid na pananaw, lahat sila ay maaaring lumubog at nalunod. Subalit, si Hesus ay determinadong sumunod na paglabanan ang bagyo, hindi lang upang sila ay mabuhay kundi upang maabot ang lalaking inaalihan ng demonyo sa kabilang ibayo ng lawa at mapalaya.

Hindi tumigil doon ang mga magagandang benepisyo dahil ipinamalita ng lalaking pinagaling ang kaharian ng Diyos sa sampung siyudad ng Decapolis. Sa dulo, maraming mga kaluluwa ang nadala sa kaharian. Pinangunahan ng Banal na Espiritu si Hesus at ang kanyang grupo sa unos, ngunit hindi layunin ng Diyos na sila ay mapagharian nito. Ang pokus ng Diyos ay nasa kaluwalhatian sa kabilang ibayo ng unos.

Kung ating tatanungin ang mga apostol ngayon, “Sulit bang pagdaanan ang bagyo upang makitang mapalaya ang lalaki?”, Malamang ang kanilang isasagot ay, “Siyempre!”

Tingnan natin ang isa pang kaso. Si Apostol Pablo ay nasa isang misyon na pinangunahan ng Espiritu sa Jerusalem. Ngunit ito ang naghihintay sa kanya:

Ngayon, sa utos ng Espiritu, ako’y pupunta sa Jerusalem, at hindi ko alam kung ano ang mangyayari sa akin doon. Ito lamang ang aking alam: sa bawat bayang dinalaw ko, ipinahayag sa akin ng Espiritu Santo na ang naghihintay sa akin doo’y pagkabilanggo at kapighatian. (Mga Gawa 20:22-23)

Ang salitang Griyego para sa kahirapan, katulad ng sinabi sa una, ay *thlipsis*. (Nakita na natin ang salitang ito, di ba?) Kaya nga ang Banal na Espiritu ay ginabayan si Pablo upang mapunta sa lugar na makararanas siya ng matinding kapighatian. Gayunpaman, ang Diyos ay laging magbibigay ng biyaya na magtagumpay tayo sa mga balakid upang matagpuan natin ang daan na nararapat nating tahakin.

Ano ang naging resulta ng matatag na paninindigan ni Pablo sa gitna ng kahirapan? Hindi lang ang mga Judio at Hentil ng Jerusalem ang nakarinig ng ebanghelyo; ganoon din ang mga mamamayan ng Imperyo ng Roma – pati ang mga sundalo, mga hukom, mga hari ng mga rehiyon, at si Caesar mismo! Lahat ng ito ay mula sa isang tao na pinangunahan ng Banal na Espiritu. Hindi ang Diyos ang pinagmulan ng bagyo o kahirapan, subalit alam Niya na si Pablo ay haharap dito dahil sa magulong mundo na ito na lihis sa kaparaanan ng Diyos. Gayunpaman, ang pag-ibig ni Cristo ang nag-udyok kay Pablo upang sumunod sa pangunguna ng Espiritu ng Diyos, at nagbigay sa kanya ng biyaya upang ito ay mapagtagumpayan. Si Pablo ay nagbuod ng kanyang lakbayin sa kanyang mga sinulat, “Mula sa

lahat ng mga ito, (mga kapighatian) ang Diyos ang nagligtas sa akin.” (2 Timoteo 3:11) Ang mga salita niyang ito ay katulad ng sinabi sa isang salmo o awit: “ Siya (Ang Diyos) ang nagpalaya sa atin sa lahat ng kapighatian.” (Awit 54:7) Hindi sa mga ilan lang na pagsubok o sa karamihan ng mga pagsubok, kundi sa *lahat ng mga pagsubok*. Sa *lahat* ng pagsubok. Ito ay isang daang porsyentong sa lahat!

At ang mga pangakong ito ay para sa iyo at sa akin!

PAYO NG MAGULANG

Noong ang panganay naming anak na si Addison ay nasa unang baitang, nakaenkuwentro siya ng mga *bully* o mapang-aping mga bata sa kanyang klase. May mga hapon na siya ay umuuwing umiiyak dahil sa pagtrato sa kanya ng ilang mga batang naglalaro sa may palaruan. Marahil nahuhulaan na ninyo kung ano ang nais kong gawin bilang kanyang ama. Gusto kong pumunta sa palaruang iyon, suntukin ang mga batang iyon, at sila ay balaan nang pagalit, “Huwag ninyong kahit kailan hawakan o saktan ang aking anak!” Subalit may tatlong problema sa pamamaraang ito. Una, ang aking gagawin ay hindi makadiyos. Pangalawa, ang ganoong kilos ay hindi makakatulong upang umayos ang pagkatao ni Addison. At pangatlo, hindi ko sakop ang palaruan na iyon. Ang palaruang iyon ay hindi para sa akin, kundi lugar para sa aking anak upang kanyang pagharian—upang siya ang mamahala.

Kaya ako ay nagpakahinahon, at kami ni Lisa ay nagpasya na turuan si Addison kung paano niya haharapin ang mga problema na nararanasan niya sa buhay. Gabi-gabi, ang kanyang ina at ako ay nagbibigay ng payo sa kanya at tinutulungan siya upang lakaran ang mga kahirapan sa buhay na naenkuwentro niya sa mga *bully*. Pinapasok namin siya sa paaralan noong sumunod na araw na armado ng sapat na stratehiya upang maharap niya ang mga *bully* na buo ang kanyang loob. (At siyemepre naman, kung alam naming nasa panganib ang aming anak na si Addison, tatawagan namin ang kanyang guro at *principal*.)

Samakatuwid, pagkatapos niyang matagumpay na pagdaanan ito at ang iba pang mga pagsubok sa pagiging bata, si Addison ay naging magaling sa pakikitungo sa mga tao. Taong 2004 nang siya ay sumama sa

aming ministryo bilang isang *staff* sa *entry-level position*. Noong panahong iyon, mayroon kaming mga 40 na manggagawa na ang mga edad ay mula *teenager* hanggang sa 60 taon. Sinabihan ko ang mga namamahala na hindi bibigyan si Addison ng espesyal natrato kahit siya ay aking anak. Pagkalipas ng anim na buwan, ang aming mga namamahala ang nagsabi sa akin na, “Nais po naming itaas ang posisyon ng inyong anak bilang mamumuno sa *Church Relations Department*.” Ang departamentong ito ang isa sa pinakamahirap na gawain sa ministryo, kaya tinanong ko kung bakit ang anak kong si Addison ang itataas at ilalagay bilang tagapanguna dito. “Dahil ang inyong anak ay nagpamalas ng mga katangiang dapat taglayin ng isang mamumuno”, ang sagot nila.

Si Addison nga ang nanguna sa departamento at ito ay lumago. Nakuha niya ang tiwala ng kanyang mga tao at ang buong mga manggagawa sa ministryo. Nakita nila ang kanyang galing at talino sa paglutas ng mga problema at pag-aayos ng mga gusot. Ngayon, sa edad na 25, siya na ang *Chief Operating Officer* ng *Messenger International* at nagtatrabaho nang mahusay. Nakuha niya ang loob at respeto ng kanyang mga kamanggagawa. At nagtiwala sila sa kanyang pamumuno.

Ngayon ang tanong ko ay: Paano kaya kung noong si Addison ay nasa unang baitang ay tinanggal ko siya sa paaralang iyon upang maiwasan ang mga mapang-aping bata at sa bahay ko na lang siya tinuruan? Makatwiran ba na pabalikin ko siya sa kanyang paaralan, samantalang alam na alam kong siya ay aapihin sa bawat araw? Marami siguro ang hindi ito ang gagawin. Ganoon din naman, ang Diyos ay hindi nagiging masamang Ama kapag tayo ay hinahayaan niyang tumahak sa mga baku-bakong landas—mga lugar na dapat nating pasukin at sakupin sa Kanyang paghahari. Alam Niya sa bandang huli, ito ang magpapatatag sa atin at magbibigay sa Kanya ng kaluwalhatian.

ANG PINAGMUMULAN NG KAHIRAPAN

Bago tayo magpatuloy, dapat maging maliwanag kung saan nagmumula ang *thlipsis* at ang kalooban ng Diyos para sa atin sa gitna ng mga iyon. Kung sisiyasatin nating mabuti ang paksang ito, kailangan nating magingat dahil marami ang maaaring matisod dito, at lalo na sa tatlong bahagi

ng buhay. Kaya dahil sa kahalagahan nito, nais kong iukol ang natitira pang bahagi ng kabanatang ito upang ito ay ipaliwanag nang husto bago tayo magpatuloy sa pagpasok sa paghahari.

Ang mga halimbawa na ating natunghayan sa puntong ito ay nagsasalarawan sa atin na ang Diyos ay hindi pinagmumulan ng *thlipsis*. Sa halip, ang *thlipsis*, o ang matinding kaguluhan, ang pagdurusa, at ang kapighatian ay galing sa pwersa ng kadiliman sa mundong ito. Ito ba ay laging totoo? Kailangan nating pag-isipan ang sagot sa katanungang ito, dahil kung iniisip mong ang pagdurusa ay galing sa Diyos, ikaw ay hindi na kailangang lumaban upang ito ay pagtagumpayan.

Ang isang sundalo na patungo sa labanan ay natitiyak kung sino ang kanyang kalaban. At kung siya ay matalino, aalamin niya ang mga taktika ng kanyang kaaway. Hindi malabo sa isang mandirigma kung sino ang kanyang kaaway. Subalit, sa mahigit na tatlumpung taon ko sa ministryo, nakita ko na marami sa mga mananampalataya ang hindi alam kung sino ang nasa likod ng mga kahirapan na kanilang hinaharap. Nakalulungkot, na hindi nila nauunawaan ang mga stratehiya at mga gawain ng kaaway nang sabihin Niya sa atin na kailangan nating maging matalino “upang hindi tayo maisahan ng kaaway dahil alam natin ang kanyang mga plano.” (2 Corinto 2:11)

Paano natin malalaman ang mga taktika ni satanas? Sinabi ni Hesus sa atin! “Ang layunin ng kaaway ay magnakaw, pumatay at manira.” Sinabi ni Hesus, “Ang layunin ko ay magbigay ng ganap na buhay.” (Juan 10:10)

Sa bandang unahan ng Juan 10, tinukoy ni Hesus na ang “magnanakaw” ay si satanas at ang kanyang mga kampon. Tinawag din siya ni Hesus na “naghahari sa mundo”. (Juan 16:11) Ang tawag naman ni Pablo kay satanas ay “diyos ng sanlibutan” (2 Corinto 4:4) at “prinsipe ng kaharian ng kadiliman”. (Efeso 2:2) Siya ang nagtatakda ng sistema ng sanlibutan. Si satanas mismo ang pinagmumulan ng kaguluhan. Kaya sinabi ni Pablo,

“Sapagkat hindi tayo nakikipaglaban sa mga tao, kundi sa mga pinuno, sa mga maykapangyarihan, at sa mga tagapamahala ng kadilimang umiiral sa sanlibutang ito – ang mga hukbong espirituwal ng kasamaan sa himpapawid.” (Efeso 6:12)

Ang salita ng Panginoon sa Juan 10:10 at ang salita ni Pablo sa mga taga-Efeso ay naghahayag sa atin na walang pag-aalinlangan na ang kahirapan na nagmumula sa pagnanakaw, pagpatay, o pagwasak ay galing sa impluwensiya ng kapangyarihan ng kadiliman na inilarawan sa Efeso 6:12. Sa kabilang banda, ang layunin ni Hesus ay ang maipahayag ang kalooban ng Diyos Ama. Kaya ang layunin ng Diyos para sa iyo ay buhay na may kaganapan. Tuwing ikaw ay humaharap sa anumang uri ng kagipitan, kahirapan, o kapighatian, gamitin mo ang mga salita mula sa Juan 10:10 upang makatiyak ka kung ang Diyos ba o ang kaaway ang nasa likuran ng mga pangyayari. Upang maipakita kung paano ito nangyayari, tingnan natin ang ilang mga halimbawa.

KAHIHIYAN PAGKATAKOT, PAG-UUSIG

Kung susuriin ang nadaramang kahihiyan, pagkatakot at pag-uusig, ayon sa sinasabi sa Juan 10:10, maliwanag na ito ay galing sa kaaway at hindi galing sa Diyos.

Ngunit upang makatiyak, ating suriin ito nang mas malalim. Sinulat ng mang-aawit na, “Purihin (magiliw, may lubos na papuri at pasasalamat) ang Diyos, O kaluluwa ko, at huwag kaligtaan ang kahit anuman(kahit isa) sa Kanyang ginawa – Siyang nagpatawad (bawat isa) ng lahat kong kasalanan, Siyang nagpapagaling ng lahat (bawat isa) kong karamdaman.” (Awit 103:2-3, AMP)

Isipin mo ang pinakamapagkakatiwalaang tao na iyong nakilala. Siya ba ay ang iyong asawa, mga magulang, lolo o lola, o ang iyong doktor? Ang taong ito ay hindi kahit kailan nanloko o nagsinungaling sa iyo. Sana mayroon kang isa man lang na taong ganoon sa iyo sa nakaraan o sa kasalukuyan mong buhay. Isipin mo na ang taong ito ay nangako sa iyo nang harapan. At hindi lang iyon, siya rin ay may kapangyarihang tuparin ang mga ito.

Ngayon, isaisip mo ito: Ang Diyos ay higit pang pinakamapagkakatiwalaan kaysa sa taong iyong naisip: Sinabihan Niya tayo na huwag nating kalimutan ang kahit isa man sa kanyang mga ginawa. Kahit isa. Ang unang ginawa Niya ay pinatawad Niya ang ating mga

kasalanan. Kamangha-mangha! Napakabuti Niya, sobra Siyang maawain, napakatinding pag-ibig! Kung hindi mo pa nagawa ito, paniwalaan mo ito nang buong puso: *Ikaw ay napatawad na kay Cristo Hesus*. Wala kang kasalanang nagawa na hindi kayang burahin ng dugo ni Hesucristo. Kaya kung ang kahihyan, pagkatakot, o ang pag-uusig ay nag-uumpisa sa iyong kaluluwa dahil sa iyong inisip, sinabi, o ginawa mula sa iyong nakaraan, ngunit ikaw ay nakahingi na ng tawad sa Diyos, hindi Siya ang nasa likod ng iyong masamang pakiramdam. Pakinggan ninyo ang mga salitang sinabi ni Pablo tungkol sa mga bagay na ito:

“Sino ang makapaghaharap ng paratang laban sa mga hinirang ng Diyos, gayong ang Diyos ang nagpapawalang sala sa kanila? Sino ang hahatol na sila’y parusahan? Si Cristo Hesus na pinatay, ngunit higit sa lahat ay muling binuhay, ngayon ay nasa kanan ng Diyos upang mamagitan para sa atin.” (Roma 8:33-34)

Napakaliwanag ng pagkakahayag, “Sino ang maaaring magharap ng paratang sa atin...ang Diyos ba? Hindi! Sino ang makapaghuusga sa atin? Si Cristo Hesus ba? Hindi!” Isipin mo na lang: Ipinadala ng Diyos si Hesucristo upang mamatay para sa atin noong tayo’y mga kaaway pa. Si Hesus ay sumang-ayon na ito ay gawin, at ang Banal na Espiritu ay isinakatuparan ito. Bakit ang Diyos Ama, Anak o ang Espiritu Santo ngayon ang huhusga at ilalagay tayo sa kahihyan o ibibilang tayong makasalanan, samantalang ngayon ay hindi na tayo kaaway kundi mga anak na ng Diyos? Bakit ka pa Niya uusigin kung ipinataw na ito sa Korderong inialay? Hindi pa ba sapat ang sakripisyo ni Hesus? Hindi ba ito pangwalang hanggan?

Ang manunulat ng Hebreo ang nagbigay katiyakan sa atin,

“Higit ang nagagawa ng dugo ni Cristo, sa pamamagitan ng walang hanggang Espiritu, inialay Niya sa Diyos ang Kanyang sarili bilang handog na walang kapintasan. Ang Kanyang dugo ang lumilinis sa ating puso at isipan sa mga gawaing walang kabuluhan upang tayo’y makapaglingkod sa Diyos na buhay.” (Hebreo 9:14)

Ang sakripisyo ni Cristo ay hindi lang nagwasak ng kasalanan natin sa harap ng Diyos, nilinis din nito ang ating konsyensya mula sa pag-uusig, pagkatakot, at kahihyan na dulot ng kasalanan. Kaya kung ikaw ay nabubuhay para sa Kanya at nagnanais na sumunod sa Kanyang kagustuhan,

subalit ikaw ay ginagambala ng ganitong mga kaisipan o pakiramdam na galing sa kaaway, sa kanyang pagtatangka na ikaw ay hilahin pababa, kailangan mong harapin nang matindi ang pakikipagdigma sa kaaway na pinanggagalingan nito. Paano? Katulad ng kung paano eksaktong kinalaban ni Hesus ang kaaway noong Siya ay tinukso sa disyerto: sa pamamagitan ng Salita ng Diyos! (Ako ay magiging mas tiyak hinggil dito sa mga susunod na kabanata.)

Subalit kung, at ang ibig kong sabihin ay *kung*, ikaw ay nabubuhay na may pagsuway sa kalooban ng Diyos, malamang ang iyong sariling puso ang umuusig sa iyo. Sinulat ni Juan, “Kung sakaling tayo ay usigin ng ating kunsensya, alam natin na ang Diyos ay higit sa ating budhi at alam Niya ang lahat ng bagay. Mga minamahal, kung hindi tayo inuusig ng ating budhi, makalalapit tayo sa Diyos na panatag ang ating kalooban.” (1 Juan 3:20-21) Ang salitang *pag-uusig* sa talatang ito ay hindi nangangahulugan ng “sentensya sa isang hatol,” na madalas na kahulugan nito. Sa halip, ang kahulugan ng salitang Griyego na *kataginosko* ay “bigyang-pansin laban sa,” “maghanap ng mali” o “manisi”.

Ang ating kunsensya ang nag-iingat at nagpapanatili sa atin upang tayo ay hindi mapalayo sa Diyos. Kung tayo ay nasa ganitong kalagayan at hindi lumalago, tayo ay itutuwid ng Banal na Espiritu na tulad ng Diyos Ama na nagsasabi, “Anak, bigyang-pansin mong mabuti kapag ikaw ay itinutuwid ng Panginoon, at huwag kang mawalan ng pag-asa kapag ikaw ay Kanyang itinatama.” (Hebreo 12:5) Siya ang nagtutuwid sa atin upang tayo ay Kanyang ibalik sa pakikiisa sa Kanya at tayo ay gawing katulad Niya – hindi upang tayo ay patayin, pagnakawan, o wasakin.

Palagi nating pakatatandaan na ang pag-uusig at pagtutuwid ay may kaakibat na hindi magandang pakiramdam–parehong masakit! “Ngayon, walang pagtutuwid ang masaya sa kasalukuyan, bagkus masakit.” (Hebreo 12:11) Gayunpaman, mayroong malaking kaibahan ang dalawa. Ang pag-uusig ay hindi magbibigay sa iyo ng daan palabas; ito ay nag-iiwan ng kahihiyan at pagkatakot upang tayo ay pahirapan nang habangbuhay. Ang pagtutuwid ay nag-aakay sa atin sa daan palabas: ito ang daan ng pagsisi.

Ang pinakapunto dito, kung ang iyong kunsensya ay nakaaalam ng iyong pagsuway, lalong alam ng Diyos, dahil Siya ay mas higit kaysa sa iyong kunsensya. Kaya, paiksiin natin ang listahan ng ating mga pagkukulang

sa Kanya; magsisi tayo agad sa ating pagsuway at ito ay ating ipahayag sa Kanya. Patatawarin ka Niya. Ganoon lang kasimple.

Sinulat ni Juan, “Sinulat ko ito sa iyo, anak ko, upang ikaw ay hindi magkasala; subalit ang sinumang nagkasala, mayroon tayong isa na naninikluhod sa Ama para sa atin – si Hesucristo.” (1 Juan 2:1)

Pansinin natin na si Juan ay hindi nagsabi na “kapag ikaw ay nagkasala.” Hindi, ang layunin ay hindi ka na magkasala. Ang kamalayan sa pagkakasala (*sin consciousness*) ang nag-uudyok sa atin upang bumalik sa kasalanan, subalit ang kamalayan sa tamang katayuan sa Diyos (*right-standing-with-God consciousness*) ay ang nagdadala sa atin palayo sa kasalanan. Ang kaalamang ito ang tutulong sa iyo upang maalala mo na ang kapangyarihan ng kasalanan ay naputol na sa iyong buhay at ang biyaya ay naibigay na sa iyo upang makalakad ka nang ganap na malaya mula sa kasalanan, sa loob at labas. “Dahil ang kasalanan ay wala ng kapangyarihan laban sa iyo,” tiniyak ni Pablo, “ikaw ay..nasa ilalim na ng biyaya.” (Roma 6:14)

Kaya ang layunin ay hindi upang magkasala. Ang biyaya ng Diyos ay nagbibigay sa atin ng kapangyarihan upang magawa natin ang adhikaing ito. Subalit kung (mulí, aking binibigyang diin ang *kung*) tayo ay nagkasala, dapat nating harapin ito at manampalataya sa mga pangako ng Salita ng Diyos: “Kung ipahahayag natin ang ating mga kasalanan sa Kanya, Siya ay tapat at matuwid na magpapatawad sa atin at maglilinis sa atin sa bawat karumihan.” (1 Juan 1:9)

Ang *tapat* ay nangangahulugang Siya ay nagpapatawad sa bawat pagkakataon, kahit na sino ka o anuman ang iyong nagawa. Kaya kapag ikaw ay Kanyang nilinis mula sa bawat pagkakamali, na ibig sabihin ay kahit anumang pagkakamali, ikaw ay malinis na sa Kanyang harapan, at parang hindi ka nagkasala. Ang dugo ni Cristo ang nag-alis ng iyong kasalanan, kung gaano kalayo ang silangan sa kanluran!

Ang isa sa mga balakid sa isang mananampalataya na maghari sa buhay ay ang pagiging makasalanan. Kapag tayo ay nagpatuloy na makipaglaban sa kahihiyan, pagkatakot o pag-uusig mula sa kasalanan na ipinahayag at pinagsisihan na sa buhay, ito ay nakakapagpahina sa atin. Nakita ko ang maraming tao na lumayo sa kanilang pananampalataya dahil sa sobrang pag-uusig at kahihiyan mula sa kaaway at hindi galing sa Diyos. Pakiramdam nila

sila ay nagkasala ng minsan hanggang sa dumami, o kaya ang nagawa nila ay hindi na mapapatawad kahit hindi na sila sinisisi ng Diyos. Ginagamit ni satanas ang kanilang isipang hindi nabago upang sila ay lalong usigin at bigyang kahihiyang at kawalang-pag-asa. Kaya sila ay lumalayo o kaya naman ay nagpapasyang magkaroon ng pananampalatayang walang silbi at puspos ng takot. Sa halip na maghari sa buhay, sila ang pinaghaharian ng buhay.

Kaya panindigan mo na: Kung ikaw ay nagkasala ngunit lubos na nagsisisi at nagpahayag ng kasalanan sa Diyos, humarap ka sa Kanya na parang hindi ka nagkasala. Tanggapin mo ang Kanyang pagpapatawad. Sa pamamagitan ng Kanyang kamangha-manghang biyaya ay ginawa Niya itong ganyan kasimple. Paniwalaan mo lamang.

Mahalagang idagdag ito sa iyong kaalaman: Kung ikaw ay totoong anak ng Diyos, ikaw ay magnanais na higit pa sa lahat ay bigyan Siya ng kasiyahan, dahil ang Kanyang binhi ay nasa iyo. Subalit ang nagpapatuloy sa pagsuway ay hindi talaga isinilang na muli. Kung ikaw ay naghahanap ng lisensya upang magkasala, ikaw ay nasa delikado at mapandayang kalagayan. Sa tuwid na pananalita, ikaw ay hindi ligtas. Ang Bibliya ay maliwanag na nagsasabi, “Sila na patuloy na nagkakasala ay hindi talaga nakakakilala sa Kanya o kung sino Siya...nagpapahayag na sila ay sa kampon ng kadiliman.” (1 Juan 3:6-8)

KASAKITAN, KARAMDAMAN, KAHINAAN

Anong klaseng kapangyarihan ang dulot ng biyaya upang mapagharian ang kasakitan, karamdaman, o anumang kahinaang pisikal? Ating pagbalik-aralan ang katotohanang isinulat ng mang-aawit:

“Purihin (na may giliw, nang buong pasasalamat) ang Diyos, ng buong kaluluwa, at huwag kalimutan ang lahat (kahit isa man) ng Kanyang ginawa, – Siya na nagpatawad sa bawat isa ng lahat ng kanyang mga kasalanan, Siya na nagpagaling sa bawat isa ng kanilang mga karamdaman.” (Awit 103:2-3)

Muli, isipin mo ang tao na lubos mong pinagtitiwalaan sa iyong buhay, pagkatapos ay ituring mong di hamak na mas higit na dapat pagkatiwalaan

ang Diyos. Hindi Siya sumisira sa Kanyang mga pangako. Ang unang ginawa ng Diyos, na nabanggit sa Awit 103, ay tapat na nagpapatawad sa bawat mga kasalanan natin. At hindi lang diyan nagtatapos ang lahat, dahil sa ating mga nabubuhay ay iniutos na hindi natin dapat kalimutan ang iba pang biyaya: Ang Diyos, na imposibleng magsinungaling, ang nagsabi, “Pinagaling ko ang bawat isa sa inyong mga karamdaman.” Hindi Niya sinabing karamihan sa inyong sakit, o kaya naman ang 98% ng inyong sakit – hindi, ito ay 100% ng ating mga kasakitan. Ang Kanyang pagpapagaling ng ating mga karamdaman ay bahagi ng katubusan na ginawa ng ating Panginoong Hesucristo, katulad ng nagpapatawad sa ating mga kasalanan. Sinabi na noong una pa lamang ni Isaias ang pagtitiis na pagdadaan ni Hesucristo para lamang sa ating kalayaang espirituwal at pisikal:

“Tunay ngang inalis Niya ang ating mga kahinaan, pinagaling Niya ang ating mga karamdaman. Subalit inakala natin na iyo’y parusa ng Diyos sa Kanya. Ngunit dahil sa ating mga kasalanan, kaya Siya nasugatan; Siya ay binugbog dahil sa ating mga kasamaan. Tayo ay gumaling dahil sa pahirap na dinanas Niya at mga hampas na Kanyang tinanggap.” (Isaias 53:4-5)

Ang salitang Hebreo para sa *kapighatian* na isinulat ni Isaias ay *choli*. Ito ay binigyang kahulugan ng *Strong’s Concordance* bilang “karamdaman, kalungkutan, kasakitan”. Ang kilalang iskolar sa Bibliya na si Henry Thayer ay binigyan ito ng kahulugang “pagdadalamhati, kasakitan, kalungkutan, karamdaman, at sakit”. Ang salitang ito ay natagpuan ng 24 na beses sa Lumang Tipan, at 21 beses na ito ay naipahayag bilang sakit o karamdaman. Naisip ko na maliwanag sa mga talatang ito na ang *choli* ay tumutukoy sa mga salitang “sakit”, o “karamdaman”.

Ang *Amplified Bible* ay sumusuporta sa salitang ito: “Tunay ngang dinala Niya ang ating kalungkutan (mga sakit, kahinaan, at mga problema). At sa Kanyang mga latay na sumugat sa Kanya, tayo ay naging ganap!” (Isaias 53:4-5) Ang sinasabi naman ng *World English Bible*, “Tunay na dinala Niya ang ating kasakitan...at sa Kanyang mga latay tayo ay gumaling!” Ang sabi naman ng *New English Translation*, “Inalis Niya ang ating mga kasakitan...dahil sa Kanyang mga sugat tayo ay gumaling.”

Hindi sumisira
ng pangako ang
Diyos.

Hindi ito aksidente na ang mang-aawit at si Isaias ay inilagay ang pagpapatawad sa mga kasalanan at kagalingan sa mga karamdaman sa iisang pangungusap. Parehong bahagi ang mga ito ng katubusan na ginawa ni Hesus sa atin sa kalbaryo.

Sa ebanghelyo, makikita natin na wala kahit isa man sa mga lumapit kay Hesus na tinanggihan upang gumaling. Hindi kahit kailan sinabi ni Hesus, “Kailangan mong tiisin ang karamdamang ito dahil tuturuan ka ng leksyon ng Aking Ama mula dito.” Kaya lang naririnig ko ang mga mananampalataya, at kahit na mga tagapagturo na sinasabi ang mga ito. Kailangan nating maging totoo: “Bakit magbabago si Hesus ngayon? Sinabihan tayo na Siya ay pareho noon, ngayon at magpakailanman.” (Hebreo 13:8) Hindi Niya tayo itataboy ngayon, tulad ng hindi Niya tinanggihan ang sinuman noong Siya ay nasa mundo. Karagdagan pa rito, kung nananampalataya ka na ang Diyos ay may itinuturo sa iyo mula sa kasakitan, bakit ka pumupunta sa doktor upang magpagamot? Bakit mo lalabanan ang itinuturo ng Diyos sa iyo? Nakikita mo ba ang pagiging ilohikal ng kaisipang ito?”

Kahit na ang Aklat ng mga Gawa ay nagpapahayag na walang kahit isa mang lumapit at naghanap ng kagalingan mula sa Diyos na tinanggihan. Kahit minsan, hindi sinabi ng mga apostol, “Hindi namin alam kung kalooban ng Diyos na ikaw ay pagalingin, kaya umasa ka na lang na sana gustuhin Niya.” Sa halip, ang kagalingan ay siguradong kalooban, hindi dapat tanggihan ang sinumang naghahanap, dahil sabi ng Isaias 53 at Awit 103, ang kagalingan mula sa karamdaman ay bahagi ng pagkatubos sa atin ni Hesus katulad sa kapatawaran. Kung itatapon natin ang isa, dapat itapon din natin ang iba pa!

Hindi nalalayo sa nagaganap ngayon. Ang mga sakit, karamdaman, o mga pisikal na kahinaan ay kasama sa pagnanakaw ng kaaway, pagpatay at paninira. Ito ay mga kahirapan na tiyak tayo na dapat labanan dahil sa pinalaya na tayo ni Hesus sa mga ito sa pamamagitan ng Kanyang sakripisyo sa krus ng kalbaryo. Ang mga ito ay tiyak na hindi kalooban ng Diyos para sa ating buhay. Ang kabuuan ng katubusan na ginawa ni Hesus ay nanatiling matibay at kumpleto: Kaya nga isinulat ni Pablo, “Nawa’y lubusan kayong gawing banal ng Diyos na Siyang nagbibigay ng kapayapaan. At nawa’y panatilihin Niyang walang kapintasan ang buo

ninyong katauhan, ang espiritu, kaluluwa at katawan, hanggang sa pagparito ng ating Panginoong Hesucristo.” (1 Tesalonica 5:23) Isinali niya dito ang ating katawan, kaluluwa at espiritu, upang ipakita na nais ng Diyos na ang ating espiritu at kaluluwa na maging ganap, nais Niyang ganoon din ang mangyari sa ating katawan, ayon sa kung paano Niya tayo nilikha.

Naririnig ang iba na nagsasabi na, “Subalit mayroon akong nakita na taong nananampalataya na siya ay gagaling ngunit namatay.” Hayaan mong itanong ko ito: “Ang atin bang pananampalataya ay ibabatay sa karanasan ng iba o sa sinasabi ng walang hanggang Salita ng Diyos?” Kailangan mong tanggapin nang buo sa iyong isip at puso ang mga katotohanang ito. Tulad ng sinulat ni Pablo, “Kung hindi naging tapat ang ilan sa pagsunod sa Diyos, nangangahulugan bang hindi na rin tapat ang Diyos sa pagtupad sa Kanyang pangako? Aba hindi! Sapagkat tapat ang Diyos sa Kanyang mga salita, maging sinungaling man ang lahat ng tao. Gaya nga ng sinabi sa Kasulatan, ‘Mapapatunayang tapat ka sa iyong salita, at laging tama sa iyong paghatol.’ (Roma 3:3-4)

Sa madaling salita, hindi naman natin alam talaga ang pinaniniwalaan sa kanyang puso ng isang taong namatay. Maaaring paulit-ulit niyang sinasabi ang kanyang pananampalataya sa kakayahan ng Diyos na magpagaling. Subalit sa totoo lang, maaaring ito ay paraan lang upang maitago ang kanyang takot na hindi gumaling. Ang pananampalataya ay hindi nag-aalinlangan sa pangako ng Diyos sa ating puso. Ang isang tao ay maaaring magsabi ng isang bagay na inaakala niyang tama, subalit, sa kaibuturan ng kanyang puso, iba ang kanyang pinaniniwalaan.

Kaya paano natin maipoproseso ang karanasan ng iba na hindi ayon sa sinasabi ng kasulatan – na hindi tayo nagiging mapanghugsa? Halimbawa, may isang miyembro ng pamilya o kaibigan ang namatay dahil sa karamdaman? Ang epektibong paraan na aking nasubukang mainam gawin sa ganitong mga pangyayari ay ang mga sumusunod: Ang salita ng Diyos ay nagtuturo sa atin na tayo ay nasa isang takbuhin. Sa takbuhin, ang isang kalahok ay mayroong linyang susundan. Kung ang karanasan ng isang tao ay hindi nakalinya sa mga saligang katuruan ng kasulatan, ito ay nararapat lamang na hayaan mo sa may-ari ng linya subalit hindi mo dapat dalhin ito sa iyong sarili. Ito ay sa pagitan lamang ng taong iyon at ng Diyos, na isang mahabagin at matuwid na Hukom. Sa ganitong paraan ang iyong

pananampalataya ay hindi manghihina. Gayunpaman, kung mayroong iba na nagpatotoo na nakalinya sa walang hanggang Salita ng Diyos, ito ang kunin mong makatutulong sa iyong linya ng pagtakbo upang ikaw ay palakasin.

Kinakailangan mong yakapin sa kaibuturan ng iyong kalooban ang sinasabi ng Salita ng Diyos bago mo matanggap ang pangakong ito. At kapag ito ay iyong ginawa, ikaw ay hindi susuko sa iyong paniniwala – ka tulad ng isang taong nagngangalang Bartimaeus.

Noong iniwan ni Hesus ang Jericho kasama ang Kanyang mga alagad, maraming mga tao ang nakapaligid sa Kanya. Isang bulag na ang pangalan ay Bartimaeus ang nakaupo sa tabi ng daan. Nang malaman niya na si Hesus ay dumaraan, siya ay paiyak na tumawag sa Panginoon. Maraming nasa paligid na tao ang nagalit sa kanya. Pinagsabihan nila si Bartimaeus na huwag gambalain ang Guro. Subalit lalo siyang sumigaw nang malakas! Heto ang isang lalaki na ang pundasyon ng pananampalataya ay katulad ng nasa kanyang isip ang nasa kanyang puso. Kung si Bartimaeus ay hindi nanampalataya nang buong puso na ang Diyos ay nagnanais na siya ay gumaling, hindi sana siya nagpursigi – lalo na pagkatapos na siya ay pagalitan ng mga taong nakapaligid sa kanya. Tumahimik na lang siya siguro at nag-isip nang ganito: *Dahil si Hesus ay hindi naparito para ako ay pagalingin, ito ay nangangahulugan na gusto ng Diyos na pagtiisan ko ang aking pagkabulag.* Subalit si Bartimaeus ay hindi naniwala sa kasinungalingang iyon. Tingnan natin ang sumusunod na pangyayari:

Kaya si Hesus ay tumigil sa paglalakad. (Marcos 10:49)

Kamangha-mangha! Si Hesus ay pumunta sa Jerusalem nang nakatu-tok talaga sa layunin kung bakit siya pinadala; Siya ay nakatuon sa Kanyang dapat gawin. Maraming mga tao ang nakapaligid sa Kanya at marami rin ang may mga pangangailang-pisikal, subalit ang mga pangangailangang ito ay hindi pumigil sa kanya upang isantabi ang Kanyang misyon. Ngunit ang bulag na lalaki na umiyak kay Hesus ay hindi napatahimik. Walang pagkontra, walang pagpipigil na nakapagpatahimik sa kanya. Ang kanyang tinig, hindi ang katahimikan ng iba, ang nagpatigil kay Hesus. Si Hesus ay nagsabi, “Sabihin mo sa kanya na pumarito.” Kaya ang mga alagad ay tinawag ang bulag na lalaki. “Magalak ka,” sabi nila. “Halika na, tinatawag ka na Niya!” (Marcos 10:49)

Maliwanag na ang mga taong nakapaligid kay Bartimaeus ay hindi mapagkalinga. Sa katunayan, sila ay kumontra sa kanyang marubdob na kahilingan. Gayunpaman, hindi siya naawat. Si Bartimaeus ay hindi nagpapigil sa kanyang pananampalataya. Inihagis niya ang kanyang balabal bilang pulubi, at tumalon patayo, at nagpaakay sa mga alagad na lumapit kay Hesus.

Kaya tinanong ng Panginoon sa kanya, “Ano ang gusto mong gawin Ko para sa iyo?” Seryoso ba si Hesus? Anong klaseng tanong yan. Isang bulag na tao, na inakay papunta sa Kanya, tinanong pa kung ano ang kailangan. Hindi pa ba maliwanag? Bakit kailangang itanong pa ni Hesus ito? Siya ba ay bulag sa pangangailangan ng pulubi? Nang-iinsulto kaya si Hesus? Tiyak na hindi! Ang Panginoon ay nagnanais na makita ang katibayan ng pananampalataya ni Bartimaeus.

Kung sinabi ni Bartimaeus na, “Alam ko na sobra naman kung hihingin ko ang aking paningin, kaya maaari ba na pagalingin mo na lang ako sa sakit ng ulo na nasa akin na ng mga ilang araw? Eh, di iyon lang ang kanyang matatanggap. Alam natin na ito ay totoo sapagkat sinabi ni Hesus sa bulag na nakakita: “Humayo ka. Ang pananampalataya mo ang nagpagaling sa iyo.”

Hindi sinulat ni Marcos ang tungkol sa mga tao na hindi nakatanggap ng kagalingan; siya ay tumutok sa mga tao na gumaling. Huwag mong hayaan ang kuwento ng iba na hindi gumaling ang maglayo sa iyo upang maging matibay ka sa iyong pananampalataya. Pakinggan mo akong mabuti sa aking sasabihin: *Huwag kang maging mapanghusga sa mga hindi nakatanggap mula sa Diyos, subalit huwag mong payagan na ang kanilang kuwento ang pumasok sa iyong puso bilang katibayan.* Dineklara ni Pablo, “Ano naman kung ang iba ay hindi nanampalataya? Ang hindi ba nila paniniwala ang magpapawalang saysay sa katapatan ng Diyos? Siguradong hindi!” (Roma 3:3-4). Ang isa lamang na ebidensiya na nararapat nating payagan sa ating mga puso ay iyong mga patotoo na nakalinya sa Salita ng Diyos.

ANG KAKULANGAN AT KAHIRAPAN

Binibigyan ba tayo ng biyaya ng kapangyarihan na maghari sa kakulangan at kahirapan?

Sa iba pang mga kadahilanan, maraming tao ang naniniwala na ang pagiging makadiyos ay lalong nahahayag sa pamamagitan ng kakulangan. Sa ibang labis naman na kaso, may mga taong inaako ang kahirapan bilang paglilingkod nila sa Diyos. Ang kaisipang ito ay hindi tama sa kapahayagan ng Filipos 4:19, na sinabi ni Pablo nang may katiyakan sa kanyang mga kapatiran, “Ang Diyos ang malayang magbibigay (pupuno ng ganap) sa iyong bawat pangangailangan ayon sa Kanyang mayamang biyaya kay Cristo Hesus.”

Kung iyong babasahin ang talatang iyon sa konteksto na sinasabi ni Pablo sa mga mananampalataya, maliwanag na ang tinutukoy niya ay ang tungkol sa pananalapi. Ang ating pangangailangan ay matutugunan – hindi ayon sa ating ekonomiya o sa pamilihan ng mga *stocks* kundi ayon sa kayamanan ng Diyos sa Kanyang kaluwalhatian. Ito ay kamangha-mangha, dahil sa sagana ang Kanyang kayamanan – walang patid ang pangtustos. Batay sa pangakong ito, maaari tayong maging tiyak na kalooban ng Diyos na ikaw ay hindi magkukulang sa kahit na anumang bagay na mabuti. Ang sinulat ng mang-aawit, “Kahit mga leon ay nagugutom din, sila’y nagkukulang sa hustong pagkain; ngunit ang sinumang humahanap (nagsasaliksik at inaalang) ang Diyos (sa kanilang tamang pangangailangan at sa kapangyarihan ng Kanyang Salita), walang mabubuting bagay sa kanya na hindi makakamtan.” (Awit 34:10) Ang kakulangan at ang kahirapan ay hindi buhay na ganap; kaya nga hindi ito ang kalooban ng Diyos sa iyong buhay.

Ang mga kasulatan ang nagdeklara na ang mabuting pangalan ay mas mainam kaysa sa dakilang yaman o kaya naman ay ang pagpahid ng espiritu ng Diyos (Kawikaan 22:1; Mangangaral 7:1). Kung hindi natin babayaran ang ating mga utang, ikinakalat natin ang ating hindi magandang pangalan. Naisip mo bang makapagbahagi tungkol kay Hesus sa may-ari ng iyong *apartment* kung hindi ka nakakabayad sa tamang oras? Bakit siya makikinig kung ang buhay mo ay katibayan ng kahirapang tumupad sa usapan? Ngunit, kung ang may-ari ng iyong *apartment* ay nakikita kung paano ang Diyos nagbibigay para sa iyong pangangailangan at lalo na kung

ikaw ay magpapaalam na dahil sa nakabili ka na ng bahay kaysa ikaw ay magrenta, ano ang magiging patotoo nito sa mga hindi mananampalataya? Ang Salita ng Diyos ang nagdeklara, “Ikaw ay magpapautang sa maraming bansa subalit ikaw ay hindi mangungutang.” (Deutoronomio 28:12) Napakagandang patotoo na tayo ay malaya sa utang – walang utang na dapat bayaran – at ikaw pa ang “nagpapautang sa mga bansa” upang magbahagi ng kasaganaan ng Diyos sa iba at nagbibigay para sa gawain ng ebanghelyo!

Mula sa mga talatang ito, makikita natin na nais ng Diyos na tayo ay maging masagana at hindi lamang tugunan ang ating mga pangangailangan. Makikita nating gusto Niyang umunlad tayo. Pakinggan natin ang Kanyang kalooban sa panalangin ni Apostol Juan: “Minamahal, nais ko na higit sa lahat na ikaw ay umunlad at maging malusog, kung gaano ang iyong kaluluwa ay umunlad.” (3 Juan 2)

Napansin mo ba ang mga salitang binigyan ko ng diin, *higit sa lahat*? Higit sa anumang bagay, nais ng Diyos para sa iyo, na Kanyang anak, na ikaw ay umunlad at magkaroon ng mabuting kalusugan. Hayaan mong sabihin ko ulit: *higit sa lahat ng bagay. Mahigit sa lahat ng bagay!* Kung ang panalangin ng apostol ay hindi kalooban ng Diyos, hindi sana ito nasama sa kasulatan. Hindi naman nagmamalabis ang Diyos ng pananalita o kaya naman ay nagdaragdag. Hindi Niya gagawin iyon, dahil magiging kasinungalingan ito at hindi sinungaling ang Diyos. Kaya maaari kang magtiwala dito, aking kaibigan: Kalooban ng Diyos *na higit sa lahat ng bagay* na ikaw ay paunlarin at magkaroon ng mabuting kalusugan! Kamanghamangha!

Ano ba ang kasaganaan? Ito ay pagkakaroon ng higit pa sa sapat upang hindi lamang tustusan ang Iyong mga pangangailangan kundi ang mga pangangailangan din ng mundo na iyong iniimpluwensiyahan. Sa madaling salita, ang pera ay hindi dapat pagbatayan ng desisyon upang mahipo ang mga taong pinaabot sa iyo ng Panginoon. Hindi kaya ito ang dahilan kung bakit dineklara ng Salita ng Diyos na, “Palagi mong pakatatandaan na ang Diyos ang nagbibigay sa iyo ng kapangyarihan upang yumaman, at ginagawa Niya ito upang tuparin ang Kanyang pakikipagtipan sa iyong mga ninuno.” (Deutoronomio 8:18)

Hindi kumontra ang Diyos sa atin na magkaroon ng salapi. Subalit hindi Siya sang-ayon na ang pera ang nagmamay-ari sa atin. Hindi ang pera ang ugat ng lahat ng kasamaan; ang sobrang pagmamahal sa salapi ang ugat ng kasamaan. Nais ng Diyos na ikaw ay umunlad sa bawat bahagi ng iyong buhay, lalo na sa pananalapi.

Maraming mga bata pang mananampalataya na hindi pa lumalago ang nahihirapan sa mga mahahalagang bahagi ng buhay na ating pinag-uusapan. Gayunpaman, kung tayo ay lubos na nagkaugat sa pananampalataya na ang Diyos ay hindi pinagmumulan ng kahihiyan, pagkatakot, pag-uusig, karamdaman, kasakitan, panghihina, kakulangan, o kahirapan, magiging madali sa atin ang malaman kung saan umaatake ang kaaway. Tayo ngayon ay nasa totoong digmaan ng buhay – ang digmaan upang makuha ang ating teritoryo para sa kaharian ng Diyos.

Sa pagsulong mo sa labanan, tiyakin mo sa iyong puso ang mga sumusunod na katotohanan: Walang kinalaman ang Diyos sa mga gawaing tulad ng pagnanakaw, pagpatay at paninira. Ito ay mula sa pwersa ni satanas na gusto kang pahirapan, biguin, at salakayin. Ikaw at ako ay dapat lang na makipaglaban nang hindi sumusuko upang makita ang kaharian ng Diyos na maihayag sa mundo tulad sa langit.

MAGING HANDANG MAGTIIS

“Dahil si Cristo’y nagtiis ng hirap sa buhay na ito, kayo man ay dapat maging handang magtiis, sapagkat ang nagtitiis sa hirap sa buhay na ito ay tumalikod na sa kasalanan.”

(1 PETER 4:1)

Iisipin natin ang isang bansa na magsusugo ng mga sundalo sa labanan nang walang dalang mga bala, mga baril, mga kanyon, mga bomba, mga tangke, mga eroplano o kaya naman ay panaksak. Paano maki-kipaglaban ang bansang iyon? Sila ba ay magwawagi? Sila ba ay makatatalaga sa laban? Palagay ko, marami sa kanila ang mapapatay, at ang iba ay makukuha bilang bilanggo ng digmaan (*prisoner of war*).

Ito ay hinuha ko lamang, dahil sa aking kaalaman, alam kong walang ganoong klaseng pangyayari. Subalit ganoon man ka-imposibleng isipin, maraming mga mananampalataya ang ganoon, “hindi handang magtiis”. Kapag ang inaasahang *thlipsis* ay dumating, tayo ay agad nabibigla at nalulula sa matinding dagok, natataranta o namamangha. Ang resulta nito ay biglaang aksyon na hindi na napag-iisipan.

Sa unang sulat ni Pedro, ayon sa inspirasyon ng Banal na Espiritu, hinihikayat niya tayo na maging handang magtiis katulad ng kung paano si Hesus ay nagtiis. Paano Siya naghirap? Siya ba ay nabalot ng kasalanan? Hindi, subalit ito ay Kanyang tinanggihan. Siya ba ay napaligiran ng sakit o karamdaman? Hindi, subalit ito ay Kanyang napaglabanan. Siya

ba ay kinulang ng pera upang mabayaran ang mga kailangang bayaran o kaya naman ay kapos sa kakayanang magawa nang mabuti ang Kanyang misyon? Hindi, subalit Siya ay lubos na nagtiwala sa Diyos sa pagtustos ng Kanyang pangangailangan. Si Hesus ay sinubok sa lahat ng bagay, subalit hindi Niya sinukuan ang anumang atake ng kaaway. Tayo ay inutusan na lumakad katulad ng paglakad ng Panginoon; kaya nga, hindi tayo dapat bumigay sa anumang mga pakana ng demonyo.

Kung ating aaralin nang mas malalim pa ang sinulat ni Pedro, maki-kita natin na ang kahirapang ito na tiniis ni Hesus ay ang hindi tamang pakikitungo o trato ng mga tao sa Kanya, mula sa mga tiwaling pulitiko at mga namumuno sa mga relihiyon noong Kanyang kapanahunan. Ako ay naniniwala na ito ang pinakamataas na antas ng kahirapan na dapat pag-daanan ng isang taong inihahanda upang maghari.

Sa katunayan, ang hindi makatarungang trato kay Pablo ang naging matinding pagsubok niya. Siya ay pinagbabato, limang beses hinagupit, tatlong beses pinagpapalo, at palaging nasa panganib sa kamay ng kanyang mga kababayan, mga dayuhan, at mga huwad na mananampalataya. Si Pablo ay inalipusta, pinagsinungalingan, tinuya, inabuso, ininsulto, at inakusahan nang di tama. Gayundin naman, tayo ay kanyang binibigyan ng babala:

“Ang totoo, lahat ng nagnanais mamuhay nang tuwid bilang tagasunod ni Cristo Hesus ay daranas ng pag-uusig.” (2 Timoteo 3:12)

Kung namumuhay ka katulad ng mga taga-mundo, hindi ka uusigin.

██████████
Kung namumuhay
ka na parang
tagamundo... ang
katulad mo ay
isang bilanggo ng
digmaan (*prisoner
of war*).
██████████

Sa totoo lang, ang katulad mo ay isang bi-langgo ng digmaan. Dahil dito, hindi ka na epektibo sa pagsakop ng lupain para sa Kanyang kaharian at hindi ka na nakapag-bibigay ng kaluwalhatian sa Diyos. Ang mga sundalong nasa gitna ng maapoy na labanan ang tunay na malaya. Sila ang nakikipagla-ban nang totohanan upang sakupin ang ter-itoryo ng kaaway.

Tayo ay namumuhay sa mundong totoong kakaiba at salungat sa ka-harian ng Diyos. Ang daloy ng sistema ng mundo ay direktang taliwas sa daloy ng Espiritu ng Diyos. Kaya nga, kung ikaw ay talagang namumuhay

para sa Panginoon, ikaw ay makararanas ng pagdurusa, kahirapan at pag-uusig. Kaakibat ito ng trabahong ipinagagawa sa atin.

Mahal kong kaibigan, maaaring ayon sa listahan ng kaganapan na naisalarawan sa nakaraang kabanata o anumang pangyayari na di ayon sa kalikasan; o di magandang trato ng mga tao, organisasyon o anumang kapamahalaan sa sistema ng mundo, sa lahat ng ito tiyak na ikaw ay magdaranas ng hirap at pag-uusig, dahil sa iyong buhay kay Cristo. Kaya, sinabi ni Pedro, ikaw ay dapat maging handa. Kailangan mong palaging maging armado at handa.

ARMADO O HINDI ARMADO

Maaaring makatutulong na pagmasdan natin ang dalawang halimbawa ng magkaibang pagharap sa hindi inaasahang pagsubok – ang isa ay nakahanda at armado; ang isa ay hindi. Tuwing anim hanggang labing-dalawang buwan, ang isang pilotong pangkomersyo ay ipinadadala sa pagsasanay. Malaking bahagi ng pagsasanay ay ang *high-tech simulator*, isang kasangkapang para sa pagsasanay na may nakakabit na komplikadong *computer*. Ito ay dinisenyo na tulad sa *cockpit* ng isang tunay na eroplano. Nakapatong ito sa isang *platform* na maaaring magpagalaw sa eroplano dahil sa maniobra ng piloto o kaya ay ayon sa lagay ng panahon. Kaya kapag nasa loob ka nito, hindi mo na alam kung nasa eroplano ka o nasa isang *simulator* lang.

Ang mga tagapagturo na nagpapatakbo ng *simulator* ay lumilikha ng iba't ibang problema (*thlipsis*) na maaaring kaharapin ng mga piloto. Makakaenkwentro ang mga piloto ng matinding hampas ng hangin, malakas na bagyo, pagtigil ng makina, di maayos na paglapag ng eroplano, at iba pang problemang pang-piloto. Ginagawa ang ganitong pagsasanay upang kapag paulit-ulit na nararanasan ang mga ganoong hamon ay maihahanda na ng mga piloto ang kanilang sarili sa paglutas ng mga suliranin sa totoo at aktuwal na sitwasyon. Maraming kapahamakan na napigilan dahil sa patuloy na pagsasanay na kung saan ang mga piloto ay tinuturuan kung paano humarap sa mga mabibigat na problema o kagipitan sa himpapawid.

Naalala ko ang isang kapahamakan sa larangan ng pagpapalipad (*aviation*) na nangyari bago pa sumapit ang malagim na pangyayari noong Setyembre 11, 2001. Isang maliit na eroplanong pampasahero ang hindi

nagkaroon ng pintuan ayon sa tamang pamantayan sa mga kaguluhan katulad ng mayroon ngayon na naghihiwalay sa mga piloto at mga pasahero. Matapos ang pagbagsak nito, ang itim na kahon (*black box*) ay nakita, nabasa at napag-aralan. Mula sa *black box*, dinig na dinig ng mga eksperto ang reaksiyon ng mga piloto at mga pasahero. Ang mga pasahero ay humihiyaw na takot na takot, habang ang eroplano ay bumubulusok paibaba, hanggang sa ito ay bumagsak. Ang mga piloto naman, sa kabilang banda, ay kalmadong hinaharap ang problema at ginagawa sa abot ng kanilang kaya upang makaligtas sa sitwasyon. Hindi nila hinarap nang may takot ang nakaambang panganib kundi may kapayapaan, ayon sa kanilang napag-aralan sa *simulator training*. Ang piloto ay nag-utos at nagbigay ng mga gagawin, at ang kasamang piloto ay sumunod ayon sa pinag-uutos. Nagpatuloy ito hanggang sa tuluyan nang bumagsak ang eroplano. Ito ay sapagkat ang mga piloto ay naihanda sa mga hindi inaasahang mga sitwasyon, habang ang mga pasahero ay hindi handa. Ang kanilang reaksiyon ay tunay na magkaiba. Ang mga piloto ay kumilos ayon sa layunin habang ang mga pasahero ay pawang sinakmal ng takot ang kanilang mga puso.

Minsan, ako ay naging pasahero ng isang *private jet* na, lumipad sa taas na tatlumpu't siyam na libong talampakan. Ang pintuan nito ay biglang nasira. Mabilis na lumabas ang *pressurized air* na mula sa *cabin* ay sobrang lakas na katulad ng matinding hangin sa loob ng isang *tunnel*. Nabigla ako sa pangyayari, at hindi ko alam ang aking gagawin. Pinaglabanan ko ang sobrang takot at matinding kabog ng aking dibdib. Nanalangin ako nang todo. Nagkataon namang ang piloto ay dating *Navy Test Pilot* na mayroong mahigit na sampung libong oras na karanasan sa pagpapalipad ng eroplano at pagsasanay sa iba't ibang uri ng panganib na panghimpapawid. Noong ang pintuan ay nasira, siya at ang kanyang kasamang piloto ay mabilis na kumilos. Madalian nilang natukoy ang problema, inilagay ang kanilang maskarang pang-*oxygen*, at inilabas ang para sa akin. Kung walang *oxygen*, tiyak na hindi nila makukumpleto ang iba pang dapat isagawa.

Pinababa ng piloto ang lipad ng *jet* habang sunod-sunod ang mga utos na ibinibigay sa kanyang kasamang piloto. Sa buong panahon ng krisis, siya ay humarap dito nang buo ang kanyang loob. Ang pinagdaanan niyang pagsasanay ang nagturo sa kanya ng eksaktong mga hakbang na

dapat isagawa. Alam kong nasa malaking panganib kami, subalit hindi mo makikita sa piloto ang kalituhan sa pagharap sa krisis. Wala akong nakitang takot sa kanyang mga kilos. Nagpapasya siya nang walang pagdadalawang-isip, awtomatiko, at daglian. Kontrolado niya ang sitwasyon.

Pinababa ng piloto ang *jet* sa ika-labing dalawang libong talampakan nang wala pang limang minuto – pabagsak na ang eroplano ng halos anim o walong libong talampakan bawat minuto. Hindi nagtagal, nakalapag kami nang ligtas at maluwalhati. Nang matapos ang nakababahalang sitwasyon, naging maliwanag na sa akin na ang piloto ay “handa” at ako ay hindi! Ang kanyang pagsasanay at karanasan ang nagturo sa kanya kung ano ang nararapat niyang gawin. Ito ang nagbigay sa kanya ng kapangyarihan upang pagharian at pagtagumpayan ang mga ganitong di ordinaryong krisis.

At ito ang mensahe ng 1 Pedro 4:1: Tayo ay inihahanda para sa digmaang espirituwal katulad ng *Navy test pilot* na ito na inihandang humarap sa mga hindi inaasahang mga pangyayari. Ninanais ko sana na ang aklat na ito, Walang Makapipigil, ay maging panimula sa paghahanda sa inyo sa mga kahirapan na tiyak na inyong haharapin habang tinatahak ninyo ang inyong destinasyon kay Cristo at paghahari sa buhay.

ANG KAPIGHATIAN AY MANGYAYARI

Upang maging armado at handa, ang unang dapat nating gawin ay malaman na ang kapighatian ay hindi maiiwasan. “Sa sanlibutan, mayroong kapighatian,” iyan ang tiyak na sinabi ni Hesus sa Juan 16:33. Hindi “baka mangyayari” kundi tiyak na mangyayari. Sabi ni Pablo, “Tayo ay dadanas ng mga kapighatian sa pagpasok natin sa kaharian ng Diyos.” (Mga Gawa 14:22) At muli, kanyang isinulat, “Ang sinuman ay hindi dapat mayanig ng mga kahirapan; dahil alam mo na sa sarili mo na ikaw ay itinakda sa ganito.” (1 Tesalonica 3:3)

Tayo ay “itinakda sa paghihirap” bilang sundalo na lumulusob sa digmaan. Walang dakilang mandirigma ang pupunta sa labanan na ang pakay ay matalo. Ang mabuting sundalo ay nakatutok ang paningin sa kanyang pagkapanalo at determinadong labanan ang mga kahirapan upang magtagumpay. Ikaw at ako ay nasa labanan. Naisip mo ba na mas tahimik sana

ang iyong buhay kaysa noong una bago ka naligtas?

Nababahala ako para sa mga bagong mananampalataya na naturuan at napapaniwala na ang kanilang pinasok na buhay ay walang magiging problema at puro kasiyahan. Ang mga ministro o mananampalataya na nagtuturo ng ganitong walang kabuluhanang mga salita sa mga bagong Kristiyano ay hindi talaga ligtas o kaya naman ay mas interesado na “mai-close ang *deal* ng kaligtasan”, kaysa sa kapakanan ng bagong mananampalataya. Nagtataka ako sa mga “tagapagturong” ito kung talagang inaral nilang mabuti ang mga salita ni Hesus sa kanyang talinghaga ng tagahasik, kung saan itinuro Niya na minsan may binhi ng Salita na inihasik sa puso ng tao, “noon dumating ang kapighatian at pag-uusig sa kapakanan ng salitang naihasik.” (Marcos 4:17) Ang *New Living Translation* ay nagsasabi ng ganito: “Sila ay nagkaproblema o nagkaroon ng pag-uusig dahil sa pananampalataya nila sa Salita.” Kung ating didiretsuhin, noong ikaw ay nanampalataya sa Salita ng Diyos, ikaw ay nagpalista upang tumanggap ng mga problema, kahirapan, at pag-uusig. Sigurado tayo sa katotohanang iyan.

Kung ikaw ay bagong mananampalataya at hindi mo pa alam ang ganitong personal na karanasan, hayaan mong sabihin ko sa iyo na: ikaw ay nasa labanan na hindi mo pa naranasan. Subalit, ang magandang balita: hindi ka kailangang matalo sa mga ito! Kahit minsan. Ikaw ay natalo na sa maraming paraan bago ka naligtas, subalit ngayon, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu at sa pamamagitan ng masaganang biyaya ng Diyos, ikaw ay may kapamahalaan na at kapangyarihan sa anumang problemang dumarating.

HINDI KA HUMAHARAP SA ISANG BAGONG PANGYAYARI

Ang ikalawang bagay na kailangan nating malaman pagdating sa pagiging handa sa labanan ay: walang bago sa mga ganyang sitwasyon. Hindi ka maaaring makaenkwentro ng kahirapan na hindi pa naranasan ng iba, lalo na si Hesus, dahil naranasan Niya ang mga pagsubok sa bawat larangan ng buhay, ayon kay Apostol Pablo:

“Wala pang pagsubok na dumating sa inyo na hindi naranasan ng lahat ng tao. Tapat ang Diyos, at hindi niya ipahihintulot na kayo ay subukin nang higit sa inyong makakaya. Sa halip, pagdating ng

pagsubok, bibigyan Niya kayo ng lakas upang mapagtagumpayan iyon.” (1 Corinto 10:13, MSG)

Anumang kahirapan ang iyong hinaharap ngayon, napagdaanan at napagtagumpayan na iyan ng iba. Sigurado ako diyan! Ang talatang ito ay nagbigay din ng pangako na tayo ay hindi haharap sa kahirapan at pag-uusig na hindi natin kaya. Hindi ipahihintulot ng Diyos iyon. Alisin mo lahat ng takot na baka may dumating na oposisyon o kahirapan na hindi mo kayang paglabanan o pagtagumpayan. Ang Diyos Ama sa langit ay hindi ipahihintulot na dumating ito sa iyo. Ito ay Kanyang haharangin.

Ang sabi ng *Today's English Version*, “Ang Diyos ay tapat sa pagtupad ng Kanyang pangako, at hindi Niya ipahihintulot na ikaw ay subukin na higit sa iyong kapangyarihan na manatiling matatag.” Ang maganda, at tiyak na katotohanan ay “ang demonyo ay walang malayang lagusan (*free access*) sa iyo.” Ang kanyang mga atake ay dumaraan sa pagpapahintulot ng Makapangyarihang Diyos. Ang Diyos Ama sa langit ay hindi pinagmumulan o pinanggagalingan ng mga pagsubok, subalit minsan ito ay Kanyang ipinahihintulot upang ikaw ay makipaglaban sa kaaway at ibigay ang kaluwalhatian sa Kanya habang inaangkin mo ang tagumpay para sa kaharian ng Diyos. Isang kinikilalang pinuno ng simbahan na ang pangalan ay Tertulian, na nabuhay noong 160-230 matapos ang kamatayan ni Hesus, ang nagsabi ng ganito:

Anumang pagsubok
ang iyong
hinaharap, iyan
ay naranasan at
napagtagumpayan
na ng iba.

Ang pagbibigay pahintulot ng Diyos sa ilang mga gawa ni satanas ay sang-ayon pa rin sa Kanyang mabuting layunin. Hindi Niya winasak agad ang diyablo, kung paanong ipinagpaliban din Niya ang pagpapanumbalik sa tao. Nais Niyang bigyan ng daan ang enkwentro ng tao at ng diyablo, upang ang tao mismo ang siyang dumurog sa kaaway, ayon sa kanyang malayang pagpapasya, kung paanong pinagpasyahan niyang magpadaya kay satanas sa pasimula. At ito ang magbibigay kakayanan sa kanya upang matagumpay na bawiin ang kanyang kaligtasan. Sa ganitong paraan, tatanggap ang diyablo ng mas mapait na kaparusahan, sapagkat ang taong minsan niyang napaglalangan ang siya ring lulupig sa kanya. At dahil dito, lulutang ang walang katulad na kabutihan ng Diyos.

Binigyan tayo ng Diyos ng pribilehiyo na piliing magapi ang kaaway at, sa ganitong paraan, ay “makaganti” sa mga kasalanang nagdala ng mga kabiguan sa ating buhay bago tayo maligtas. Lahat ng kaluwalhatian ay karapatdapat maialay sa Diyos. Hindi na maaaring maliitin ng kaaway ang sangkatauhan, na gawa ng kamay ng Diyos. Ganoon ang ginawa Niya matapos na mahulog si Adan sa Hardin, subalit naparito si Hesus at nilati-go Siya sa kanyang teritoryo. Ngayon binibigyan tayo ng Diyos ng karapa-tang kumpletuhin ang paghagupit kay satanas.

Sinulat ni Pablo, “Ako ay nagagalak nang ako ay napahirapan para sa inyo sa aking katawan, dahil kinukumpleto ko ang naiwanan ni Hesucristo para sa Kanyang katawan, ang simbahan.” (Colosas 1:24) Kung babasahin ang mga salitang ito nang walang pang-unawa, maaaring isipin na para kay Pablo hindi pa sapat ang paghihirap ni Hesus upang kumpletuhin ang pagtubos sa ating kasalanan. Dahil dito maraming Kristiyano ang luma-layo sa talatang ito at hindi ito pinag-iisipang mabuti. (Sa katunayan, mamamangha ka kung gaano kadaming ministro at mananampalataya na ni hindi alam na may ganitong talata sa Bibliya.)

Ngunit hindi ito ang sinasabi ni Pablo. Sa halip tinutukoy niya ang pribilehiyong tapusin ang gawaing kailangan upang mapalawak ang kaharian ng Diyos sa bawat sulok ng mundo. Ibinigay ni Hesus sa atin ang pribilehiyong kumpletuhin ang gawaing dalhin ang tinapos Niyang gawain sa bawat bahagi ng daigdig. Tinututulan at hinahadlangan ito ng kaaway na may masidhing galit. At ito ang nagdudulot ng kahirapan, subalit ito ay isang matagumpay na paghihirap. Katulad ng sinabi ni Hesus, “Ang pintuan ng impyerno ay hindi makapananaig dito.” Ang tinutukoy ni Hesus dito ay ang Kanyang simbahan. (Mateo 16:18) Ito ay digmaan. Tayo ay nagmamartsa, upang magtagumpay sa kapangyarihan ng biyaya ng Diyos, at ang impyerno ay hindi tayo maaaring awatin o pigilan. Ginagarantiyahan ito ng Salita ng Diyos!

Alalahanin: anumang kahirapan ang iyong harapin sa iyong paglakad bilang isang Kristiyano, ay naranasan na at napagtagumpayan na ng ibang mananampalataya, kahit si Cristo mismo. Tayo ay hinihikayat ni Pedro, “Maging matatag kayo sa inyong pananampalataya. Alalahanin mo na ang iyong kapatiran sa buong mundo ay dumadaan din sa kahirapang tulad ng sa iyo.” (1 Pedro 5:9) Ang kahirapang tinutukoy dito ay magiging bahagi o

kaakibat na ng iyong pamumuhay na kung tayo naman ay magpapakatatag sa kapangyarihan ng Kanyang biyaya, tayo ay magtatagumpay.

HINDI KA DAPAT MATALO

Ngayon, pupunta na tayo sa ikatlong importanteng bagay sa pagiging armado o “handá”: dapat mong malaman na hindi ka dapat matalo. Huwag mong basahin lamang ang mga salitang ito ni Hesus. Unawain mo at pag-isipan...

“Makinig ka! Binigyan na kita ng awtoridad o kapamahalaan upang makayanan. na pagtagumpayan ang kapangyarihan ng kaaway, at walang maaaring magawa para ikaw ay saktan.” (Lucas 10:19)

Malawak ang nakapaloob sa mga salitang ito! Una sa lahat, tingnan natin ang pag-anyaya Niyang tayo ay makinig. Pansinin mo ang matinding pagkabisig. Kung ang nagsalin nito ay nagbigay ng matinding diin sa sinabi ni Hesus, ito ay nangangahulugan na kailangan nating bigyan ito ng lubusang pansin. Ito ay mabibigat na mga salita.

Sinabi Niya na binigyan ka Niya ng awtoridad o kapamahalaan, hindi lang laban sa kaunti o marami, kundi sa lahat ng kapangyarihan ng kaaway. Ito ay isang daang porsyentong totoo. At hindi lang isang daang porsyento kundi higit sa lahat ng pwersa ni satanas na umaatake sa iyo. Ang *King James Version* ay nagsasaad ng ganito, “Binigyan kita ng kapangyarihan na higit pa sa kapangyarihan ng kaaway.” Katulad ito sa sinabi ni Pablo noong siya ay nanalangin na sana ay malaman natin, “kung gaano kalaki at kadakila ang Kanyang kapangyarihan sa atin na mga nananampalataya” at ang kapangyarihan ay “higit na mataas sa lahat ng kapamahalaan, at kapangyarihan, at anumang pwersa, at ang bawat pangalan na naipangalan.” (Efeso 1:19-21) Hindi lang sa ibabaw kundi higit na mataas pa sa ibabaw.

Hindi lang sa mayroon tayong awtoridad at kapamahalaan, na higit na mas mataas sa lahat ng kapangyarihan ng kaaway, kundi mayroon pang isang kamangha-manghang katotohanan. Napag-alaman nating, ganun din, para tayo ay tulungan, at magtagumpay tayo laban sa kanila (ang espiritu ng anti-Cristo), “dahil sa Siya na nasa iyo ay mas dakila kaysa sa kanya na nasa sanlibutan.” (1 Juan 4:4). Lahat ng masasamang espiritu ay

may espiritu ng anti-Cristo, at sila ang pinagmumulan ng mga kapighatian at kaguluhan. Subalit, napagtagumpayan na natin sila dahil sa Kanya na naninirahan sa ating puso at nagbigay sa atin ng kapangyarihan.

Sa Lucas 10:19, nangako si Hesus na “walang makasasakit sa iyo.” Walang pwersa ng demonyo, oo wala - na maaaring makasakit sa iyo. Walang digmaan na nakatakda kang matalo. Kung ikaw ay makikipaglaban at hindi susuko sa laban, gamit ang mga sandatang ibinigay ng Diyos sa iyo, ikaw ay palaging mangingibabaw. Muli, ikaw ay mayroong tinanggap na salita mula sa Kanya: “Ngayon, salamat sa Diyos na palagi tayong pina-ngungunahan sa tagumpay kay Cristo.” (2 Corinto 2:14)

Kung tayo ay makikinig sa Kanya, gagabayan tayo ng Diyos upang magtagumpay sa bawat sitwasyon, sa bawat laban. Anuman ang ipinangako ni Hesus, ay tiniyak ni Juan:

“Sinumang ipinanganak na muli sa Diyos ay madadaig ang kaparaanan ng mundo. Ang ating pananampalataya ang magpapasuko sa mundong ito.” (1 Juan 5:4)

Ang ating pananampalataya ang tutulong sa atin upang daigin ang anumang ipupukol sa atin ng mundo. Alalahanin natin, si satanas ang “di-yos ng sanlibutan”. Tayo ay mananalo sa anumang ipupukol niya sa atin, dahil ibinigay na ng Diyos sa atin ang daan upang tayo ay magtagumpay.

Ayon kay Juan, ang pananampalataya natin ang magpapasuko sa sanlibutan. Bakit pananampalataya? Dahil pananampalataya ang nagbibigay daan sa biyaya (o kapangyarihan) na kailangan natin upang magtagumpay. Pinag-uusapan natin kung paano pagharian ang buhay sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. Subalit, ang biyaya, ito man ay malayang ibinibigay sa lahat, hindi ito maaaring makuha kung walang pananampalataya, dahil ang pananampalataya ang daluyan ng mga biyaya Niya sa mga sitwasyon na ating hinaharap at kailangang pagtagumpayan. Katulad ng sinabi ni Pablo, “Sa pamamagitan ni Hesus at dahil sa ating pananampalataya, tinatamasa natin ngayon ang biyaya ng Diyos.” (Roma 5:2)

Ang biyaya ng Diyos ay walang bayad, handang matamasa ng Kanyang mga anak, subalit kung tayo ay walang pananampalataya sa “Kanyang salita ng biyaya”, wala rin tayong makakamtang biyaya. “Kaya ngayon, mga kapatid, kayo ay aking pinagkakatiwala sa Kanyang salita na mapagbiyaya, na

siyang makakapagtaguyod sa inyo at magbibigay sa inyo ng inyong mana.” (Gawa 20:32) Kanyang itinuturo sa kanila ang magbibigay sa kanila ng kanilang mana upang pagharian ang buhay sa kaluwalhatian ng Diyos: ang Kanyang salita na mapagbiyaya.

ANG BIYAYA NIYA AY SAPAT UPANG MAPAGTAGUMPAYAN ANG BAWAT LABAN

Tayo ngayon ay nasa ika-apat na mahalagang katotohanan tungkol sa paghahanda sa ating mga sarili: Ang biyaya ng Diyos ay may higit na kapangyarihang maghari sa anuman o bawat kahirapang ating haharapin.

Ito ay makikita natin sa mga mabibigat na karanasan ni Pablo. Ang mga kapahayagang Kanyang itinuro ay lubos na nagwasak sa kaharian ng kadiliman. Ang mga katotohanang ito, na mula sa Banal na Espiritu, ay nakapagpalakas nang husto sa mga mananampalataya ng kanyang henerasyon at sa mga henerasyon pang sumunod. Sa gayon, sinulat ni Pablo:

“Ngunit upang hindi ko ipagyabang ang kamangha-manghang pahayag ng Diyos sa akin, ako’y binigyan ng isang kapansanan sa katawan na nagsisilbing sugo ni satanas upang pahirapan ako, at nang sa gayo’y hindi ako maging palalo.” (2 Corinto 12:7)

Ang sitwasyong ito na pinagdaanan ni Pablo ay naging sanhi ng pagtatalo sa ilang mga tagapagturo ng Bibliya. Subalit sa totoo lang, hindi ito nararapat. Liwanagin natin ang mga maling kaisipan.

Una, sino ang nagbigay kay Pablo ng “tinik sa kanyang laman”? Alam nating hindi ito galing sa Diyos, dahil sinabi sa atin, “Huwag kayong pa-daya, mahal kong mga kapatid. Ang bawat mabuting regalo at ganap na kaloob ay galing sa itaas, bumaba sa atin galing sa Ama ng mga liwanag, mula sa Kanya na hindi nagbabago.” (Santiago 1:16-17) Tayo ay nadadaya kapag tayo ay nag-iisip na may manggagaling sa Diyos na hindi mabuti o ganap. Ang isang mensahero ni satanas, kahit kailan ay hindi mabuti, at tiyak na hindi ganap. Maaaring ang iba ay tumanggi. “Subalit kung paiikutin pa natin ang kaparaanan at sasabihing ito ay mabuti dahil ito ang pumigil kay Pablo para hindi yumabang.” Si Santiago na apostol ay tinanggal ang

ganitong lihis na kaisipan, “Galit ang Diyos sa kasamaan, at inalis Niya ang kasamaan sa ating daraanan.” (Santiago 1:13)

Tingnan natin ang salita ni Santiago, “Ang Diyos...ay hindi maglalagay ng kasamaan sa ating daraanan.” Ang Diyos ay hindi magpapadala ng mensahero ni satanas o kaya naman ay susubukin Niya si Pablo sa pamamagitan ng kasamaan. Hindi ito ayon sa ipinasabi Niya kay Santiago. At ang Diyos ay hindi nagsisinungaling. Kaya maliwanag na ang “tinik” ay hindi galing sa Diyos.

Pangalawa, ano ang tinik sa laman ni Pablo? Ang sabi ng ibang tagapagturo ito ay sakit, problema sa kanyang mga mata, o ibang klaseng karamdaman sa katawan. Hinango ang pananaw na ito mula sa kanyang patuloy na sinulat,

Tatlong beses kong idinalangin sa Panginoon na alisin ito, ngunit ganito ang kanyang sagot, “Ang biyaya ko ay sapat sa lahat ng pangangailangan mo, lalong mahahayag ang aking kapangyarihan kung ikaw ay mahina.” (2 Corinto 12:8-9)

Mapapansin natin dito ang dalawang mahahalagang salita: kahinaan at kasakitan. Hayaan mong pagtuunan ko ng pansin ang pangalawang salita muna. Ang mga tagapagturong nalilito ay nagsasabi na ang tinik ni Pablo ay sakit na pisikal mula sa kanyang sinabi, “Ipinagmamalaki ko ang aking kasakitan”. Ang salitang Griyego na kasakitan ay *astheneia*. Ito ay ginamit ng labingdalawang beses sa Bagong Tipan. Totoo naman, na sa Ebanghelyo (*Gospel*), ang salitang ito ay talagang tumutukoy sa pisikal na karamdaman. Gayunman, sa karamihan ng pagkakasulat nito sa mga kasulatan, ito ay ginamit upang tukuyin ang kahinaan – ang kawalan ng abilidad na tuparin at pagtagumpayan ang isang bagay sa ating sariling lakas. Sa mga ganitong sitwasyon, ito ay hindi tumutukoy sa pisikal na sakit.

Ang isang halimbawa dito ay ang nasulat sa Roma 8:26 “Gayundin naman, tinutulungan tayo ng Espiritu sa ating kahinaan. Hindi tayo marunong manalangin nang wasto, kaya’t ang Espiritu ang dumaraing para sa atin sa paraang di natin kayang sambitin.” Ang salitang Griyego para sa kahinaan ay parehong *astheneia*. Hindi naman lahat ng Kristiyano ay may pisikal na sakit o karamdaman. Kaya ano ang tinutukoy na kahinaan na taglay ng bawat mananampalataya patungkol sa panalangin? Ang sagot:

Ito ay ang mga pagkakataon o sitwasyon na hindi natin alam ang dapat ipanalangin dahil sa ating limitasyon bilang tao.

Halimbawa, kung ang aking ina ay nakatira sa Florida at ako ay namumuhay sa Colorado, at isang di inaasahang pangyayari ang naganap at siya ay nangailangan ng tulong. Dahil magkalayo kami, hindi kami makapag-usap. Ako ay mayroong limitasyon bilang tao dahil hindi ko batid ang matindi niyang pangangailangan. Subalit ang Banal na Espiritu ang tutulong sa akin upang ang hindi ko kakayanin (kahinaan) ay Siya ang tutulong upang gabayan akong manalangin para sa aking ina. Muli, ang salitang Griyego, *astheneia*, ay walang kinalaman sa pisikal na karamdaman kundi sa isang natural na kakulangan sa abilidad ng tao.

Ang isa pang halimbawa ay matatagpuan sa Hebreo 4:15 na nagsabi, “Ang ating Pinakapinunong Paring ito ay nakauunawa sa ating kahinaan sapagkat tulad natin, tinukso Siya sa lahat ng paraan, subalit kailanman ay hindi nagkasala.” Ang salitang “kahinaan” ay katulad ng salitang Griyego, *astheneia*. Muli, ang salitang Griyegong ito ay hindi tumutukoy sa pisikal na kasakitan kundi sa kahinaan ng tao kung ikukumpara sa kakayanan ng Diyos. Kusang kinuha ni Hesus ang ating mga kahinaan bilang tao upang Siya ay makiisa sa ating mga pinagdadaanan at higit na makatulong sa atin sa pamamagitan ng Kanyang biyaya. Ang salaysay na Siya “ay tinukso sa lahat ng paraan, subalit hindi nagkasala” ay maliwanag na hindi tumutukoy sa pisikal na karamdaman, kundi sa kahinaan bilang tao na Kanyang kusang tinanggap habang Siya ay nasa mundo.

Balikan natin ang sinabi ni Pablo, na aking uulitin upang bigyan ng diin ang puntong nais kong iparating:

“Tungkol dito sa bagay na ipinamanhik ko sa Panginoon nang tatlong beses na ito ay alisin sa akin. At sinabi Niya sa akin, “Ang biyaya ko ay sapat para sa iyo, dahil ang Aking lakas ay ganap para sa iyong kahinaan.” Samakatuwid, ikinagagalak ko ang aking karamdaman, upang ang kapangyarihan ni Cristo ay manatili sa akin.” (2 Corinto 12:8-9)

Binigyan ko ng diin ang mga salitang kahinaan at karamdaman. At ito ang dahilan kung bakit: pareho silang mula sa salitang Griyego, *astheneia*. Kaya ang mga salita ni Pablo ay madaling maisasalin sa ganitong paraan:

“Ang biyaya ko ay sapat para sa iyo, dahil ang Aking lakas ay ganap sa iyong kahinaan.” Kaya nga, ikinagagalak ko ang Aking kahinaan, dahil ang kapangyarihan ni Cristo ay nananatili sa akin.

Sa katunayan, ang talatang ito ay naisalin sa ganitong paraan sa ibang mga bersyon ng Bibliya. Ang isa ay ang *Contemporary English Version*, na ganito ang sabi, “Ang kabutihan ko lamang ang iyong kailangan. Ang aking kapangyarihan ay mas lalong malakas kapag ikaw ay mahina.” Kaya kung si Cristo ang patuloy na nagbibigay ng kapangyarihan, dapat lang na ipagmalaki ko ang aking kahinaan.

Niloloko natin ang ating sarili kung iniisip natin na ang tinutukoy ng Banal na Espiritu ay pisikal na karamdaman lamang. Kung ganun ‘yon, ang talata ay ganito mong babasahin, “Ang Aking kapangyarihan ay malakas kapag ikaw ay may pisikal na karamdaman.” Kaya nga kung si Cristo ay patuloy na nagbibigay ng kapangyarihan, dapat lang na ipagmalaki ko ang aking karamdaman. Hindi ba parang hindi tama? Kung lubos na pag-iisipan, ito ay napakalaking kalokohan.

Iपालिwanag nang husto ni Pablo na hindi niya tinutukoy ang pisikal na karamdaman kapag binasa natin nang buo ang kanyang sulat. Sinasabi mismo ni Pablo kung paano siya inaatake ng “mensahero ni satanas”:

“Limang beses akong tumanggap ng tatlong beses kong naranasan ang hagupitin ng mga Romano, at minsan namang binato. Tatlong beses kong naranasang mawasak ang mga barkong aking sinasakyan, at minsan’y maghapo’t magdamag akong lulutang-lutang sa dagat. Sa malimit kong paglalakbay, nalagay ako sa iba’t ibang panganib sa mga ilog, sa mga tulisan, sa mga kapwa ko Judio at sa mga Hentil; mga panganib sa lungsod, sa ilang, sa dagat, sa mga nagpapanggap na mananampalataya. Naranasan ko rin ang labis na hirap at pagod, malimit na pagpupuyat, at matinding gutom at uhaw. Naranasan ko ang ginawin ngunit wala man lamang maibalabal. Kung kailangan kong magyabang, ang ipagyayabang ko ay ang aking kahinaan.” (2 Corinto 11:24-27, 30)

Inilista ni Pablo ang mga kahirapan na ginawa sa kanya ng mensahero ni satanas na paulit-ulit na ginawan siya ng masama. Imposible para kay Pablo na pigilan ang mga hindi inaasahang paghihirap sa kanyang sariling abilidad. Dahil dito ay kanyang sinabi, “Aking ipagyayabang ang tungkol sa

pagpapakita ng aking kahinaan.” Hindi ba napakaliwanag? Ang kahinaan o ang “tinik sa kanyang laman” na kanyang sinulat ay walang kaugnayan sa sakit niya sa mga mata o anumang uri ng pisikal na karamdaman.

Kung atin panglalawakan ang pagpapaliwanag sa sinabi ni Pablo tungkol sa kanyang “tinik sa laman”, ito ay walang kaugnayan sa sakit. Tingnan natin kung paano ito ginamit sa iba pang tatlong bahagi ng kasulatan, na nasa Lumang Tipan. Ang mga ito ay tumutukoy sa mga Cananita na desididong atakihin ang mga Israelita. Sinabi ng Diyos sa Kanyang bayan, “Kung hindi ninyo palalaysin ang mga nakatira sa mga lupain na nasa harapan ninyo, sila na nananatili ang magiging sanhi ng inyong problema at magiging mga tinik sa inyong tagiliran at sila ang mananakit sa inyo.” (Bilang 33:55) Sa bawat pangyayaring ganito, ang “tinik sa inyong laman” na kasabihan ay nangangahulugan ng mga tao na kumakalaban sa iyo at nakapagpapahina ng iyong mabungang buhay. Ang mga talata sa Lumang Tipan ay hindi tumutukoy sa sakit o karamdaman. Ginamit ni Apostol Pablo, itinuturing na pangunahing tagapagturo sa Bagong Tipan, ang salita upang ilarawan ang masasakit na karanasan niya sa buhay, hindi anumang pisikal na sakit o karamdaman.

ANG DAKILANG PAGBABAGO NG PANANAW

Naniniwala ako na si Pablo ay nanlumo sa kahirapan at pananakit na kanyang palagiang nararanasan kaya nakiusap siya sa Diyos – hindi lang minsan, kundi tatlong beses – upang alisin ang impluwensiya ni satanas na siyang nasa likuran ng lahat. Naniniwala ako na hindi siya tinugon ng Diyos noong una dahil sa ang kanyang kahilingan ay hindi tama. Pagkatapos, sa kanyang ikatlong kahilingan, ang Panginoon ay nagpaliwanag sa kanya at nagbigay ng solusyon na sumakanya habang buhay:

“Hindi mo pa ba nakikita? Na ikaw ay aking binigyan ng biyaya (kapangyarihang natanggap natin nang hindi karapatdapat), upang daigin ang lahat ng kapangyarihan ng kaaway. Kaya ang Aking biyaya (kapangyarihan) ay ang lahat ng iyong kailangan, dahil ito ang maghahayag ng iyong kalakasan sa lahat ng bagay na hindi mo mapagtagumpayan sa iyong sariling abilidad. Sa madaling salita, mas malaki ang pagtanggap, mas dakila ang pagpapahayag ng

Kanyang biyaya (kapangyarihan) sa iyong buhay, kung ikaw lang ay mananampalataya.” (2 Corinto 12:9, sa sariling salin ng may-akda).

Noong ito ay nabigyang liwanag kay Pablo, ang kanyang buong pananaw ay nagbago patungkol sa mga atake ni satanas. Hindi na siya nagmakaawa sa Diyos na ito ay alisin. Sa halip, masigasig niyang isinulat:

“Ako ay nalulugod sa aking kahinaan, sa mga insulto, sa kahirapan, sa pag-uusig, sa kapighatian. Dahil kapag ako ay mahina, doon ako malakas.” (2 Corinto 12:10)

Kaya ito na ngayon ang kanyang ipinagpapasalamat: “Ako ay nalulugod sa aking kahinaan, sa aking mga *thlipsis* na aking maenkwentro mula ngayon!”

Panghawakan mo: malugod ka? Paano ba yun? Sa isa pang salin, mababasa natin, “Ako ay natutuwa at nagagalak sa...” Si Pablo ba ay nawala na sa kanyang sarili? Nagsisinungaling ba siya o nagsasabi nang higit sa nararapat? Hindi, sinuman na sumulat sa Kasulatan ayon sa inspirasyon ng Banal na Espiritu ay hindi makagagawa ng ganun, sapagkat imposible para sa Diyos ang magsinungaling. Kaya paano niya masasabi na “nagagalak siya” o “nalulugod” siya sa mga kahirapan, mga insulto, mga pananakit, pagsubok, at iba pang mga kapighatian? Ang sagot ay simple:

Ang mas malaking balakid ay nangangailangan ng mas matinding kapangyarihan, samakatuwid ay nagbubunga ng mas dakilang tagumpay.

Maraming Kristiyano ang namimighati kapag humaharap sa matinding kahirapan. Sila ay nanlulumo sa pangangailangan na makipaglaban sa kaaway sa mga mahihirap na kaganapan. Mas gusto nila ang madali at maginhawang kalagayan na hindi humaharap sa problema ng buhay. Ang katotohanang natuklasan ni Pablo ay hindi pa naiukit sa kanilang mga puso. Hindi pa nila nauunawaan na ang lahat ng paghadlang ay upang mabigyang oportunidad ang mas matinding kapangyarihan (biyaya) na maihayag sa kanila, at sila ay lumago at umangat sa kasunod na antas ng kanilang pagkahinog sa pananampalataya (o *maturity*) kay Cristo. Si Pablo ay may ganoon ding pananaw dati sa kahirapan subalit binago ng Diyos ang kanyang kaisipan, at sa isang salita ng Diyos, nagbago ang kanyang

pananaw. Isinulat niya ang 2 Corinto noong taong 56 AD. Makalipas ang ilang taon, sumulat naman siya sa mga taga-Roma. Pansining mabuti ang kaibahan ng kanyang pananaw tungkol sa *thlipsis* sa kanyang mga huling isinulat:

Sino ang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ni Cristo? Ang paghihirap ba, kasakitan o pagdurusa? kalamidad at kabigatan? pag-uusig, gutom, kahirapan o panganib? Sa lahat ng mga ito, tayo ay tiyak na magtatagumpay sa pamamagitan Niya na nagmamahal sa atin. (Roma 8:35, 37)

Unawain at yakapin natin ang mga salitang iyon, lalo na ang, “Sa lahat ng ito, tayo ay higit pa sa mananagumpay sa pamamagitan Niya.” Bago ang malaking pagbabago ng kaisipan, si Pablo ay naninikluhod sa Diyos at kinukulit niya na alisin ang mga nararanasan niyang kapighatian. Ngayon, ang mensahe niya ay naiba na: Ang biyaya ng Diyos ay higit pa sa sapat, hindi lamang upang maging matibay tayo sa kahirapan kundi upang magbigyan tayo ng hindi malirip na tagumpay.” Ang posisyon ni Pablo dito ngayon ay iba na, “Sige, kahirapan, dumating ka na! Halika na, pag-uusig, upang magkaroon ako ng mas dakilang tagumpay kay Cristo.” Handa na si Pablo upang magdusa. Handa na siyang lumaban at magtagumpay at lumabas dito na mas mabuti at matatag kaysa noong bago siya sumabak sa labanan.

TINGNAN NATIN ANG PAGSUBOK BILANG MGA OPORTUNIDAD

Bilang pangwakas, tayo ay “magiging armado at handa” kapag mayroon na tayong matibay at positibong puso at isipan patungkol sa kahirapan – positibo bago, habang, at pagkatapos ng labanan. Maaari tayong magkaroon ng positibong pananaw dahil hindi na natin tinitingnan ang pagsubok at kahirapan bilang mga hadlang; kundi bilang mga oportunidad!

Si Apostol Santiago ay sumulat, “Minamahal kong mga kapatid, kapag ang problema ay dumating, ituring ninyo itong oportunidad.” (Santiago 1:2, NLT) Alam natin na ang labanan ay napanalunan na ni Cristo, at tayo ay mayroon ng kapamahalaan at kapangyarihan mula sa langit na sumusu-

porta sa atin. Kung tayo ay hindi susuko, kung tayo ay patuloy na maninindigan at makikipaglaban, tayo ay laging iibabaw at mananagumpay. Ito ang kalooban ng Diyos at kapalaran natin sa ating mga buhay.

Katulad ng kung paano ito pinagtibay ni Pablo sa Roma 8:31, “Kung ang Diyos ay panig sa atin, sino ang makalalaban sa atin?”

MAGPAKATIBAY SA BIYAYA

“Sapakat hindi tayo nakikipaglaban sa mga tao, kundi sa mga pinuno, sa mga maykapangyarihan, at sa mga tagapamahala ng kadilimang umiiral sa sanlibutang ito - mga hukbong Espirituwal ng kasamaan sa himpapawid.”

EFESO 6:12

Bawat anak ng Diyos ay nasa isang digmaan. Kung hindi tayo nakikipaglaban, ang ibig sabihin, tayo ay umaayon sa takbo ng sanlibutan at nadadaya sa ating kaisipan na tayo ay nasa Diyos.

Alam ko na ito ay matinding pananalita, subalit hayaan mong ipaliwanag ko ang katotohanang ito. Ipagpalagay mong ikaw ay namumuhay sa bansang Alemanya noong panahon ng paghahari ni Adolf Hitler. Ang malupit na pinunong ito ay may matinding ambisyon na itatag ang isang bagong Alemanya sa ilalim ng Nazi na mayroong lubos na kontrol sa *continental* na bahagi ng Europa. Sa totoo lang, si Hitler ay may matinding galit sa lahi ng mga Judio. Kung ikaw ay nasa lahi ng Aleman, matalino, malakas, at wala kang balak makialam sa misyon ni Adolf Hitler, maaari kang mabuhay nang matiwasay—wala kang dapat ipangamba na may aatake sa iyo anumang oras.

Subalit, kung ikaw ay mula sa lahi ng Judio, ang buhay mo ay talagang maiiba. Ikaw ay mabubuhay sa palagiang pangamba at sindak. Anumang oras, ikaw ay maaaring patayin, duraan, tampalasanin, nakawan; kailangan kang palaging nakabantay upang makaiwas na mahuli, maalipin, gulpihin, at patayin. Naisin mo man o hindi, ikaw ay nasa isang labanan. Ang matalino at mas mahusay na Judio ay inihanda na ang kanilang sarili at ginawa ang lahat upang makatakas sa pagmamalupit ni Hitler. Ang mga walang ginawang paghahanda ay humantong sa kulungan, sa tinatawag na mga *concentration camp*.

Si satanas at ang kanyang mga kampon ay higit na mas malala kaysa kay Hitler at sa mga pamahalaang Nazi. Kung ikaw ay nasa angkan ng mga demonyo, hindi ka nila target. Hindi mo kailangang maghanda sa pakikipaglaban. Sinabi ni Hesus sa mga ipokritong espirituwal na lider noong panahon Niya, “Kayo ay taga-rito sa mundo” (Juan 8:23). Kaya, upang masigurado na Siya ay naunawaan, sinabi Niya nang diretsahan, “Kayo ay galing sa inyong amang si satanas” (Juan 8:44). Kahit na ang mga namumunong ito ay naniniwalang sila ay naglilingkod sa Diyos, sa totoo lang, sila ay naglilingkod sa malupit na pinunong naghahari dito sa mundo.

Kung ikaw ay talagang sa Diyos, dapat ay palagi kang handa, sapagkat ang mundo na iyong ginagalawan ay katunggali ang lahat ng nasa kaharian ng Diyos. Kaya sinabi ni Hesus na,

“Kung kayo ay kabilang ng mundo, kayo ay mamahalin ng mundo na parang kanya. Subalit pinili Ko kayo mula sa mundo, at kayo ay hindi kabilang sa mundo; kaya ang mundo ay galit sa inyo.” (Juan 15:19, TEV)

Pansinin ninyo ang mga salitang, *ang mundo ay galit sa inyo*. Walang lugar upang maglaro, ayon sa mga salitang ito. Kung ikaw ay taga-mundo, yayakapin ka ng sanlibutan; kung ikaw ay sa Diyos, tatanggihan ka at mamumuhi sa iyo ang sistema ng mundo.

MGA SANDATANG MULA SA BIYAYA

Ngayon, tayo ay dumating na sa isa pang mahalagang aspeto ng pagiging handa at armado, at ito ay ang pagkakaroon ng sapat na kaalaman

tungkol sa mga sandata na sumasaatin mula kay Cristo Hesus. Ito ay mga makapangyarihan at mga espirituwal na sandata, dahil sinabi ni Pablo, “Ang mga sandata natin sa labanan ay hindi mga sandatang makamundo. Sa kabaligtaran, ito ay kapangyarihan ng Diyos na nakakapagpabagsak ng mga kuta.” (2 Corinto 10:4)

Ano ang “kapangyarihan ng Diyos” na nakakapagpabagsak ng mga kuta? Ito ay walang iba kundi ang kamangha-manghang biyaya ng Diyos – ang Kanyang regalo na hindi tayo karapat-dapat tumanggap. Kung ito ay nalalaman na natin, maaari na tayong magpatuloy pa sa sinabi ni Pedro sa kanyang unang sulat upang makita itong dakilang katotohanan na isinulat at pinalawak para sa atin. Tandaan na mula ngayon, maaari na nating gamitin ang salitang *kapangyarihan* o ang *pagbibigay kapangyarihan* upang tumukoy sa salitang *biyaya*. Ang mga salitang ito ay maaaring pagpalit-palitin.

“Kayong lahat ay dapat magpasakop sa isa’t isa, at isuot ninyo ang damit ng kababaang-loob, dahil ang Diyos ay tumatanggi sa mayabang, subalit nagbibigay biyaya (kapangyarihan) sa nagpapakumbaba.’ Kaya nga pasakop kayo sa kapangyarihan ng Diyos, at dadakilain Niya kayo pagdating ng takdang panahon. Ipagkatiwala ninyo sa Kanya ang inyong alalahanin sa buhay dahil Siya ang nagmamalasakit sa inyo. Maging handa kayo at magbantay dahil ang diyablo, ang kaaway ninyo ay parang leong umaatungal at aali-aligid na naghahanap ng masisila. Tanggihan ninyo siya, maging matibay kayo sa pananampalataya, dahil alam ninyo, hindi lamang tayo ang nagtitiis ng ganitong kahirapan, kundi pati ang inyong mga kapatid sa daigdig. Pagkatapos ninyong magtiis sa loob ng maikling panahon, ang Diyos na siyang pinanggagalingan ng lahat ng pagpapala, (pagbibigay kapangyarihan) ang siyang magbibigay sa inyo ng kaganapan, katatagan, at lakas ng loob at isang pundasyong di matitinag. Siya ang tumawag sa inyo upang makibahagi kayo sa kanyang walang hanggang kaluwalhatian, kasama ni Cristo, matapos na kayo ay maghirap nang panandalian, gagawin kayong ganap, matatag, matibay, at panatag...Daglian ko itong isinulat sa inyo, upang kayo ay payuhan at magbigay patotoo na ito ang totoong biyaya (kapangyarihan) ng Diyos na inyong pinaninindigan.” (1 Pedro 5:5-12)

Hayaan mong ipaliwanag ko sa maikling paraan ang mayamang mga salita ni Pedro, pagkatapos nito ay iisa-isahin kong ipaliwanag. Ang

pinakatema ng mensahe ay ang *biyaya ng Diyos*. Si Pedro ay nag-umpisa sa paghihikayat sa atin na magpasakop sa isa't isa. Ang isa pang paraan ng paliwanag nito ay ang "magpailalim sa iisang misyon." Binigyan din Niya ng diin ang katotohanang ang Diyos ay nagbibigay biyaya sa mga mapagpakumbaba, at tayo nga ay tinitingnang nagpakumbaba kapag ang ating mga alalahanin ay natutugunan ng Kanyang biyaya (kapangyarihan), at hindi sa pamamagitan ng ating sariling lakas.

Anong klaseng mga alalahanin ang tinutukoy ni Pedro dito? Ito ay tungkol sa mga isyu ng buhay, katulad ng mga alalahanin, mga responsibilidad, pangangailangan, o kaya naman ay iba't ibang mithiin. Ang ating mga alalahanin ay maaaring mga panandalian, o higit na mahalaga, pangwalang hanggan: ang maranasan ang kaharian ng Diyos na may kasaganaan ng buhay at, pagkatapos, ay tugunan din ang mga pangangailangan ng iba na konektado sa ating buhay. Sa ating pagtupad sa misyon ng biyaya, mararanasan natin ang pagtutol ng diyablo at ng kanyang mga kampon. Maaari niya tayong siluin, subalit hindi iyon ang plano ng Diyos. Kaya nga, kailangan nating panatiliin ang maliwanag na kaisipan, na nababatid ang mga pangako ng pakikipagtipan sa Diyos (*covenant promises*), at maging mapagbantay sa panalangin. Sa ganitong paraan, tayo ay palaging ganap na nasasangkapan ng biyaya ng Diyos upang isulong ang layunin ng Kanyang kaharian at matagumpay na tanggihan ang diyablo.

Hindi tayo nag-iisa sa ganitong gawain; ang ating mga kapatiran ay nasa ganito rin namang misyon ng biyaya sa buong mundo at nararanasan din ang ganitong pakikibaka.

Ang magandang bagay tungkol sa mga labanan ay nakakapagbigay ito ng kaganapan at katatagan. Sa bawat tagumpay, tayo ay umaangat sa mas mataas na antas ng kapamahalaan kay Cristo.

Tinapos ni Pedro ang mensahe sa nakapagpapalakas na ganitong kaisipan: Ito ang (layunin ng) *totoong biyaya ng Diyos*. Hindi ba nakatutuwa na ang Banal na Espiritu ang nag-udyok kay Pedro mahigit na dalawang libong taon na ang nakararaan na isulat ang mga salitang *totoong biyaya ng Diyos*? Ito ay hindi aksidente; nakita na ng Banal na Espiritu na sa huling mga araw, ang konsepto ng biyaya ng Diyos ay mababawasan (lalo na sa kaisipan ng mga Kristiyanong galing Amerika) na para bang pantakip lamang ito sa kasalanan at tiket patungo sa langit. Totoo naman

na kalakip ito ng biyaya ng Diyos, subalit mas higit pa rito ang nakapaloob sa biyaya – ito ay nagbibigay ng kapangyarihan upang higit pa sa likas na abilidad ang ating magamit para sa pagpapatupad ng ating misyon. *Ang pinakamahalagang aspeto ng ating misyon ay ang pag-angat ng ating mga sarili, hindi para sa ating kapurihan, kundi upang mabigyan ng kaluwalhatian ang ating Diyos at maisulong ang Kanyang kaharian.*

Sa kaalamang ito, mauunawaan na natin kung bakit maraming mananampalatayang hindi lubos na naipapakita ang maningning na liwanag ng Diyos. Ang pagpapatibay at pag-angat o pagtatangi ng ating mga sarili ay bunga ng matitinding mga labanang ating pinagdadaan. Marami sa atin ang umiiwas at lumalayo sa mga labanan. Hindi naman basta magpapahinga ang diyablo at hahayaan tayo, habang naapektuhan natin ang ating mundo para kay Hesucristo. Hindi rin siya magpapapigil na hadlangan tayo sa ating misyon, kaya tayo ay nararapat manindigan at hindi rin magpapapigil na labanan ang kaaway upang ipatupad ang mga layunin ng Diyos. Ang *New International Version* ay ganito ang pagkakasabi, “Ito ang totoong biyaya ng Diyos. Manindigan kayong mabuti dito.” Pagkatapos kong basahin ito, ang mga salita ni Pablo kay Timoteo ang mas lalong nagpatibay nito:

“Kaya nga, anak ko, magpakatatag ka sa tulong ni Cristo Hesus. Makibahagi ka sa hirap tulad ng isang mabuting kawal ni Cristo Hesus.” (2 Timoteo 2:1,3)

Hindi niya pinagsabihan si Timoteo na maging malakas sa pisikal, sa pakikisama, sa emosyonal o sa intelektwal. Siya ay sinabihan na maging matibay sa *biyaya*. Ito ang sandatang kailangan natin upang makatapos nang matagumpay. Matapos ang mahigit dalawampu’t limang taon sa ministeryo, napansin ko

Karamihan sa atin ay hindi ginagamit ang sandata ng biyaya.

na ang karamihan sa atin ay hindi ginagamit ang biyaya bilang sandata. May 98% ng mga Kristiyano sa Amerika ang hindi lubos na nauunawaan ang walang bayad, at makapangyarihang regalong ito. Hindi kasi natin alam o lubos na nauunawaan kung ano ang mayroon tayo.

Bago ang ikalawang kabanata ng 2 Timoteo, itinuwid ni Pablo ang pananaw ng binatilyong ito tungkol sa pagtuligsa at pag-uusig na kanyang kinakaharap. Tila nagagawa siyang sindakin ng kanyang kalaban, kaya pinaalalahanan ni Pablo si Timoteo. Hindi takot ang ibinigay ng Diyos sa kanya kundi kapangyarihan, pag-ibig at matalinong pag-iisip. Tulad ng lahat ng mga mananampalataya, taglay na ni Timoteo ang lahat ng kailangan upang mapagtagumpayan ang anumang hadlang. Hinikayat siya ni Pablo na pukawin, at lalo pang palakasin, ang biyaya ng Diyos na sumasakanya kay Cristo. (2 Timoteo 1:6-7;2:1)

Ang pag-abot sa pinakamataas na tawag ng Diyos sa atin ay hindi madali na para bang namamasyal tayo sa parke. Binibigyang diin ito ni Pablo, “Nagpapatuloy nga ako patungo sa hangganan upang makamtan ang gan-timpala ng pagkatawag sa akin ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo Hesus, ang buhay na hahantong sa langit.” (Filipos 3:14, SND 1998). Kung si Pablo ay “nagsisikap” na magpatuloy, ang ibig sabihin mayroong pumipigil. Mayroong humahadlang.

Alalahanin mo ang pangitaing tinalakay sa unang kabanata. Ang lalaking sumasagwan ay masidhing nilalaban ang malakas at pasalungat na daloy ng tubig. Di naglaon, siya ay nanghina. Bakit kaya? Malamang napagmasdan niya ang mga tao sa kabilang bangka na nagpapahingalay, nagtatawanan, tila ba matagumpay na namumuhay at halos walang humahadlang. Napag-isip-isip niyang maaari namang maging Kristiyano nang walang kahirap-hirap o labanang nagaganap. Isang panlilinlang. Narito ang isa pang halimbawa. Isang sundalo ang umayaw sa laban at, pagkatapos, ay nakaranas ng mas tahimik na pamumuhay, di tulad ng kanyang mga kasamahan na nananatili sa gitna ng labanan. Ang digmaan ay hindi pa tapos, ngunit ang sundalong ito ay hindi na nakikipaglaban dahil siya ay umatras na. Katulad ng lalaking nasa bangka, ang sundalo ay parang nakahanda pa ring makipaglaban; siya ay naka-uniporme, armado, at dala pa rin niya ang kanyang baril. Subalit, wala naman siyang nilalaban.

Ang ating layunin ay hindi lang magmukhang tulad ni Cristo kundi talagang maging katulad ni Cristo na nagsusulong ng Kanyang kaharian at nagwawasak ng mga gawa ni satanas. (1 Juan 3:8) Upang magawa iyon,

haharapin natin ang mga paghadlang at oposisyon.

Alalahanin natin na ang biyaya (o kapangyarihan) ng Diyos ay ang lahat ng ating kinakailangan upang mapagtagumpayan ang anumang kahirapan. Gayunpaman, tayo ay kailangang makiyon sa biyaya sa pamamagitan ng pananatiling nagtitiwala – at ang katibayan ng ating pananampalataya ay ang ating nakikiayong kilos. Nang lumakad si Pedro sa ibabaw ng tubig, nakagawa siya ng isang bagay na imposible at hindi ordinaryo. Ang sabi sa kanya ni Hesus, “Halika,” at sa isang salita ay natanggap ni Pedro ang lubos na biyaya upang makalakad sa ibabaw ng tubig. Subalit, nang siya ay huminto sa pananampalataya, ang biyaya (o kapangyarihan) ay naglaho at siya ay nagsimulang lumubog. Mayroong sapat na biyaya sa salita ni Hesus na *halika* para kay Pedro upang makalakad siya sa tubig, hanggang sa dumating siya kay Hesus at, sa biyayang ito, maaari niyang tawirin ang buong Dagat ng Galilea kung gugustuhin niya. Subalit, ang biyaya ay nabigo dahil ang pananampalataya niya ay huminto. Mayroon tayong walang pagkaubos na biyaya mula kay Cristo, subalit matatanggap lamang natin ito sa pamamagitan ng pananampalataya: “Sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesucristo, tinatamasa natin ang kagandahang-loob ng Diyos.” (Roma 5:2)

Ang problema ay wala sa biyaya kundi nasa pananampalataya na naglaho. Kaya ang biyaya (o kapangyarihan) ay naputol. Kung walang biyaya, lalaban tayo sa pamamagitan ng ating sariling lakas. Isipin ang tubo na nagdadala ng tubig sa bahay. Kung ang tubo ay pumutok, ang daloy ng tubig ay mapuputol. Kahit na ang pinagmulan ay walang tigil sa pagbibigay ng tubig, ang tubig ay hindi na matatanggap ng iyong bahay dahil ang tubo ay putol at sira na. Ang pananampalataya ay katulad ng tubo; ang tubig ay ang biyaya.

Upang makaiwas sa kabiguan, kailangan nating palakasin ang ating pananampalataya. Paano? Tayo ay magbasa ng Kanyang Salita; tayo ay magpuri, sumamba, at magpasalamat sa Diyos kung sino Siya at hindi lang sa ibinibigay Niyang biyaya; manalangin tayo sa Espiritu. Kung hindi natin gagawin ang mga bagay na ito upang palakasin ang ating pananampalataya, tayo ay unti-unting hihinto sa pananampalataya at mamumuhay sa ating sariling lakas sa halip na sa biyaya ng Diyos. Sa takdang panahon, titigil na ang paghahari natin sa mundo at mag-uumpisa na tayong pagharian ng mundo.

Kaya tayo hinihikayat ni Pedro na “Magpatuloy sa paglago sa biyaya... sa Panginoon at Tagapagligtas na si Hesucristo” (2 Pedro 3:18). Tayo ay binigyan ng responsibilidad na lumagosakapangyarihan ng Diyos. Magagawa natin ito sa pamamagitan ng pagpapatibay ng ating pananampalataya, at maaari nating dagdagan ang ating pananampalataya. Ang sabi ni Pablo ay, “Ang katuwiran ng Diyos ay nahayag mula sa pananampalataya tungo sa mas mataas na pananampalataya; katulad ng nasusulat, ‘Ang matuwid ay mamumuhay sa pananampalataya’ (Roma 1:17). Tingnan ninyo ito sa ganitong paraan; mas lalong umuunlad ang pananampalataya, mas malaki dapat ang “tubo” – at, pagkatapos, mas malakas ang daloy ng “tubig” (biyaya) na papasok sa iyo. Samakatuwid, ipinagkatiwala na sa iyo ng Diyos ang mas higit na responsibilidad na tingnan ang mas may pangangailangang bahagi ng iyong buhay at makipaglaban upang mabigyan ito ng buhay. Kasama ng sumulat ng Hebreo, taos-puso kitang hinihikayat na:

“Itaas mo ang iyong napapagod na mga kamay, at palakasin ang inyong nanginginig na tuhod! Lumakad ka muli nang tuwid... Bantayan na hindi muling tumalikod sa biyaya ng Diyos.” (Hebreo 12:12-13, 15)

Ang pagtalikod sa biyaya ng Diyos ay pagsuko sa pakikipaglaban sa kaaway, paglalagay sa kambuyo ng kotse sa *neutral* at pagiging kampante. Bakit mo tatalikuran ang kamangha-manghang kapangyarihan ng Diyos? Bakit hindi mo gamitin ang Kanyang kamangha-manghang biyaya at kapangyarihang ibinigay sa iyo?

Tayo ay nasa isang maigting na labanan, at ang tanging paraan upang makatapos tayo nang maayos ay ang hindi pagsuko o pagpapapigil sa ating pananampalataya. Ang hindi pagsuko ay ang magalak sa Panginoon at ang maging totoong kalaban at banta sa kaharian ng kadiliman. Ito ang ating panawagan, ang ating kapalaran at ang ating pribilehiyo na makapaglingkod sa Panginoong Hesucristo.

ANG SANDATA NG KABABAANG-LOOB

“Magpakumbaba kayo sa isa’t isa, at isuot ang damit ng kababaang-loob, dahil sinasaway ng Diyos ang mapagmataas, ngunit kinalulugdan Niya ang mababang kaloo-ban. Kaya nga, pasakop kayo sa kapangyarihan ng Diyos at dadakilain Niya kayo pagdating ng takdang panahon. Ipagkatiwala ninyo sa Kanya ang inyong mga alalahanin sa buhay sapagkat Siya ay nagmamalasakit sa inyo.”

1 PEDRO 5:5-7

“**P**asakop kayo sa isa’t isa...isuot ang damit ng kababaang-loob... magpakumbaba kayo.”

Ang mga salita ni Pedro sa mga talatang ito na naisulat ay mahalaga upang tayo ay mamuhay nang epektibo at makatapos nang maayos sa bawat aspeto ng buhay. Pinasimulan ng apostol ang kanyang tagubilin sa mga salitang, “Magpasakop kayo sa isa’t isa.” Sa kontekstong ito, ang salitang pasakop ay nangangahulugang “maki-isa sa ilalim ng iisang misyon.” Paano ito magiging posible sa dami ng magkakaibang mga personalidad, lakas at hangarin? Sa pamamagitan ng pagsusuot ng damit ng pagpapakumbaba. Sinasaway ng Diyos ang mapagmataas, at siguradong ayaw nating ayawan tayo ng Diyos! Sa kabilang dako, Siya ay nagbibigay ng biyaya (o kapangyarihan) sa mga mapagpakumbaba.

Kaya, sino ang mapagmataas, at sino ang mapagpakumbaba?

ANG MAPAGPAKUMBABA AY TATANGGAP NG BIYAYA NG DIYOS

Ang mananampalataya na totoong mapagpakumbaba ay nananampalataya, nagtitiwala at sumusunod sa Salita ng Diyos nang higit kaysa sa kanyang kaisipan, katuwiran, damdamin o hangarin. Samakatuwid, siya ay higit na umaasa sa kakayahan ng Diyos kaysa sa kanyang sarili. Inaalam niya ang kalooban ng Diyos, at hindi ang kanyang sarili o ang sa iba. Siya ay nakaugnay sa misyon ng Diyos. Ang Salita ng Diyos ang nagsabi sa atin na, “Tingnan ninyo ang mapagmataas, ang kanyang kaluluwa ay hindi matuwid sa kanya; subalit ang matuwid ay mamumuhay sa pananampalataya.” (Habakuk 2:4)

Sa Habakuk 2:4, nailarawan ang direktang pagkakaiba ng pagmamataas at pananampalataya. Ang talatang ito ay dapat isinulat nang ganito, “Tingnan ninyo ang hindi mapagpakumbaba, ang kanyang kaluluwa ay hindi matuwid sa Kanya; subalit ang matuwid na tao ay mamumuhay sa kanyang pananampalataya.” Dito ang pagpapakumbaba at pananampalataya ay magkasama. Gayundin naman ang pagmamataas at kawalan ng pananampalataya. Ang walang pananampalataya sa Diyos ay isang deklarasyon na mas magaling tayo kaysa sa Kanya at tayo ay nagtitiwala sa ating sariling talino at panukala. Ang hindi pa nananampalataya ay walang pinagkaiba sa pagmamataas.

Hayaan mong ipaliwanag ko ito. Mga isang taon makalipas ang Israel ay lumabas sa bansang Ehipto, ang Diyos ay nag-utos kay Moses, “Mag-sugo ka ng tao upang tiktikan ang lupain ng Canaan, na aking ibinibigay sa mga anak kong Israelita” (Bilang 13:2). Katulad ng palaging nangyayari, ang utos ng Diyos ay maliwanag – hindi malabo o magulo.

Kaya isinugo ni Moses ang labingdalawang pinuno ng bawat tribo ng Israel. Gayunpaman, sampung lalake ang sobrang “mapagpakumbaba” at dalawa ay sobrang “mapagmataas.” (Kung alam ninyo ang kuwento, manatili kayo sa akin dito; sinasabi ko ito nang medyo pabiro upang magbigay ng mahalagang punto.)

Pagkalipas ng apatnapung araw sa Lupang Pangako, ang mga espiya ay bumalik. Ang sampung mga lalaki na “mapagpakumbaba” ay nagsabing, “Pinag-aralan namin ang lupain at natuklasan na ito ay mayaman at

masagana sa lahat ng bagay. Katunayan ay narito ang bungang-kahoy na kinuha namin doon. Ngunit, may malalakas silang hukbo na kailangang labanan-mga lahing higante! Sila ay sanay sa labanan at may mga sandatang mas malalakas kaysa sa atin; tayo ay isang pangkat ng mga kalalaya lang na alipin. Kailangan nating isaalang-alang ang ating mga asawa't anak! Ilalagay ba natin sa panganib ang ating mga mahal sa buhay sa kalupitan, pagpapahirap, panghahalay at maging kamatayan sa kabilang dako ng ilog? Tayo ay dapat na maging mabuti at responsableng mga ama at asawa, at ito ang tunay na kalagayan ng sitwasyon. Imposibleng makuha natin ang lupain."

Kahit inaasam ng mga tao na magkaroon ng sarili nilang lupain, ang kanilang kaligtasan ang dapat na unahin. Kaya pinuri at pinalakpakan nila ang karunungan at 'kababaang-loob' ng mga lalaking ito. Sigurado ako na ang karamihan sa mga ama at ina na nakarinig ng mga sinabi ay nagpasalamat sa maamong asal ng sampung espiya. Inaliw ng mga Israelita ang kanilang mga sarili sa pagsasabi sa isa't isa, "Nagagalak kami na ang mga lalaking ito ang siyang nanguna sa atin. Napakadakilang mga pinuno – hindi nila inilagay sa panganib ang ating mga buhay sa ngalan ng kayabangan. Paano na lang kung hindi nila ginamit ang kanilang sentido kumon (*common sense*)?"

Subalit ang dalawang tila "mayabang" na espiya, sina Caleb at Josue, ay sumingit at nagsabi, "Sandali lang! Ano ang ginagawa natin dito? Kailangan nating kunin ang lupain, ngayon na! Kaya natin ito! Ipinangako ito ng Diyos sa atin. Nasa atin na ang Kanyang Salita tungkol dito. Lilipulin natin ang mga taong iyon. Sumugod na tayo – ngayon din!"

Bawat isa ay nagtaka sa kanilang mga narinig. Nagtinginan sila sa isa't isa na tila hindi makapaniwala. Naisip mo ba kung ano ang naging reaksiyon ng sampung espiya kina Caleb at Josue sa kanilang tila pabigla-bigla at mapusok na hamon? Naisip ko na pagkatapos nilang mabigla, lahat sila ay nagsabing: "Ano ang sinasabi ninyo? Sira ba ang inyong ulo? Pare-pareho nating nakita ang kanilang lakas, mga sandata, at matitibay na siyudad. Malalaki at magiging ang kanilang mga mandirigma, samantalang tayo ay mga hamak na alipin lamang. Wala tayong laban sa kanila! Hindi ninyo iniisip ang ating mga pamilya, at ang kapakanan ng ating bansa. Ang yayabang ninyo, ngunit mangmang at nagmamarunong nang wala sa lugar! Manahimik kayo, mga hambog!"

Parang nakikinita ko ang maraming tao na napabuntong-hininga. “Hay, salamat sa Diyos na ang mga matatalino ay hindi umaatras. Tayo ay mapalad na ang karamihan sa mga espiya ay mapagpakumbaba at matalino. Isipin mo na lang kung ano ang mangyayari sa atin kung lahat sila ay tulad nitong mayayabang at mapagmalaki na sina Caleb at Josue.”

Subalit, katulad ng palagi Niyang ginagawa, ang Diyos ang may huling salita, “Hanggang kailan Ako pag-aalinlanganan ng mga taong ito? Hanggang kailan sila tatangging manampalataya?” (Bilang 14:11) Ang Diyos ay hindi nalugod sa pag-iisip ng mga tao. Ang inaakala nilang kababaang-loob ay hindi tunay na kababaang loob. Sa totoo lang, ang kanilang kawalan ng pananampalataya ay kayabangan. Ibinabatay nila ang kanilang pagtingin sa sitwasyon sa kanilang sariling talino, abilidad at lakas.

Maraming taon ang lumipas, nagdeklara ang Diyos sa Lumang Tipan, “Sumpain ang mga taong nagtitiwala sa tao...subalit mapalad ang mga taong nagtitiwala sa Panginoon at ang Diyos ang kanilang pag-asa at katiyakan” (Jeremias 17:5, 7). Sampung espiya ang nakakita kung gaano kalalaki ang mga higante at ibinatay nila ang kanilang pasya sa kanilang sariling lakas. Subalit sina Caleb at Josue, ang itinuturing na mga hambog ay nakita kung gaano kalaki ang Diyos kung ihahambing sa kanilang kaaway at ibinatay ang kanilang pagtingin ng sitwasyon nang buong-buo sa biyaya ng Diyos. Ang dalawa, sina Caleb at Josue, ay pinagpala ng Diyos; ang ibang mga espiya at ang lahat ng hindi nanampalataya sa Panginoon ay isinumpa.

Kaya, sino sa mga espiya ang tunay na mapagpakumbaba, at sino talaga ang mapagmataas? Sa mata ng Diyos, ang sampung nag-aalinlangan ang mayayabang at ang dalawang nanampalataya ang mapagpakumbaba.

Kailangan ng tunay na kababaang-loob upang magkaroon ng pananampalataya, dahil kapag ikaw ay mapagpakumbaba, ikaw ay nagtitiwala sa kakayanan o biyaya ng Diyos upang ikaw ay sagipin – hindi sa iyong sariling abilidad. Kung ang sampung espiya ay mapagpakumbabang nagtiwala sa mga pangako ng Diyos, sila sana ay kumilos at nagpasyang sakupin ang lupain. Pinasakop sana nila ang sarili nila sa Salita ng Diyos kaysa sa kanilang limitadong lakas at sariling kaisipan, at sa gayon ay nagpasakop sana sila sa isa’t isa – sa ilalim ng iisang misyon.

Sa biglang tingin, maaaring isipin na, kapag sila ay nasa labanan, na ang lahi ni Abraham ay kumikilos sa kanilang sariling lakas, subalit, sa totoo lang, ay hindi – kundi sa biyaya ng Diyos – ang Kanyang kapangyarihang supernatural – ang gumagawa sa pamamagitan nila. Kapag tayo ay pinuspos ng kapangyarihan ng biyaya ng Diyos, may mga pagkakataon na tila tayo ay gumagawa sa sarili nating abilidad. Sa ibang pagkakataon naman, ito ay kitang-kita na sa pamamagitan ng kakayahan ng Diyos. Subalit, kahit anuman ang tingin ng mga tao sa labas, alam natin, at nagtitiwala tayo nang lubos sa kanyang kapangyarihan at nagpapatuloy tayo batay sa tiwala natin sa Kanyang Salita.

Iyan, aking minamahal na mam-babasa, ang pananampalatayang hindi sumusuko at hindi nagpapapigil. Ngunit, ito ay nagsisimula sa espiritu ng pagpapakumbaba sa harapan ng Diyos at sa bawat isa.

Kailangan ng tunay na kababaang-loob upang magkaroon ng pananampalataya.

Ang magsuot ng kababaang-loob ay ang magsuot ng mga sandata mula sa Diyos. Ang utos sa 1 Pedro 5:5-6 ay ganito: “Isuot ninyo ang damit ng kababaang-loob...kaya, magpakumbaba kayo sa ilalim ng makapangyarihang kamay ng Diyos.” Sa Banal na Kasulatan, ang kamay ng Diyos ang kumakatawan sa kakayanan, kapangyarihan o kalakasan ng Diyos. Ito ang Kanyang sandata.

Paano natin ito ipakikita sa praktikal na pamumuhay? Tayo ay kailangang magpakumbaba sa ilalim ng kapangyarihan at lakas ng Diyos. Hindi natin pahihintulutan ang ating sariling kaisipan at karanasan, maging sa iba, na mangibabaw sa Salita ng Diyos. Sa halip, tayo ay mananampalataya, sa kabila ng ating mga natural na dahilan o panukala, at hahayaan ang Kanyang Salita na magdikta sa ating mga gawa.

Sa loob ng apat na raang taon ng pagiging alipin sa Ehipto, natutuhan ng mga Israelita na hindi nila kayang ipagtanggol ang kanilang mga sarili laban sa mga kawal na may taglay na mas higit na lakas at mayroong mas makapangyarihang mga sandata. Napailalim sila sa kapangyarihan ng Ehipto. Wala silang magawa upang palayain ang kanilang mga sarili; kinailangan na ang Diyos ang kumilos. Siya ang maluwalhating nagpalaya sa

kanila sa pamamagitan ng Kanyang makapangyarihang kamay. Nagpaalala si Moses, “Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kamay ng Diyos, kayo ay nakalabas sa Ehipto” (Exodo 13:9). Subalit alam din nating, “madali nilang kinalimutan ang Kanyang mga ginawa.” (Awit 106:13). Sila ay kumapit sa kanilang matagal na panahong pagka-alipin kaysa sa kamay ng Diyos na may kakayanan na sila ay palayain. Ang parehong kamay na tumalo sa Ehipto ang siyang dumaig din sa mga sundalo ng Cananita, na mas mahina kaysa hukbo ng Ehipto.

Subalit bago natin maliitin ang kahinaan ng pananampalataya ng mga Israelita, kailangan muna nating tingnan ang ating mga sarili sa salamin. Ilang beses din bang nakagawa tayo ng ganoon? Bago tayo nakiisa sa pamilya ng Diyos, tayo ay nasa ilalim ng malupit na paghahari ni satanas. Taglay natin ang kanyang masamang ugali at walang pag-asang makalaya. Subalit ang Diyos na makapangyarihan ang “nagpalaya sa atin sa kapangyarihan ng kadiliman at nagdala sa atin sa kaligtasan sa kaharian ng Kanyang minamahal na Anak.” (Colosas1:13) Kung nagawa Niya ang imposibleng bagay na ito, gaano pa kaya ang mas simple at di gaanong mahihirap na sitwasyon ng ating buhay? Ito ang mga sitwasyong tulad ng kagalingan sa sakit at karamdaman, pagkakaloob ng ating pangangailangan, pagbibigay ng katalinuhan, ang pagpuspos sa atin ng kapangyarihan upang tayo ay umangat at magtagumpay sa mga “imposibleng” sitwasyon. Huwag nating ulitin ang kamangmangan ng Israel at “madali nating kalimutan ang Kanyang mga ginawa.” Ikaw at ako ay magsuot ng sandata ng kababaang-loob na tulad ng ginawa nina Caleb at Josue.

ANG HINDI TAMANG PAGKAUNAWA SA KABABAANG LOOB

Nakalulungkot na ang kababaang-loob ay madalas na iniuugnay sa pagiging mahina, walang kakayanan, o walang lakas ng loob. Sa totoo lang, ito ay ang kabaligtaran. Madalas sa Bibliya, sila na totoong mapagpakumbaba ay napagkakamalang mapagmataas at arogante. Gamitin nating halimbawa si David. Sa kahilingan ng kanyang ama, dinalaw niya ang kanyang mga nakatatandang kapatid na lalake na nakikipaglaban sa sundalong Filisteo. Nang siya ay dumating sa eksena ng paglalaban, napansin niya ang lahat ng

mga sundalo, kasama na doon ang kanyang mga kapatid, ay nasa kakaibang posisyon. Nagtatago sila sa likod ng mga bato at nanginginig sa takot. Sila ay pinanghinaan ng loob dahil sa laki, lakas, at reputasyon ng Filisteong higanteng kalaban na nagngangalang Goliath. Nalaman ni David na ito ay nangyayari na sa loob ng apatnapung araw, at nagtanong siya nang may tapang, “Sino ang di tuling Filisteong ito, na nanglalait sa mga kawal ng buhay na Diyos?” (1 Samuel 17:26)

Ang asal ni David ay nagpainit ng ulo sa kanyang nakatatandang kapatid na si Eliab. Ano kaya ang iniisip ni Eliab? Ang nakababata kong kapatid na binatilyo pa lang ay sobrang kumpiyansa sa kanyang sarili. Kaya sininghalan niya si David, “Alam ko ang iyong kayabangan at ang pagmamalaki ng iyong puso,” (1 Samuel 17:28). Wow, grabe, diretsahang pagsaway! Ang *Today's English Version* ay nagsabi ng mga salitang “Ikaw ay mapagmalaki!” At sa *New International Version* ang mababasa natin ay, “Alam ko kung gaano ka kayabang talaga.” Maliwanag na ang tingin ni Eliab kay David ay walang hiya, arogante at mayabang.

Subalit sandali, sino kaya sa dalawang magkapatid ang totoong mayabang? Sa naunang kabanata ng 1 Samuel, ang propetang si Samuel ay pumunta sa tahanan ni Jesse upang basbasan ang susunod na hari. Si Eliab ang panganay na anak, ngunit hindi siya napili. Parehong inakala nina Jesse at Samuel na si Eliab ang pipiliin dahil siya ang panganay at malamang siya ang pinakamataas, pinakamatikas at pinakamalakas sa mga anak ni Jesse. Subalit ang Diyos ang nagsabi, “Hindi siya ang pinili ko”. (1 Samuel 16:7)

Bakit tinanggihan ng Diyos si Eliab? Hindi kaya dahil sa ang kayabangang inaakusa ni Eliab sa kanyang kapatid na si David ang mismong nasa kanyang puso? At mababasa natin sa Bagong Tipan kung paano pinuri ng Diyos ang kababaang-loob ni David nang ideklara niyang si David ay may pusong katulad ng Kanyang puso. (Mga Gawa 13:22) Ang buhay ni David ay larawan ng kababaang-loob at alam natin na ang dakilang lider na ito ay malayong-malayo sa pagiging mahina, walang kakayanan, at walang lakas ng loob. Siya iyong sumulat, “Ang Diyos ay panig sa akin; hindi ako matatakot. Ano ang magagawa sa akin ng tao? (Awit 118:6)

Balikan natin ang labanan, binalewala ni David ang parunggit ni Eliab at hinamon si Goliath nang buo ang kanyang loob. Ipinalam niya sa higante na malapit nang mapugot ang kanyang malaking ulo. Kaya

patakbong pinasok ni David ang kampo ng kaaway, pinatay si Goliath sa pamamagitan ng isang batong pangtirador, at tinupad ang kanyang pangako: Kinuha niya ang ulo ni Goliath.

Ang panganay na kapatid ni David at ang kanyang mga kapatid ay ibinatay ang kanilang pagtaya sa labanan sa kanilang sariling lakas, katulad ng sampung espiya. Subalit si David, sa kabilang dako, tiningnan niya ang labanan sa pamamagitan ng lakas ng Diyos o sa Kanyang makapangyarihang kamay. Isinuot niya ang damit ng kababaang loob. Inalok ni Haring Saul si David ng kasuotang pangdigma, subalit ito ay kanyang tinanggihan. Ipinagkatiwala ni David ang kanyang sarili sa baluti ng Panginoon. Subalit minsan pa, katulad nina Caleb at Josue, si David ay itinuring na arogante at mayabang ng mga taong nagtitiwala sa kanilang sariling lakas.

Naniniwala ako na sinikap nang husto ng kaaway na gawing taliwas ang kahulugan sa atin ng kababaang-loob. Maraming mga Kristiyano ang sumang-ayon sa pananaw ng mga hindi mananampalataya tungkol sa kababaang loob na parang malumanay lang magsalita, mahina ang loob at takot sa komprontasyon. Subalit ito ay malayong-malayo sa tunay na kahulugan ng salitang iyon. Tingnan natin ang dalawang halimbawa sa Bibliya, sina Moses at Hesus.

Sa aklat ng Bilang, mababasa natin ang ganito, “Ngayon ang taong si Moses ay napakababang loob, higit pa sa lahat ng taong nabuhay sa mundo”. (Bilang 12:3)

Wow, ang galing na papuri! Hindi ba nais din nating makarinig ng papuri tungkol sa atin? Syempre, hindi natin sasabihin iyon tungkol sa ating sarili dahil arogante lamang, mayabang at puno ng sarili niyang kaisipan ang magsasabi sa iba na siya ay mababang loob, tama? Subalit tingnan ninyo, sino ba ang sumulat ng Aklat ng Bilang – si Moses! Ang kahanga-hangang lingkod ng Diyos ay inilarawan ang kanyang sarili bilang pinakamababang loob na taong nabuhay sa mundo.

Paano nangyari iyon? Parang tulad siya ng isang ministro na tumayo sa harapan ng isang kumperensya ng mga Kristiyano at nagsabi, “Alam ninyo ba, mga kaibigan, na ako ay mababang loob, at hayaan ninyong ipaliwanag ko sa inyong lahat ang tungkol dito.” Malamang, pagtatawanan siya mula sa entablado.

Ngayon pakinggan natin ang sinabi ni Hesus: “Lumapit kayo sa akin, kayo na napapagal at nabibigatan...at mag-aral kayo sa akin, dahil ako...ay maamo at may mababang kalooban.” (Mateo 11:28-29)

Si Hesus ay parang nagsasabi na, “Lumapit kayo sa Akin. Ako ay may mababang kalooban at gusto kong ituro sa inyo ito.” Katulad ng sinabi ni Moses, si Hesus mismo ang nagsalita tungkol sa Kanyang pagiging mapagpakumbaba na hindi tanggap ng mundo sa ngayon. (Para sa mga Pilipino, ito ay parang “pagbubuhay ng sariling bangko.”) Subalit ang problema ay hindi kung ano ang sinabi ni Moses at ni Hesus; ang problema ay umayon tayo sa mundo sa pagtingin at pag-unawa ng tungkol sa pagpapakumbaba. Nawala talaga ang totoong kahulugan dahil akala natin ang ibig sabihin nito ay para tayong mga uod na di karapat-dapat, hamak at walang-kakayahan. Samantalang ang kababaang-loob na dinisenyo ng Diyos ay isang napaka-positibo at makapangyarihang kalidad ng pag-uugali. Ang tunay na kababaang-loob ay lubos na pagsunod at pagtitiwala sa Diyos. Para sa taong may kababaang-loob, palaging una ang Diyos, pangalawa ang iba, at pangatlo ang sarili, sa lahat ng bagay. Ang kababaang-loob ay walang kaugnayan sa malumanay na pananalita at pagmamaliit sa sarili; ito ay tungkol sa pamumuhay na may katatagan at lakas ng loob at hindi sumusuko, dahil sa kapangyarihan ng libreng biyaya ng Diyos.

ANG PAGPAPAKUMBABA AY MAGPAPANATILI SA ATIN NA DI SUMUSUKO

Naalala ba ninyo kung paanong ang mga nagtiis na di sumuko at natapos nang maayos ay nakatanggap ng gantimpala? Si Pablo ang nagbigay babala na “Ang maling pagpapakumbaba – na tila tanda ng karunungan – ay maaaring nakawan ka ng iyong gantimpala: “Sinuman ay huwag manakawan ng gantimpala... sa pamamagitan ng kusang pagpapakababa.” (Colosas 2:18) Ang sampung espiya at ang nahintakutang bansa ng Israel ay nagsalarawan kung paano na ang hindi tunay na kababaang-loob ay nagiging sanhi upang ang gantimpalang inilaan para sa atin ng Diyos ay hindi natin matanggap.

Ang sampung espiya ay nagpanukala na hindi dapat pasukin ang Lupang Pangako. Ang kanilang opinyon ay parang tama, nasa katuwiran, at mahusay, subalit ito ay galing sa puno ng pagkaalam ng mabuti at masama at hindi mula sa pangako at katalinuhan ng Diyos. Dinaya nila hindi lamang ang kanilang mga sarili kundi ang kanilang mga pamilya at milyun-milyong iba pa: sila ay hindi nakapasok sa Lupang Pangako. Napakaraming tao ang hindi nakarating sa kanilang paroroonan dahil sa hindi totoong kababaang-loob. Sina Caleb at Josue, ang dalawang espiya na nag-ulat mula sa espiritu ng kababaang-loob, sila lamang ang natira mula sa unang henerasyon na pinahintulutan ng Diyos makapasok sa Lupang Pangako. Sa pangunguna ni Josue, ang bagong henerasyon ng Israelita ay nakapasok na may tibay ng dibdib at kababaang-loob sa ilalim ng makapangyarihang kamay ng Diyos. At nasakop ang lupaing ipinangako ng Diyos sa kanila.

May isang taong nagtanong sa akin, “John, pipiliin mo bang mangaral sa milyun-milyong tao na iba-iba ang pinanggalingan o sa katulad ng labingdalawang namumuno?”

“Sa milyun-milyon,” ang aking sagot.

Ang sabi niya, “Ang pinili mo ay hindi mula sa matalinong pagpapasya. Hindi ba dahil sa sampung pinuno na naatasang mag-espiya sa lupain, hindi nakapasok ang milyun-milyong mga tao at di nakarating sa kanilang destinasyon.”

Tayo ay tinawag upang mamuno at impluwensyahan ang buhay ng ibang tao. Ikaw, paano ka namumuno? Armado ka ba ng kababaang-loob at nagpapailalim sa makapangyarihang kamay ng Diyos, o ikaw ay mukha lamang mapagpakumbaba subalit kumikilos ka pa rin sa sarili mong lakas?

Idinagdag pa ni Pablo na “tayo ay higit pa sa mananakop” (Roma 8:37), subalit ang ating sariling opinyon, mga plano, o mga direktiba na labas sa Salita ng Diyos ay “maaaring mukhang katalinuhan dahil ito ay nangangailangan ng masidhing debosyon, kababaang-loob, at matinding disiplina. Subalit wala itong epekto pagdating sa pananakop.” (Colosas 2:23)

Ang lahat sa henerasyon nina Caleb at Josue ay nakaposisyon upang manakop. Si Eliab at ang kanyang mga kapatid ang dapat nakalupig sa mga Filisteo bago pa man dumating si David sa eksena. Subalit ninakaw ng

hindi tunay na kababaang-loob ang kanilang lakas, at abilidad na maghari sa buhay, at lalo na ang kanilang walang hanggang gantimpala. Dahil dito, hinihikayat tayo ni Pablo na:

“Magkaisa kayo ng saloobin. Huwag kayong magmayabang, sa halip ay makisama kayo kahit sa mga dukha. Huwag ninyong ipalagay na kayo ay napakarunong.” (Roma 12:16)

Ang mapagpakumbabang isipan ay hindi matalino sa sarili niyang opinyon. Naalala ko ang isang prominenteng *international magazine* na sumusulat ng isang artikulo tungkol sa isang kontrobersiyal na paksa. Ang patnugot ay tumawag sa aming opisina na nanghihingi ng aking opinyon, at ipinaalam sa akin ng aking katiwala ang kanilang kahilingan. Sinabi ko sa kanya, “Hayaan mong pag-isipan ko muna ito.”

Nang sumunod na araw, ang aking espiritu ay di mapakali, ngunit hindi ko matukoy ang dahilan. Tinatanong ko ang aking sarili. Ano ba ang problema? Bakit hindi ko malaman kung ano ang nakakabagabag sa akin. Kaya dinulog ko sa panalangin sa Panginoon, at sa loob ng isa o dalawang araw makalipas ito, naintindihan ko na kung bakit. Sabi ko kay Lisa, “Alam ko na kung bakit hindi ako mapakali tungkol sa kahilingan ng tagasulat ng magazine. Simple lang, sino ako upang magbigay ng opinyon? Sinasabi ba ng mga sinugo ang kanilang sariling opinyon?”

Sinasabi ng Bibliya na, “Tayo ay mga sinugo ni Cristo, na parang ang Diyos ang nakikiusap sa pamamagitan natin.” (2 Corinto 5:20) Kung ang pangulo ng Estados Unidos ay magpadala ng isang sugo upang maghatid ng mensahe sa ibang bansa, kung magbibigay ang nasabing sugo ng sarili niyang mensahe o puna, ilalagay niya ang kanyang sarili sa malaking problema o gulo. Kapag ako ay nagsalita bilang sugo o kinatawan ng Diyos Ama at ni Cristo Hesus na aking Panginoon, ako ay kailangang magsabi ng Kanyang Salita lamang. Sino ako upang magbigay ng sarili kong opinyon? Ito ang naging malaking pagkakamali ng sampung espiya. Ang magazine na ito na lumapit sa akin, na isang tagapangaral ng ebanghelyo, para sa aking opinyon, ito ay makakainsulto sa ipinagkatiwalang tungkulin ng Diyos sa akin.

Ang insidenteng ito ang nagpaalala sa akin ng sinabi ng Diyos sa akin noong mga unang panahon habang ako ay nananalangin. Ang unang

apat na taon ko sa ministeryo ay napakahirap – parang disyerto o tuyong lupain – kung masasabi. Gamit ang aming sasakyang Honda Civic, nilibot namin ni Lisa ang silangang bahagi ng Estados Unidos dala ang aming mga sanggol pati ang mga bagahe na halos wala nang paglagyan sa loob ng sasakyan. Nanalangin kami nang husto na ang Diyos ang magbukas ng mga pintuan para sa amin. Karamihan sa mga tinuruan naming mga simbahan ay mayroong mga isang daan o higit pa na miyembro na tila ba hindi lumalago at walang epekto sa kanilang komunidad.

Pagkatapos ng apat na taong pagsusumikap sa ministeryo, nangusap ang Diyos sa akin isang umaga at ang sabi Niya: “John, isinugo kita sa mga simbahan at kumperensya na mayroong maliit na impluwensiya sa loob ng apat na taon, at ngayon dahil ikaw ay naging matapat sa Akin, patuloy Kong kakalingain ang mga naturuan mo, subalit ngayon gagawa Ako ng malaking pagbabago. Palalawakin Ko ang iyong ministeryo nang higit pa sa iyong pinangarap. Ang maaabot ng iyong ministeryo ay lalawak nang maraming beses dahil ikaw ay maaanyayahan sa mas maraming simbahan at kumperensya na may mas malaking impluwensiya sa mga siyudad at mga bansa. Ikaw ay Aking pagpapalain sa pinansiyal, sa lipunan, at sa espirituwal na higit pa sa kaya mong isipin. Naging mabuti kang tagapamahala ng mga bagay na ipinagkatiwala Ko sa iyo. Panahon na upang ang mga mensaheng ibinigay Ko sa iyo ay madala sa masa o sa maraming tao sa iba’t ibang bansa.”

Hayaan mong ipasok ko ang isang importanteng punto. Maraming malalaking simbahan ang kulang sa impluwensiya sa kanilang komunidad at, ganun din naman, mayroong mga maliliit na simbahan na mas malawak ang impluwensiya. Ang importanteng aspeto ng pagiging epektibo ng simbahan ay wala sa paramihan kundi sa kalidad ng kanilang ministeryo at impluwensiya.

Ako ay nabigla at namangha sa napakaliwanag na mga salitang sinabi ng Diyos sa aking puso. Ibinahagi ko ito kay Lisa na tunay na ikinatuwa din niya. Subalit matapos ang ilang sandali, nagpatuloy ang Panginoon sa pagbulong sa akin: *Ito rin ay isang pagsubok. Noong ikaw ay pumupunta sa mga maliliit na simbahan na kulang sa impluwensiya, kailangan mong magtiwala sa Akin sa iyong pangangailangan at pagtiwalaan ang Aking mga Salita. Patuloy mong hinanap ang Aking gabay, dahil alam mo na kapag*

hindi mo sinunod ang Aking kalooban sa iyong ginagawa, ikaw ay talagang maghihirap.

Kapag pinagpala na kita nang husto, gagastos ka ba ng pera na maski papaano na lang? O, patuloy mong hahanapin ang Aking gabay katulad ng kung paano mo Ako hinanap noong ikaw ay nasa tagtuyot pa? Ikaw ba ay pupunta lang basta sa gusto mong lugar o patuloy mong hahanapin ang Aking direksyon? Ikaw ba ay magbibigay ng iyong personal na opinyon sa iyong pangangaral sa pulpito o mananampalataya ka sa Akin sa bawat salita na Aking ituturo? Anak, ang Aking mga anak ay sinusubok sa dalawang mahalagang larangan: sa paghihikahos at sa kasaganaan. Marami ang bumagsak, hindi sa paghihikahos, kundi sa kasaganaan.

Ako ay nanginig. Pagkatapos kong manalangin, agad kong ibinahagi kay Lisa ang sinabi ng Panginoon sa akin. Ang tugon niya, “John, nang marinig ko ang unang bahagi ng mensahe na ibinigay ng Diyos sa iyo, gusto kong sumayaw sa buong kusina. Ngayong narinig ko na ang buong mensahe, nanginginig na ako sa takot!”

“Mabuti yan,” ang sagot ko, “dahil iyan ang tamang pagtugon: ang magkaroon ng takot sa Diyos.”

Marami ang hindi nakauunawa na ang pagkatakot sa Diyos ay hindi ang masindak sa Diyos. Sa halip, ang kahulugan nito ay ang takot o ang pangininginig – na mapalayo sa Kanya! Ang banal na takot sa Diyos ang ugat ng malusog, matalino, makapangyarihan, at matiwasay na buhay. Pagdating naman sa mga kayamanan, mabuti iyan kung ito ay napapamahalaan nang maayos at napapanatili ang wastong pananaw tungkol dito. Gayunpaman, ang pandaraya ay madaling sumingit kapag ang isang tao ay yumayaman o umaangat ang buhay. Nagbigay si Hesus ng babala tungkol sa “pandarayang kaakibat ng kayamanan” sa Mateo 13:22. Ang pandaraya ay hindi makasisilo o makasasakit sa atin kung tayo ay nananatili sa payo, Salita at katalinuhan ng Diyos. Ito ang paraan upang manatili tayong may takot sa Diyos.

Ang takot sa Panginoon ang ugat ng isang malusog, matalino, makapangyarihan at ligtas na buhay.

Ang ibigay ko ang aking personal na opinyon bilang sugo ni Cristo kapag ako ay nangangaral ay kakulangan ng takot sa Diyos, at maliwanag na kayabangan. Ito ang dahilan kung bakit sinabi ni Pablo na, “Huwag kayong magmayabang, sa halip ay makisama kayo kahit sa mga may mababang-loob. Huwag ninyong ipalagay na kayo ay napakarunong sa inyong sariling opinyon.” (Roma 12:16) Sina Caleb at Josue ay hindi nakinig sa opinyon ng kanilang mga kasamahan. Ito ay sapagkat maliwanag na inihayag sa kanila ng Diyos ang Kanyang kalooban. Pinairal nila ang banal na takot sa Diyos, at dahil doon, nakatapos sila nang maayos. Katulad ng sinabi sa aklat ng Kawikaan, “Pinagtatawananan Niya (ng Diyos) ang mayayabang na mapangkutya subalit nagbibigay biyaya sa mapagpakumbaba.” (Kawikaan 3:34)

Walang sinumang may matinong kaisipan na magnanais na pagtawanan ng Diyos. Subalit ito ang nangyayari sa mga nagtitiwala sa kanilang sariling lakas. Hindi kinukunsinti ng Diyos ang kayabangan. Galit Siya sa kayabangan. Si Lucifer na pinakamalapit sa Kanya sa lahat ng mga anghel, ngunit wala siyang takot sa Diyos, kaya naman hindi siya nakatapos nang maayos. Sinabi sa atin, “Ang takot sa Diyos ay malinis, magpapatuloy ito magpakailanman.” (Awit 19:9) Ang banal na takot sa Diyos ay mayroong kapangyarihang mapanatili ang ibinigay sa ating kakayanan upang makatapos nang maayos. Sina Adan at Eba ay lumakad sa presensya ng Kanyang kaluwalhatian, subalit hindi naging ganap at sapat ang takot nila sa Diyos upang matakot silang lumayo sa Kanya. At ang resulta--hindi sila nakapagpatuloy nang walang hanggan sa hardin ng Eden.

Ang banal na takot sa Diyos, pananampalataya, at pagpakumbaba ay tatlong matibay na tali o bigkis na hindi basta-basta malalagot (Mangangaral 4:12). Kung ikaw ay may takot sa Diyos, ikaw ay patuloy na mananampalataya sa Kanya sa harap ng imposibleng mga pangyayari. Kung ikaw ay may takot sa Kanya, ikaw ay magpakumbaba – at hindi magmamarunong gamit ang iyong pangsariling opinyon. Gayundin naman, ang kayabangan, pagsuway, at pag-aalinlangan ay tatlong tali o bigkis ng kadiliman na mahirap ding lagutin. Magpakita ka sa akin ng isang taong bumabalewala o hindi pinapansin ang sinasabi ng Diyos sapagkat siya ay nananangan sa kanyang sariling opinyon, at ipakikita ko din sa iyo ang isang taong walang kakayanang sumagupa sa mga hamon at pagsubok ng

buhay. Ang tangi niyang pag-asa ay tunay na pagsisisi at pagpapakumbaba.

BALUTING PANGLIKURAN (*BACKSIDE ARMOR*)

Ang pagmamataas ay totoong madaya. Naniniwala ako na ito ang isa sa mga pinaka-mabisang sandata ng kaaway upang tayo ay hadlangang makatapos nang maayos. Ang mapagmataas ay hindi nakikita ang paglapit ng kaaway sapagkat may tama na siya sa likuran. Gaano kadalas bang ikaw at ako ay nakarinig mula sa mga taong naiwala ang lahat sa kanila at nagsabing, “Hindi ko napansin na ang dagok na ito ay paparating!”

May kadahilanan ang mga bagay na ito. Kung titingnan natin ang sandata ng Diyos sa Bibliya, maiingat lamang tayo ng mga ito, kung tayo ay paharap na sumusulong - ang sinturon ng katotohanan, ang baluti sa dibdib ng katuwiran, ang sandalyas ng mabuting balita ng kapayapaan, ang panangga ng pananampalataya, ang helmet ng kaligtasan, at ang tabak ng Salita ng Diyos. Pansinin mo na ang mga sandatang ito ay panangga at pangsalag sa mga atakeng galing sa harapan. Kaya, ano ang magtatakip sa ating likuran? Si Propeta Isaias ang nagbigay ng kasagutan: “... At sa inyong hulihan ay papatnubayan kayo ng kaluwalhatian ni Yahweh.” (Isaias 58:8, MBB)

Sa *New Living Translation*, ganito naman ang sabi, “Ang kaluwalhatian ng Diyos ang mag-iingat sa inyo sa likuran.” Ang Kanyang kaluwalhatian ang mag-iingat sa ating likuran. Subalit palagi nating isipin na mariing sinabi ng Diyos na hindi Niya ibabahagi ang Kanyang kaluwalhatian sa iba. (Isaias 42:8) Kapag ating itinaas ang ating sariling opinyon nang higit kaysa sa Kanya, tayo ay kumikilos na nang may kayabangan. Sa gayon nawawala ang bantay sa ating likuran na kaluwalhatian. Ang ating likuran ay natatanggalan ng takip at nawawalan ng proteksyon.

Kapag naaalala ko kung paano tayo nadaya tungkol sa tunay na kahulugan ng kababaang-loob at kayabangan, kinikilabutan ako. Sabi ng Diyos, “Ang bayan Ko ay nawasak dahil sa kakulangan ng kaalaman.” (Hosea 4:6) Ilan sa atin ang masisira, o nasira na dahil sa pagiging mangmang? Kung ang sampung espiya at ang buong Israel ay itinuring na kayabangan ang kababaang-loob nina Josue at Caleb, at kung si Eliab ay tiningnan din ang ka-

babaang-loob ni David bilang isang kayabangan, paano kaya tayo ngayon?

Ito ay maaaring itulad sa pagpunta natin sa mahabang lakbayin at hindi natin alam na sa ating dadaanan ay mayroong mababangis na hayop. Kung ikaw ay lalabas sa iyong sasakyan at maliligaw sa maling lugar, maaari kang masila at mapatay.

Minsan, si Lisa at ako ay naanyayahan sa isang safari sa Africa. Ito ay magandang lugar, isang five-star na klase ng *accommodation* na ang bawat mag-asawa ay binigyan ng sariling bungalow upang tulugan. Bawat gabi, may isang bantay na may armas ang gumagabay sa amin sa lakbayin mula sa kainan na open-air patungo sa aming bungalow. Medyo malapit lang. Sa unang gabi, ang aming bantay ay nagbigay-babala sa amin ni Lisa, “Kahit ano’ng mangyari huwag kayong lalabas sa gabi, dahil madali kayong aatakehin. Mayroong mga mababangis, at gutom na mga hayop na gumagala sa gabi, at walang mga bakod na makapagpapanatili sa kanila sa labas lamang.”

Paano kung hindi namin alam ito, at kami ay nagpasya na lumabas upang kumuha ng pagkain sa gabi upang kami ay makakain? Maaaring ako na ang nakain sa gabing iyon. Maaaring nasawi ako dahil sa kakulangan ko ng kaalaman. Batay sa mga napag-usapan na natin sa mga nakaraang kabanata, ang mga salita ni Hosea ay maaaring sabihin nang ganito: “Ang aking bayan ay nawasak dahil sa kakulangan ng kaalaman tungkol sa kabahan ng tunay na kababaang-loob sa kayabangan.”

Ako ay nagagalak na ikaw ay nagbigay ng panahon upang matutunan mo kung ano ang tamang kahulugan upang maihanda ka sa pamamagitan ng pagpapakumbaba. Subalit huwag kang huminto dito. Patuloy mong saliksikin ang Kasulatan at hingin mo ang gabay at paliwanag ng Banal na Espiritu. Hindi ka dapat maging bulag at mabigo dahil sa kakulangan mo ng kaalaman. Ikaw ay nararapat na makatapos nang maayos. Pakinggan mo ang pangako ng Diyos: “Ang mapagpakumbaba ... ay magkakaroon ng karagdagang galak sa Panginoon.” (Isaias 29:19)

Isang napakadakilang pangako! Tayong lahat ay nagnanais ng kagalakan. Subalit bakit ito mahalagang pangako? Dahil “ang galak ng Panginoon ang iyong kalakasan.” (Nehemias 8:10) Ito ang kalakasang kailangan mo upang makatapos nang maayos. Kung wala ito, madali tayong susuko at hindi makatatapos sa ating takbuhin. Ang pangako ng Diyos sa iyo at sa

akin ay karagdagang kagalakan, o lakas, kung tayo ay patuloy na magsusuot ng damit ng kababaang-loob. Ipinangako din Niya,

“Ako ang Kataas-taasan at Banal na Diyos, ang Diyos na walang hanggan. Mataas at banal na lugar ang Aking tahanan; sa mababang-loob at nagsisisi, Ako ay sasama Aking ibalik ang pagtitiwala nila at pag-asa.” (Isaias 57:15)

Kapag ang Diyos ay sumasaatin, tayo ay walang pag-aalinlangan na makatatakbo at makatatapos nang may pagtitiis. Hindi lamang pagbisita ng Diyos ang ating hinahanap. Nais nating manatili Siya sa atin. Ito ang magbibigay sa atin ng patuloy na kalakasan upang magtiis.

Kaya, mga minamahal ko, “Isuot ninyo ang damit ng kababaang-loob, dahil ‘ang Diyos ay napopoot sa mapagmataas, subalit nagbibigay-biyaya sa mga mapagpakumbaba.’ Samakatuwid, magpakababa kayo sa ilalim ng makapangyarihang kamay ng Diyos, upang ikaw ay Kanyang maitaas sa takdang panahon.”

ITAPON ANG KABIGATAN

“At kayo namang mga kabataan, pasakop kayo sa mga pinuno ng iglesya. Magpakumbaba kayong lahat sapagkat nasusulat, “Sinasaway ng Diyos ang mapagmataas, ngunit kinaluluguran Niya ang may mababang kalooban.”

Kaya nga, pasakop kayo sa kapangyarihan ng Diyos at dadakilain Niya kayo pagdating ng takdang panahon. Ipagkatiwala ninyo sa Kanya ang inyong mga alalahanin sa buhay sapagkat Siya ay nagmamalasakit sa inyo.”

1 PEDRO 5:5-7, MBB

Ang pangunahing aspeto ng pagsusuot natin ng kababaang-loob ay ang pagyakap natin sa misyon ng Diyos, tulad ng ginawa nina Caleb at Josue. Kapag ginawa natin ito, anumang kahirapan na mangyari sa pagitan ng ating kasalukuyang kalagayan at ang pagtatapos ng ating banal na misyon ay maaaring mapagtagumpayan. Sa kababaang-loob, ibinabatay natin ang ating pagsukat sa lakas o makapangyarihang kamay ng Diyos. Sa kababaang-loob, nananalig tayo sa Kanyang Salita nang higit pa sa pinakamainam na idinidikta ng makataong katwiran at talino. Sa kababaang-loob, lumalakad tayo sa pamamagitan ng pananampalataya, at hindi pinaghaharian ng ating mga pandama o natural na kaalaman.

Upang mabuhay nang makatotohanan sa ganitong paraan, dapat nating ipagkatiwala ang lahat ng ating alalahanin sa Kanya. Hindi iilang alalahanin, kundi *lahat* ng alalahanin. Ito ang ginawa nina Caleb at Josue patungkol sa kanilang asawa at mga anak. Bilang mga ama at asawang lalake, sila ay lubos

na nagmamahal at nagmamalasakit sa kanilang mga pamilya. Subalit para sa kanila, ang Salita ng Panginoon ay una at higit sa makataong katwiran at takot ng tao. Naintindihan nila na kapag inuna nila ang kalooban ng Diyos, ang mga pamilya nila ay lalong maiingatan at matutugunan ang mga pangangailangan. Sina Caleb at Josue ay tunay na nagpakumbaba sa harapan ng Panginoon, at dahil dito, ang kanilang mga alalahanin sa pamilya ay inilagay nila sa kamay Niya na pinakamapagkakatiwalaan at pinakamakapangyarihan sa lahat.

IPAGKATIWALA ANG LAHAT NG ATING ALALAHANIN SA KANYA

Kapag ating ipinagkatiwala ang lahat ng ating mga alalahanin sa Diyos, tayo ay mabibigyan ng kakayanan na manatiling hindi sumusuko sa ating misyon. Upang makapagpatuloy, hindi tayo dapat bumuhat ng mga nakasasagabal na pabigat. Itinuturo ng Bibliya, “Ating isantabi ang bawat bagay na humahadlang sa atin...takbuhin nating may pagtitiis ang takbuhing inilaan sa atin.” (Hebreo 12:1)

Pinababagal tayo ng mga pabigat at maaaring pigilan tayong makatapos nang maayos. Naiisip mo bang lumahok sa paligsahan ng pagtakbo (*marathon*) na may apatnapu't limang librang bakal na pabigat na nakasabit sa bawat balakang mo? Kung magkagayon, magiging lubos na mahirap ang pagtakbo, lalo na ang matapos ang takbuhin!

Isang napakabigat na pasanin na humahadlang sa ating pag-unlad ay ang ating mga alalahanin at kabalisahan. Ito ang bagay na nagpahina sa sampung espiya na hindi nakatapos nang maayos. Ang matinding pag-aalala nila tungkol sa posibleng panganib sa kanilang asawa at mga anak ang pumigil sa kanilang pagsulong sa pangako ng Diyos na gawin ang Kanyang kalooban.

Mahalagang linawin na ang ating mga pamilya ay hindi pabigat; ang matinding pag-aalala para sa ating mga pamilya ang nagiging pabigat. Kung ating pagdududahan ang kakayanan ng Diyos o ang hangarin Niya na biyayaan o pangangalagaan tayo, iniinsulto natin ang Kanyang integridad at kapangyarihan. Nakawiwiling gunitain na sina Caleb at Josue, sa huli, ay napatunayan ang kamalian ng kanilang mga kasamang espiya. Matapos

ang apatnapung taon, nakipaglaban nga sina Josue at Caleb sa mga Cananeo, subalit ang kanilang mga pamilya ay hindi nasaktan sa anumang paraan. Sa katunayan, dahil sa kanilang katapatan, pinagpala ng Diyos ang kanilang mga pamilya nang pagkalooban sila ng Diyos ng masaganang lupain bilang pamana.

Pagnilayan natin ang magkaibang resulta. Ang sampung espiya na naghangad na pangalagaan ang kanilang mga pamilya, sa halip na magtiwala sa gabay ng Diyos, ang naging pamana ng kanilang mga pamilya ay isang disyerto o tuyong lupain. Ito ay isang di kanais-nais na wakas, na batbat ng paghihirap at pagdarahop sa loob ng apatnapung taon. Subalit ang dalawang espiya na nanampalataya, sumunod sa Salita ng Diyos, at ipinagkatiwala ang pangangalaga ng kanilang mga pamilya sa Diyos, ang kanilang mga pamilya ay minana ang Lupang Pangako, kung saan “umaagos ang gatas at pulot.” Iyon ang kanilang naging magandang kapalaran.

Ang bawat isa sa atin ay kailangang mamili sa pagitan ng personal na pagtiyak sa pansariling kapakanan (*personal security*) at sa kapalarang itinadhana ng Diyos.

Sa iba't ibang panahon ng ating buhay, ang bawat isa sa atin ay kailangang mamili sa pagitan ng personal na pagtiyak sa pansariling kapakanan (*personal security*) at sa kapalarang itinadhana ng Diyos. Pipiliin ba natin ang daan patungo sa makabuluhang kapalaran o susubukan nating tayo mismo ang kikilos para sa ating pangsariling kapakanan? Kung iyong pipiliin ang pangangalaga sa sarili, ang wakas nito ay hindi ang iyong banal na kapalaran. Maaaring magtagumpay kang panatilihin ang pakiramdam ng kasiguruhan, ngunit sa huli, matutuklasan mo, sa hukuman ni Cristo, ang masaganang kapuspusan ng buhay na iyong tinalikdan at ipinagpalit sa iyong pangsariling kapakanan at pagpapanatili ng pansamantalang kaginhawahan.

Isang katotohanan na napatunayan nang paulit-ulit sa buong Salita ng Diyos: Kung iyong tutuparin ang binalak ng Diyos na paglalakbay para sa iyo, kailangan mong isuko ang bigat ng iyong pag-aalala at pagkabalisa sa Kanya. Ang Kanyang daan ay daan ng pakikipagsapalaran

at pananampalataya, at ang gantimpala ay laging mas dakila kaysa sa iyong pakiramdam ng kasiguruhan at kaginhawahan. Tanggalin mo ang pabigat na nagpapabagal sa iyo sa pamamagitan ng paglalagak mo sa Diyos ng lahat ng iyong mga alalahanin.

ANG ATING MGA PANGSARILING HAMON

Hayaan niyong ibahagi ko sa inyo ang ilan sa mga pasanin na kailangan kong alisin sa aking personal na takbuhin. Habang ako ay lumalaki, nakilala ko ang kahalagahan ng isang ama at asawang lalake na sustentuhan ang kanyang pamilya. Ipinakita ito ng aking ama; tinuruan niya kami na ang salaping naipon ay salaping kinita. Bata pa ako, ang tungkulin ng asawang lalake at ama sa pagbibigay ng katiwasayan at matatag na sambahayan ay tumimo sa akin bilang isang bata. Ninais ko noong maging piloto, ngunit hindi ito sinang-ayunan ng aking ama sapagkat noong mga panahong iyon, ang pagiging piloto ay hindi kinikilalang trabahong makapagtataguyod ng pamilya. Pinatnubayan ako ng aking ama tungo sa mas matatag na karera. Tinapos ko ang kursong *engineering* at, noong 1981, natanggap ako sa *Rockwell International*.

Malaki ang kinikita ko noon bilang isang *junior engineer*. Masarap ang pakiramdam na makapagbigay nang sapat sa aking asawa. Sinundan ko ang ipinakitang halimbawa sa akin noong bata pa ako. Gayunpaman, ako ay nakipaglaban sa isang panloob na pagtatalo (*inner conflicts*): nadama ko ang masidhing pagtawag sa akin na pumasok sa ministeryo. Ilang taon na rin itong nasa akin, ngunit wala akong makitang paraan na mabubuhay ko ang aking pamilya sa kinikita ng isang manggagawa sa isang ministeryo. Kaya ako at ang aking asawa ay nagplano.

Napag-alaman ko mula sa isa pang kawani ng aming kumpanya na magbabayad ang kumpanya ng malaking suweldo kung ang isang kawani ay kukuha ng posisyon sa ibang bansa, lalo na sa Gitnang Silangan (Middle East). Kaya, ako ay nagpunta sa *personnel director* at nagtanong tungkol sa pagpapalipat sa Saudi Arabia. Naisip namin ni Lisa na kakayanin naming magtiis na mabuhay doon nang ilang taon, mag-ipon, bumalik sa Amerika, bayaran ng buo ang isang maayos na bahay, at pagkatapos ay pumasok sa ministeryo.

Subalit may isang problema: ang aming mga plano ay nakabatay lahat sa aming sariling kakayahan.

Isang gabi, isang batang ministro na kakilala namin ni Lisa, sa loob ng ilang taon, ang kumausap sa akin at pinagsabihan niya ako sa loob ng dalawang oras. Ang pinakadiwa ng sinabi niya ay, “John, ang pagtawag ng Diyos ay nasa iyong buhay, ngunit wala kang ginagawa tungkol dito. Kung patuloy mong tatahakin ang landas kung saan ka naroroon ngayon, tatanda ka na sa pagiging inhinyero at mapag-iwanan na ng planong itinakda ng Diyos.”

Nayanig ako sa kanyang mga salita, ngunit alam kong tama siya. Pag-uwi ko nang gabing iyon, sinabi ko kay Lisa, “Bibigyan ko ng panahon ang paglilingkod sa simbahan sa anumang katungkulan. Tatanggapin ko ang unang katungkulang iaalok sa akin. Makakasama ba kita?” “Kasama mo ako,” ang tugon niya.

Nanalangin ako nang taimtim nang mga sumunod pang ilang buwan upang bigyan ako ng Diyos ng pagkakataong makapagsilbi sa ministeryo. Ginawa ko ang lahat upang makapaglingkod sa aming simbahan bilang *volunteer*. Ako ay naging usher; sumali rin ako sa grupong humahayo sa kulungan (prison ministry). Maging ang mga anak ng aking pastor ay tinuruan kong maglaro ng tennis. (Naging tennis instructor ako sa loob ng tatlong taon sa isang swim and racket club habang ako ay nasa kolehiyo.)

Makalipas ang ilang buwan, noong 1983, nagbukas ang isang *full-time* na posisyon, sa ministeryo. Iniwan ko ang *Rockwell* at nagsimula akong maglingkod sa aming lokal na simbahan. Malaki ang nabawas sa aking sinasahod nang tanggapin ko ang bagong posisyon. Inakala ng tatay ko na nasiraan na ako ng bait. (Gayundin ang nasa isip ng boss ko sa *Rockwell*.) Kinuwestiyon ng iba kong mga kaibigan ang aking desisyon, at ako mismo ay nakikipagtalo sa aking isip kung paano ko matutustusan ang aking pamilya. Kung pagbabatayan natin ang realidad sa mundong ito, hindi talaga sasapat; ang sahod ko ay mas mababa sa kabuuan ng gastos namin buwan-buwan.

Subalit alam kong plano ng Diyos na kunin ko ang katungkulang ito. Kaya’t ipinaubaya namin ni Lisa sa Diyos ang alalahanin ng pagtustos sa aming pangangailangan. Hindi naman kami sumala sa pagkain, laging

may sapat para sa aming pangangailangan. Sa tuwina, kahit wala kaming pinagsasabihan ng aming kalagayan, nakita namin ang milagrang pagtustos ng Diyos sa aming pangangailangan. Kami ni Lisa ay laging bumubulong sa Diyos tungkol sa aming mga pangangailangan, nilalabanan namin ang panghihina ng loob mula sa kaaway sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, at nasaksihan namin ang sunud-sunod na mahimalang pagtugon Niya sa bawat pangangailangan.

Naalala ko ang minsang pagdadalawang-isip kung magbibigay kami ng ikapu o bibili ng pang-araw-araw na pangangailangan (*groceries*). Hindi kami masyadong nahirapan dito dahil nakapagdesisyon na kaming uunahin namin ang Diyos sa lahat ng bagay. Kaya inilagay namin ang 10% ng aming kinita sa kaloob (*offering*), na nangangahulugang wala nang natira para sa pang-araw-araw naming pangangailangan dahil ang 90% ay para sa mga bayarin at sa ibang di inaasahang gastusin – isa na roon ang aming kotse.

Nang panahong iyon, isa lang ang aming sasakyan at pumalya na ang *alternator* nito. Sa sobrang kaabalahan ko sa simbahan, wala akong panahong ipaayos iyon. Bukod doon, minamaneho ko ang *van* ng aming simbahan, kaya mayroon akong nasasakyan papunta at pauwi mula sa trabaho. Kaya ang kotse namin ay nakagarahe lang. Pagkatapos ng ilang araw na nasira ang *alternator*, nawalan naman ng hangin ang isang gulong sa likuran. Upang palalain pa ang problema, ang reserbang gulong ay hindi na pwedeng gamitin. Nakatira kami sa Dallas, Texas, at ang tag-araw na 'yun ay napakatindi ng init. Isang gabi, umuwi ako mula sa trabaho at nakita ko na isa sa apat na bintana ng aming kotse ay nabasag. Masyadong naging mainit ang hangin sa loob ng kotse na naging sanhi ng pagsabog ng isang bintana nito.

Ang aking pagkasiphayo ay tumindi. Napakalaking problema. Ayusin ko man ang *alternator*, hindi ko pa rin mapaaandar ang kotse dahil wala akong gulong. Tinakpan namin ang bintana ng *garbage bag* at nilagyan ng tape, subalit alam ko na pagdating ng ulan, ang tinapalang bintana ay bibigay at papasukin ng tubig ang loob ng kotse. Habang tumatagal, bubulukin ng halumigmig ang loob ng kotse. Hindi ko na ito pwedeng pabayaan ng isa pang araw. Tumawag ako sa ilang mga talyer ngunit ang halaga ng pagpapaayos ay sobrang higit sa kaya naming bayaran. Wala talaga kaming pera upang ipaayos ang aming kotse. Sa dati kong suweldo

bilang isang inhenyero, madali lang sana ang problemang ito. Kailangan kong paglabanan ang damdaming pagkaawa sa sarili at ang makita ang aming kotse sa garahe ay nabubulok.

Sa wakas, napuno na ako. Nakahanap ako ng tagong lugar upang makipagtagpo sa Diyos at ako ay humiyaw, “Panginoon, ang sabi Mo ipagkatiwala ko lang ang lahat ng alalahanin ko sa Iyo. Kaya sa oras na ito ipinagkakatiwala ko sa Iyo ang aking alalahanin tungkol sa kotseng ito at sa Iyong mga kamay inilalagak ko ito nang lubusan. Hindi ko na ito aalalahanin, ito ngayon ay Iyong-iyong na. Mabulok man ang kotse, hindi ko na kasalanan sapagkat wala na sa akin ang alalahanin! Nakatuon ako sa sinabi Mong gawin ko. Ngayon, nagpapasalamat na ako sa ibibigay mong solusyon.”

Buo ang aking loob at matatag sa aking mga salita, at talagang tinotoo ko ang aking mga sinabi. At sa unang pagkakataon mula ng namatay ang *alternator*, ako ay nakadama ng kapayapaan sa aking kaluluwa, kahalintulad ng ipinangako ng Diyos sa Kanyang mga Salita:

“Huwag kayong mabalisa tungkol sa anumang bagay. Sa halip, hingin ninyo sa Diyos ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ng panalangin may pasasalamat. At ang kapayapaan ng Diyos na hindi kayang maunawaan ng tao ang siyang mag-iingat sa inyong puso at pag-iisip dahil sa inyong pakikipag-isa kay Cristo Jesus.” (Filipos 4:6-7, MBB)

Pagkatapos ay inumpisahan kong kausapin ang kaaway. Sa marahas at madamdaming tinig, pinagsabihan ko siya: “satanas, makinig ka. Ang aking Diyos, at aking Ama, ay magbibigay ng lahat ng aking pangangailangan nang naaayon sa Kanyang kayamanan sa kaluwalhatian. Hindi ako magkukulang, sapagkat inuuna ko ang Kanyang Kaharian, at lahat ng kailangan ko ay idinadagdag Niya sa akin. Sinasaway kita sa pangalan ni Hesus at inuutusan kita na alisin mo ang marurumi mong mga kamay sa aming pananalapi at sa aming kotse.”

Pakiramdam ko ay may biglang nalagot. Bigla akong natawa at naisip ko, *Nasiraan na ba ako ng pag-iisip?* Subalit damang-dama ko na ang kagalakan ay nagmumula sa malalim na bukal sa kalooban ko. Alam kong ito ang kagalakan ng Panginoon, na siyang kalakasang kinakailangan ko. Sa

pamamagitan nito, alam kong makatatakbo ako nang walang makapipigil sa takbuhing inilaan ng Diyos sa buhay ko. Ang alalahanin ko'y nasa Kanyang makapangyarihang mga kamay na at ang kaaway ay nakatali na. Ako ngayon ay nag-aabang at umaasa sa mga ipagkakaloob ng Diyos.

Kinabukasan, isang kaibigan ni Lisa ang dumating at nakita ang aming sirang kotse sa garahe ng aming bahay. Ito ay sadyang hindi kaaya-aya sa paningin. Sabi niya, "Lisa, may kaibigan akong mekaniko. Tatawagan ko siya upang makita natin kung ano ang magagawa niya para sa iyo at kay John." Sa madaling salita, naayos ng kanyang kaibigan ang lahat ng sira ng aming kotse sa mas murang halaga kaysa sa singil sa amin ng ibang mga talyer. Nakita naming magbigay ang Diyos sa kamangha-manghang paraan, at ito ang nagpalakas sa amin.

Subalit dahil sa aming pagkakaloob ng ikapu, wala pa rin kaming pambili ng *groceries*, at wala pa akong suweldo sa loob ng labindalawang araw. Isang gabi, umupo kaming mag-asawa sa loob ng kotse at sabay na umiyak. Ang aming pagluha ay hindi dahil sa kawalan ng pananampalataya kundi dahil sa panlulumo. Hindi namin maunawaan kung bakit kailangang lumaban kami para sa lahat ng bagay habang ang iba naman ay nabubuhay sa kasaganaan. Katulad ni Apostol Pablo, kulang kami sa pag-intindi kung ano ang nangyayari sa gitna ng aming mga pagsubok. Tiningnan namin ang mga pagsubok na nakaaabala, nakaiirita at pag-aaksaya ng aming panahon. Hindi namin napagtanto na kami ay pinalalakas ng biyaya ng Diyos upang maharap namin ang mas malalaking pagsubok pagdating ng panahon at makapaghatid ng kaluwalhatian sa Diyos. Makalipas ang ilang sandali ng pagluha, pinagtibay namin ni Lisa ang aming paniniwala sa Salita ng Diyos at nagpatuloy sa aming banal na misyon.

Lumipas ang dalawang araw, may bumisitang mag-asawang mula sa San Antonio, na nakilala lang namin noong linggong iyon. Lumapit sila sa akin at nagsabi, "John, hindi namin alam kung bakit, ngunit kinakausap kami ng Diyos na ibigay ito sa iyo." Binigyan nila kami ng tseke na nagkakahalaga ng \$200. Namangha kami ni Lisa. Walang ibang nakababatid ng aming kalagayan kundi ang Diyos, at nagbigay Siyang muli.

ANG BAGONG ANTAS NG PAGPAPAKAWALA NG ALALAHANIN

Makalipas ang ilan pang taon ng paglago at pagyabong ng aming pananampalataya, tinanggap ko ang katungkulan bilang pastor ng mga kabataan (*youth pastor*) sa isang napakalaking simbahan sa Florida. Muli kaming humarap sa parehong pagsubok sa pananalapi nang tanggapin ko ang posisyong ito. Bumaba muli ang aking tinatanggap na suweldo. Sa panahong ito, mayroon kaming labingwalong buwan na anak na lalaki, kaya ang makaraos ay naging mas malaki pang pagsubok. Muli ay ibinigay namin ang alalahanin sa Diyos, hinarap ang kaaway at muli rin naming nasaksihan ang mahimalang pagkakaloob ng Diyos. Pinagtuunan ko ng pansin ang misyon, at ang aming pangangailangan ay paulit-ulit na natugunan, madalas sa kagila-gilalas na kaparaanan.

Noong Setyembre 1988, ipinakita ng Diyos sa akin na dumating na ang panahon upang itaas sa susunod na antas ang aking ministeryo—ang paglalakbay at pangangaral nang *full-time*. Ako ay nagpasakop sa pamumuno ng aking pastor, kaya't nakapagdesisyon ako na hindi magsalita kundi maghintay sa Diyos na ipakita sa kanya kung ano ang susunod na hakbang para sa akin. Walang ibang nakaaalam kung ano ang ipinakita sa akin sa panalangin maliban kay Lisa at isang kaibigan na nakatira sa ibang estado.

Noong Pebrero 1989, dumating ang aming pastor sa pagpupulong ng mga manggagawa at sinabi niya na nagkaroon siya ng isang malinaw na pangitain nang nagdaang gabi. Ikinuwento niya kung paano niya nakita si Lisa at ako na paalis sa simbahan upang maglakbay at magministeryo nang *full-time*. Habang ako ay nakikinig sa kanya, ako ay napaiyak. Kinumpirma ng Banal na Espiritu ang kalooban Niya, tulad ng ginawa niya kay Barnabas at Pablo sa Mga Gawa 13:1-5.

Lumipas ang anim na buwan, Agosto 1989, sa loob ng tatlong linggo, nakatanggap ako ng pitong paanyaya upang maging tagapagsalita sa iba't ibang lugar. Sinabi ko ito sa aking pastor at ngumiti siya, tumawa at nagsabing, “Ito ang ipinakita ng Panginoon sa atin. Mukhang papunta ka na roon.” Pagkatapos ay sinabi niya, “John, maglakbay ka hangga't kaya mo ngayong taglagas at patuloy kang susuwelduhan ng simbahan hanggang sa katapusan ng taon. Sa unang araw ng Enero, ikaw ay magsasarili na sa iyong pananalapi.”

Nang mga sumunod na ilang buwan, ako ay naglakbay sa pitong lugar na iyon at nagkaroon ng mga magagandang pagpupulong, subalit wala ng ibang imbitasyon na dumating. Pinag-aralan ko ang aking pag-alis, ngunit wala akong tiyak na pupuntahang lugar. Napansin ito ng pastor ko at, dalawang buwan bago ako mawalan ng suweldo, binigyan niya ako ng hindi pangkaraniwang sulat ng rekomendasyon at mga address ng anim na raang mga simbahan sa Amerika kung saan siya ay nakapangaral na. (Siya ay isang kilalang ministro sa buong bansa at maging sa labas ng bansa.)

Kaagad, inumpisahan kong lagyan ng *address* ang mga sobre at papel na ibinigay niya sa akin. Ang plano ko ay ilagay ang sulat niya kasama ang sulat mula sa akin sa maliit na pakete para sa anim na raang simbahan. Natapos ko na ang apatnapung sobre nang marinig ko ang Banal na Espiritu na nangusap sa akin, *Anak, ano ang ginagawa mo?*

“Ipinaalam ko po sa mga pastor na maaari akong pumunta sa kanilang mga simbahan.” sabi ko.

“Mawawala ka sa Aking kalooban.”

“Subalit, Panginoon,” pabigla kong nasabi, “walang nakakikilala sa’kin.”

“Alam ko. Magtiwala ka sa Akin.”

Sa puntong iyon, kailangan kong magdesisyon. Maaari kong piliin ang kababaang-loob sa pamamagitan ng pagpapailalim sa nais ng Diyos na sinabi sa aking puso, o maaari kong siguraduhin ang katugunan ng aking mga pangangailangan sa pamamagitan ng sariling sikap. Sa madaling salita, ibibigay ko ba ang aking mga alalahanin at kabalisan sa Kanya, o ilalagay ko ang aking pag-aalala at pagkabahala sa sarili kong mga kamay? Agad akong nagpasya. Bago pa ako mapaatras ng aking makataong katwiran o damdamin, pinunit ko ang apatnapung sobre na may *address* na. *Alinman sa dalawa, naisip kong nakaririnig ako mula sa Diyos o ako’y nababaliw na, ang wika ko sa aking sarili.*

Lumipas pa ang panahon. Kalagitnaan na ng Disyembre at dalawang pagpupulong pa lamang ang naitakda ko. Ang isa ay para sa unang linggo ng Enero sa maliit na bayan sa South Carolina, sa isang maliit na simbahan na nagpupulong sa isang punerary. Ang isa ay nakatakda para sa katapusan ng Pebrero sa isang maliit na simbahan sa mga burol ng Tennessee.

Sa puntong ito, ang aming pastor ay nababahala na para sa amin. Malapit na siyang mag-umpisa ng kanyang programa sa T.V. na mapa-

panood sa buong mundo. Si Lisa ay may kaalaman sa *television production*, kaya't inalok siya ng aming pastor ng trabaho na itanghal ang bagong programa sa halagang \$45 kada oras. Ako ay nakahinga nang maluwa at natuwa! Si Lisa rin. Ito ang maghahatid ng kailangan naming pera habang kumukuha pa ng buwelo ang aking paglilingkod sa ministeryo.

Subalit ilang araw ang nakalipas, habang ako ay nananalangin, nangusap muli sa aking puso ang Banal na Espiritu. *Anak, kung kukunin ni Lisa ang trabaho bilang T.V. producer, anuman ang kitain niya sa pananalapi, ay ibabawas ko sa mga offering na makukuha para sa iyong ministeryo. Ayokong magtrabaho siya para sa inyong pastor. Nais ko siya sa iyong tabi.*

Labis akong nabigla. Ibinahagi ko ang mensaheng ito kay Lisa, at laking gulat ko nang siya ay sumang-ayon. May natanggap din siyang parehong mensahe sa kanyang oras ng pananalangin. Buong pagpapakumbaba naming tinanggihan ang alok ng aming pastor, subalit nababahala pa rin siya para sa amin.

Nasa dulo na kami ng Disyembre. Ang suweldo ko mula sa simbahan ay malapit nang magtapos, at dalawang pagtitipon pa lamang ang nakatakda. Nilapitan akong muli ng aming pastor, “John, sa Linggo ng umaga sa ating *televised service*, patatayuin kita sa entablado at ipahahayag ko sa lahat ng pastor na nanonood sa atin sa buong bansa na ikaw ay ilulunsad sa isang ministeryo ng paglalakbay (*traveling ministry*) at maaari kang pumunta sa kanilang mga simbahan. Higit pa rito, ang ating simbahan ay magbibigay sa iyo ng buwanang suporta.”

Muli, ako ay medyo sumaya. Ang lingkod ng Diyos na ito marahil ay isa sa pinakasikat na mga pastor sa Amerika na may milyun-milyong manonood ng kanyang programa. Sigurado akong ito ay paraan ng Diyos upang mailabas ako sa larangang ito upang tupdin ang pagtawag na nais Niya para sa akin.

Subalit pagkalipas ng ilang araw, habang ako ay nananalangin, nangusap muli ang Banal na Espiritu sa akin: *Anak, hindi ka ipakikilala ng iyong pastor sa kanyang programang pang-telebisyon, at hindi ka rin bibigyan ng inyong simbahan ng buwanang suporta.*

Ngayon, ako ay nadidismaya na, “Bakit naman po hindi?” Ang tanong ko ay may tunog pag-angal na. “Sabi ng aming pastor ay gagawin niya iyon.”

Agad ay narinig ko sa aking puso, *Dahil hindi Ko siya bahayaang gawin iyon, at siya ay taong nakikinig sa Akin.*

“Bakit hindi Mo siya papayagang gawin ang ipinangako niya sa akin?”

Ang naging tugon ng Panginoon sa akin ay hinding-hindi ko malilimutan: *Sapagkat kung gagawin niya iyon, kapag ikaw ay dumaranas na ng mahihirap na situasyon, tatakbo ka sa kanya sa halip na sa Akin.*

Totoo ngang hindi ako pinatayo ng aking pastor sa harap ng mga tao sa telebisyon. Sa katunayan, hindi man lang niya nabanggit ang bago kong ministryo, at hindi rin niya ako binigyan ng buwanang suporta. At ako’y nalugod na hindi nga niya ginawa ang anuman dito. Napilitan akong ipagkatiwala ang alalahanin ko sa Diyos, upang manalangin at lumaban kaysa ipahiwatig sa mga taong may pera at impluwensiya ang pangangailangan namin.

Dumating ang Enero at tunay ngang itinigil ng simbahan ang aking suweldo. Si Lisa at ako ay mayroon lamang \$300. Mayroon na rin kaming dalawang anak nang mga panahong iyon—si Addison na tatlo’t kalahating taong gulang, at si Austin na siyam na buwan. Ang aming buwanang binabayaran sa bahay ay \$1,000 at \$200 para naman sa aming kotse. Hindi ko alam kung saan manggagaling ang susunod kong pera. Nanalangin akong parang nakadepende ang buong buhay ko rito, na siyang nag-udyok sa akin na lumapit sa Banal na Espiritu.

Nakita namin ang pagbukas ng mga pinto sa mga pinakakakaibang paraan. Ang aking unang pagsasalita ay sa isang simbhang nagtitipon sa isang punerarya. Nasundan pa ito nang sumunod na linggo. May mga nakakabalita na tungkol sa aming gawain, at minsan, may isang pastor na taga-Columbia, South Carolina na dumalo. Sa huling pagtitipon, tinanong niya ako kung nais kong pumunta sa kanyang simbahan. At nagpunta nga kami ni Lisa. Mula sa kanyang simbahan, muli akong naanyayahan sa iba pa. At ito nga ay nagpatuloy.

Ilang buwan pa ang dumaan at muli ang iskedyul ko ay lumuwag na naman. Kami ay dumaan sa maraming pampinansiyal na kagipitan, ngunit hindi kami nahuli kahit na sa isang bayarin. Isang umaga, lumabas ako upang manalangin. “O Diyos, aking Ama, ginagawa ko ang sinabi Mong gawin ko,” ibinulalas ko. “Kung hindi Ka magbibigay ng mga pagtitipon

at pananalapi para sa aking pamilya, kukuha ako ng trabaho na magsisilid ng mga *groceries*, at sasabihin ko sa mga tao na hindi Mo kami matustusan. Ngunit, Ama, ayoko pong pababain ang aking halaga bilang Iyong lingkod. Kung tinawag Mo ako, bubuksan Mo ang mga pinto. Ibinibigay ko nang buong-buo ang mga alalahaning ito sa Iyo.”

Ako ay pumaling sa hilaga at inutusan ang mga pintong bumukas. Ganun din ang aking ginawa nang humarap ako sa timog, sa silangan at sa kanluran. Pagkatapos ay inutusan ko ang kaaway na umatras; sinabihan ko ang demonyong hindi niya mapipigilan ang mga hakbang na iniutos ng Diyos na aming gawin.

Matapos ang pananalanging iyon, isang simbahan sa Michigan ang nag-anyaya sa akin para sa apat na araw na pagtitipon. Isang tunay na pagkilos ng Diyos ang nagsimula. Ang apat na araw na pagtitipon ay naging mga linggo ng pagtitipon. Ang mga tao ay dumadalo sa gawain mula sa layong siyamnapung milya, at napupuno ang simbahan gabi-gabi. Tinawagan ko si Lisa na kasama ang aming mga anak na lalaki sa isang pampublikong languyan (*swimming pool*) malapit sa bahay ng aking mga magulang sa Florida. Ibinalita ko sa kanya ang nagaganap sa mga pagtitipon, na tila matagal pa bago ito matapos. Sinabi ko sa kanya na magpapadala ako ng mga *airline ticket* para sa kanya at sa aming mga anak upang magkasama kami sa Michigan.

Isang pastor na nagbabakasyon at nakaupo malapit kay Lisa ang nakarinig ng mga sagot niya sa aming pag-uusap. Nilapitan siya nito at nagsabing, “Mawalang galang na, ngunit ako’y nakikinig sa iyong pakikipag-usap sa iyong asawa. Pastor ako ng simbhang may isang libo at limang daang miyembro sa bandang itaas ng New York. Ako ay nauuhaw para sa pagkilos ng Diyos sa aming mga miyembro. Naramdaman kong nangusap sa akin ang Panginoon na anyayahan ang iyong asawa.”

Kaya pagkatapos ng mga pagtitipon sa Michigan, kami ay tumungo sa New York. Ang mga ito ay naging makapangyarihang mga gawain. Madalas kaming bumabalik sa simbhang iyon. Ang ganitong pangyayari ay nagpatuloy linggo-linggo. Sa katunayan, sa unang apat na taon ng aming ministryo hindi kami sumulat ni isang liham o tumawag sa isang simbahan. Ang bawat gawain ay basta na lamang bumubukas tulad ng pagkakalahad ko o sa ibang kakatwang mga paraan.

PATULOY NA PAGKAKALOOB

Sasabihin kong muli, ako ay pinalaking may paniniwala na lubos na mahalaga para sa lalaki na buhayin ang kanyang pamilya. Sa 1 Timoteo 5:8, kinumpirma ang paniniwala kong ito nang sabihin na kapag hindi ko ito ginawa, ako ay masahol pa sa hindi mananampalataya. Ang pagbuhay nang marangal sa aking pamilya ay wasto at makadiyos na tungkulin. Subalit kung ginawa ko ang alalahaning ito na pangunahin sa lahat, marahil hindi ako nakasulong sa pagsunod sa Diyos. Ang alalahaning iyon ang maaaring naging pagbigat upang mahadlangan nang lubos ang aking takbuhin.

Matapos ang ilang taon ng paglilingkod, nagkaroon ako ng pagkakataong obserbahan ang ibang mga ministro na piniling maging iba—na hindi ibinigay nang lubos ang alalahanin ng kanilang pantustos sa Diyos. Tulad ng sampung mga espiya, ibinatay nila ang kanilang pantustos sa pamamagitan ng kanilang sariling mga abilidad. Naobserbahan ko silang pinabababa, ang kanilang dignidad, nagpapahiwatig, at namumulitika. Nalulungkot ako para sa kanila, dahil alam ko na ang pagtawag sa buhay nila ay tunay, subalit sa kanilang ginagawa, hindi ito nabibigyan ng tamang pagpapahalaga. Kahit ngayon, marami sa mga ministrong ito ang hindi pa nakapasok sa antas ng paghahari. Ikinalungkot ng aking puso nang marinig kong sabihin ng isang pastor, “Hindi mo ba alam na ang pananampalataya na walang pahiwatig ay patay?”

Sa aming unang taon ng paglalakbay, nakita namin ni Lisa ang pagtugon ng Diyos sa aming pangangailangan sa mga kamangha-manghang paraan. May isang buwan na kinailangan namin ang halos \$700 pambayad sa pagkakasangla ng aming bahay na dapat bayaran kinabukasan. Pagpunta ko sa *mailbox*, may sulat na dumating mula sa isang mag-asawang *hippy* na nakatira sa Alabama. Mayroon silang walong anak at natutulog sa sahig na may *box spring* at kutson. Ayon sa sulat, *John at Lisa, hindi namin alam kung bakit, ngunit nangusap ang Diyos sa aming mga puso ngayon na ipadala sa inyo ang tsekeng ito na nagkakahalaga ng \$300.*

Nang gabing iyon, nagsalita ako sa isang simbahan na may apatnapung tao lamang. Ibinigay sa akin ng pastor ang alay sa isang papel na sako. Umuwi ako at nahiga sa aking kama, naisip ko na nalimutan kong bilangin ang kanilang kaloob. Dahil ibinigay na namin ni Lisa ang aming alalahanin sa Diyos, talagang hindi ako nag-aalala tungkol sa pambayad sa

bahay na kailangang bayaran kinabukasan. Tumayo ako at binilang ang kanilang kaloob – \$397.26. Ito, pati ang regalo mula sa mga *hippies*, ay sapat na upang ipambayad sa bahay. Muling tinugon ng Diyos ang aming pangangailangan.

Sa paglipas ng panahon, naintindihan ko na ang proseso na ginamit ng Diyos upang sanayin kami. Kailangan muna naming malaman ni Lisa kung paano ibigay ang aming mga alalahanin sa Diyos sa maliliit na mga bagay, tulad ng *alternator* ng kotse. Importanteng matuto kaming manampalataya at lumaban nang ang suweldo namin ay maliit. Bakit? Sapagkat nang pumasok kami sa *full-time traveling ministry*, naranasan naming tumanggap ng maliit na suweldo tungo sa walang suweldo. Lumago kami sa pananampalataya at naging handa para sa mas mahirap na misyon. Ang mga pagsubok na hinarap namin sa unang taon ng aming paglalakbay ay nakatulong sa aming paglago at naihanda kami para sa susunod na antas ng pananampalataya na kakailanganin namin.

Habang isinusulat ko ang aklat na ito, ang *budget* namin sa Messenger International ay higit sa \$100,000 kada linggo. Kung hindi ako natuto kung paano ibigay ang aking mga alalahanin sa Diyos at manampalataya sa Kanya sa bawat hakbang, tiyak na matataranta ako ngayon. Subalit ang mabuting balita ay, hindi ako nawalan ni isang minuto ng tulog para lang mabalisa sa aming pangangailangan. Ang kapayapaan ng Diyos, na hindi nga kayang maunawaan ng tao, ang nag-ingat sa aming mga puso at pag-iisip kay Cristo Hesus, tulad ng ipinangako Niya.

MULA SA PANANAMPALATAYA TUNGO SA PANANAMPALATAYA

Ang prosesong ginagamit ng Diyos upang patibayin ang ating pananampalataya ay nagpapaalala sa akin ng pagpapalaki ng katawan (*body building*). Noong ako ay tatlumpu't limang taong gulang, ako ay masyadong abala sa paglalakbay at pagsasalita na tiningnan ko ang pagpunta sa *gym* na pag-aaksaya ng panahon. Dahil dito halos hinimatay ako sa entablado isang Linggo sa Atlanta, Georgia.

Ang aming kapitbahay ay isang propesyonal na *wrestler* para sa dating World Wrestling Federation. Siya at ang kanyang asawa't mga anak ay

naging mabubuti naming kaibigan. Dati pa niya akong inalok na dalhin sa *gym* ngunit tinanggihan ko siya. Pagkatapos ng insidente sa Atlanta, ang aking pananaw ay lubos na nabago. Tinanong ko siya kung matutulungan ba niya akong magkaroon ng malusog na pangangatawan.

Ang aking kaibigan ay malaki at mabigat, tumitimbang siya ng 260 na libra at mayroon lamang 4% na taba sa katawan. Ang kanyang *biceps* at *triceps* (harap at likod na parte ng braso,) ay mas malalaki pa kaysa sa aking mga hita. Nag-umpisa kaming pumunta sa *gym* palagi. Bago pa iyon, nakilala ko ang mga malalaki niyang mga kaibigan sa *bodybuilding*. At inobserbahan ko ang kanilang mga paraan sa pagsasanay. Napag-alaman ko na ang pagbubuhat ng magagaan na timbang nang maraming ulit (*low weights with high repetitions* o “*reps*”) ay hindi nakapagpapalaki ng *muscles* (kalamnan). Sa halip ang mga lalaking ito ay bubuhat ng mabigat na timbang sa pinakamarami nang tatlo o apat na ulit. Pinanood ko silang itulak ang mga *weights* pataas ng tatlong beses, ngunit sa ikaapat na ulit, dito nangyayari ang lahat ng aksyon.

Ang taong nasa *bench* o bangko ay tunay na wala ng lakas na itaas ng ikaapat na ulit ang mabigat na timbang. Habang ang mukha niya’y nakangiwi, ang mga ugat niya’y nagngangalit na lumabas, nanginginig ang kanyang katawan, habang ang kanyang mga kaibigan ay sumisigaw ng “Tulak!” “Itulak mo pa pataas!” At itutulak nga niya nang buong lakas upang maitulak pataas sa ikaapat na ulit. Sa sandaling iyon, ang mga kalamnan (*muscles*) ng katawan ay tumutugon at lumalaki.

Sa aking unang pagkakataon sa *gym*, ako ay nakapag-*bench press* lamang ng 95 na libra, at nanatili ito sa loob ng isang buwan. Pagkatapos ay nagpadagdag ako hanggang 135 na libra; makalipas ang anim na buwan, hanggang 185 na libra; at sa huli, 205 na libra. Kaya lang, ako ay nanatili sa 205 sa loob ng ilang taon.

Isang dating *bodybuilder* ang nagtrabaho para sa aming ministryo. Habang kami ay nag-uusap, ipinaalala niya sa akin kung ano ang kinakailangan upang magpalakas at magpalaki ng *muscle*. Nalimutan ko na upang makapagpalaki ng *muscle*, kailangan kong magbuhat ng mabibigat sa kaunting pag-ulit. Kaya nag-umpisa uli kami ng proseso ng pagpapalaki at nagpatuloy hanggang minsan sinamahan niya ako na magministryo sa Fresno, California. Habang may *break* pa sa kumperensiya, ilan sa amin ang

nagpunta sa *gym* kung saan nagpasya silang pagtulungan ako. “John,” sabi ng kasamahan ko, “magbubuhat ka ng 225 ngayon.”

Ang sabi ko, “Hindi ko kaya.”

“Kaya mo ‘yan! Sige punta ka na sa bench at tutulungan ka namin.”

Totoo nga, nagawa kong magbuhat ng 225 na libra. Ako ay natuwa nang husto. Nag-ensayo ako nang nag-ensayo at tumaas pa ang kinaya ko hanggang 245 na libra. Subalit muli, ako ay nanatili roon. Ang aking pangarap, na sa isip ko ay hindi maaaring mangyari ay, isang araw, makapagbuhat ako hanggang 315 na libra.

Nagpunta ako sa isang simbahan sa Detroit, Michigan, kung saan sinabi sa akin ng pastor na isa sa kanyang mga miyembro ay kilala sa buong bansa na tagapagsanay ng mga *bodybuilders*. Ang pastor mismo ay kailan lamang bumuhat ng 545 na libra. Isang araw, pagkatapos ng aming gawain nang Linggo, dinala ako ng pastor sa trainer at nakapagbuhat ako ng 265 na libra. Tuwang-tuwa ako. Inilagay niya ako sa isang matinding programa, na masigasig naming ginawa ng aking kasama sa loob ng mga sumunod na buwan.

Nang bumalik kami sa simbahan sa Detroit, nangaral ako tungkol sa Banal na Espiritu isang umaga at gabi ng Linggo. Kinabukasan ng umaga, kami ay nagpunta sa gym, at ang dating tagapagsanay ay nagsabi sa akin, “John, kagabi may panaginip ako na nakapagbuhat ka ng 300 na libra sa *bench*.”

“Hindi maaari,” ang nakangiti kong tugon.

Tumingin siya sa akin at nagsabi, “Nangaral ka buong araw kahapon kung paano nangungusap ang Banal na Espiritu sa atin. Nangusap Siya sa akin kagabi. Kaya itikom mo ang iyong bibig at pumunta ka na sa *bench*. Ikaw ay magtutulak ng 300 na libra ngayon.”

Pagkarinig ko sa kanyang sinabi, tahimik akong humiga sa *bench*. Pagkatapos ng *warm-up*, naglagay ng 300 na libra ang kaibigan ko sa *bar*. Seryoso siyang nagsabi, “Itulak mo nang buong lakas ang *bar* kapag bumababa. Huwag mong iisipin ang bigat na ‘yong binubuhat. Basta itulak mo nang buong lakas!”

Siya at ang ibang nasa paligid namin ay sumigaw, “Tulak! Tulak! Tulak! Habang bumababa ang *bar* sa pinakamababa nitong posisyon, at itinulak

ko nang buong lakas. Ito ay tumaas nang tumaas! Kinuha nila ang *bar* at ako ay tumalon mula sa *bench* na nagsisisigaw sa tuwa. Ako ay namangha.

Pinabayaan akong magdiwang sa loob ng limang minuto ng tagapagsanay kong kaibigan at tiningnan ako nang direktso sa mukha. Pareho pa rin ang tingin niya. “Ngayon susubukan mo ang 315 na libra.”

“Hindi maaari—napanaginipan mo rin ba yan kagabi?” ang sabi ko.

Ngumiti lang siya at magalang na sinabing, “Tumahimik ka at humiga ka uli doon.”

Tunay nga, sa gulang na apatnapu't lima, nakapagbuhat ako ng 315 na libra! Nagtatalon ako sa tuwa. Hindi ko malilimutang tinawagan ko si Lisa mula sa Detroit *airport* upang sabihin sa kanya ang magandang balita.

Ilang sandali pa, ipinakita sa akin ng Diyos na ang mga tagapagsanay na iyon—ang aking kasamang manggagawa, ang mga pastor sa California, at ang pambansang tagapagsanay sa Detroit—silang lahat ay katulad ng Banal na Espiritu. Alalahanin natin ang mga salita ni Pablo:

Tapat ang Diyos, at hindi niya ipahihintulot na kayo'y subukin nang higit sa inyong makakaya. Sa halip, pagdating ng pagsubok, bibigyan niya kayo ng lakas upang mapagtagumpayan iyon.” (1Corinto 10 13, MBB)

Alam ng mga tagapagsanay na iyon kung ano ang kaya at hindi ko kaya. Alam nilang hindi dapat maglagay ng 405 libra sa *bar*, dahil ang kaya ko lang itulak ay 315. Dalubhasa sila at kaya nilang kilalanin ang potensyal ng isang tao. Namangha ako sa kanilang kakayanang makita ang hindi ko nakikita. Bawat oras, hindi ko lubos maisip ang sarili kong makapagbubuhay ng kasing bigat ng naiisip nila. Nakita nila ang aking lakas at potensyal na hindi ko alam na naroon na.

Alam ng Banal na Espiritu kung ano ang kaya at hindi mo kayang pangasiwaan.

Ganoon din ang Banal na Espiritu. Alam Niya kung ano ang kaya at hindi mo kayang pangasiwaan. Kung ang aking propesyonal na *wrestler* na kaibigan ay naglagay agad ng 315 na libra sa *bar* sa una naming pagpunta sa *gym*, ano kaya ang maaaring nangyari? Ang bar ay maaaring

bumagsak sa bilis ng *gravity*, na dudurog sa *rib cage* ko na posible kong ikamatay. Kai-langan kong mag-umpisa sa 95 na libra, at trabahuhin ko ito pataas.

Gayundin, alam ng Banal na Espiritu kung ano ang nakalaan para sa akin at kay Lisa. “Sapagkat batid kong lubos ang mga plano ko para sa inyo.” sabi ng Diyos (Jeremias 29:11, MBB) Kailangan Niyang patibayin ang aming pananampalataya, at sa proseso ng pagpapatibay nito, kailangang matutunan naming ipagkatiwala ang aming mga alalahanin sa Kanya. Hindi ito laging kaaya-aya, subalit lagi itong kapaki-pakinabang. Maraming pagkakataong nilabanan ko ang mga emosyon na gusto ko nang umayaw o sumuko, ngunit sadyang hindi ko ito magagawa sapagkat hindi ako sinukuan ni Hesus. Nanatili kaming matatag sa aming banal na misyon at laging napagtatagumpayan ang mga hadlang sa daan.

Sa paglingon ngayon sa nakaraan, ang mababang suweldo, problema sa *alternator*, kakapusan sa pera, at iba pang mga pagsubok na aming dinaanan ay mga hakbangin upang palakasin kami para sa mga darating pa sa hinaharap. Kung nag-umpisa kaming manampalataya sa Diyos para sa \$100,000 kada linggo, tulad din ito ng paglalagay ng 315 na libra sa *bar* sa unang pagpunta ko pa lamang sa *gym*. Hindi. Kailangang unti-unti at patuloy na patatagin kami ng Banal na Espiritu sa lugar na kung saan pagkakatiwalaan namin Siya para sa mas malalaking bagay.

HUWAG IWASAN ANG IYONG PAGSASANAY

Ang mga balakid na kinaharap namin sa simula ng proseso ng aming pagsasanay ay para sa aming mga personal na mga pangangailangan: pagpapaayos ng kotse, pambayad ng aming *groceries*, pambayad sa mga bayarin at sa bahay. Subalit ang balakid na kinakaharap namin sa ngayon ay bihirang mapasama ang aming mga personal na pangangailangan, sa halip ay para sa ikabubuti ng maraming tao. Kung umiwas kami sa proseso ng pagsasanay ng Diyos sa simula, wala kaming lakas para sa mga ipinadadala Niya sa amin ngayon.

Ilang mga ministro ang hindi naabot ang mga taong ipinaabot ng Diyos sa kanila sapagkat hindi nila binuo ang proseso ng pagsasanay? Kung

hindi nila ginamit ang kanilang pananampalataya upang itulak ang 145 na librang mga paghamon noon, hindi nila kakayanin ang 405 na librang mga paghamon ngayon. Nakakalungkot, ngunit kailangang kumuha ang Diyos ng ibang tao upang tapusin ang trabahong nakalaan sana sa kanila.

Ilang mga negosyanteng lalaki at babae ang napalayo sa pagtawag ng Diyos dahil hindi sila pumasok sa kapamahalaan, sa pamamagitan ng mga pagsubok na hinarap nila? Sa halip na manampalataya sa Diyos, nagpunta sila sa mga institusyon ng mga tao at gumamit ng mapagmanipulang pamamaraan upang mapagtagumpayan ang kanilang mga pagsubok.

Nakatitiyak ako na ang sampung espiya ng Israel ay hindi dumaan sa proseso ng pagsasanay na tulad nila Caleb at Josue. Maaaring humanap sila ng mga makataong pamamaraan upang malusutan ang mga pagsubok at paghihirap nang hiwalay sa pananampalataya sa Diyos. Hindi nila pinatatag ang kanilang pananampalataya. Kaya nang dumating ang pagkakataon na maaaring mabago ang kanilang mga buhay, wala silang kalakasan ng pananampalataya na manalig.

Alam ng ating Ama ang pinakamahusay na paraan ng pagsasanay para sa bawat isa sa atin. At kahit hindi Siya ang may akda ng mga paghihirap, hinahayaan Niya ang mga ito upang palakasin tayo para sa kapalaran na inihanda Niya para sa atin.

Huwag mong iwasan ang proseso ng iyong pagsasanay. Ang mga pagsubok na hinaharap mo ngayon ay inihahanda ka para sa mga kahanga-hangang paglalakbay o pakikipagsapalaran na iyong gagawin sa takdang panahon. Lagi mong tatandaan, aking kaibigan, na hindi ka dadalhin ng Diyos sa mapanghamong lugar nang hindi ka muna nabibigyan ng pagsasanay na kailangan mo upang mapanagumpayan ito.

Pag-aralan mong ipagkatiwala ang iyong mga alalahanin sa Kanya na may kababaang-loob upang makarating ka mula sa isang antas ng kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian, pananampalataya tungo sa pananampalataya at kalakasan tungo sa kalakasan.

MAGING MAHINAHON AT MAPAGBANTAY

“Magpakumbaba kayong lahat sapagkat nasusulat, ‘Sinasaway ng Diyos ang mapagmataas, ngunit kinaluluguran niya ang may mababang kalooban.’ Kaya nga, pasakop kayo sa kapangyarihan ng Diyos at dadakilain Niya kayo pagdating ng takdang panahon. Ipagkatiwala ninyo sa Kanya ang inyong mga alalahanin sa buhay sapagkat Siya ay nagmamalasakit sa inyo.

Maging handa kayo at magbantay. Ang diyablo, ang kaaway ninyo ay parang leong umaatungal at aali-aligid na naghahanap ng masisila. Huwag kayong matatakot sa kanya at magpakatatag kayo sa inyong pananampalataya sa Diyos.”

1 PEDRO 5:5-9

Bago tayo magpatuloy na magmina sa mayamang pangaral ni Pedro, dagli nating ibuod: Tinatalakay ng apostol ang tunay na biyaya ng Diyos. Ang biyaya ay hindi lamang para sa ating kaligtasan at kapatawaran ng kasalanan, subalit binibigyan din tayo ng kapangyarihan na magliwanag sa madilim at naliligaw na mundo. Ngunit ang pagiging katangi-tangi ay hindi nangyayari ng walang paghadlang; magkakaroon ng labanan. Kung gayon, dapat din tayong armasang mga sandata ng biyaya.

Nagmumula sa kababaang-loob ang paghahanda sa ating mga sarili sapagkat ang biyaya ay ibinibigay sa mapagpakumbaba. Pinapangaralan tayo ni Pablo na magsuot ng kababaang-loob, at ang napakahalagang aspeto ng totoong kababaang-loob ay ang pagsusuko ng ating alalahanin sa Kanya sa halip na subukang labanan ang mga hamon ng buhay nang

mag-isa sa ating sariling abilidad. Hindi tayo makatatakbo nang mahusay sa karera at makapagtitiis hanggang wakas kung hinahatak tayo pababa ng mga personal na alalahanin.

Ang pagkabahala, pagkaligalig at takot ay mga kaaway ng ating kapalaran. Sa oras na maisuko natin ang ating mga pasanin sa Diyos, makatatakbo tayo nang mas mabilis at maiwawasiwas ang ating espada nang may higit na pwersa.

Ang mahalagang aral: kapag may tunay na kababaang-loob, napapa-kawalan tayo upang sumulong at labanan ang sistema ng mundo. O kaya nama'y kaladkarin ang angkla sa putik at pusali ng pagkabahala—isang imposibleng gawa lalo pa ngat' pasalungat ang daloy ng ilog.

Kung gayon, pinangangaralan tayo ni Pablo na maging mahinahon at mapagbantay.

MAGING MAHINAHON

Ang salitang mahinahon ay maaaring ipaliwanag bilang “seryoso, may katuwiran at taimtim.” Ang salitang Griyego ay *nepho* na ang ibig sabihin ay kabaligtaran ng pagiging lasing sa alak. Ibig sabihin ay “ang pagkaka-roon ng maliwanag na pag-iisip.”

Ako ay nagsimulang uminom ng alak noong ako ay nasa *Junior Year* sa mataas na paaralan, at nagtuloy-tuloy iyon tuwing patapos ang linggo sa buong *Senior Year* ko. Gayunpaman, noong unang taon ko sa unibersidad, ang aking pag-inom ay lumala dahil wala na ako sa direktang pamamahala ng aking mga magulang. Ang pagsali sa *fraternity* ay hindi rin nakatulong, dahil itinuring namin ang buhay sa kolehiyo na isang malaking *party* o kasiyahan na may kaunting pag-aaral sa pagitan. Hindi nagtagal at ako ay naging palagiang malakas na manginginom. Natuwa ako nang iligtas ako ni Hesus noong ikalawang taon ko sa kolehiyo—Diyos lamang ang nakaaalam kung sa anong nakapipinsalang katapusan Niya ako iniligtas.

Maraming beses na ako ay nalasing upang malaman mula sa aking mga kaibigan kinabukasan ang mga kalokohan at katawa-tawang bagay na nasabi at nagawa ko. Maraming palabiro sa aming *fraternity*, at hindi nagtagal nalaman namin kung gaano kadali abusuhin ang lasing na kapatid sa

frat. Nakagagawa kami ng mga bagay na hindi namin kayang gawin kung kami ay matino.

Ang isang kapilyuhan namin ay pagnanakaw. Hindi malalaman ng tao na may mahalagang gamit na nanakaw sa kanya. Kinaumagahan ay malaking kaguluhan habang tarantang maghahanap ang biktima sa kuwarte niya at sa buong *fraternity house*. Wala siyang alam kung paano at kailan nangyari ang pagnanakaw. Dahil sa kalituhan, magtatatakbo siya sa buong bahay nang humihikbi, naghihinagpis, at minsan ay sumisigaw habang hinahanap niya ang kanyang *lab project*, pitaka at larawan ng kanyang kasintahan, o iba pang gamit na mahalaga. Ang lahat ay humahagikgik at tumatawa habang nanonood ng palabas. Kapag dama na namin na ang aming kapatid ay naghirap na nang matagal, ibabalik na namin ang mga nawawalang gamit, at magtatawanan kami nang napakalakas.

Siyempre, kami ay nagbibiro lamang, ngunit paano kung may seryosong nagnakaw ng kanyang mga gamit? Kung lasing siya, napakadali niyang mabiktima at maaaring maiwala ang mahahalagang bagay nang tuluyan.

Ang pagkalasing ay maaaring makagawa ng malaking kapinsalaan sa labanan. Naalala ko ang isang salu-salo kung saan pinanuod ko ang dalawa kong kaibigan na magsuntukan—ang isang kaibigan ko ay lasing; ang kaaway niya ay hindi. Ang kaibigan kong lango sa alak ay nabugbog nang husto. Kailangang may ibang makialam upang maiwasan ang mas malubhang pisikal na pinsala.

Gunitain natin ang nasa panimula, ang totoong kuwento sa likod ng pelikulang *The Ghost and the Darkness*. Ibinahagi ko ang tungkol sa dalawang matatapang na lalaki—si Patterson, ang *railway engineer*, at si Remington, ang kilalang Amerikanong *hunter*—ang nagpabagsak sa dalawang leon na pumatay sa mahigit na 130 manggagawa. Ang hindi ko nasabi sa panimula ay ang katotohanan na sa bandang huli ng kuwento, napatay si Remington ng isa sa mga leon. Matapos ang maraming araw ng pangangaso, ang unang leon ay matagumpay na nabaril at napatay ng dalawang lalaki. Nang gabing iyon, sa kanilang pagdiriwang, uminom si Remington hanggang sa siya ay malasing, at ang naging resulta, siya naman ang napatay ng pangalawang leon. Pagkatapos ng ilang sandali, napatay naman ni Patterson ang leon na pumatay sa kanyang kaibigan.

Si Remington ay kilala sa buong mundo sa kanyang husay sa pangangaso (*hunting*), subalit naiwala niya ang kanyang buhay dahil sa kanyang kalasingan. Mayroon sana siyang armas na higit sa kakayanan ng leon, ngunit dahil sa kanyang kalasingan, hindi siya naging mapagbantay upang itaboy ang mabangis na hayop at iligtas ang kanyang sarili.

ESPIRITUWAL NA KALASINGAN

Gayundin ang nangyayari sa larangang espirituwal. Madaling mapag-nanakawan o masisira ng kaaway ang mga taong hindi mahinahon. Dapat nating matalo nang husto ang kaaway sa pamamagitan ng ating mga san-data ng biyaya, subalit kung tayo ay lasing, mawawala natin ang ating ka-higitan at magagapi tayo.

Binalaan tayo ni Pedro na si satanas ay aali-aligid na naghahanap ng masisila. (1 Pedro 5:8) Maaari niyang sakmalin ang mayabang at ang mga may mabigat na alalahanin, subalit ang pinakamadaling biktima ay ang mananampalatayang lasing. Ang tinutukoy ba ni Pedro ay ang pagiging lasengo (lasing dahil sa alak)? Marahil nga, ngunit higit pa roon. Ang tinu-tukoy niya ay ang mga mananampalatayang lasing sa alak ng mundo.

Madali tayong
mapagnanakawan at
mawawasak ng kaaway
kapag tayo ay lasing.

Sa bandang dulo ng aklat ng Pahayag, inilalarawan ni Juan ang paghatol sa reyna ng kahalayan, ang Babilonia. Isang anghel ang nagsabi sa kanya,

“Halika, ipakikita ko sa iyo kung paano parurusahan ang reyna ng kahalayan na nakaupo sa ibabaw ng maraming ilog. Ang mga hari sa

lupa ay nakipid sa babaing ito, at ang lahat ng tao sa sanlibutan ay nilasing niya sa alak ng kanyang kahalayan.” (Pahayag 17:1-2, MBB)

May iba-ibang pananaw kung ano ang kinakatawan ng masamang babaeng ito. Ang sabi ng iba ay ang Simbahang Katoliko. Ang iba ay naniniwalang ito ay tumutukoy sa sinaunang siyudad ng Babilonia at ang iba ay naniniwalang ito ay Roma o ang *Roman Empire*.

Sa ganang akin, ang reyna ng kahalayan ay ang sistema ng pananalapi ng mundo. Ang isang dahilan sa aking paniniwala ay ang misteryosong pangalan na nakasulat sa kanyang noo, “Ang tanyag na Babilonia, ang ina ng mga nangangalunya at ng lahat ng kahalayan sa lupa.” (Pahayag 17:5 MBB) Sa ibang pagsasalin ay ginamit ang salitang *kasuklam-suklam*, ngunit hindi ako naniniwala na ang sinaunang Babilonia, Roma, *Roman Empire*, o ang Simbahang Katoliko ay ang ina ng *lahat* ng kahalayan at Kasuklam-suklam sa lupa. “Subalit sinasabi ng Salita sa atin na “ang pag-ibig sa salapi ay ugat ng lahat ng kasamaan.” (1 Timoteo 6:10MBB) Madali nating palitan ang salitang *kasamaan* sa kahalayan at kasuklam-suklam, at manatiling totoo sa ibig sabihin ng talata. Hindi ito nararapat na pagtalunan, ngunit may isang bagay na dapat isaalang-alang.

Ang sistema ng mundo ay kaakit-akit sa pandama kung kaya ito ay nakalalasing. Pansinin ang mga salita ni Juan sa talata sa aklat ng Pahayag sa itaas: “At ang lahat ng tao sa sanlibutan ay nilasing niya sa alak ng kanyang kahalayan.” Sa pagiging abala sa nakalalasing na alak ng mundo ng alalahanin, kayamanan, at mga kasiyahan, ang tao ay madaling mapapalayo sa pakikipag-ugnayan sa Banal na Espiritu. Ito ay mapanlinlang na katayuan, sapagkat ang mananampalataya ay maaaring magkaroon ng anyong makadiyos habang lasing sa mga pagnanasa ng mundong ito. Sa pagkawala ng espirituwal na paglago ng tao, nagiging madali para sa kaaway na siya ay pagnakawan, dayain, wasakin o patayin.

Ang lasing na katayuan ay magandang paglalarawan ng kung ano ang nangyari kay Solomon. Nag-umpisa siyang naghahangad na malaman ang makadiyos na katalinuhan na ibinigay naman sa kanya. Dahil dito, kinaya ni Solomon na magtamo ng kahanga-hangang tagumpay at pambihirang kayamanan. (Kawikaan 8:11-21). Gayunpaman, sa paglipas ng panahon, nalasing si Haring Solomon sa mga benepisyo ng karunungan at nawala ang paningin niya sa Diyos na nagbigay sa kanya ng mga iyon. Nalasing siya sa kasarapan, kasakiman at kayamanan ng mundong ito. Sa kalasingan, nagawa niya ang hindi man lang naiisip na gawin sa kanyang matinong isipan: nag-umpisa siyang sumamba sa mga diyus-diyosan.

Ikinabahala ko nang husto na si Solomon ay nagpadaig sa kalapastanganan, lalo na’t nakita na niya ang Diyos ng dalawang beses. Subalit kung titingnan mo ang kanyang ginawa sa nilalarawan ko sa itaas,

nagiging madaling intindihin. Nang ang aking mga kapatid sa *fraternity* at ako ay langong-lango sa alak, nagawa namin ang bagay na hindi namin gagawin sa aming tamang pag-iisip. Si Solomon ay hindi naiiba.

Paano tayo makaiwas sa kahangalang ito at manatiling matino ang pag-iisip? Ang sagot ay ang patuloy na pagkain at pag-inom sa Panginoon na Siyang tunay na tumutugon sa kasapatan natin. “Huwag kayong maglalasing, sapagkat mauuwi iyan sa magulong pamumuhay,” isinulat ni Pablo, “Sa halip ay dapat kayong mapuspos ng Espiritu.” (Efeso 5:18, MBB) Hindi ako naniniwala na nagsasalita lamang siya tungkol sa pisikal na alak kundi sa kahit na anong makalalasing sa atin at magpapahina ng ating pagtuon sa kalooban ng Diyos. Maaaring ito ay ang labis na pagtutok sa negosyo, sa ibang tao, sa mga libangan, o *social networking*—at maraming iba pa.

Sa kanila, ang mga aktibidad ay maaaring hindi makasasama, sapagkat alam natin na ang Diyos ay “masaganang nagbibigay ng lahat ng ating pangangailangan upang tayo’y masiyahan.” (1 Timoteo 6:17 MBB). Tunay na mainam at mabuti sa kalusugan ang magsaya sa paglilibang, malinis na aliwan, atletikong paligsahan, pagkain, kagandahan ng kalikasan, at maging ang mga bunga ng teknolohiya. Ngunit kung tayo ay lalabis at doon huhugot ng kasapatan at hindi na sa Diyos, magugumon tayo sa pagkalasing sa mga bagay na ito.

Si Hesus ang ating unang pag-ibig na dapat na kahumalingan; dapat tayong malasing lamang sa Kanyang Espiritu.

BIGYAN ANG SARILI NG PALAGIANG PAGSUSURI

Upang manatiling mahinahon—upang maiwasan ang mga bagay sa mundong ito na lasingin at pahinain tayo, ang bawat anak ng Diyos ay dapat na may palagiang pagsusuri. Dapat nating tanungin nang tapat ang ating mga sarili, “Ano ang kinagugutuman at kinauhawan ko?” Huwag maging mababaw dito; maging ganap na matapat. Ano ang mga ginagawa mo sa iyong mga libreng oras? Ano ang palagi mong naiisip o nagagawa? Kung ito ay larong *football*, humihigit pa, ikaw ay masyado nang nalululong sa NFL o NCAA; ito ay lumagpas na sa kasiyahan at lumabis na.

May lalaki ba o babae na lagi mong pinapantasya? Ang kumita ba ng pera ang parati mong iniisip? Dahan-dahan mo bang natutuklasan kung ano ang lumalasing sa iyo? Dahil dito, tayo ay magbasa, bigyan ng pansin, at pagbulay-bulayan ang Salita ng Diyos. Kung ano ang mas iniinom mo, ito rin ang kauuhawan mo. Kung ano ang mas kinakain mo, ito rin ang kagugutuman mo.

Naaalala kong inoobserbahan ko ang *high school tennis coach* ko na nagugumon sa *Coca-Cola*. Nagsimula sa isang bote bawat araw; naging dalawa; hanggang naging tatlo. Ang ganitong gawi ay nagpatuloy hanggang sa manabik na siya nang labis sa *Coke* at makaubos ng isang *case* ng *Coke* araw-araw. Naaalala kong binubuksan ko ang kanyang *refrigerator* at nakikita ko ang dalawa o tatlong *case* ng *Coke*. Sa tabi ng basyong *case* ay marami pang mga *case* na naghihintay na mapalitan.

Nakita ko ang ibang lumabis sa timbang at nagkaproblema sa kalusugan dahil sa sobrang pag-inom ng *soda*. Bilang isang batang mananampalataya, alam kong ang aking katawan ay templo ng Diyos, at ako ay responsable sa pangangalaga nito nang tama. Ayoko nang pumasok pa sa aking katawan ang nakatatakot na mga sangkap na nasa *softdrink*, kaya ako ay naging determinadong tumigil sa pag-inom nito. Hindi madali! Nakita ko ang aking sariling hinahanap-hanap ang *softdrink*. Kinailangan kong hindi pagbigyan ang aking sarili sa mahabang panahon.

Sinabi sa atin ni Hesus, “Ang sinumang nagnanais sumunod sa akin ay kinakailangang itakwil niya ang kanyang sarili.” (Mateo 16:24, MBB) Upang makawala sa kalasingan, kailangang itakwil ang minimithi natin nang labis. Natutunan kong palitan ang *softdrink* nang mas mabuti—isang basong tubig na may *lemon*. Hindi ko dati hinahanap o kinauuhawan ang tubig—gusto ko dati ng *softdrink*—ngunit pinilit ko ang sarili ko na uminom ng kalahating galon ng tubig sa isang araw. Sa loob ng ilang buwan, hindi ko muling hinanap ang *softdrink*. Ngayon wala na akong pagkagusto sa ganitong uri ng inumin. Ngayon, tubig na ang hinahanap ko!

Walang ipinagkaiba sa Salita ng Diyos. Ang mga Salita ni Hesus ay espiritu at buhay at katotohanan. Upang pag-alabin muli ang iyong pag-ibig sa Salita ng Diyos, minsan ay kailangan nating itakwil ang ating mga sarili sapagkat ang ating ganang kumain at uminom ay naliligaw na. Halimbawa, kung mapansin ko na ang *media* ang umuubos ng aking oras at pag-iisip,

iiwas ako sa *media*, (*media fast*). Tinatanggal ko ito ng ilang panahon at pinapalitan ito ng oras para sa Diyos at sa Kanyang Salita. Karamihan sa pinakamakabuluhan at mabisang pag-aayuno na nagawa ko ay hindi sa pagkain kundi sa *media*.

Kung pupunuin natin ang ating mga sarili ng Kanyang Salita at susundin ito, kung mamumuhunan tayo ng oras sa panalangin at susundin ang Kanyang direksyon, tayo ay mapupuno ng Kanyang Espiritu. Ang mga kalasingan at pagkagumon ng Babylonia ay mawawalan ng kapit sa atin. Maaaring isipin ng ibang tao na tayo ay kakaiba, subalit pinalitan lang natin ang ating gawi sa pag-inom. Hinahanap-hanap na natin ngayon ang alak na tunay na magbibigay ng kasiyahan, kapangyarihan, at katatagan.

Ngayon, makaka-isip tayo nang mas malinaw, gagawa ng mga tamang desisyon, at mas madaling makikita ang kaaway kapag dumarating siya upang manira. Hindi kayang talunin ni satanas ang mananampalatayang may mahinahong at mapagbantay na pag-iisip, sapagkat alam natin at in-aangkin ang mga kasunduang pangako ng Diyos. Alerto tayo at seryoso. Armado tayo at handa para sa labanan.

MAGING MAPAGBANTAY

“Maging handa kayo at magbantay,” nagbilin si Pedro sa 1 Pedro 5:5-9. Hindi ka maaaring maging mapagbantay kung hindi ka muna mahinahon, subalit ang pagiging mahinahon ay hindi maaaring ipalagay na maingat na pagbabantay. Ang pagiging mapagbantay ay intensyonal na kilos ng kalooban ng matinong mananampalataya.

Para sa ating talakayan, tutukuyin natin ang pagiging mapagbantay na “maingat na pagmamatyag para sa posibleng panganib at mga paghihirap.” Ang iba pang pakahulugan ay, “laging gising at alerto”; “walang tulog na nagmamatyag.” Ang mga pakahulugan ito ay dapat na maglarawan sa bawat tagasunod ni Cristo. Ang pagiging mapagbantay ay napakahalagang aspeto ng pagiging armado.

Sa mga ilang kabanatang nauna, nasilip natin ang buhay sa ilalim ng *Nazi* sa *Germany* noong panahon ni Hitler. Kung paanong ang isang matalinong Judio ay palaging alerto noong mga nakatatakit na panahong iyon, ang isang mananampalataya ay dapat ding maging mapagbantay sa

bawat sandali ng bawat araw. Ang panganib ay nasa buong paligid natin sapagkat ang diyablo ay umaaligid at naghahanap kung sino ang kanyang masisila. Subalit may malaking kaibahan sa pagitan ng panahon ng *Nazi* at ng ating kasalukuyang mundo: walang kapangyarihan ang mga Judio kay Hitler, ngunit may kapangyarihan tayo laban sa ating kaaway. Pinamamahalaan ng ating kaaway ang mundo, subalit hindi niya tayo saklaw. Ngunit maaari siyang gumawa ng isang mahusay na paglaban, at kung papayag o malilingat tayo, maaari niya tayong masakmal. Dahil dito, si Apostol Pablo ay nagbibigay ng babala sa iyo at sa akin na, “Maging matiyaga kayo sa pananalangin, laging handa at nagpapasalamat sa Diyos.” (Colosas 4:2)

Ang pangunahing paraan upang magkaroon ng alertong pagmamatyag ay sa pamamagitan ng panalangin. Binubuksan nito ang ating mga mata sa espirituwal na kaganapan, upang kayanin natin na makakita lampas sa natural at matuklasan ang mga panganib at atake bago pa man mangyari sa ating natural na mundo. Ang katotohanang ito ay ganap na nailarawan noong gabi bago ipako si Hesus.

Sa kanilang Huling Hapunan, alam ni Hesus sa Kanyang espiritu ang matinding paghihirap na kakaharapin Niya makalipas ang ilang sandali. Walang kakaibang nangyayari, ang lahat ay mukhang mapayapa, ngunit alam Niya ang napipintong maganap. Matapos ang hapunan, dinala Niya ang Kanyang mga disipulo sa isa sa mga paborito Niyang lugar upang

Ang pangunahin nating paraan upang magkaroon ng alertong pagmamatyag ay sa pamamagitan ng panalangin.

manalangin. Doon, ibinahagi Niya kay Pedro, Santiago, at Juan, “Ako’y puno ng hapis na halos ikamatay Ko! Maghintay kayo rito at samahan ninyo Ako sa pagpupuyat.” (Mateo 26:38, MBB) Pansinin na partikular na sinabi ng Panginoon, “Samahan ninyo Ako sa pagpupuyat.” Ang isa sa mga kahulugan ng mapagbantay ay “manatiling maingat sa pagmamatyag sa paparating na panganib.” Si Hesus ay mapagbantay at alerto, subalit batid Niya na ang mga disipulo ay hindi sensitibo sa papalapit na panganib, kung kaya ignorante sila rito.

Sinabi ni Hesus na ang Kanyang kaluluwa ay “puno ng hapis,” at na-roon ang pangunahing sikreto upang manatiling mapagbantay: panalangin. Ang pagpapanatili ng matapat na buhay ng panalangin ay nagpapahintulot sa iyong kaluluwa na malaman ang mga nangyayari sa espirituwal na mundo. Ito ay napakahalaga upang hindi ka maisahan ng kaaway.

ANG MGA PALATANDAN NG BABALA

Noong mga unang taon ng aming pagsasama ni Lisa ay dumaan kami sa mabibigat na mga pagsubok. Pareho kaming mga bagong Kristiyano at nanggaling sa mga pamilyang nagtiis ng pabalik-balik na kahirapan sa maraming henerasyon. Sa partido ni Lisa ay may mga matitinding kuwento ng awayan, diborsiyo, at nasirang relasyon. Ayaw bitawan ni satanas ang kutang itinayo niya sa linya ng pamilya nang mahabang panahon, kaya nakaranas kami ni Lisa ng mga pag-atake sa aming pagsasama.

Nananalangin ako nang isa hanggang dalawang oras bawat araw, at dahil dito naging napakasensitibo ko sa espiritu. May mga panahong nakakadama ako ng kalungkutan sa kaibuturan ng aking puso—isang hudyat na nagsasabi sa aking may isang bagay na nagaganap na hindi dapat. Hindi ito madaling ipaliwanag, ngunit ito ay nakaliligalig, tumatagos, at nagdadala ng pagkayamot sa kaibuturan ko. Ito ay maaaring ilarawang parang “kalungkutan” sa kalooban.

Nang ito ay unang magsimula, hindi ko mawari kung bakit ito nangyayari. Madalas ang lahat ay tila mabuti at walang panlabas na babala ng panganib; kami ni Lisa ay maayos na nagsasama. Sa kasamaang-palad, sa mga unang pagkakataon na ang kalungkutan ay bumalot sa akin, ito ay hindi ko pinansin. Subalit sa bawat pagkakataon, sa loob lamang ng ilang oras, tila ang buong impyerno ay kumakawala laban sa aming pagsasamang mag-asawa. Kami ay magtatalo, mag-aaway, at magbibitiw ng mga salitang nakasasakit, at tumatagal ng mga araw, mga linggo at maging mga buwan bago maghilom.

Habang lumilipas ang panahon, nagsimula kong maunawaan ang mga nagaganap, kaya inugali ko na kahit anong oras sumaklob ang lungkot sa aking espiritu, kahit gaano pa kabuti ang mga panlabas na sitwasyon, ako ay aalis at mananalangin nang taimtim para sa aming pagsasamang

mag-asawa. Totoong ang diyablo ay aatake pa rin, subalit dahil taimtim ko siyang tinututulan sa panalangin sa simula pa lamang, ang kanyang mga atake ay humuhupa nang mabilis na halos kaunti o wala ng epekto sa aming mag-asawa.

Ngayon, hindi na kami madali at madalas na napaglalalangan ng kaaway. Naniniwala kami na napagod na siya sa pagsalakay sa kanya ng “tabak ng Espiritu” sa tuwing magbabalak siya ng atake. Huwag kang mag-isip ng mali: kami ni Lisa ay dapat patuloy pa ring maging mapagbantay. Hindi kami maaaring maging kampante. Dapat pa rin kaming maging alerto sa panalangin at tutulan ang kaaway, ngunit hindi na kasingdalas kaysa noong bago pa lang kaming kasal.

Ang mga positibong aral na natutunan namin mula sa mga kahirapang ito ay ang malaman ang mga palatandaan ng napipintong pag-atake ng kaaway. Alam na namin ngayon ang kahalagahan ng pagiging mapagbantay sa lahat ng aspeto ng aming buhay, ang maramdaman ang pighati, na namumuo sa aming puso bago dumating ang mga atake sa pananalapi, kalusugan, mga relasyon, at ministeryo. Natuto akong hingin ang pag-gabay ng Banal na Espiritu, dahil hindi ko madalas alam kung paano manalangin patungkol sa mga paunang babala. Tinutulungan Niya ako, at ganun din ang gagawin Niya para sa iyo. Siya ay para sa iyo! Tutulungan ka Niya maging sa pananalangin sa pamamagitan mo kung susuko ka sa Kanya. Ipinangako ng Salita ng Diyos:

“Gayundin naman, tinutulungan tayo ng Espiritu sa ating kahinaan. Hindi tayo marunong manalangin nang wasto, kaya’t ang Espiritu ang dumaraing para sa atin, sa paraang di natin kayang sambitin. At ang Diyos na siyang nakakasaliksik sa puso ng tao, ang siyang nakakaalam kung ano ang kalooban ng Espiritu, sapagkat ang Espiritu ang namamagitan para sa mga hinirang, ayon sa kalooban ng Diyos.” (Roma 8:26-27, MBB).

Ang pagdaing na tinutukoy sa mga talatang ito ay ang mga pighating nararanasan natin sa kaibuturan ng ating kaluluwa, tulad ng naranasan ni Hesus sa hardin noong gabing bago Siya ipako. Kapag nabigyang pansin natin ang pighati, dapat tayong tumalima. Maaaring piliin natin ang kabaligtaran ng pagiging mapagbantay—ang katamaran—at balewalain ang pighati sa pamamagitan ng paulit-ulit na hindi pagpansin dito. O, pwede tayong maging mapagbantay at sumuko sa Espiritu ng Diyos.

Ang layunin ng Banal na Espiritu ay dalhin tayo nang lagpas sa mga pagdaing at sa dulo ay maibigay ang eksaktong sasabihin upang harapin ang kasalukuyang sitwasyon. Isinulat ni Pablo, “Ano ang dapat kong gawin? Mananalangin ako sa pamamagitan ng aking espiritu, ngunit gagamitin ko rin ang aking pag-iisip sa aking pananalangin.” (1 Corinto 14:15, MBB)

MAGBANTAY AT MANALANGIN

Sa hardin ng Gethsemane, matapos na sabihan ni Hesus ang Kanyang mga alagad tungkol sa matinding pighati o pagdaing ng Kanyang kaluluwa, inutusan Niya silang, “Maghintay kayo rito at magbantay kasama Ko.” (Mateo 26:38) Pagkatapos ay humiwalay Siya sa tatlo at naglakad papasok sa Hardin kung saan nanalangin Siya ng isang oras.

Nang bumalik Siya, nakita Niya silang natutulog. Natutulog! Bakit sila natutulog? Masyado na bang gabi? Napagod ba sila sa ginawa nila buong araw? Masyado ba silang maraming kinain sa Huling Hapunan? Sa ebanghelyong sinulat ni Lucas, eksaktong sinasabi kung bakit sila natutulog: “Pagkatapos manalangin, Siya’y tumayo at lumapit sa kanyang mga alagad. Naratnan Niyang natutulog ang mga ito dahil sa labis na kalungkutan.” (Lucas 22:45)

Sila rin ay malapit nang maatake, kaya naranasan nila ang pighati na tulad ng kay Hesus. Sa Huling Hapunan, sinabi ni Pedro na mamamatay na muna siya bago niya itakwil ang Panginoon. Naniwala si Pedro sa kanyang sariling abilidad na manatiling matatag hanggang sa wakas. Pareho din ang sinabi ng ibang disipulo na mananatili silang tapat sa kanilang Panginoon. Ngunit alam ni Hesus na hindi lang siya ang nalalapit na lubhang masubok sa Kanyang katapatan sa Ama. Maging ang Kanyang mga alagad din ay lubhang masusubok sa kanilang katapatan sa Kanya.

Pakinggan kung paano Niya pinagsabihan ang mga natutulog na disipulo:

“Nagbalik Siya at dinatnan Niyang natutulog ang tatlong alagad. Sinabi niya kay Pedro, ‘Talaga bang hindi kayo makapagpuyat na kasama Ko kahit isang oras man lamang? Magbantay kayo at manalangin upang huwag kayong madaig ng tukso. Ang espiritu’y nakahanda ngunit ang laman ay mahina.’” (Mateo 26:40-41)

Narito muli ang susi kung paano tayong makasusunod sa Diyos na walang makapipigil, na hindi puro intensyon lamang na hindi naman magampanan. Ang pagpapalakas ng ating mga sarili ay sa pamamagitan lamang ng pagbabantay at panalangin. Sinulat ni Judas, “Ngunit magpakatatag kayo, mga minamahal, sa inyong napakabanal na pananampalataya. Manalangin kayo sa tulong ng Espiritu Santo.” (Judas 1:20) Pinatatatag ang panalangin ang ating laman at pinatatatag ang ating panloob na pagkatao.

Ang ating laman ay mahina; lagi nitong hinahanap ang pinakamadaling daan na madalas ay mali naman. Ayaw labanan ng ating laman ang malakas na agos ng mga pwersa sa mundo. Ang panalangin, sa kabilang dako, ay nagpapatatag ng ating panloob na lakas upang mapawalang bisa ang hangarin ng laman. Ito ay nagpapanatili sa atin mula sa panghihina. Sabi ni Hesus, “Dapat silang laging manalangin at huwag mawalan ng pag-asa.” (Lucas 18:1, MBB) Sa madaling salita, manghihina tayo kung hindi tayo manalangin, lalo na kapag nababalot tayo ng pighati.

Pinanghihinaan na ng loob ang mga alagad nang gabing iyon sa hardin. Ang mga lalaking ito ay natulog samantalang sila ay dapat na nanalangin. Hindi sila naging alerto sa panganib sa paligid. Hindi sila naging mapagbantay; naging tamad sila.

Ngayon, ikaw at ako ay may ibang paraan ng pagpawi o pagpigil ng mga babala ng Espiritu: Pwede nating buksan ang TV, mag-*internet*, mag-*text* sa mga kaibigan o mag-*Facebook* kahit sa mga *cell phones*, maglaro ng *computer games*, magpakaabala, o pumunta sa *refrigerator* at pakainin ang ating laman. Pabawas nang pabawas ang pangdama natin sa paggabay at babala ng Banal na Espiritu. Kaya nawawala natin ang abilidad na manindigan laban sa mga paghihirap. Naiwawala natin ang walang pagpipigil na kalakasan na malayang ibinibigay sa atin sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos.

Kaya hinarap ni Hesus ang kanyang pinakamalapit na mga alagad at sinabihan silang “Magbantay kayo at manalangin upang huwag kayong madaig ng tukso.” (Mateo 26:41) Lumayo pa Siya nang kaunti at nanalangin nang dalawang oras pa. Pagkatapos, bumalik siya upang makita lamang na natutulog silang muli. Sa panahong ito, hindi na Niya sila ginising at binigyan ng babala; nakagawa na sila ng pagpili.

Maraming beses tayong bibigyan ng babala ng Diyos, marahil ay dalawang beses, ngunit kung hindi natin papansinin ang mga una Niyang babala, mananatili Siyang tahimik hanggang tayo ay magsisi. Kapag maabutan tayo ng kaguluhan, magtatanong tayo nang may pagkabigo, “Nasaan ka, Panginoon?” Nagbabala Siya sa atin, ngunit ayaw lang nating makinig.

Bumalik si Hesus sa lugar malapit sa mga natutulog na mga alagad at muling nanalangin sa ikatlong oras. Nang matapos Siya, tulog pa rin sila. At doon na dumating sa hardin si Judas na taksil, at ang mga guwardiya ng mga Sanhedrin, at hinuli si Hesus.

ANG PAGKAKAIBA SA PAGITAN NG TAGUMPAY AT KABIGUAN

Nagtagumpay si Hesus sa Kanyang kahanga-hangang misyon ng biyaya sa pamamagitan ng pagiging mahinahon, mapagbantay sa panalangin at hindi nagpapapigil hanggang wakas. Sa kabilang dako, nagpahiwatig ang mga alagad ng hangaring maging matatag; inakala nilang kaya nila ito, subalit sa totoo lang, wala silang lakas. Tulad ng sinabi ni Hesus, ang bawat isa sa kanila ay inatake at nabigo. “Tumakas ang mga alagad at iniwan siyang mag-isa.” (Mateo 26:56) Ginawa ni Pedro ang kung ano ang sinabi niyang *hindi* niya gagawin. Itinanggi niya si Hesus. Isang positibong bagay ang masasabi tungkol kay Pedro, sinundan niya si Hesus hanggang sa paglilitis. Ang iba, maliban kay Juan, ay dagliang tumakas sa hardin para sa sarili nilang kaligtasan.

Gaano kadalas natin naririnig ang magagandang intensyon ng mga kapwa mananampalataya subalit nakikita nating hindi ito maisakatuparan? Bakit ganito? Sapagkat, tulad ng mga alagad sa hardin, hindi sila mapagbantay sa panalangin! Ang espiritu nila ay gusto, ngunit ang laman nila ay mahina. Ang hindi pagiging handa at armado nang tama ang pipigil sa kanila na marating ang ninanais nilang wakas.

Sino ang mas may karapatang sumulat ng pangaral na “armasan ang inyong mga sarili,” kaysa kay Apostol Pedro? Sa napakakritikal na gaging iyon, napakatapang niya sa salita ngunit kinulang siya sa gawa. Binalaan ni Hesus si Pedro, “Simon, Simon! Hiniling ni satanas na subukin ka tulad sa

pag-aalis ng ipa sa mga trigo.” (Lukas 22:31, MBB) Subalit si Pedro at ang iba pa niyang mga kasamahan ay kinulang sa walang pagsukong katatagan na kinakailangan upang malagpasan nila ang buong gabi ng pagsubok. Samakatuwid, sa mga huling pagkakataon sa ating buhay, nagbibigay Siya ng babala sa iyo at sa akin na armas ang ating mga sarili upang makatapos tayo nang maayos, maging para sa isang pagsubok, para sa isang kapanahunan, o para sa buong buhay natin.

Kasama sa paghahanda natin para sa labanan ay ang pagiging mahinahon at mapagbantay. Hindi natin dapat payagan ang mga pang-akit ng mundo na pahinain ang matatag nating kapasiyahan, o sirain ang pangako na maging katulad ni Cristo sa lahat ng bagay. Dapat tayong maging alerto, mapagbantay sa lahat ng oras, sapagkat kung hindi tayo walang humpay na magbabantay laban sa diyablo na laging naghahangad na silain tayo, siya ay makapaghahasik ng matinding kaguluhan sa ating mga buhay.

LABANAN ANG DIYABLO

“Maging handa kayo at magbantay. Ang diyablo, ang kaaway ninyo ay parang leong umaatungal at aali-aligid na naghahanap ng masisila. Huwag kayong matatakot sa kanya at magpakatatag kayo sa inyong pananampalataya sa Diyos. Tulad ng alam ninyo, hindi lamang kayo ang nagtitiis ng ganitong kahirapan, kundi pati ang inyong mga kapatid sa buong daigdig.”

1 PEDRO 5:8-9

Nasa bahagi na tayo ng pagtuturo ni Pedro na tahasang tumatalakay sa laban. Inihayag niyang parang leon ang diyablo (kabilang ang alinman sa kanyang mga kasabwat), naghahanap ng kanyang masisila.

Bilang pagliliwanag, hindi *leon* ang pagkakakilanlan sa diyablo; sa Banal na Kasulatan, tinawag siyang ahas, dragon, magnanakaw, at ilan pang mga pangalan, ngunit hindi isang leon. Si Hesus ang tunay na Leon, ang “Leon mula sa lipi ni Juda.” (Pahayag 5:5) Subalit sa punto ni Pedro, mistulang isang gutom na leon ang diyablo na naghihintay sa kanyang maaaring lapain. At tunay nga siyang lalamon, walang awa, kung mabibigyan ng pagkakataon. Walang pagdududa rito. Isa siyang kalabang talunan, ngunit malupit siyang kaaway at hindi dapat binabalewala. Wala siyang pagmamahal o awa sa atin, at mayroon siyang isang misyon: ang pumatay, magnakaw, at manira.

Kung nasa mga kapatagan ka ng Tanzania, sa teritoryo ng mga leon na kumakain ng tao, hindi mo nanaising lumakad sa lugar na iyon nang

walang dalang armas. Kung gagawin mo ito, malamang hindi ka na makababalik nang buhay. Kung matalino ka, magdadala ka ng malakas na ripleng alam mo kung paano gamitin. Kung armado ka, nasa tamang pag-iisip, at alerto, handa kang lumaban at magtagumpay. Hindi ka masasaktan. Ito ang pinagdidiinan ni Pedro.

LABANAN ANG DIYABLO

Sa talata 9, mariing itinuro ni Pedro na *labanan* ang diyablo. Ang salitang *labanan* ay mula sa salitang Griyegong *authistemi*. Binigyangkahulugan ito ni Thayer: “digmain, tiisin, kontrahin.” Idinagdag naman ni Strong, ang “kalabanin.” Nangangahulugan ang salitang *labanan* sa aking diksyunaryo na “pigilan sa pamamagitan ng pagkilos o pakikipagtalo.” Walang dudang kumakatawan ang salita sa agresibong pakikipagtunggali.

Ngunit sa ating paghahanda para sa armadong tunggalian, pakinggan natin ang mga salita ni Hesus na nagbibigay ng katiyakan: “Binigyan Kayo ng kapangyarihang daigin ang masasamang espiritu at ang lahat ng kapangyarihan ng kaaway nating si satanas. At walang anumang makapipinsala sa inyo.” (Lucas 10:19) Hindi ba ito nakapagpapalakas ng loob? Nagbibigay-katiyakan ang pangakong ito ng Diyos na kung lalakad tayo sa Kanyang makapangyarihang biyaya, walang sinuman o anuman ang makasasakit sa atin—maging ang diyablo mismo! Napakahalaga nito.

Subalit kailangan mong gamitin ang kapangyarihang ibinigay sa iyo. Kung hindi, hindi magaganap ang pangako at mapapahamak ka. Dahil dito, inuutusan tayo ni Pedro na labanan ang diyablo. Hindi niya sinabing “Manalangin at hilingin sa Diyos na siya ay mawala.” Dapat natin siyang labanan nang harapan, nang may katapangan at katiyakan.

Sa pamamagitan ng
 kautusan, ibinigay ng
 Diyos ang lahat ng
 awtoridad kay Hesus,
 at ibinigay naman ito ni
 Hesus sa atin.

Hindi nasusulat saanman sa Bagong
 Tipan ang utos na hilingin natin sa
 Diyos na alisin ang diyablo mula sa ating
 mga buhay. Sa katunayan, hindi ito
 magagawa ng Diyos! Napagtanto kong
 maaaring iniisip ninyo na nawalan na
 ako ng mga katuwiran sa paggamit ng
 salitang *hindi magagawa* patungkol sa

Diyos. Ngunit totoo ito. Binigyan ng Diyos ng awtoridad ang tao sa lupa, at hindi Niya susuwayin ang Kanyang sariling Salita. Ito ang dahilan kung bakit hindi Siya nakialam sa pagtatagpo nina Adan at ng ahas sa hardin. Ito ang dahilan kung bakit kinailangang pumarito ni Hesus bilang Anak ng Tao upang talunin ang diyablo. At gayundin, dapat tahasang labanan ng Katawan ni Cristo sina satanas at ang kanyang mga kampon.

Sa pamamagitan ng kautusan, ibinigay ng Diyos ang lahat ng awtoridad kay Hesus, at ibinigay naman ito ni Hesus sa atin. Bilang Kanyang katawan, kailangan nating gawin ang pakikipaglaban, ngunit ayon sa Kasulatan, isa itong “mabuting laban”. (1 Timoteo 6:12)

ANG ATING PINAKAMABUTING HALIMBAWA

Kung pag-aaralan natin kung paano labanan ang diyablo, kanino pa tayo dapat higit na matuto kundi mula kay Hesus? Marami tayong matututunan mula sa Kanyang panahon sa disyerto.

Umalis si Hesus sa Jordan na puspos ng Banal na Espiritu. At dinala Siya ng Espiritu sa ilang. Doon ay tinukso Siya ng diyablo sa loob ng 40 araw. (Lucas 4:1-2)

Naganap sa loob ng apatnapung araw ang mga panunukso ng kaaway. Nangangahulugan itong kinailangan ni Hesus na magpigil. Naitala ang unang paghaharap nang malapit nang matapos ang apatnapung araw na iyon; ito ang pagsubok na himukin si Hesus na gamitin ang Kanyang kapangyarihan upang patunayan na Siya ang Anak ng Diyos. Gutom na si Hesus, kung kaya't iminungkahi ng kaaway na gawin Niyang tinapay ang bato. Ngunit matapang na sumagot si Hesus, “Sinasabi sa Kasulatan, ‘Hindi lang sa pagkain nabubuhay ang tao kundi sa bawat Salita ng Diyos.’” (Mateo 4:4)

May tatlong aral sa sitwasyong ito para sa atin. Una, kinilala at hinarap agad ni Hesus ang tukso. Hindi na Niya ito pinag-isipan o tinanggap ang ideya, na maaaring magbigay-oportunidad sa mungkahi ni satanas na lumago sa Kanyang puso. Dapat nating sundin ang Kanyang halimbawa.

Ikalawa (at pinakamahalaga), tahasang nagsalita si Hesus laban sa diyablo. Hindi Siya nanalangin sa Ama na alisin ang manunukso o ang

tukso. Hindi rin Siya nagpaliguy-ligoy sa pagsasabi ng mga bagay tulad ng “Hindi kalooban ng Diyos na matalo Ako ni satanas, kaya hindi Ako magpapatalo sa pagsubok na ito.” Hindi, tuwiran at mahigpit Niyang hinarap si satanas. Marapat na tularan natin si Hesus. Tinuruan tayo ng Banal na Kasulatan, “Huwag ninyong bigyan ng pagkakataon si satanas.” (Efeso 4:27)

At sa huli, sinabi ni Hesus ang nasusulat na Salita ng Diyos. Pansinin ang Kanyang mga salita, “Sinasabi sa Kasulatan.” Bakit napakahalaga nito? Dahil ang Salita ng Diyos ang ating espada. Sinabi ni Pablo, “Gamitin ninyo bilang espada ang Salita ng Diyos na kaloob ng Banal na Espiritu.” (Efeso 6:17) Hindi isang pisikal na sandata ang Salita ng Diyos kundi isang pambihirang armas na espirituwal. Literal na sinaksak ni Hesus ang kaaway ng Kanyang espirituwal na espada, at walang duda na ito’y nakasakit. Sa kabila nito, talagang hindi matinag ang kaaway at hindi basta sumusuko. Tinanggap niya ang masakit na tarak at patuloy na sumalakay.

Sa sumusunod na naitalang pagsubok, inalok ni satanas si Hesus ng madaling paraan upang muling makuha ang mga kaharian sa mundo, na nailipat sa diyablo nang dahil sa nagawang kasalanan ni Adan. Ang kailangan lamang gawin ni Hesus ay magpakababa at sumamba sa kanya. Ngunit sumagot si Hesus, “[Lumayo ka, satanas!] Sinasabi sa Kasulatan, ‘Sambahin mo ang Panginoon mong Diyos at Siya lang ang iyong paglilingkuran’.” (Lucas 4:8)

Sinabihan ni Hesus ang kaaway na layuan Siya. Katulad ito ng matapang nating pagsasabing “Umalis ka!” Minsan pang ginamit ni Hesus ang Salita ng Diyos upang muling kalabanin ang kaaway.

Nagpatuloy ang mga panunukso hanggang sa natamo ng kaaway ang lahat ng mga pananakit na makakaya niya sa isang pagtatagpo. Ayon sa tala ni Lucas, “Matapos Siyang taksuhin ng diyablo sa lahat ng paraan, iniwan Siya nito at naghintay ng ibang pagkakataon.” (Lucas 4:13)

ISANG PASTOR NA HINADLANGAN

Ilang taon na ang nakalipas, nagpunta sa aking opisina ang isang pastor na tatawagin nating Ken. Bata pa si Ken, malakas, guwapo at pinagpala ng isang mabuting asawa at mga anak. Bago siya naging mananampalataya,

nasangkot siya sa mga ilegal na droga. Dahil sa labis niyang pagpapasalamat sa tinamong kalayaan at kaligtasan, kadalasan siyang umiiyak tuwing sumasamba. Naantig ako sa nakita kong tindi ng pag-ibig ng lalaking ito para kay Hesus. Isang malumanay at mabuting asawa at isang mapagmahal na ama si Ken. Talagang alam niya kung paano siya pinatawad at dahil dito, nagmahal siya nang lubos.

Subalit sa nakalipas na mga buwan, dumaranas pala siya ng isang matinding laban at sinasarili lamang niya ito. Nang hindi na niya matiis ang hirap, nagsabi siya sa akin. Sa pagpasok niya sa aking opisina, nakita ko ang nakaaawa niyang mukha.

“Ano’ng problema?” tanong ko.

Ikinuwento sa akin ni Ken ang bahagi ng kasaysayan ng kanilang pamilya. Ayon sa kanya, marami sa mga kalalakihan sa kanyang pamilya ang mayroong sakit sa puso at namatay nang maaga dahil dito. “John, nilalabanan ko ang matinding takot na mamatay sa sakit sa puso,” aniya. “Ilang beses na akong kumunsulta sa doktor at mukhang maayos naman ako. Pero hindi ko pa rin maalís ang takot na baka bigla akong mamatay. Pagpapawisan ako nang malapot—basang—basa sa pawis ang aking suot. Nangyayari ito kapag nag-iisa ako, minsan kahit marami akong kasama o kaya ay nasa mga gawain sa simbahan. Parang wala na akong kontrol sa takot na ito—bigla nalang itong dumarating nang walang babala, at ako ay nagugulumihanan.”

“Nanalangin na ako nang taimtim. Hiniling ko sa Diyos na alisin ang takot at tulungan akong huwag bumigay sa mga nararamdaman kong halos lumamon na sa akin.”

Dito na ako nagsalita.

“Ken, iyan ang dahilan kung bakit wala kang nakikitang resulta. Nagdadasal ka sa Diyos ngunit hindi mo kinakausap nang diretso ang kaaway katulad ng ginawa ni Hesus sa ilang. Partikular na inutos ng Salita ng Diyos na, ‘Labanan ninyo ang diyablo at lalayo siya sa inyo’. (Santiago 4:7) Kailangan mo itong gawin. Tinalo ni Hesus si satanas, at ngayon, nasa langit na Siya at nakaupo sa kanang kamay ng Ama. Bago umalis, binigyan Niya tayo ng awtoridad at kapangyarihan upang ipatupad ang Kanyang kalooban laban sa Kanyang nagaping kaaway. Malinaw na sinabi

ni Hesus na, ‘napapasunod ninyo ang masasamang espiritu’. (Lucas 10:20) Dapat silang sumunod sa iyo. Inatasan tayong gamitin ang Salita ng Diyos, pagsalitaan ang kaaway, at utusan siyang sundin ang pangako ng Diyos.”

Matamang nakikinig ang kaibigan ko kaya nagpatuloy ako. “Ken, mayroong mga panahon na ginugulo ako ng kaaway at nagsisimula nang mawalan ng kontrol, kaya’t pumupunta ako sa isang liblib na lugar na alam kong walang makaririnig sa akin. Pagkatapos, sisigaw ako nang napakalakas, dahil ang pagiging maalab ay nangangahulugang ibinigay ko ang lahat—espiritu, kaluluwa, at katawan. Ang ‘katawang’ bahagi rito ay natural na nangangahulugang pagtataas ng aking boses, kaya sinasabi ko, “Sige, diyablo, kung away ang gusto mo, iyon ang ibinigay ko sa iyo! Ngunit sinasabi ko sa iyo ngayon pa lang na malalatayan ka lang ulit dahil mayroon akong espada at ika’y wala. Kaya ilalabas ko ang espada ng Espiritu, at tatadtarin kita. At kapag hindi pa ito sapat sa iyo at hindi ka pa rin lumayas, pipirapirasuhin kita hanggang sa magtatakbo ka sa takot. Ngayon, sinasabi ng Salita ng Diyos na...”

Nakinig si Ken habang ibinahagi ko sa kanya ang ilan sa mga bahagi ng Salita ng Diyos tungkol sa pagpapagaling, kalayaan mula sa takot, panunustos, at ganap na pagpapalaya. Ipinakita ko sa kanya kung paano kunin ang mga nasusulat na pangako at gawing mga espadang pandigma ang mga ito. Sinabi ko kay Ken na kailangan niyang pagsabihan nang tahasan at masidhi ang espiritu ng takot. Matagal kaming nag-usap. Ipinanalangin ko siya, at siya’y lumisan na.

Makalipas ang anim na buwan, bumalik si Ken na seryoso ang hitsura. Nakikita kong nasa kanya pa rin ang kabigatan. Nang tinanong ko kung kumusta na siya, alam ko na kung ano ang isasagot niya.

“John, mas malala pa ngayon kaysa noon,” sabi niya. “Lalo ko pang kinakalaban ang takot kaysa noong nakaraang anim na buwan. Halos araw-araw itong nangyayari: pinagpapawisan ako nang matindi, basang-basa sa pawis ang aking mga damit, nayayanig ang tiwala ko sa aking sarili. At dahil sa sarili kong laban, nahihirapan akong magministeryo sa iba.”

Bahagyang yumuko si Ken at malungkot na inamin, “John, labis-labis at masidhi ko nang ipinag-ayuno, ipinanalangin, at iniyak ito sa Panginoon upang tulungan Niya ako. Wala akong makuhang ginhawa o mga sagot. Masisiraan na ako ng bait.”

Hindi ako makapaniwala. “Ken, ginawa mo ba ang sinabi kong gawin mo ilang buwan nang nakalilipas? Pumunta ka ba sa liblib na lugar upang kalabanin ang kaaway nang harapan? Ginamit mo ba ang Salita ng Diyos laban sa kanya?”

“Hindi gaano.”

Ngayon, ako na ang galit. “Ken, walang mangyayari, walang magbabago hangga’t hindi mo direktang kinukumpronta ang kaaway, gamit ang espada ng Espiritu, ang Salita ng Diyos.”

Yumuko siya, at nakikita kong parang gusto na niyang umatras. Parang hindi naman sumang-ayon si Ken sa aking payo ngunit bumalik siya dahil alam niyang nagpupunta ang iba at nakasusumpong ng tulong. Isa siyang mananampalataya at talagang naniniwalang makapangyarihan ang Diyos upang sagutin ang kanyang mga daing, ngunit hindi siya nakasusumpong ng mga kasagutan at nawawalan na siya ng pag-asa.

Umupo ako na naghahanap ng mainam na pagsasalarawan nang biglang binigay sa akin ng Banal na Espiritu ang isang angkop na halimbawa. “Ken, ang Pangulo ng Estados Unidos ang opisyal na *Commander-in-Chief* ng buong sandatahang lakas ng Estados Unidos. Sa madaling salita, siya ang ulo, lider, at amo ng lahat ng tao sa militar.

“Isipin mong nasa labanan sa Iraq ang isa sa ating mga sundalo. Tinitira siya ng kaaway mula sa iba’t ibang panig, ngunit hindi gumaganti ang sundalong ito. Nangangatal at natatakot, kukunin niya ang radyo at tatawag sa *White House*. Pagsagot ng pangulo, magmamakaawa ang sundalong ito, ‘Ginoong Pangulo, pinagbababaril nila ako. Pinatatamaan ako ng kaaway at tinatangka nitong wasakin ako. Ginoong Pangulo, pumarito po kayo at patayin ang kaaway na nagtatangkang pumatay sa akin. Desperado na ako at natatakot! Nagmamakaawa ako sa iyo, pumunta ka rito at tulungan ako!’”

Tinanong ko si Ken, “Talaga namang nanganganib na ang buhay ng sundalong ito, ngunit paano kaya sasagutin ng pangulo ang ganitong kahilingan?”

Nagpatuloy akong sagutin ang sarili kong tanong. “Sisigawan ng pangulo ang sundalo, ‘Ano’ng ginagawa mo sa pagtawag mo sa akin? Binigyan kita ng pinakamahasay na pagsasanay-militar sa planetang ito.

Ibinigay ko sa iyo ang pinakamodernong mga sandata. Binigyan ka ng awtoridad ng Estados Unidos upang wasakin ang kalaban. Sundalo, ibaba mo na ang telepono at lumaban ka. Sagupain mo ang kalaban!’ Pagkatapos, ibababa ng pangulo ang telepono at aasahang gagawin ng sundalo ang kanyang trabaho.”

Nakita kong nagliwanag ang mga mata ni Ken.

“Ken,” pagpapatuloy ko, “binigyan ka ng espada na wala ang iyong kaaway. Sa totoo lang, wala na siyang armas ‘dahil nilupig ng Diyos ang mga espiritung namumuno at may kapangyarihan, at ipinakita sa lahat na ang mga ito ay bihag na Niya.’ (Colosas 2:15) Mayroon kang tunay na armas, pananakot lang ang mayroon ang kaaway. Hindi lamang iyon kundi naibigay rin sa iyo ang lahat ng kapangyarihan at awtoridad sa pangalan ni Hesus. Sinasabi sa atin na luluhod ang lahat sa Kanyang pangalan at kikilalanin ng bawat isa ang kanyang pagiging Panginoon. (Filipos 2:10-11)

“Ibinigay na sa iyo ang kagamitang pandigma ng Diyos: ang baluti ng katuwiran, ang panangga ng pananampalataya, ang helmet ng kaligtasan, at iba pa. Ang iyong panangga ay hindi lang dapat pumigil sa iba kundi sa lahat ng umaapoy na panang ibinabato ng diyablo sa iyo. Sinabi na sa iyo ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang salita, “Walang sandatang ginawa na magtatagumpay laban sa iyo, at masasagot mo ang anumang bintang laban sa iyo. Ito ang pamana Ko sa Aking mga lingkod. Bibigyan Ko sila ng tagumpay.” (Isaias 54:17) Ken, malinaw na sinabi ng Diyos na ikaw ang dapat lumaban sa mga pagsalakay. Hindi siya ang gagawa nito; ikaw ang dapat na magsalita at makipag-usap sa kaaway. Patuloy kang tumatawag sa Diyos ngunit sinasabi Niya sa iyo—katulad ng Pangulo—‘Barilin mo siya!’ o ‘Saksakin mo siya gamit ang espada!’”

Tumingin si Ken sa akin nang direktso. Nakita niya ang karunungan sa halimbawang ibinigay ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ko. Lumisan siya sa aking opisina nang may pag-asa at pananampalataya. Makalipas ang tatlong linggo, bumalik siya sa aking opisina na hanggang tainga ang ngiti. Maliksi siya sa bawat hakbang, may kislap sa mga mata, at sigla sa kanyang boses. “John, kailangan mong marinig ang nangyari!”

May pananabik kong inantabayanan ang kanyang magandang balita.

“Papunta ako sa simbahan isang Linggo ng umaga nang ito’y

magsimula muli,” sabi ni Ken. “Naramdaman kong inaalihan na naman ako ng matinding takot na maaaring mamatay ako anumang oras sa atake sa puso. Nag-uumpisa na akong pagpawisan at nababasa na ang aking mga damit. Nagsawa na akong umiyak sa Diyos katulad ng ginagawa ko noon. Umusok ako sa galit sa diyablo. Sukdulan na ang aking galit at nang walang babala sa aking asawang nakaupo sa aking tabi, isinuntok ko ang aking kamao sa *dashboard* ng kotse. Tila napatalon ang asawa ko na halos umabot sa bubong! Sumigaw ako, ‘Diyablo, sawa na ako! Tapos na ako sa iyo at sa takot na ito!’ Pagkatapos, malakas at mariin kong ipinahayag ang sinasabi ng Salita ng Diyos patungkol sa aking buhay.

“John, noong isinuntok ko ang aking kamao sa *dashboard* at sumigaw ng ‘diyablo, sawa na ako!’ bigla akong nagkaroon ng pangitain sa puso ko. Nakita ko si Hesus sa Kanyang trono sa langit, at sa pagkakataong kinumpronta ko si satanas, nakita kong napatalon si Hesus nang may labis na kagalakan. Itinaas Niya ang Kanyang mga kamay, at sumigaw Siya, ‘Sige!’”

Nag-umpisang matawa si Ken habang sinasabi ito, “John, para bang sinasabi ni Hesus, ‘Matagal Ko nang hinihintay na gawin mo ito. Natutuwa Ako na kumilos ka na.’”

Hindi na muling nagpatalo si Ken sa takot na iyon. Hindi na niya kinailangan pang labanan ang matinding kalungkutan dahil sa kanyang takot. Ngayon, mahigit dalawampung taon na ang lumipas, ang mahal na lingkod na ito ng Diyos ay buhay pa at malusog, at mayroong malaking simbahan sa timog ng Estados Unidos. Maayos na siya ngayon—sa pisikal at espirituwal.

LUMABAN NANG WALANG PAGPIPIGIL

Tingnan natin ngayon nang mabuti ang mga sinabi ni Pedro:

“Magkaroon kayo ng maayos na pag-iisip at magbantay kayo sapagkat ang diyablo na kaaway ninyo ay parang leon na umaatungal at umaali-aligid na naghahanap kung sino ang malalamon niya. *Magpakatatag* kayo sa inyong pananampalataya. Labanan ninyo siya.” (1 Pedro 5:8-9)

Kung maaalala ninyo mula sa unang kabanata, ang salitang *matatatag* ay binigyan natin ng kasingkahulugan na *walang makapipigil*. Hindi

itinuturo ng Bibliya na kung lalaban natin ang kaaway nang minsan, ipinagbabawal nang bumalik siya at sumubok muli. Hindi, kabaligtaran ito: maaari siyang sumubok nang sumubok. Sa paglipas ng mga taon, natutunan kong dito pinanghihinaan ng loob at nakararanas ng pagkabigo ang maraming Kristiyano. Iniisip nila, sa palagay ko hindi umuubra o siguro wala lang akong kakayahan. Malalaking kasinungalingan ang mga ito. Hindi natin dapat na paniwalaan ang mga ito—kailanman.

Isa pang kuwento ang naglalarawan ng puntong ito. May kabag si Lisa noong sanggol pa lamang siya. Nangyayari ang kundisyong ito sa mga sanggol, kadalasan sa mga wala pang isang taong gulang. Umiiyak lahat ng sanggol, subalit iiyak nang paulit-ulit ang sanggol na may kabag, at walang paraan upang maibsan ang sakit. Ang walang-humpay na pag-iyak ay nangyayari halos araw-araw at maaaring tumagal ang kundisyong ito ng maraming buwan. Hindi alam ng mga doktor kung ano ang dahilan nito, subalit marami ang naniniwala na resulta ito ng kakulangan pa sa edad na sistema ng pagtunaw (*digestive system*).

Lumaban din sa kabag ang panganay naming anak na lalaking, si Addison. Naalala ko pa ang matindi niyang pag-iyak nang tila walang dahilan. Noong una, parang wala itong katapusan. Tinapik-tapik namin ang kanyang likuran, idinuyan at kinantahan siya, ngunit patuloy lang siya sa pag-iyak. Wala kaming magawa upang mapatahan siya. Makalipas ang ilang sandali, bubuhatin ko siya at uutusan ang sakit na iwan ang kanyang katawan. Direkta kong kakausapin ang kanyang *digestive system*. Pagkatapos, mananalangin ako nang malakas sa Espiritu at makatutulog na si Addison.

Isang gabi, nasa banyo si Lisa ng aming silid at ako'y nasa kama na. Bigla kaming nakarinig ng nakakikilabot na sigaw mula sa *nursery*. “John, ang kabag na naman!” sigaw ni Lisa.

Bumangon ako at tumingin sa orasan malapit sa kama. 12:11 ng hatinggabi. Nagmadali akong pumunta sa *nursery*, kinuha ko si Addison mula sa kuna, at inutusan ang sakit na lumayas sa katawan ng anak ko, sa pangalan ni Hesus. Pagkatapos, nanalangin ako sa Espiritu hanggang makatutug si Addison. Tumagal ito ng labinlimang minuto.

Nang sumunod na gabi, pareho na kaming nasa kama ni Lisa nang muli naming narinig ang nakatatakot na sigaw. Aaminin kong ang una

kong naisip. *Hindi gumagana! Lagi kang nananalangin para sa kanya at hindi siya gumagaling. Hindi ka epektibo at wala kang pananampalataya.* Sadya kong inalis ang ideyang ito sa aking isip at pinalitan ko ng kung ano ang sinasabi ng Salita ng Diyos tungkol sa mga sinagot na panalangin. Sinabi ko kay Lisa, “Ako ang bahala rito.”

Bumangon ako at sumulyap sa orasan. 12:11 na naman ng hatinggabi. Inisip kong *nagkataon lamang iyon.* Nagmadali akong pumunta sa *nursery* ni Addison, niyakap ko siya nang mahigpit, pinalayas ang sakit sa pangalan ni Hesus, at nanalangin sa Espiritu, hanggang makatulog siya. Muli itong tumagal ng labinlimang minuto.

Nang sumunod na gabi, nagtatanggal ng *makeup* si Lisa sa banyo ng aming silid at nasa kama na ako. Sa pangatlong sumunod na gabi, narinig na naman namin ang nakakikilabot na sigaw. Sa oras na ito, mas naging malakas ang bulong sa aking isipan: *John, halos dalawang linggo mo nang ipinapanalangin si Addison. Nanalangin ka kagabi at noong isang gabi. Tanggapin mo nang walang bisa ang ginagawa mo para sa iyong anak! Walang bisa ang iyong mga panalangin!* Muli akong nakipaglaban na mapalitan ng Salita ng Diyos ang mga ito sa aking isipan, at bumangon na ako.

Napatingin ako sa orasan, at tumingin uli ako. Sa tatlong magkakasu-nod na gabi, nagsisimula ang iyak nang 12:11 ng hatinggabi. Labis na ang pagkagalit ko ngayon! Sumugod ako sa *nursery*, nakita ko ang nagdurusa kong anak, inabot ko siya sa kuna at inilagay ko ang aking kamay sa dibdib niya. Tiningnan ko ang sanggol kong anak at naramdaman ko na hindi lamang ako ang nakatingin sa kanya; para bang ang Banal na Espiritu ang tumitingin sa kanya sa pamamagitan ng aking mga mata.

Sumigaw ako nang may galit at matinding kapangyarihan, “Ikaw na maruming espiritu ng kabag at karamdaman, sawa na ako sa pagpapahirap mo sa aking anak! Winawasak ko ang sumpang ito na galing pa sa buong pamilya ni Lisa, at inuutusan kita sa pangalan ni Hesus na alisin mo ang marumi mong mga kamay kay Addison! Dapat kang umalis agad, at huwag nang babalik!” Aakalain mong matatakot ang bata rito, ngunit kabaligtaran ang nangyari. Agad tumigil sa pag-iyak si Addison, malambing na tumingin sa akin, pagkatapos, ipinikit ang kanyang mga mata at nakatulog. Iyon na ang huling pagkakataon na umiyak siya dahil sa kabag. Mula nang gabing iyon, normal at masayang sanggol na siya. Sapat na ang tinamo ng kaaway;

napagod na siyang taman ng espada. Umalis siya mula kay Addison at hindi na bumalik pang muli.

Makalipas ang halos tatlong taon, dumating sa pamilya namin ang aming ikalawang anak na lalaki, si Austin. Ilang buwan matapos siyang isilang, nagsimula siyang magpakita ng katulad na sintomas. Alam ko na kung ano ang mangyayari at handa na ako sa isa pang labanan. Nagsalita ako nang makapangyarihan ng may isa o dalawang pagkakataon, at tumigil ang nakatatokot na pag-iyak. Huminto ang kabag sa loob lamang ng ilang araw at hindi na muling inabala si Austin. Nang isilang ang aming ikatlong anak na lalaking si Alec, makalipas ang ilang taon, wala na siyang problema sa kabag. Nawasak na ang paulit-ulit na pangyayari. Naiisip ko ang iniisip ng kaaway, *Kung susubok akong muli, maiwawasiwas at matatamaan lang ako ng espada—ang Salita ng Diyos.*

Mahal na kaibigan, huwag kang susuko sa paglaban sa diyablo. Direkta mo siyang pagsabihan at buong tapang mula sa kapangyarihang ibinigay sa iyo sa pamamagitan ng Panginoong Hesucristo. Dapat na mas malaki ang determinasyon nating makawala sa pagkakatali sa pagkaalipin kaysa sa determinasyon ng kaaway na gawin tayong alipin.

Hindi ko malilimutan ang narinig kong testimonya ng isang dakilang misyonero sa mga Indiyano ng Mexico. Naglilingkod siya sa mga mali-liit na nayon sa mga kabundukan at mananampalataya ang halos lahat ng nasa isang nayon na bunga ng ministeryo ng kanyang pangkat. Isang gabi, ginising siya ng mga taga-nayon. Natataranta sila. Namatay ang sanggol ng isang mag-asawang dumadalo sa *mission church*. Pilit na hinihiling ng mga kaanak ng misyonero na sumama siya sa kanila at manalangin. Dagli siyang tumayo, nagpunta sa bahay ng pamilya, at inutusan ang espiritu ng kamatayan na lisanin ang sanggol. Sa loob ng ilang minuto, nagsimulang umubo ang sanggol, bumahing, at huminga. Nabuhay ang sanggol mula sa kamatayan! Nagdiwang ang lahat at ang misyonero ay bumalik na sa kanyang tahanan at natulog.

Ilang sandali pa, muling kumatok sa kanyang pinto ang mga taong ito. Namatay ang sanggol sa ikalawang pagkakataon. Bumangon ang misyonero, kinagaitan ang espiritu ng kamatayan, at nabuhay muli ang sanggol. Ibinalita ng misyonero na kinailangan niyang labanan ang

kamatayan nang ilang beses nang gabing iyon bago nito tuluyang iniwan ang bata.

Ayon sa patotoo ng misyonero, nabuhay ang sanggol, at isa na ito ngayon sa mga malulusog na bata sa nayon.

HUMAWAK NANG MABUTI

Madalas akong nakakakita ng mga mananampalatayang nagdurusa sa kanilang kalunos-lunos na kalagayan. Sila ay mga taong mabubuti ang kalooban na tunay na nakatanggap ng mga pagpapala, kagalingan, at mga himala mula sa Diyos, ngunit sa loob ng ilang araw, linggo, buwan o kung minsan ay mga taon, nawawala sa kanila ang mga natanggap nila. Subalit tinuturuan tayo ng Bibliya na “panghawakan ninyo.” (1 Tesalonica 5:21) Ang bawat mananampalataya ay dapat na magnilay, magsaulo at matatag na manindigan sa pangaral na ito na maaga kong natutunan sa aking buhay Kristiyano.

Pinahirapan ako nang husto noong aking kabataan ng nakaiiritang sakit sa bandang ibaba ng likuran ko. Isang taon na akong mananampalataya, dumalo ako ng isang gawain kasama ang isang kaibigan. Naghayag ang babaeng nangangasiwa ng gawain, “May isang tao sa gawaing ito ngayong gabi na naghihirap sa sakit ng kanyang likod, partikular sa bandang ibaba ng kanyang likuran.”

Alam ko agad na ako ang tinutukoy niya, ngunit nagdududa ako sa mga nangyayari. Nakadalo na ako sa mga misa ng Katoliko sa halos buong buhay ko at hindi ako kumportable sa mga ministrong nagtatawag ng mga problema ng ibang tao. Nanatili ako sa aking upuan. Nang umalis na ang babae, nahimasmasan ako.

Makalipas ang sampung minuto, sinabi niya, “Pasensiya na, pero ayaw akong lubayan ng Panginoon tungkol sa problemang ito. May isang tao sa gawaing ito na nangangailangang magamot ang kanyang likuran.”

Inisip kong muli, *hindi ako aakyat diyan sa harap ng maraming tao. Hindi ako gagalaw.* Gayunpaman, nang mga oras na iyon, hinihila ako ng Banal na Espiritu, kaya isinantabi ko ang aking mga pagdududa at nagpasyang lumapit. Nanalangin ang babae at ang kanyang asawa para sa

aking likod at agad itong gumaling. Namangha ako! Ngayon lang nawalan ng sakit ang aking likod sa loob ng maraming taon. Tunay na namangha ako sa ginawa ng Diyos sa aking katawan nang gabing iyon.

Sa mga sumunod na linggo, natuwa ako sa likod kong hindi na sumasakit. Kagulat-gulat ito! Maayos na akong nakayuyuko upang magsepilyo ng aking mga ngipin, o mag-ahit nang hindi nakahawak sa sumasakit kong likod habang diretso akong nakatayo. Napakasaya ko at lubos na nagpasalamat sa ginawa sa akin ng Diyos.

Makalipas ang isang buwan, nakahiga ako sa aking kama at patulog na nang may pumasok sa aking silid. Hindi ko ito makita, ngunit tiyak na naramdaman ko ito. May liwanag ng buwan sa aking silid mula sa bintana, ngunit nakapagtataka dahil parang dumidilim. Sa pagpasok ng presensya, gayon din ang takot. Bigla kong naramdaman ang sakit sa ibaba ng likod ko na nagpahirap sa akin ng maraming taon. Pumasok sa isipan ko, *nawala mo ang iyong kagalingan! Tapos na ang mga araw mong walang sakit. Magkakaroon ka ng masakit na likod buong buhay mo.*

Bilang isang batang mananampalataya, ibinabad ko ang aking sarili sa Salita ng Diyos at may sapat akong talino upang malaman na isa itong atake. Sinusubukan ng kaaway na paniwalaan ko ang kanyang kasinungalingan upang manatili ang sakit. Agad akong bumangon mula sa aking kama at nagpalakad-lakad habang sumisigaw, “satanas, gumaling na ako sa gawaing iyon dalawang linggo na ang nakalilipas. Pinanghahawakan ko ito! Sinabi ng Bibliya na sa pamamagitan ng mga sugat ni Hesucristo, magaling na ako. Hindi mo na ibabalik sa akin ang sakit na ito. Mananatili akong walang sakit. Kaya inuutusan kita na lisanin mo ang aking katawan, ang aking silid, at ang aking tirahan ngayon sa pangalan ni Hesus.”

Biglang nagliwanag ang silid! Agad nawala ang takot at madilim na presensya at nawala rin ang sakit. Hindi ko na uli kinailangan pang lumaban sa sakit ng likod mula noon.

Sinabi ni Hesus, “Kaya’t ingatan mo ang mga tagubilin Ko sa iyo upang hindi maagaw ninuman ang iyong gantimpala.” (Pahayag 3:11) Dapat tayong maging matatag sa paghawak nang mabuti sa mga natanggap natin mula sa Diyos.

Isa sa mga pinakamalungkot na kuwentong nasaksihan ko ay tungkol sa isang taong nakatanggap ng mahimalang kagalingan isang gabi sa isang gawain sa simbahan kung saan ako nangangaral. Maraming tao, at dahil dito, nanalangin ako ng panalangin para sa lahat. May napansin akong lalaki na parang kuba, umiiyak sa gitna ng karamihan ng mga tao sa harapan ko. Pinuntahan ko siya upang malaman kung ano ang nangyari. Sumailalim pala siya sa maraming operasyon para sa kanyang likod at habang buhay nang may kapansanan. Nabuhay siyang may matagal ng sakit ngunit lubos nang gumaling ngayon. Umiyak siya nang umiyak nang umiyak sa kasiyahan, na hindi ko pa nakita sa isang umiiyak na matandang lalaki, dahil sa kahanga-hangang kalayaang at kagalingang kanyang natamo.

Lumipas ang mga linggo, nagkita kami sa isang kainan. Ngiting-ngiti siya, puno ng kasiglahan, at ibinahagi kung paano siya nakawala sa kapansanan at natutuwa sa kanyang bagong tuklas na kalayaan. Masaya ako para sa kanya.

Mahigit sa isang taon ang nakaraan at muli ko siyang nakita. Hindi niya ako nilapitan nang may ngiti na tulad ng dati. Sa katunayan, hindi niya ako nilapitan man lamang. Binati ko siya at tinanong kung kumusta na siya. Sinabi niya sa akin na bumalik ang problema niya sa kanyang likod. Tinanong niya kung tunay ang kagalingan na natanggap niya sa gawain nang gabing iyon. Pinipilit niyang tiyakin sa akin na hindi naman talagang masama ang pagbalik ng karamdaman niya dahil tinuturuan siya ng Diyos sa pamamagitan ng sakit. Sinubukan kong ibahagi sa kanya ang mga salita ni Hesus na “humawak nang mabuti,” ngunit hindi siya interesado sa aking sasabihin. Nakumbinsi na niya ang kanyang sarili.

—

Dapat tayong maging matatag sa paghawak nang mabuti sa mga natanggap natin mula sa Diyos.

—

Hanggang sa araw na ito, siya ay mabuting tao, magaling na ama at asawa, ngunit, sa kasamaang-palad, nagdadala siya ng kabigatan na binayaran na ni Hesus ng malaking halaga upang makalaya siya rito.

IMPOSIBLENG HINDI TUMANGGAP

Tunay na mahalaga ang sasabihin ko ngayon. Kung naniniwala ka at matatag sa iyong paglaban sa diyabo, *lagi* kang mananalo. Panghawakan mo, ideklara at aktuhan nang may katapangan ang pangakong: “Labanan ninyo ang diyablo at lalayo siya sa inyo.” (Santiago 4:7)

Ang salitang Griyegong para sa “layuan” ay *pheugo*. Nangangahulugan itong “mawala, matakasan, takbuhan, at maghanap ng kaligtasan sa pagtakas.” Narinig ko pa ngang naituro na ang *pheugo* ay “tumakbo sa matinding takot.” Napakaganda nito! Hindi sinasabi ng Salita ng Diyos na *maaaring* lumayo sa iyo. Hindi, kapag nilabanan mo siya, *lalayas* siya. *Ayaw* niya sa matapang at batay sa Bibliya na paglaban!

Kailangan mong malaman na takot sa iyo ang kaaway! Kapag tinitingnan ka niya, hindi niya nakikita kung sino ang nakikita ng mga kaibigan mo; nakikita niya si Cristo. Ikaw ang katawan ni Cristo; ikaw ang hinirang ng Diyos. Nilalang ka mula sa larawan Niya na sumira kay satanas at nag-alis ng lahat ng kanyang baluti at sandata. Isa kang malaking banta. Marami sa atin ang pumayag na palawakin ang kapangyarihan ni satanas sa ating mga imahinasyon ngunit nasa ilalim mo siya—sa ilalim ng iyong paa, ng katawan ni Cristo. Kahit na ikaw pa ang hinliliit sa paa sa katawan ni Cristo, lahat ng kapangyarihan ng kaaway ay malayo at mas mababa sa iyong posisyon kay Cristo. Sa katunayan, idinedeklara ng Banal na Kasulatan,

“Nahulog ka mula sa langit, ikaw na tinatawag na tala sa umaga. Ibinagsak ka sa lupa, ikaw na nagpasuko ng mga bansa. Sinabi mo sa iyong sarili, ‘Aakyat ako sa itaas ng langit, at ilalagay ko ang aking trono sa itaas ng mga bituin ng Diyos. Uupo ako sa itaas ng bundok na pinagtitipunan ng mga diyos sa bandang hilaga. Aakyat ako sa itaas ng mga ulap, at magiging gaya ng Kataas-taasang Diyos.’ Pero ano ang nangyari sa iyo? Dinala ka sa lugar ng mga patay, sa pinakamalalim na hukay. Tititigan kang mabuti ng mga patay at sasabihin nila, ‘Hindi ba’t ito ang taong kinatatakutan ng mga tao sa mundo at yumanig ng mga kaharian?’” (Isaias 14:12-16)

Sa kasaysayan, isinulat ito ni Isaias patungkol sa hari ng Babylon. Subalit mayroong dalawang magkaibang paglalapat at katuparan ang propetikong Kasulatan—isang natural, isang espirituwal. Habang sinusulat ni Isaias ang isa tungkol sa mga pwersang nanira ng mga indibidwal, pamilya, at mga bansa, walang dudang si satanas ang tinutukoy niya sa antas na espirituwal. Ayon kay Isaias, sa pinakailalim ng lawa ng apoy ang kanyang katapusan, kung saan siya at ang mga kasamahan niya ay “parurusahan at pahihirapan araw-gabi, magpakailanman.” (Pahayag 20:10)

Imposibleng hindi ka makatanggap ng pagpapala at kaligtasan mula sa Diyos kung maniniwala ka at maninindigan laban sa mga kalabang pwersa ng kadiliman. Maaaring sa panig ito ng pinansyal, karunungan, kalusugan, negosyo, ministeryo, o ang pinakamahalaga, sa iyong kakayahang tumulong sa iba. Kung lalaban ka gamit ang espada ng Espiritu, mangingibabaw ka palagi, katulad ni Hesus.

ISANG BABALA

Bago ko isara ang kabanatang ito, nais kong talakayin ang dalawang malaking pagkakaibang nakita ko sa katawan ni Cristo. Ang unang kaibahan ay ang paghahanap sa diyablo sa bawat sulok. Masyado nang malawak ang kamalayan ng mga Kristiyano sa grupong ito at nawala na ang kanilang paningin sa Panginoon. Hindi ito nakatutulong.

Ang ikalawang kaibahan naman ay ang pagmamahal sa Diyos ngunit tuluyang hindi pagpansin sa kaaway, katulad ni Pastor Ken na bumisita sa aking opisina. Ang pangunahing kaisipan ng mga Kristiyano sa grupong ito ay: *Kapag hindi ko pinansin ang diyablo, aalis din ito.* Walang saysay ang pag-iisip na ito at malayo sa katotohanan. Inutusan tayo na aktibong labanan ang kaaway at magpatuloy na gawin ito hanggang sa maganap ang kalooban ng Diyos. Kailangan nating isaisip na walang magbabago sa anumang hindi natin hinaharap sa pangalan ni Hesus. Huwag kang manliit sa kumprontasyon! Tungkulin mo ito bilang kabahagi ng kaharian, ito ang iyong pagsunod sa Diyos, at kasama ito sa kamangha-manghang kapangyarihan na ipinataw sa iyo ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang biyaya.

Tinuturuan tayo ng Bibliya kung paano mamuhay sa isang malusog na pamamaraan sa espirituwal. Tayo'y inutusan, “Buong tiyaga tayong magpatuloy sa takbuhing itinakda ng Diyos para sa atin. Ituon natin ang ating paningin kay Hesus na siyang sandigan ng ating pananampalataya natin mula sa simula hanggang sa katapusan.” (Hebreo 12:1-2) Naisasagawa ang kagalang-galang na pamumuhay kapag na kay Hesus ang ating paningin at mananatili lamang sa Kanya. Kapag humarang ang diyablo o ang kanyang mga kampon, tirahin siya agad! Lumaban at siya ay lalayas! Ngunit ituon mo ang iyong paningin kay Hesus. Siya ang nagbigay sa atin ng pananampalataya at Siya rin ang magdudulot na maging ganap tayo rito.

ANG PINAKAMATAAS NG URI NG PAGLABAN

“Huwag kayong matatakot sa kanya at magpakatatag kayo sa inyong pananampalataya sa Diyos. Tulad ng alam ninyo, hindi lamang kayo ang nagtitiis ng ganitong kahirapan, kundi pati ang inyong mga kapatid sa buong daigdig.”

1 PEDRO 5:9 (MBB)

Sabihin nating sumalakay ang isang malupit na pwersang militar sa inyong bansa at binihag ito sa loob ng maraming taon. Upang makuha ang ganap na kalayaan, hindi lamang dapat harapin ang kaaway sa tahasang labanan kundi nararapat ding alisin ang mga kutang kanilang itinayo. Maaaring may nakatanim na bomba, mga patibong, *bunkers*, at mga *base* ang mga ito—bilang ilang halimbawa.

Subalit, ang isa sa pinakamahirap na kutang kailangang kalabanin ay ang mga baluktot at masamang kaisipan ng kaaway na naitanim sa utak ng mga mamamayan ng binihag na bayan. Hindi mapipigilan ang ganitong oposisyon ng direktang pakikipaglaban dahil nag-uugat ito sa kaisipan ng tao at hindi pisikal. Ngunit kung hindi ka magtatagumpay laban sa mapanlinlang na aspeto ng pakikidigmang ito, maaaring mawala ang anumang naangkin mo mula sa pakikipaglaban.

Sa kabanatang ito, aarmasan natin ang ating mga sarili para sa ganitong uri ng paglaban. Katulad sa direktang pakikipaglaban, kailangan din ditong maging matatag—walang makapipigil. Kung hindi, mawawalan ng saysay ang lahat ng iba pang uri ng pakikipaglaban. Binigyang-diin ito ni Apostol Santiago nang kanyang isinulat, “Kaya magpasakop kayo sa Diyos. Labanan ninyo ang diyablo at lalayo siya sa inyo.” (Santiago 4:7)

Sa talatang ito, inihayag ni Apostol Santiago na ang pagpapailalim sa Diyos ang pangunahing paraan ng pakikipaglaban sa kaaway. Nangangahulugan ito ng pamumuhay nang may buong pagtitiwala at pagsunod sa Kanya. Sa pamamagitan nito, madadala natin ang Kanyang mga kaparaanan, Kanyang pag-iisip, at Kanyang mga prinsipyo sa pilipit at baluktot na mga bahagi ng ating mundo. Ang buong-pusong pagsunod sa Diyos ang pangunahing paraan upang mapabagsak ang mga kuta o atake ng kaaway; ito rin ang magpapataas sa atin sa antas ng Kanyang awtoridad at pamumuno sa ating buhay. Pakinggan ang mga salita ni Pablo:

“Kung nabubuhay man kami sa mundong ito, hindi naman kami nakikipaglaban ayon sa pamamaraan ng mundong ito. Ang sandatang ginagamit namin sa pakikipaglaban ay hindi sandatang makamundo, kundi ang kapangyarihan ng Diyos na nakakapagpabagsak ng mga kuta. Sinisira namin ang mga maling pangangatuwiran, ginagapi namin ang lahat ng pagmamataas laban sa kaalaman tungkol sa Diyos, at binibihag namin ang lahat ng isipan upang matutong sumunod kay Cristo. At kung lubusan na kayong sumusunod, nakahanda kaming parusahan ang lahat ng sumusuway. (2 Corinto 10:3-6, MBB)

Ang kuta ng kaaway ay ang mga proseso sa pag-iisip, pagdadahilan, intelektuwal na pananaw, imahinasyon o iba pang mga sikolohikal na balangkas na kontra sa kaalaman o layunin ng Diyos. Kasama rito, ang inggit, pagkagahaman, pagka-makasarili, manipulasyon, makamundong pagnanasa, galit, alitan, panunukso at pananaghili. Taliwas sa katotohanan ng Diyos at lumilikha ng tunay na pag-aalitan ang espirituwal ang mga ganitong bagay na nakabaon sa ating puso at isipan. Gayunpaman, tulad ng sinulat ni Pablo, ang ating pagsunod ang nagbibigay ng kapangyarihan sa atin upang matalo ang ganitong uri ng mga di-pagsunod.

PAGLAGO KAY CRISTO

Katulad ng nasabi sa naunang kabanata, tumataas ang antas ng awtoridad at kapangyarihan kapag matagumpay nating napagdadaan ang bawat pagsubok. Samakatuwid, nababago tayo at lumalago tungo sa ating pamamahala sa bawat pagsubok na ating napagtatagumpayan. May dagdag na liwanag tayong matatanggap sa mga sumusunod na salita ni Apostol Pedro,

“Dahil si Cristo’y nagtiis ng hirap sa buhay na ito, kayo man ay dapat maging handang magtiis, sapagkat ang nagtitiis ng hirap sa buhay na ito ay tumalikod na sa kasalanan. Kaya nga mula ngayon ay mamuhay na tayong sumusunod sa kalooban ng Diyos, at hindi sa nasa ng laman.” (1 Pedro 4:1-2, MBB)

Silang mga nagdusa sa pagsubok ay *tumalikod na sa kasalanan*. Ano ang ibig sabihin ni Pedro dito? May kinalaman sa paglagong espirituwal ang kanyang tinutukoy. Ang isang “espirituwal na tao” ay hindi na namumuhay para sa kagustuhan ng laman kundi buo ang kanyang pagsunod sa layunin ng Diyos. Hindi na siya natitinag sa mga panggigipit ng sistema ng mundo ngunit kaya na niyang tibagin ang mga kuta nito. Inilalahad ni Pablo ang kapangyarihang ito sa 2 Corinto 10:6 bilang “kahandaang parusahan ang lahat ng pagsuway kapag may lubusang pagsunod.”

Kailangan nating alalahanin na anuman ang ating kasalukuyang edad, ipinanganak tayo bilang mga sanggol sa pamilya ng Diyos. At inaasahan Niya tayong lumago. Tayo’y Kanyang inutusan, “Gaya ng sanggol, kayo’y manabik sa dalisay na gatas na espirituwal upang lumago kayo sa pananampalataya hanggang makamtan ninyo ang ganap na kaligtasan.” (1 Pedro 2:2, MBB) Kung paano may iba’t ibang mga antas sa pisikal na paglago (pagiging sanggol, pagkabata at pagiging nasa hustong gulang), mayroon ding iba’t ibang mga antas sa espirituwal na paglago. Ayon kay Pablo, “Mga kapatid, hindi ako makapagsalita sa inyo noon gaya ng mga taong ginagabayan ng Espiritu ng Diyos, kundi bilang mga taong makamundo at *mga sanggol pa sa kanilang pananampalataya kay Cristo*.” (1 Corinto 3:1) Maaring matanda na sa edad ang mga Kristiyanong taga-Corinto subalit mga sanggol pa sila pagdating sa espirituwal na paglago. Hindi dapat manatili sa ganitong kalagayan ang isang mananampalataya.

Sa ibang sulat, pinapakita ni Pablo ang kasunod na antas ng espirituwal na paglago, ang pagkabata: “Nang sa gayon, hindi na tayo magiging tulad sa mga *batang* madaling matangay ng sari-saring aral. . .” (Efeso 4:14, MBB). At muli, sinulat ni Pablo, “Mga kapatid, huwag kayong maging isip-bata. Maging tulad kayo ng mga batang walang malay kung tungkol sa kasamaan, ngunit sa inyong pang-unawa, maging tulad kayo ng matatanda.” (1 Corinto 14:20, MBB) Pagdating sa malisya, dapat tayong maging malinis ang isip tulad ng mga sanggol; sa pag-unawa at pagsisikap, dapat tayong maging malago tulad ng mga matatandang mananampalataya.

Susunod ang sanggol ayon sa kung anong pagsasanay ang kanyang natatanggap, maganda man ito o hindi. Marupok at madaling maimpluwensiyahan ang mga bata. Ang mga nakatatanda naman ay kadalasang nakaaalam kung ano ang kanyang paninindigan at hindi madaling matangay ng mga maling impluwensiya. Tinuturuan tayong lumago kay Cristo upang tayo ay maging matibay na manindigan sa katotohanan at mabisang itulak palayo o parusahan ang lahat ng pagsuway. Ayon kay Pablo, kinakailangan natin ng pang-unawa upang maging malago kay Cristo. Subalit marami pa ang kaakibat nito, at tinalakay ito ni Pedro.

Paano tayo lalago sa espirituwal? Makatutulong kung isasaalang-alang muna natin ang pisikal at mental na paglago. Ano ang nagdudulot ng pisikal na paglago? Ang sagot: *Panahon*. Nakakita ka na ba ng sanggol na anim na buwang gulang lang na anim na piye (*six feet*) na ang taas? Hindi, kadalasan kailangan ng labinglima hanggang labingwalong taon upang maabot ang taas ng isang may hustong gulang. Ang paglagong pisikal ay nakabatay sa paglipas ng *panahon*.

Ang mental na paglago, kung ihahambing sa pisikal na paglago, ay hindi limitado sa oras. Nakakilala na ako ng mga labing-apat na taong gulang na nakatapos na ng *high school* at kinikilala bilang mga *child prodigies*. Nakakilala na rin ako ng mga limampung taong gulang na hindi pa nakapagtapos sa *high school*. Kaya naman ang mental o intelektuwal na paglago ay hindi apektado ng oras kundi ayon sa *pagkatuto ng isang tao*. Kailangan mong pumasok muna sa unang baitang bago tumungo sa ikalawa, pagkatapos ay sa ikatlo, ikaapat, ikalima, at sa mga susunod pa. Subalit magagawa mo ito nang mabagal o mabilis ayon sa iyong nais.

Gayundin, ang espirituwal na paglago ba ay gamit at apektado ng oras? Sa totoo lamang, nakapapansin ako ng mga taong naligtas at lumago sa kanilang pananampalatay sa loob lamang ng isang taon. Nakatagpo na rin ako ng iba pang mananampalataya na dalawampung taon nang naligtas subalit nakasuot pa rin ng *spiritual diapers* at nagdudulot pa ng napakaraming gulo sa kanilang mga lider sa simbahan, at gayundin sa kanilang mga kapwa mananampalataya. Kaya ang espirituwal na paglago ay hindi nakabatay sa haba ng panahon ng pagkakakilala mo sa Panginoon.

Ang espirituwal na paglago ba ay nakabatay lamang sa pagkatuto? Maaaring bigkasin ng mga Pariseo ang unang limang libro ng Bibliya mula sa kanilang memorya ngunit hindi nila nakilala ang Anak ng Diyos nang Siya ay nagpapagaling sa mga maysakit at nagpapalayas ng mga demonyo sa kanilang harapan. Puno ng pagbabalat-kayo ang kanilang mga buhay, at bulag sila sa espirituwal na pagdating at ministeryo ng Mesias.

Saan nga ba nakabatay ang espirituwal na paglago? Ang sagot ay *pagdurusa*. Basahing muli ang mga salita ni Pedro: “. . . ang nagtitiis ng hirap sa buhay na ito ay tumalikod na sa kasalanan.” (1 Pedro 4:1) Ang isang tao na tumalikod na sa kasalanan ay nakaabot na sa buong paglagong espirituwal.

Subalit maaaring salungatin ito sa ganitong pangangatwiran, “Nakakita ako ng mga taong nagdusa ngunit ngayon sila’y nagtanim ng poot.” Nangyayari ito. Kaya dapat magkaroon ng isa pang elemento na susi sa espirituwal na paglago. Ang manunulat ng Hebreo ang nagpapaliwanag sa atin: “Kahit na siya’y Anak ng Diyos, natutuhan Niya ang tunay na kahulugan ng pagsunod sa pamamagitan ng pagtitiis.” (Hebreo 5:8, MBB)

Sinasabi sa atin ng talatang ito na hindi kaagad dala ni Hesus ang pagsunod sa Kanya nang dumating Siya sa mundo; kinailangan Niya itong matutunan, na Kanyang nagawa nang ganap: Hindi Siya nagkasala o nakagawa ng mali. Para sa ating talakayan, ito ang pangunahing punto: *Natutunan ni Hesus ang pagsunod*

Ang espirituwal na paglago ay hindi darating kapag sumisikat ang araw sa ating buhay.

sa pamamagitan ng pagdurusa. Kung ating pagninilayan ang mga ito at ang mga sinabi ni Pedro, mapapagtanto natin na ang espirituwal na paglago

ay hindi dumarating kung maayos at maganda ang mga kaganapan, kung mabuti ang komento at pagtrato sa atin ng mga tao, at ang lahat ay nasa ayos. Hindi. Lumalago tayo sa espirituwal kapag nagpapatuloy tayo sa pagsunod sa Diyos sa kalagitnaan ng isang pagsubok. Lumalago at lumalakas tayo kahit nagpapailalim tayo sa karunungan ng Diyos kapag sinisiraan tayo ng mga tao, pinagtsismisan, minamaltrato o pinagtatangkaang saktan...o kung nawalan tayo ng trabaho, nakatanggap ng masamang ulat mula sa abogado o doktor, o hindi alam kung saan makahahapan ng kinakailangang salapi.

Pinipili natin sa kabila ng mga paghihirap na manalig sa Diyos, kahit na lumalabas itong tila hindi makabubuti sa atin. Pinipili nating lumaban sa kaaway na umaatake sa atin, sa pamamagitan ng pagsunod sa Salita ng Diyos. Dito nangyayari ang tunay na paglagong espirituwal. Nailarawan ito nang napakaganda sa buhay ni Jose na anak ni Jacob.

ANG PANAGINIP NI JOSE

Nakipagkasundo ang Diyos kay Abraham. Ang pangakong ito ay naipasa kay Isaac na kanyang anak, at kay Jacob na kanyang apo. Mayroong labindalawang mga anak na lalaki si Jacob; ang ikalabing-isa ay si Jose. Kinamuhian ng kanyang mga nakatatandang kapatid si Jose, at ipinakita sa atin ng Banal na Kasulatan kung bakit. Ang batang si Jose ay isang sumbungero (Genesis 37:2) at may pagkamayabang din (talata 5). Si Jose rin ang pinakapaborito ni Jacob sa lahat ng kanyang mga anak. Binigyan pa niya si Jose ng isang makulay na kapa. Ang mga bagay na ito ang lalong nagpaigting sa ngitngit ng mga kapatid ni Jose.

Dahil ang kanilang relasyon ay mayroon nang lamat, dumating ito sa sukdulan nang binigyan ng Diyos ng dalawang panaginip si Jose. Sa unang panaginip, nakita ni Jose ang mga bigkis ng trigo sa bukid. Tumayo ang kanyang binigkis at yumuko sa paligid nito ang mga binigkis ng kanyang mga kapatid. Sa ikalawang panaginip, nakita ni Jose ang araw at buwan at labing-isang mga tala na nakayuko sa kanyang harapan. Masayang ibinahagi ni Jose ang mga panaginip na ito sa kanyang mga kapatid kasama na ang kanyang mga interpretasyon na balang araw, siya ang mamumuno sa kanila. Hindi ikinatuwa ng mga kapatid ni Jose ang kanyang ibinahagi kundi lalo pang namuhi sa kanya.

Isang araw, naglakbay sa malayo mula sa bahay ang mga kapatid ni Jose upang maghanap ng mga bukid na kanilang pagpapastulan. Paglipas ng ilang araw, ipinadala naman ni Jacob si Jose upang tingnan kung ano na ang nangyayari sa kanyang mga anak. Nang makita ng mga nakatatandang kapatid na paparating na si Jose, nagsabwatan sila, “Paparating na ang ating nakababatang kapatid, ang *Dreamer*, si *Mr. Leader*, ang ating Dakilang Tagapamuno. Patayin natin siya! Pagkatapos ay tignan natin kung ano ang mangyayari sa kanyang mga pangarap” (sariling salin ng may-akda).

Kaya itinapon nila si Jose sa isang hukay na ang kanilang pakay ay iwanan siya doon upang mamatay. Ngunit makalipas ang ilang oras, isang *caravan* ng mga Ismaelita ang dumaan sa kanilang landas patungong Ehipto. Naisip ni Judah, “Mga kapatid, sandali lang. Kung pabubulukin natin siya sa hukay, wala itong pakinabang sa atin. Ibenta na lang natin siya bilang alipin upang pagkakitaan natin. Para na rin siyang namatay at hindi na niya ulit tayo guguluhin, at paghati-hatian natin ang mapagbibilhan sa kanya. Maliban pa diyan, hindi tayo mapagbibintangang responsable sa pagpatay sa kanya.” (sariling salin ng may-akda)

Nagustuhan ng ibang mga kapatid ang kanyang ideya. Kaya naman ibinenta nila si Jose kapalit ng dalawampung pirasong pilak. Ang kanilang inggit, galit, at baluktot na pag-iisip ang naging daan upang magawa nilang agawin kay Jose ang kanyang mana at pamilya. Ang masakit, mismong mga kapatid ni Jose ang gumawa nito sa kanya! Mahirap para sa atin ang maintindihan ang kawalang-hustisya na nagawa kay Jose. Ang pagbenta sa kanya bilang isang alipin ay kasinglupit ng pag-utang sa kanyang buhay. Sa mga panahong iyon, mahalaga ang pagkakaroon ng mga anak na lalaki dahil sila ang magdadala sa pangalan at mana ng kanilang ama. Binura nila ang kanyang pangalan, at tuluyan siyang hinubaran ng pagkakakilanlan. Noon, kapag ibinenta ang isang lalaki bilang isang alipin sa ibang bansa, mananatili siyang alipin habambuhay, hanggang sa kanyang pagkamatay. At ang kanyang asawa’t mga anak ay magiging mga alipin din.

Para kay Jose, lahat ng kanyang kilala at lahat ng mga taong mahalaga sa kanya ay nawala. Tunay na mahirap na mamarkahan bilang alipin habambuhay ngunit higit na mahirap na maipanganak bilang tagapagmana ng isang mayamang ama para lamang mawala ang lahat sa isang iglap — at

dulot pa ng kanyang sariling dugo't laman! Si Jose ay mistulang isa nang nabubuhay na “patay”. Naiisip ko si Jose na nakikipaglaban sa mga kaisipan na nagnanais na sana'y namatay na lamang siya kaysa maibenta bilang isang alipin. Hindi maipapaliwanag sa salita ang kasamaan at kalupitan na ginawa ng mga kapatid ni Jose laban sa kanya.

Nang dumating ang *caravan* sa Ehipto, si Jose ay ibinenta sa isang lalaking nagngangalang Potiphar, isang opisyal ng Faraon. Siya ngayon ay pagmamay-ari na ni Potiphar. Maaari na nating mabasa ang kuwento sa Bibliya ilang libong taon makalipas itong mangyari, kaya alam na natin ang magaganap. Subalit tandaan natin na wala pa ang aklat ng Genesis upang mabasa ni Jose. Hindi pa niya alam kung ano ang kanyang kahihinatnan maliban na lamang sa pagkaalipin sa isang dayuhang bayan. Hindi na niya makikita ang kanyang ama, mga kaibigan, ang kanyang bayan. Hindi na rin niya makikitang matupad ang kanyang mga panaginip. Paano na kaya ito magkakatatotoo? Isa na siyang alipin sa Ehipto; hindi na siya makaaalis, dahil siya ay nakatali sa ilalim ni Potiphar sa kanyang buong buhay.

Ngunit lumalakad tayo sa pananampalataya at hindi sa nakikita.

Pinagsilbihan ni Jose si Potiphar sa loob ng sampung taon. Walang balita mula sa kanyang tahanan, at pinatibay ng bawat lumipas na taon ang nakadudurog-pusong katotohanan na inulat sa lahat ng kanyang minamahal ng kanyang mga kuya na siya ay namatay na. Sigurado siya na ipinagluksa na siya ng kanyang amang si Jacob at nagpatuloy na mamuhay nang wala siya. Wala nang pag-asa na mailigtas siya o muli pa silang magkita ng kanyang ama.

Paglipas ng panahon, kinalugdan ni Potiphar si Jose. Inilagay siyang tagapamahala ng pamamahay at lahat ng pagmamay-ari ni Potiphar. Sa kabilang dako, mayroon na namang masamang kaganapang nagbabadya. Pinagnasaan ng asawa ni Potiphar si Jose, at hindi niya ikinahiya ito. Sa katunayan, siya ay naging mapilit, dahil palagi niyang nilalapitan si Jose. Isa siyang mayamang babae na sanay makuha ang bawat maibigan. Suot ang mapanuksong kasuotan at samyo ng mamahaling pabango, araw-araw niyang tinutukso si Jose.

Subalit tinanggihan ni Jose ang kanyang pang-aakit. “May asawa ka na labis akong pinagkatiwalaan. Paano ko masisira ang kanyang tiwala at mag-

ing sa Diyos ay magkasala?” (Genesis 39:9, MSG) Bagama’t ang kanyang kabataan ay tila nasira ng pagtatraydor at pagkabigo nanatiling tapat si Jose at sumusunod sa kanyang Panginoon, at iyon ang tunay na mahalaga para sa kanya.

Isang araw, naiwan sa bahay sina Jose at ang asawa ni Potiphar. Buo pa rin ang loob na siya ay tuksuhin, hinila ng babae ang kanyang damit at muli siyang hinikayat, “Wala rito ang aking asawa. Sipingan mo ako. Walang makaaalam. Maaari nating gugulin ang maghapong ito sa piling ng isa’t isa sa kasiyahan at pagniniig.” (sariling salin ng may-akda)

Tinanggihan muli ni Jose ang sekswal na alok ng babae. Tumakbo siyang palabas ng bahay subalit naiwan niya ang kapiraso ng kanyang damit na nahatak ng babae. Dahil sa kahihiyang nadama nang tanggihan siya ni Jose, ang pagnanasa ng babae ay napalitan ng galit, at siya ay pasaklong sumigaw ng, *Ginahasa niya ‘ko!*

Agarang ipinatapon ni Potiphar si Jose sa madilim na piitan ng Faraon. Katulad ng pagbenta sa kanya ng kanyang mga kapatid, muli na namang nawala ang lahat ng magagandang bagay sa buhay ni Jose.

PAKIKIPAGLABAN SA PIITAN

Ang mga bilangguan sa Amerika ay napakaganda kung ikukumpara sa madilim na piitan ng Faraon. Nakapagministeryo na ako sa ilang mga preso at hindi man kaaya-aya ang mga ito, maaari itong ituring na tila magagandang *hotel* kung ihahambing sa mga kulungan sa Gitnang Silangan. Nakabisita na rin ako sa mga lumang kulungan sa bahaging ito ng mundo. Malamig, basa, mapanglaw, at walang sikat ng araw. Hindi tulad ng mga kulungan sa Amerika, walang mga *workout area*, telebisyon, *cafeteria*, kubeta, lababo, o kutson na matutulugan. Ang mga ito’y mababang mga kuwarto o bakanteng mga espasyo na mula sa mga malalaking tipak ng bato. Ang mga selda ay apat hanggang limang talampakan lamang ang taas, magaspang at nakawawala ng dignidad bilang tao (*dehumanizing*).

Noong mga panahong iyon, ang mga bilanggo ay binibigyan lamang ng sapat na tubig at pagkain upang manatiling buhay. (1 Hari 22:27) Ayon sa Awit 105:18, ang mga paa ni Jose ay nilagyan ng mga kadena, at bakal sa kanyang leeg. Ipinakulong siya ni Potiphar sa piitang iyon upang mamatay.

Kung siya ay taga-Ehipto, maaari siyang magkaroon ng pagkakataon upang makalaya ngunit bilang isang dayuhang alipin na inakusahan ng pananamantala sa asawa ng isa sa pinakamataas na opisyal ng hari, si Jose ay wala nang pag-asang makalaya. Sa puntong ito, naranasan ni Jose ang matinding pagbagsak.

Naiisip mo ba kung ano ang mga pumapasok sa isipan niya na kailangan niyang paglabanan sa basa at madilim na piitang iyon? Sa napakarami niyang oras, tiyak na inatake ng kaaway ang kanyang pag-iisip at imahinasyon nang walang awa. Nahihinuha mo ba ang mga pumapasok na kaisipan kay Jose? *Pinagsilbihan ko si Potiphar at ang kanyang pamilya nang may katapatan at integridad sa loob ng sampung taon. Higit akong naging tapat sa kanya kaysa sa kanyang sariling asawa at nanatili akong tapat sa Diyos at sa aking amo sa araw-araw na pag-iwas sa tukso. Subalit ano ang aking naging gantimpala? Isang piitan! Bakit hindi na lang ako umasta na tulad ng isang normal na lalaki at inaliw ang sarili sa babaeng iyon? Kung nakipagtalik lamang ako sa kanya noong kami lamang ang nasa bahay na wala namang makaaalam, hindi ako mapapadpad sa piitang ito.*

Kung pinaniwalaan ni Jose ang mga kasinungalingang ito, magbubukas ito ng pinto upang lalong bumaba ang kanyang pag-iisip: *Ganito pala mag-alaga ang isang mapagmahal at tapat na Diyos sa Kanyang mga tagasunod? Bakit, sapagkat hindi pala talaga Siya tapat—sa katunayan, inaabuso pa Niya ang Kanyang mga tagasunod. Hinayaan Niyang sumagana at magtagumpay ang mga masasama habang ako ay nagdurusa dahil sa aking pagsunod. Ano ang kabutihang mapapala sa pagsunod sa Diyos? Binigyan Niya ako ng panaginip tungkol sa pamumuno na ibinahagi ko sa aking mga kapatid, at ano ang aking napala? Ang balon at pagkaalipin! Pagkatapos, sumunod ako sa Kanya at tumakas ako sa tukso, at ano ang aking gantimpala? Ang piitang ito! Tila sa bawat pagsunod ko, lalong lumalala ang hrap ng aking buhay. Ang pagsunod sa Diyos ay parang birong hindi kaaya-aya!*

Limitado ang naging galaw ni Jose sa loob ng bilangguang ngunit malaya pa rin siyang piliin ang kanyang magiging tugon sa lahat ng mga nagaganap sa kanyang buhay. Magtatanim ba siya ng galit at poot? Magiging negatibo ba siya? Kanya bang tatalikuran ang Salita ng Diyos, mag-iisip ng paraan upang makapaghiganti, at yaya-ayapin ang galit na kumakatok sa kanyang puso?

O *buong tatag niyang paglalabanan* ang mga negatibong kaisipan at emosyon na walang dudang nagpapahirap sa kanyang kaluluwa?

Sa palagay ko, ni hindi sumagi sa isipan ni Jose habang nagaganap ang mga mabibigat na pagsubok sa kanyang buhay, na ito ang paraan ng Diyos upang ihanda siya sa pamumuno sa Ehipto. Natututo siyang sumunod habang nagdurusa. Ang kanyang mga kalamnan o *muscle* sa pagsunod ay nabanat nang todo! Para bang 315 *pounds* ang nilagay sa *bar* at siya ay nasa *bench* habang sumisigaw ang lahat sa kanyang kalooban na, *Sumuko ka na!* Pakikinggan kaya niya ang sigaw ng langit na nag-uudyok, *Sige pa! Sige pa! Sige pa!* O makikinig kaya siya sa makataong kaisipan na piliin ang mas madaling daan ng paghihiganti, at bumigay sa bigat ng buhay?

NAGULAT BA ANG DIYOS?

Para kay Jose, ang puno't dulo ng kanyang paghihirap ay ang kanyang mga nakatatandang kapatid. Kung hindi dahil sa kanila, hindi siya mapupunta sa kalunus-lunos na lugar na iyon. Sa loob ng dalawang taon na namuhay siya sa loob ng madilim na piitan, sigurado akong sumagi sa kanyang isipan nang maraming beses kung ano sana ang pagkakaiba ng kanyang buhay kung hindi siya pinagkaisahan at ibinenta ng kanyang mga kapatid.

Gaano kadalas nating nilalabanan ang parehong mga kaisipan? Ito ang mga kaisipang nagsisimula sa salitang *kung*:

- *Kung hindi dahil sa aking boss, malamang na-promote na ako sa halip na masesante.*
- *Kung hindi dahil sa dati kong asawa, hindi sana makararanas ng kahirapan ang aking mga anak.*
- *Kung hindi dahil sa taong nanira sa akin sa opisina, hindi ako mawawalan ng trabaho at mapapalayas ng may-ari ng apartment na tinitirhan ko.*
- *Kung hindi naghiwalay ang mga magulang ko, sana normal ang buhay ko ngayon.*

Madaling sisihin ang ibang tao sa ating kagipitan at isipin kung gaano magiging mas mabuti sana ang mga bagay-bagay kung hindi dahil sa mga taong kumontra sa atin. Subalit ang totoo, ang ganitong kaisipan ang nagpapahina sa ating paglaban sa kung ano ang maaaring makasakit sa atin. *Ang tunay na banta ay hindi ang mga nakagigipit na kalagayan kundi ang mga maling paniniwala na ating iniisip habang dumadaan tayo sa kahirapan.* Dapat tayong magkaroon ng pananampalatayang walang makapigipigil. Ang Diyos ay mayroong dakilang plano at dapat tayong maging matatag sa pagtutol sa anumang kaisipan na laban sa Kanyang Salita.

Sa pinakadulo, ang katotohanang ito ang dapat na maitatag sa ating mga puso: *Walang sinuman o kahit demonyo na makapag-aalis sa atin sa kalooban ng Diyos! Tanging ang Diyos lamang ang may hawak sa ating kapalaran.* Sinubukang sirain ng mga kapatid ni Jose ang pangitain na ibinigay sa kanya ng Diyos. Akala nila ay tinapos na nila ito. Sinabi pa nila sa isa't isa, "Patayin natin siya at ihulog sa balon... Tingnan natin kung ano ang mangyayari sa kanyang mga panaginip." (Genesis 37:20, MBB) Talagang sinadya nila na siya ay wasakin. Hindi ito isang aksidente; ito ay sinadya! Gusto nilang mawalan ng pagkakataon si Jose na matupad ang anuman sa kanyang mga panaginip.

Sa tingin mo, ikinagulat ba ng Diyos nang ibinenta nila si Jose sa pag-kaalipin? Naiisip mo ba ang Diyos Ama na tumingin sa Kanyang Anak at sa Banal na Espiritu, na tila naguguluhan sabay sabing, "Ano na ang Ating gagawin ngayon? Tingnan ninyo kung ano ang ginawa ng mga kapatid ni Jose sa kanya! Sinira nila ang ating balak para sa kanya. Dapat tayong mag-isip kaagad ng panibagong plano."

Kung ating isasaalang-alang ang kadalasang tugon ng mga Kristiyano sa mga krisis o mahihirap na sitwasyon, ipagpalagay na tila ganito rin ang nangyayari sa kalangitan. Naiisip mo bang sinasabi ng Ama kay Hesus, "Hesus, napataksik si Pastor Bob sa kanyang denominasyon dahil ipinagdasal niyang gumaling ang isang tao! Hindi Ko naisip na mangyayari ito! Mayroon ka pa bang ibang simbahan na maaari niyang pangunahan?" O kaya naman: "Hesus, walang kita si Sarah at ang kanyang mga anak dahil hiniwalayan siya ng kanyang asawa at ngayo'y hindi na nagbibigay ng sustento at suporta sa mga anak. At mas malala pa, lubog ang ekonomiya, at hindi siya nakapagtapos ng pag-aaral! Ano na ang ating gagawin?"

Nakakatawang pakinggan, ngunit kadalasan, ganito ang tugon natin sa mga pagsubok na dumarating sa ating buhay, maaaring ganito rin ang inaakala nating magiging tugon ng Diyos.

ANG PINAKAMATINDING PAGSUBOK NI JOSE

Paano naman ang tungkol sa paghihiganti? Kung si Jose ay naging katulad ng marami sa atin, alam mo ba kung ano ang maaari niyang gawin? Magbalak siyang maghihiganti. Maaari niyang ibatay ang kanyang pasya sa sarili niyang mga ideya na taliwas sa Salita ng Diyos (Roma 12:19). *Kapag ako'y nakalabas sa kulungang ito, pagbabayaran ko sila sa lahat ng kanilang mga ginawa. Kukunin ko ang pinakamagagaling na abogado, dadalhin ang aking mga kapatid sa korte, at kakasuhan sila! O mas maganda pa, bakit ako mag-aaksaya ng pera at oras? Papatayin ko na lang sila. Pagmumukhain ko itong aksidente, katulad ng ginawa nila sa akin.*

Kung ganito ang pag-iisip ni Jose, maaaring napilitan ang Diyos na iwan na lang siya upang tuluyang mabulok sa kulungan. Bakit? Dahil kung naisagawa niya ang planong ito, maaaring napatay niya ang sampung pinuno ng labingdalawang tribo ng mga taga-Israel! Makakasama sana rito si Judah na ninuno ni Haring David at higit na mahalaga, ni Hesucristo. Tama, ang mga nagmalupit kay Jose ay ang mga nakatakdang maging ninuno ng mga taga-Israel!

Kailangang mapaglabanan ni Jose ang mga pangangatwiran, argumento, kaisipan at imahinasyon na maaaring mangibabaw laban sa mga pamamaraan ng Diyos. Kailangan niyang manindigan sa kanyang paniniwala sa mga pangako ng Panginoon, dahil ang kanyang pinakamatinding pagsubok ng tiwala at pagsunod ay paparating pa lamang.

Dalawang mga bagong preso ang dumating sa piitan. Sila ang mayordomo at panadero ng Faraon. Sa panahong iyon, ang bawat isa sa kanila ay nagkaroon ng mga nakababahalang mga panaginip at ikinuwento ito kay Jose. Ano ang pagsubok ni Jose? *Maaari niya kayang maipahayag ang katapatan ng Diyos sa dalawang lalaking ito kung hindi niya nakita kahit katiting na ebidensya ng katapatan ng Diyos sa kanyang sariling buhay?* Pag-isipan: Nagkaroon si Jose ng panaginip na siya ay mamumuno kung

saan ang kanyang mga kapatid ay magsisilbi sa kanya. Subalit ni isang bahagi ng panaginip na iyon ay hindi naganap. Kung si Jose ay katulad ng marami ngayon, maaaring sinabi niya sa dalawang lalaki, “Ano ngayon kung nanaginip kayo kagabi? Talaga, nanaginip rin ako nang minsan. Kaya, lubayan niyo ako.”

Kung naging ganito ang kanyang tugon, maaaring namatay siya sa piitan na isang taong puno ng poot na nagsasabing, “Hindi tapat ang Diyos. Hindi Niya kayang tuparin ang Kanyang mga pangako.” Maaaring nasira niya ang daan tungo sa kanyang kapalaran, dahil dalawang taon makalipas ay inulat ng mayordomo sa Faraon ang kakayahan ni Jose na magpaliwanag ng kahulugan ng kanyang mga panaginip. Sa pagkakataong iyon, inilipat si Jose mula sa kalaliman ng piitan tungo sa ikalawa sa pinakamakapangyarihan sa buong Ehipto. At pagkaraan ng siyam na taon, muli niyang nakita ang kanyang mga kapatid na nanikluhod sa kanya tulad ng ipinakita sa kanyang mga panaginip noon.

Sa loob ng dalawampu't isang taon, hindi nakita ni Jose na matupad ang mga pangakong ibinigay ng Diyos. Subalit sa takdang panahon, natupad ito, dahil ang Diyos ay tapat sa Kanyang mga pangako. Ilan sa atin ang sumusuko na kapag hindi natin nakikita ang katuparan sa ating mga panalangin sa loob ng tatlong taon? tatlong buwan? o tatlong linggo? Kung ang pamamaraan ng Diyos at ang kanyang oras ay kaiba sa atin, sumasama ang ating loob sa Kanya. Ngunit ang Diyos ay hindi sumusuko sa Kanyang mga pangarap para sa atin. Tayo ang sumusuko! Kailangan natin maging matiisin, magkaroon ng walang makapipigil na pananampalataya, walang humpay na pagsunod, at ang kapangyarihan na ating kailangan ay matatagpuan lamang sa biyaya ng Diyos. Ito ay ang Kanyang libreng regalo na para sa lahat; kailangan lang nating pagkatiwalaan ang Kanyang mga Salita at manindigan sa ating pananampalataya sa Kanya. Aanihin natin ang mga bunga ng ating pagtitiis kung hindi tayo manglulupaypay at susuko.

Katulad ng aking nasabi, walang tao o demonyo ang makapipigil sa plano ng Diyos para sa iyong buhay, at kapag ikaw ay napagtibay sa katotohanang ito, ikaw ay magiging isang pwersang walang makapipigil sa Kanyang kaharian. Sa kabila nito, mayroong isang taliwas sa katotohanang ito na kailangan mong malaman: *isang tao lamang ang makasisira ng iyong kapalaran – at ikaw 'yon!*

Bigyang-pansin ang bansang Israel. Ipinadala ng Diyos si Moises upang pangunahan sila sa pagpapalaya sa kanila sa pagkaalipin tungo sa Lupang Pangako. Ang layunin ng Diyos para sa kanila ay makapasok sa Canaan isang taon matapos silang lumabas sa Ehipto. Subalit, dahil sa kanilang kawalan ng pananampalataya, maling kaisipan, pagrereklamo, at paninisi kay Moises, hindi nila nakamit ang magandang plano ng Diyos para sa kanila. Sa halip, ang buong henerasyong iyon bukod kina Caleb at Joshua, ay nangamatay sa ilang. Sa kanilang pag-iisip, hindi naging tapat ang Diyos sa kanila. Hindi sila naging masugid sa kanilang pananampalataya at pagsunod, kaya sila mismo ang sumira sa itinadhana ng Diyos na sana'y maganda nilang kapalaran.

Walang tao o demonyo na
makapagpapatigil sa plano
ng Diyos para sa iyong
buhay.

ANG KARAKTER NA KAILANGAN SA PAMUMUNO

Nagsimula si Jose bilang sumbungero na may pagkapalalo. Subalit hindi siya nanatili sa ganitong kalagayan. Sumunod siya sa gitna ng paghihirap, at mula dito ay lumago ang karakter na kanyang kakailanganin upang pagkalipas ay makapamuno siya nang maayos. Naging ikalawa siya sa pinakamakapangyarihan sa mundo. Kung nagtanim siya ng poot, galit, hindi pagpapatawad, at sama ng loob sa kanyang mga kapatid, maaaring nakapaghiganti na siya sa kanyang mga kapatid. Nang dumating ang kanyang mga kapatid sa Ehipto upang bumili ng pagkain noong nagkaroon ng malawakang taggutom, maaari na niyang ipakulong ang kanyang mga kapatid habambuhay, pahirapan at patayin. Subalit ginawa ni Jose ang kabaligtaran. Binigyan niya sila ng bigas nang walang bayad at ng pinakamagagandang lupa sa Ehipto para sa kanilang mga pamilya. Kinain nila ang pinakamasasarap na mga pagkain ng bansa. Sa dulo, binigay niya sa kanyang mga kapatid ang mga bagay na hindi karapatdapat at ang pinakamaganda mula sa Ehipto. Ang kanyang pinalagong katangian ay napagtibay, napalakas at napanatili sa puso ni Jose—ang katangian na tulad

ng kay Cristo, dahil pinagpala niya ang kanyang mga kapatid na sumumpa sa kanya. Ginawan niya ng mabuti ang mga taong lubhang nanakit sa kanya. (Mateo 5:44-45)

Tingnan ngayon ang pagtatapos ng katuruan ni Pedro:

“Huwag kayong matatakot sa kanya at magpakatatag kayo sa inyong pananampalataya sa Diyos. Tulad ng alam ninyo, hindi lamang kayo ang nagtitiis ng ganitong kahirapan, kundi pati ang inyong mga kapatid sa buong daigdig. Pagkatapos ninyong magtiis sa loob ng maikling panahon, ang Diyos, na Siyang pinanggagalingan ng lahat ng pagpapala, ang Siyang magbibigay sa inyo ng kaganapan, katatagan, at lakas ng loob at isang pundasyong di matitinag. Siya ang tumawag sa inyo upang makibahagi kayo sa Kanyang walang hanggang kaluwhatian, kasama ni Cristo.” (1 Pedro 5:9-10, MBB)

Nawa’y ang Diyos ng biyaya ang gumawa sa inyo nang ganap, matatag, malakas, at di matitinag. Ang apat na napakalakas at puno ng pangakong mga salita ay para sa iyo at sa akin. Hayaan mong gamitin ko ang pagpapakahulugan ni James Strong sa bawat isa:

1. Paganapin (*perfect*) - “ibalik o kumpletuhin sa pamamagitan ng pag-aayos, paglalapat, o pagtatahi”
2. Patatagin (*establish*) - “itakda; paandarin sa iisang direksyon”
3. Palakasin (*strengthen*) - “patunayan o palakasin ang espirituwal na kaalaman at kapangyarihan”
4. Patayuin (*settle*) - “gawing batayan, gawing nakatindig”

Ang bawat isa sa mga salitang ito ay naglalahad sa kung ano ang ginawa ng Diyos sa puso ni Jose habang inihahanda siya upang mamuno. Siya ay inayos o binuo. Siya ngayon ay hindi na sumbungero o mapagmayabang. Naging makapangyarihan siya, pinataas ng kahanga-hangang na biyaya ng Diyos tungo sa kanyang lugar na paghaharian. Naging malakas siya sa espiritu sapagkat pinagpala niya at hindi inapi ang kanyang mga nakatatandang kapatid. Ang kanyang matatag na pagsunod sa gitna ng mga sitwasyong tila wala ng pag-asa ang siyang nagpatibay ng kanyang katalinuhan, katapangan at katangian.

Sa huling kabanata, ating siniyasat ang kahalagahan ng direktang pagsagupa sa ating kaaway sa pamamagitan ng paggamit ng Salita ng Diyos. Subalit, ang pagsasabi ng Salita ng Diyos ay hindi ang ating pinakamahusay na sandata. Ang ating pinakamahusay na sandata sa direktang pakikipaglaban ay ang matatag na paninindigang sumunod sa Salita ng Diyos. Ito ay ang pag-iisip, pagsasabi, at pamumuhay ng Kanyang katotohanan. Nagtatanong ang Diyos sa pamamagitan ni propetang Jeremias, “Nasaan silang mga matatapang para sa katotohanan dito sa lupa?” (Jeremias 9:3) Naghahanap Siya ng mga Jose sa ating henerasyon. Kung tayo ay hindi magpapapigil sa ating pagsunod at matapang na pagdedeklara ng Kanyang Salita, tayo ay makatatanggap ng masaganang ani ng mga pangakong natupad, ganap na karakter, mas malawak na awtoridad, at wasak ng mga kuta ng kaaway. Silang mga nasa mundo ng ating impluwensiya ang tunay na makikinabang mula sa ating matibay na pananampalataya at pagsunod.

Tinawag ka ng Diyos sa isang dakilang buhay! Ang kanyang mga plano para sa iyo ay nakatakda na bago ka pa man mabuo sa sinapupunan ng iyong ina. Katulad ni Jose, tinatawag ka Niya sa pagiging dakila. Binuod ito ni Pedro sa konklusyon ng kanyang pagtuturo:

“Sa pamamagitan ng maikling sulat na ito ay nais kong palakasin ang inyong loob at magpatotoo tungkol sa kagandahang-loob ng Diyos. Manatili kayo sa pagpapalang ito.” (1 Pedro 5:12, MBB)

Ang kapangyarihan, upang hindi magpapigil sa pagsunod, ay matatagpuan sa biyaya ng Diyos. Inaasahan kong hindi na natin muling mamaliitin ang kamangha-manghang biyaya ng Diyos bilang isang pantakip lamang sa kasalanan at tiket sa langit. Ito ay higit pa! Sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, magiging katangi-tangi tayo para sa ganap na kaluwalhatian ng ating Panginoong Hesucristo.

WALANG HUMPAY NA PANALANGIN

“Pakatandaan ninyo: anumang hingin ninyo sa Ama sa
Aking pangalan ay ibibigay niya sa inyo.”

JUAN 16:23

Hindi magiging buo ang talakayan natin ng *Walang Makapipigil* kung hindi natin pagtutuunan ng pansin ang ating personal na pakikipag-ugnayan sa ating Panginoon. Paano ba tayo lalapit at hihiling sa Kanya? Dudulog ba tayo nang may mahiyaing disposisyon at nakatungo? Dapat lang ba tayong humingi ng “malalaking bagay” nang may saloobin na “sana nga” upang hindi tayo lubhang masiphayo kung hindi natin makita ang kasagutan sa mga bagay na ipinapanalangin natin? Dapat ba tayong umasa sa maliit, katamtaman o malaking porsiyento na matutugunan ang ating mga panalangin?

Alam kong maaaring maging kakatuwa ang mga katanungang ito subalit, matapos akong maglakbay nang mahigit na dalawampung taon at manalangin kasama ang maraming mga lider at mananampalataya, ang mga katanungang ito ay hindi talaga mahirap paniwalaan. Nakasaksi na ako ng hindi mabilang na makamundong panalangin na walang lakas ng pananalig at matinding damdamin sa mga ito. Nakadalo na ako ng mga *prayer meeeting* kung saan ang mga tao ay palinga-linga sa paligid, nagbabasa ng kanilang mga Bibliya, o nakikinig sa musikang pansamba gayong dapat kaming namamagitan sa pananalangin. Madalas akong napapaisip kung ang mga Kristiyanong ito ay nag-aakalang sa kanilang pagdalo, tutugunan

ng Panginoon ang kanilang panalangin, o kung matagal na silang sumuko sa pananalanging walang humpay, pananampalatayang walang makapigpil at pagtitiwala sa Diyos sa lahat ng bagay.

Maraming beses nang nasaktan ang aking puso habang nakikinig sa mga lider na manalangin nang mababaw at walang katiyakan. Pumasok na sa aking isipan, *kung nagpunta siya sa tanggapan ng opisyal ng pamahalaan sa parehong paraan na humihiling siya sa Diyos, marahil ay ganito ang tugon ng opisyal, “Ano ang ginagawa mo rito? Sinasayang mo ang oras ko!”* Tila ba pinipili ng mga Kristiyanong lider ang kanilang mga salita upang magtunog kalugod-lugod at espirituwal, nang hindi nagbibigay ng pag-asa sa mga tao upang hindi sila mabigo. Nakalulungkot, sapagkat ipinakikita nito kung gaano kalayo ang espirituwal na antas ng buhay sa napakaraming Kristiyo ngayon!

MAGING MATAPANG AT MATAIMTIM

Taos-puso tayong inaanyayahan ng Diyos ng sandaigdigang upang “buong katapangan tayong lumapit.” (Hebreo 4:16) Ang pagiging *matapang* ay may *pagtitiwala, buo ang loob, pasulong, malakas, at matatag*. Ang kabaligtaran ng *matapang* ay *mahinang-loob, nag-aalangan* at *mahiya*. Isipin mo ito: Inaanyayahan ka at tinuturuan ng Diyos na lumapit sa Kanya nang may pagtitiwala, kalakasan, at katatagan upang tumanggap ng iyong mga pangangailangan mula sa Kanya. Ito ang Kanyang nais.

Sinabi ni Apostol Santiago na, “Malaki ang nagagawa ng maningas na panalangin ng taong matuwid.” (Santiago 5:16) Ang ibig sabihin ng *maningas* o *taimtim* ay “ang pagpapakita ng masidhing damdamin at sigasig.” Ayon sa diksyunaryo, ang kasingkahulugan ay marubdob at taos-puso. Sinasabi ni Santiago na ang epektibong panalangin ay taimtim na panalangin. Sa isang banda, ang hindi epektibong panalangin ay matamlay, walang sigla at hindi tapat.

Kapag narinig mo ang salitang taimtim, naiisip mo ba na ito ang espiritu ng walang makapigpil? Dapat! Binigyang-diin ni Santiago ang kanyang punto sa pamamagitan ng pagkukuwento tungkol sa dakilang propeta na si Elias:

Si Elias ay isang tao na tulad din natin; nang mataimtim siyang nanalangin na huwag umulan, hindi nga umulan sa loob ng tatlong taon at anim na buwan. At nang siya'y nanalangin para umulan, bumagsak nga ang ulan at namunga ang mga halaman. (Santiago 5:17-18)

Nanalangin si Elias nang taimtim—walang humpay—at naranasan niya ang mga mahimalang resulta. Ang salitang *taimtim* ay kasingkahulugan ng *maalab*. Nangangahulugan ito ng “seryoso sa intensyon, layunin, o pagsisikap; may katapatan sa sigasig.” Pinanghahawakan mo ba ang Salita ng Diyos tungkol sa kung paano ang mabisang panalangin? Ito ang maliwanag: naghahanap ang Diyos ng taos-puso at matinding pagsusumamo sa paglapit natin sa Kanya kalakip ang ating mga pangangailangan at mga kahilingan.

Matapos ang panalangin ni Elias upang huminto ang ulan, nagsimula siyang manalangin na bumalik ang ulan. Isinalaysay ng Bibliya na, “Si Elias ay umakyat sa bundok ng Carmel at nanalangin, na nakaluhod sa lupa.” (1 Hari 18:42)

Mababasa sa *New Living Translation* na, “nagpatirapa sa lupa at nanalangin.” Naiisip kong umiiyak siya sa Diyos nang may matinding damdamin. Nakaluhod siya o nakaupo, umuugoy ang kanyang ulo sa pagitan ng kanyang tuhod, at sumisigaw siya ng, “Diyos ni Abraham, Isaac, at Jacob, nangusap Ka sa akin na hangad Mong pabalikin ang ulan. Kaya tinatawagan Kita na paratingin ang mga ulap at ulan upang bumalik ang mga bunga sa lupaing ito! Hinihiling ko na huwag Mo itong ipagpaliban, kundi magpaulan Ka na upang muling magsaya ang Iyong bayan sa Iyong kabutihan!” Humiling siya nang buong tapang, walang pigil at may taos-pusong paghahangad. Pagkatapos, inatasan niya ang kanyang lingkod, “Umakyat ka at tanawin mo ang dagat.” (1 Hari 18:43)

Naghahanap ang Diyos
ng taos-puso at matinding
pagsusumamo sa
paglapit natin sa Kanya
kalakip ang ating mga
pangangailangan at mga
kahilingan.

Sa mga nakalipas na taon, regular ang pagdating ng ulan sa Israel at nagmumula ito sa Dagat ng Mediterraneo patungong kanluran. Inutusang muli ni Elias ang kanyang lingkod na tumingin sa direksiyon na iyon para sa mga ulap. Kumikilos siya ayon sa kanyang pinaniniwalaan. Kung tunay tayong naniniwala, ito rin ang ating gagawin. Bumalik ang lingkod ni Elias at nagsabing, “Wala po akong makitang anuman.”

Maaaring huminto na doon pa lang ang karamihan sa atin. Sasabihin natin, “Ay, siguro mali ang pagkarinig ko. Gusto marahil ng Diyos na patuloy na parusahan ang Israel dahil sa kanyang masamang pag-uugali. Hangga’t hari si Ahab, hindi siguro tayo makakikita ng ulan.” Maaaring hindi natin kayang panindigan ang ating pananampalataya; bagkus maaaring huminto na tayo sa pakikiusap sa Diyos at dahil dito ay mawala sa Kanyang kalooban. Ngunit hindi si Elias.

Alam ni Elias ang kalooban ng Diyos at hindi siya tatanggihan Nito. Muli siyang umiyak, sa pagkakataong ito buong tapang at taimtim na pinasalamatan niya ang Diyos, nang may pananampalataya, sa pagdinig ng kanyang panalangin. Pinaakyat niya sa pangalawang pagkakataon ang kanyang lingkod sa tuktok ng Bundok ng Carmel.

Walang ipinagkaiba sa relihiyosong seremonya ang panalangin at pananampalatayang walang kasamang pagkilos at ito ay pag-aaksaya lamang ng oras. Ang pagiging maalab sa panalangin ay nangangahulugang determinadong tumanggap ang iyong puso, isip, kaluluwa at katawan at kikilos ka nang nararapat. Dahil nakatitiyak kang kumikilos ka sa kalooban ng Diyos, tatanggi kang tumanggap ng hindi bilang katugunan. Alam mong ang mga pangyayari at kundisyon ay maaari at kailangang magbago.

Subalit bumalik ang lingkod ni Elias nang pareho pa rin ang sagot. “Wala po akong nakitang anuman.”

Marami sa atin ang kung hindi sumuko sa unang pagkakataon ay susuko na sa pangalawang balitang ito. Hahanap na tayo ng magandang banal na dahilan kung bakit hindi ipinagkakaloob ng Diyos ang partikular na hiling na ito sa partikular na oras na ito. Subalit hindi si Elias! Muli siyang dumulog sa trono ng langit, at pinapunta ang kanyang lingkod sa bundok sa ikatlong beses. Pareho pa rin ang sagot. Inulit niya nang pang-apat, panglima, pang-anim, at pampitong beses! (Napakahusay na lingkod;

pitong beses siyang inutusan sa isang araw na umakyat sa tuktok ng Bundok ng Carmel, at ginawa niya ito. Hindi lamang si Elias ang maalab kundi pati ang kanyang lingkod!) Matapos ang pampitong pagbalik ng kanyang lingkod, iniulat niya, “May nakikita po akong ulap, sinlaki ng kamao ng tao na tumataas mula sa dagat!”

Sadyang hindi makagagawa ng klase ng ulan na ipinanalangin ni Elias ang ulap na sinlaki ng kamao ng tao. Subalit iyon lang ang kailangan ni Elias upang huminto sa pakikiusap at kumilos. Alam niyang sinagot na ang kanyang panalangin.

“Magmadali ka!” sabi ni Elias. “Sabihin mo kay Ahab na ihanda ang kanyang karwahe at umuwi na agad. Baka siya’y hindi makaalis dahil sa ulan.” Hindi nagtagal at nagdilim ang langit sa kapal ng ulap, lumakas ang hangin at biglang bumuhos ang malakas na ulan. (1 Hari 18:44-45)

Pitong beses siyang nanalangin, pitong beses din niyang inutusan ang kanyang lingkod. Walang makapipigil kay Elias sa kanyang kahilingan, determinado siyang tumanggap ng kasagutan. Ito ang halimbawa ni Santiago nang tinalakay niya ang mabisa at taimtim na panalangin. Maalab ito sa pananampalataya, pananalita, pagtitiyaga at aksyon.

MALIIT NA ULAP NA TUMATAAS

Naghuudyat ang tumataas na maliit na ulap ni Elias ng katiyakan ng makakamit natin, kung mananalangin tayo nang may matatag na pananampalataya. Nagpapatotoo ang Espiritu, kasama ng ating espiritu. (Roma 8:16) Ito ang ating maliit na ulap. Minsan ito ay salita, sa ibang pagkakataon ay pagpapakita ng kagalakan, at kung minsan pa ay ang kamalayan sa ating puso na natupad na ang hinihingi natin sa Diyos. Kapag nakita nating tumataas ang ating maliit na ulap, maaari tayong kumilos nang nararapat, tulad ng ginawa ni Elias.

Naaalala ko nang malapit nang manganak si Lisa sa ikaapat naming anak na lalaki. Limang araw na siyang lampas sa itinakdang araw, ngunit may ganito na siyang karanasan sa pagbubuntis ng aming mga anak—lampas sa oras na itinakda. Subalit sa pagkakataong ito, alam ni Lisa na parang

may mali. Nagsisimula nang gumalaw ang bata sa kanyang sinapupunan. Tumawag siya sa doktor upang ipaalam ito at inutusan siyang, “Pumunta ka sa ospital bukas nang umaga at pahihilabin na natin ang tiyan mo.”

Kinabukasan, pinaputok na ng doktor ang kanyang panubigan at sinabihan kami na siguradong hihilab na ang tiyan ni Lisa. Pinaglakad kami upang subukan nang simulan ang *contractions*. Buong umaga kaming naglakad ni Lisa nang walang nangyayari. Nang magtatanghali, napagod na siya kaya bumalik na kami sa kuwarto sa ospital upang magpahinga. Ang sabi ni Lisa, “John, kung maaari, lumabas ka at manalangin. Kung hindi pa hihilab ang tiyan ko, gagawa sila ng mas mahirap na paraan para lumabas ang bata, at ayokong mangyari iyon.”

Isa sa mga paraang iyon ay ang pagpapainom sa kanya ng gamot na Pitocin at ang *epidural* (anestisyang ginagamit sa panganganak upang mawala ang pakiramdam mula sa ibaba ng baywang). Naranasan na niya ito sa una naming anak at nagresulta ito sa matagal na kumplikasyon sa kanyang likod. May isa pang problema: magastos na pamamaraan ito. Dahil nagsisimula pa lamang ang aming ministryo, wala pa kaming *medical insurance*. Maliit ang kita ng aming pamilya at wala kaming pera maliban sa perang nakalaan para sa mga pangunahing pangangailangan.

Nilisan ko ang ospital nang tanghali at nakakita ako ng malapit at tagong lugar kung saan maaari kong itaas ang aking tinig sa langit. Makalipas ang apatnapu't limang minuto, bumalik ako sa kuwarto ni Lisa at wala pa ring pagbabago. Sinamahan ko si Lisa ng isa pang oras at muling lumabas upang manalangin, sa pangalawang pagkakataon. Naging mas maalab ang mga panawagan ko sa Diyos. Bumalik ako sa kalagitnaan ng hapon subalit, wala pa ring pagbabago kay Lisa.

Sinamahan ko siya ng isa pang oras. Nadaragdagan na ang pag-aalala ni Lisa bunsod ng maraming dahilan, subalit higit sa lahat ay para sa kaligtasan ng aming sanggol. Muli siyang nakiusap sa akin, “John, patuloy kang manalangin. Nag-aalala ako.”

Bumalik ako sa pangatlong pagkakataon sa aking tagong lugar ng pananalangin. Sa pagkakataong ito, ako ay mas marubdob at makulit. Matatag at malakas ang aking mga panalangin; determinado akong marinig. Nakita ko ang takot sa mukha ni Lisa, at nais kong mabigyan

siya ng kaginhawahan. Nanalangin ako sa Ingles at ipinaalala ko sa Diyos ang Kanyang mga pangako. Pagkatapos, nanalangin ako nang taimtim sa Espiritu.

Makalipas ang ilang minuto malinaw kong narinig sa aking puso, *Isisilang ang sanggol mo ngayon, at sa ganitong oras din bukas ay parehong makauuwi ang iyong asawa at sanggol na nasa mabuting kalusugan.* Nagpatotoo ang Banal na Espiritu sa aking espiritu na narinig ang aking panalangin sa pamamagitan ng pagbigay sa akin ng salita. Binigyan Niya ako ng “maliit na ulap na sinlaki ng kamay ng tao.” Handa na ako ngayong kumilos.

Bumalik ako sa kuwarta ni Lisa bandang alas-singko ng hapon at sinabi ko sa kanya, “Isisilang ngayon si Arden at dalawa kayong uuwi bukas nang malusog.” Siya ay naginhawahan. Ngunit makalipas ang ilang sandali na wala pang pagbabago, tila imposible ang pangako. Wala pa ring *labor contractions*. Paano maisisilang ang bata nang napakabilis? Ngunit nakita ko ang maliit na ulap!

Lumipas ang gabi, at ang mga nars at doktor ay nag-uusap na tungkol sa susunod na gagawing hakbang. Hindi lang isang beses na sinabi ni Lisa, “John, hindi ka ba lalabas at mananalangin muli?”

“Hindi na kailangan. Isisilang ang sanggol bago maghatinggabi,” sabi ko.

Sa bawat oras na dumating at lumipas, tumitindi ang pag-iisip ko tungkol sa pagsuko at pagpapalampas na ng salita na malinaw kong narinig sa aking puso. Subalit natitiyak kong narinig ako ng Diyos at tumanggi akong sumuko.

Sa wakas, ilang minuto makalipas ang alas-onse ng gabi, nag-umpisang humilab ang tiyan ni Lisa. Isinilang si Arden nang 11:51 ng gabi. Nang siya ay lumabas, nakapulupot ang kanyang *umbilical cord* sa kanyang leeg. Naalala ko ang nakakatakot na kalagayan ng kanyang ulo na iba ang kulay kung ihahambing sa kanyang katawan. Nasasakal na siya. Pinutol agad ng mga doktor ang *umbilical cord* at dinala nila si Arden upang masuri nang mabuti.

Kinabukasan, lumabas kami ng ospital nang 3:30 ng hapon. Nakauwi nang 4:30 ng hapon sina Lisa at Arden. Nangyari ang ibinulong sa akin ng Diyos tulad ng Kanyang sinabi.

HUMINGI, AT PATULOY NA HUMINGI

Pamilyar ang karamihan sa atin sa mga sinabi ni Hesus, “Humingi kayo sa Diyos at bibigyan Niya kayo. Hanapin ninyo sa Kanya ang inyong hinahanap at makikita ninyo. Kumatok kayo sa Kanya at pagbubuksan kayo.” (Lucas 11:9) Tulad ito ng nasa *New King James* na salin ng Bibliya. Gayunpaman, naghahayag nang higit pa rito ang salin mula sa *Amplified Bible*:

“Kaya sinasabi ko sa inyo, humingi at patuloy na humingi at ibibigay ito sa inyo; maghanap at patuloy na maghanap at makikita mo; kumatok at patuloy na kumatok at bubuksan ang pinto para sa iyo. Sapagkat ang bawat isa na humihingi at nagpapatuloy sa paghingi ay tatanggap; at siyang naghahanap at nagpapatuloy sa paghahanap ay makatatagpo; at sa kanya na kumakatok at patuloy na kumakatok, ang pinto ay magbubukas.” (Lucas 11:9-10)

Makikita mong hinihimok tayo ni Hesus na magpatuloy sa paghingi, paghanap at pagkatok. Bakit? Mahirap bang makarinig ang Diyos? Hindi! Patungkol ito sa tunay nating pananampalataya. Nakasaksi na ako ng mga tao na *determinadong makatanggap* at iba namang *naghahangad lang na tumanggap*. Malaki ang pagkakaiba ng dalawa. Kung ang isa ay determinado, siya ay di natitinag, masigasig at matatag. Hindi niya matatanggap ang salitang ‘hindi’ bilang katugunan. Sa kabilang banda, kung naghahangad lamang siyang tumanggap, mas madali siyang sumuko. Kung tunay tayong naniniwala, patuloy tayong hihingi at lalong titindi habang tumatagal ang pagdating ng katugunan.

Isaalang-alang natin ang aral na ito na mula mismo sa Maestro:

Nagkuwento si Hesus sa mga tagasunod Niya upang turuan silang manalangin lagi at huwag mawalan ng pag-asa. Sinabi Niya, “Sa isang lungsod ay may isang hukom na walang takot sa Diyos at walang iginagalang na tao. Sa lungsod ding iyon ay may isang biyuda na palaging pumupunta sa hukom at nagsasabi, “Bigyan po ninyo ako ng katarungan at ipagtanggol ninyo ako laban sa mga kaaway ko!” Noong una ay hindi pinapansin ng hukom ang biyuda, pero bandang huli ay sinabi niya, “Kahit hindi ako

natatakot sa Diyos at walang iginagalang na tao, bibigyan ko ng katarungan ang babaeng ito para hindi na niya ako gambalain ulit. Dahil kung hindi, iinisin niya ako sa kapaparito niya.” Pagkatapos, sinabi ng Panginoon, “Narinig ninyo ang sinabi ng masamang hukom? Ang Diyos pa kaya ang hindi magbigay ng katarungan sa mga pinili Niyang tumatawag sa Kanya araw at gabi? Tinitiyak Ko sa inyo na bibigyan Niya agad sila ng katarungan. Ngunit kung Ako na Anak ng Tao ay bumalik na rito sa mundo, may makikita kaya Akong mga taong sumasampalataya sa Akin?” (Lucas 18:1-8)

Pansinin ang mga sinabi ni Hesus, *huwag kayong sumuko*. Hindi lang ito isang mabuting ideya; ang mas mahalaga ay kalooban ng Diyos na hindi tayo tumigil.

Sa kuwento, hindi tumigil ang babae sa kanyang kahilingan at napa-god sa kanya ang masamang hukom. Sa madaling salita, nainis ang hukom sa kanyang kakulitan. Kumilos ang hindi makadiyos na hukom para sa kapakanan ng babae para lamang umalis na ito. Ang nakamamahangha para sa akin ay ang paggamit ni Hesus ng halimbawang ito upang ipakita kung paano tayo dapat na makiusap sa Diyos sapagkat sinabi Niya, “Narinig ninyo ang sinabi ng masamang hukom?” Pagkatapos, nagsalita Siya tungkol sa Kanyang bayang nagmamakaawa araw at gabi at nagtatanong, “Lagi bang isasantabi ng Diyos ang mga iyon?” Makatarungan ang Diyos; Siya ay *para sa* atin. Kaya ibibigay Niya kaagad ang ating mga kahilingan kung *determinado* tayo, tulad ng babae sa kuwento ni Hesus.

May paglilinaw na dapat gawin sa puntong ito. Ang maling paggamit ng talinhagang ito ay magiging dahilan upang maging karaniwang gawain ng isang tao ang pananalangin araw at gabi nang paulit-ulit. Binalaan tayo ni Hesus tungkol dito: “Sa pananalangin ninyo’y huwag kayong gagamit ng maraming salitang walang kabuluhan, gaya ng ginagawa ng mga Hentil. Ang akala nila’y pakikilingan sila ng Diyos dahil sa haba ng kanilang sinasabi.” (Mateo 6:7) Ang layunin ay hindi ang madalas na di pinag-iisipang pagsasasalita o pag-uulit ng mga panalangin. Ang pokus ay isang walang humpay, taimtim, at may katiyakang pagpapaabot ng ating mga kahilingan sa Diyos. May lakas ng loob tayong lumapit sa Kanya dahil alam nating ang ating mga kahilingan ay ayon sa Kanyang kalooban, at hindi Niya tayo tatanggihan. Hindi tumatanggap si Elias ng ‘hindi’ bilang

tugon. Determinado siyang makakita ng pagbabago ayon sa kanyang panalangin. Nanatili siya roon hanggang nakatiyak siyang nadinig ang kanyang panalangin.

MASIGASIG NA PAGHAHANAP AT PAGKATOK

Hindi lamang tayo tinuturuan ni Hesus na magpatuloy sa paghingi kundi magpatuloy sa paghahanap at magpatuloy sa pagkatok. Hindi lamang limitado ang maalab na panalangin sa pagsasalita sa ating maliit na silid; kaakibat nito ang maalab na paghahanap at pagkatok. Ang ibig sabihin, isabuhay natin ang hinihingi natin. Napakahalagang bahagi ito sa pagtanggap ng resulta.

Napakaraming kuwento mula sa aking mga karanasan ang maaari kong maibahagi patungkol sa aspetong ito ng panalangin. Narito ang ilan sa mga halimbawang kamakailan lang nangyari:

Nagkaroon kami ng pagkakataon ni Lisa na gumugol ng dalawang araw at kalahati sa Maui, Hawaii nang kaming dalawa lang, bago ang pagsasalita sa isang kumperensiya. Maganda ang tiyempo sapagkat matagal na kaming hindi nakakapagbakasyon at nakakapahinga nang magkasama, at kamamatay lang din ng kanyang ama. Nagplano akong mabuti para sa espesyal na panahong ito.

Habang papalapit ang araw ng aming pag-alis, hindi pa rin nagbabago ang ulat ng panahon: walang tigil ang malakas na ulan! Tiyak na sisirain ng masamang panahon ang aming mga plano, kaya nanalangin ako nang husto upang hindi na umulan. Inutusan ko ang lagay ng panahon na iwasan ang aming pupuntahan at sinabihan ko ang mga anghel sa langit na tuparin ang aking ipinanalangin.

“Ulan. Ulan,” ang laging sambit ni Lisa.

Patuloy ko namang sinasagot ng, “Gaganda ang panahon. Magiging mabuti ang lahat.”

Dumating kami sa Hawaii nang gabi at sinalubong kami ng madilim at masamang panahon. Sinasabi pa rin ng mga balita na hindi hihinto ang pag-ulan. Nakapanood din ako ng ulat ng panahon sa telebisyon ng hotel.

Isang napakalaking bagyo ang pumasok at hindi lamang ang buong isla ng Hawaii ang sakop nito kundi pati na ang malaking rehiyon ng nakapaligid na Karagatang Pasipiko.

Kinaumagahan, binuksan ko ang kurtina upang tingnan ang madidilim na ulap at bumubuhos na ulan. Wala akong makitang pagtigil sa madidilim na ulap kahit saan. Katulad ito ng prediksiyon sa ulat. Subalit tumanggi akong magsalita ng kahit na anong salungat sa aking hiniling. Sumigaw ako, “Salamat sa Iyo, Ama, sa isang maganda at maaliwalas na araw. Nais kong makita ang asawa kong naka-*bathing suit*, nakahiga sa arawan at nagpapahinga.”

Tumawa si Lisa sa aking ginawa. Sinabayan ko siya sa pagtawa ngunit seryoso ako. Hindi ako magpapapigil. Kumain kami ng almusal. Dahil sa malakas na ulan, napilitan ang mga tauhan ng restawran na iurong ang kalahati sa mga mesa mula sa labas ng *patio* patungo sa loob ng *hallway* ng hotel.

Nang dumating ang aming pagkain, sinulyapan ko ang maulan at madilim na mga ulap at nanalangin, “Panginoon, salamat sa pagkaing ito, nililinis namin ito, sa pangalan ni Hesus. At salamat din sa magandang sikat ng araw.”

Ngumiti si Lisa at nagbiro, “John, bakit hindi ka kaya manalangin na alam nating maaaring matugunan?” Tumawa kaming dalawa. Madalas siyang nagsasabi ng mga nakakatawang linya.

“Honey, seryoso ako,” sabi ko sa kanya. “Magiging maganda ang araw ngayon.”

Bumalik ang aming tagapagsilbi upang kamustahin kami. “May kailangan pa po ba kayong dalawa?”

“Oo, meron, maaari mo bang pahintuin ang ulan?” ang sagot ko.

Tumawa kaming lahat. Gayunpaman, bago namin natapos ang almusal, huminto na ang ulan, nawala na ang mga madidilim na ulap, lumabas na ang bughaw na langit, at sumikat na nang maliwanag ang araw. Sa mga natitira pa naming oras sa Maui, hindi na kami muling nakakita ng ulan o pagtakip ng ulap sa araw.

Sunod kaming naglakbay sa ibang bahagi ng Hawaii—ang Oahu—para sa kumperensiya. Pagdating doon, ilan sa mga taga-roon ang nagsabi sa amin na maulan sa kanila nang parehong mga araw na sumikat ang araw sa Maui. Sa katunayan, nasa tuyong bahagi kami ng Oahu, ngunit isinara ang mga *beaches* dahil nagdala ng mapanganib na basura sa dagat ang labis na pag-ulan. Nagulat ang mga taga-roon sa aming balita na maganda ang panahon sa Maui.

Naniniwala akong sinagot ng ating kamangha-manghang Diyos ang aking patuloy na mga pakiusap at gumawa ng butas sa lagay ng panahon.

MGA AKLAT PARA SA MGA NANGANGAILANGAN

Ibinahagi ko sa inyo ang nakaraang kuwento upang burahin ang maling paniniwalang interesado lamang ang Diyos na tuparin ang “malalaking mga kahilingan.” Pinahahalagahan Niya ang bawat detalye ng ating buhay. Siya ang ating Ama! Subalit ngayon, hayaan mong magpatotoo ako sa mas mahalagang kahilingan: ang panalangin para sa kapakinabangan ng mga nangangailangan.

Naniniwala kami ni Lisa na ang aming mga aklat ay naglalaman ng mga mensaheng ibinigay ng Diyos para sa Kanyang simbahan sa buong mundo. Kapag inilalarawan ang mga ito, madalas kong banggitin na ang tanging dahilan kung bakit nasa aklat ang pangalan ko ay dahil ako ang unang nakapagbasa nito. Dahil dito, nabigyan kami ng mahalagang kapangasiwaan. May pananagutan kami ni Lisa na manalangin para sa kaparaanan upang mailabas ang mga mensaheng ito sa mga simbahan sa buong mundo.

Habang isinusulat ko ito, naisalin na ang mga aklat ko sa mahigit na animnapung wika. Ang mahabang panahon ng aming maalab at matinding panalangin ay ang maipamigay ang mga aklat na ito sa mga pastor at lider ng mga sarado o papaunlad na

mga bansa bilang regalo. Sa katunayan, nais naming mamigay nang mas marami kaysa maibenta.

Sa nakalipas na sampung taon, humigit kumulang 250,000 na aklat na ang naipamahagi namin sa mga pinuno ng China, Iran, Pakistan, India, Fiji, Tanzania, Rwanda, Uganda at iba pang mga bansa. Nahuhuli pa kami sa aming layunin na makapagbigay ng mas marami kaysa maibenta, sapagkat milyun-milyong kopya na ang naibenta.

Sa simula ng 2011, habang nagpaplano ang aming pamunuan para sa hinaharap, natuklasan kong 33,000 na aklat lamang ang naipamigay namin noong 2010. Pagkatapos ng maraming diskusyon, idineklara ko, “Sa taong ito, layunin nating makapagbigay ng 250,000 na aklat sa mga pinuno sa iba’t ibang bansa.”

Natahimik ang loob ng kuwarto. Nagsalita ang isa sa mga miyembro ng grupo, “Sa palagay ko, mahirap ‘yan. Masyadong malaki ang itataas mula noong nakaraang taon. Kailangan nating sabihin ang ganito kalaking misyon sa mga *financial partners* natin nang unti-unti. Kailangan natin ng panahon. Maaari ba nating itakda ito sa 100,000 at dagdagan na lang sa mga darating na taon?”

“Hindi, kailangang manampalataya tayo sa Diyos at kumilos upang tulungan ang mga nangangailangang pastor at mga simbahan sa buong mundo,” ang sabi ko. “Hindi sobra ang dalawangdaan at limampung libong kopya upang puntiryahin.”

Tumindi ang pagtatalo. Nagbigay ng iba pang mga kadahilanan ang miyembrong ito ng grupo kung bakit sobrang laki ng balak ko. Sa huli, sinabi niyang hindi ito makatwiran. Tama siya at nasa katwiran sa kanyang paghuhusga, subalit hindi niya isinaalang-alang ang biyaya ng Diyos.

Naging mas matatag ako. “Mga kasama, walang ibang ministryo ang may hawak ng mga aklat na ito; ipinagkatiwala sa atin ito ng Diyos. Tayo lamang ang maaaring magbigay ng Ang Patibong ni Satanas (*The Bait of Satan*), Sa Ilalim ng Tabing (*Under Cover*), Paggising ng Babaeng Leon (*Lioness Arising*), Inudyukan ng Kawalang Hanggan (*Driven by Eternity*), Higit sa Pangkaraniwan (*Extraordinary*) at iba pa nating mga aklat. May responsibilidad tayong paniwalaan ang Diyos para rito. Dapat nating taasan ang ating mga layunin.”

Nagpatuloy sila sa pagtutol. Sa puntong ito, naging mas matatag at maingay ako: “Ayokong tumayo tayo sa harap ni Hesus sa Kanyang paghuhukom at kailanganing ipaliwanag kung bakit tayo humingi ng napakaliit. Ayokong tanungin tayo ng mga pastor sa paghuhukom, ‘Bakit hindi ninyo ibinigay sa amin ang mga aklat na ito na ipinagkatiwala ng Diyos sa inyo?’ Hindi magbibigay ng paliwanang ang ibang ministeryo para dito—tayo lang!”

Nag-init ang kapaligiran, at natapos ang aming pulong sa pag-aalala at di pagkakasundo. Nalulungkot ako na umabot sa ganoong punto ang aming di pagkakaunawaan, at sa matinding palitan ng mga salita. Tapat, makadiyos na tao, at nagmamalasakit lamang sa kabutihan ng ministeryo ang mga pinuno ng aming mga departamento. Ngunit sa kaibuturan ng aking puso, alam kong hindi ako maaaring umatras. Mahalagang tayuan ko ang puwang para sa mga nananabik na pastor at mga nangangailangang simbahan na nasa mahihirap na rehiyon ng mundo.

Makalipas ang ilang araw, lumapit sa akin ang pinuno ng aming administrasyon. “John, gagawin namin kung ano ang nasa puso mo. Narito kami upang magsilbi para sa pangitain (*vision*) ninyo ni Lisa. Maaari mo bang sabihin sa akin kung naniniwala ka pa rin na dapat tayong mamigay ng 250,000 na mga aklat? Kung nananalangin ka at pinananampalatayaan ito, isandaang porsyentong kasama mo kami sa gawaing ito. Mananalangin kami at magtatrabaho nang masigasig para rito.”

Muli kong kinatagpo ang Diyos, at naniniwala pa rin akong dapat itakda ang layunin sa 250,000 na mga aklat. Nagbukas na ang mga pinto upang makapagbigay kami ng mga aklat sa mga lider ng Vietnam, Liberia, China, Iran, Turkey, Ghana, Tajikistan, Lebanon, Burma, at iba pang mga bansa. Alam din naming marami pang kahilingan ang darating. Upang mapaimprenta at maipamahagi ang ganito karaming aklat sa buong mundo, ang halagang kakailanganin ay nasa pagitan ng \$600,000 hanggang \$700,000 (U.S.). Napakalaking halaga nito para sa amin, ngunit hindi para sa Diyos.

Makalipas ang dalawang linggo, tinawagan ako ng mga miyembro ng grupo namin sa isang kuwarto ng hotel sa Florida. Ibinalita nila nang may kagalakan sa kanilang mga boses, “John, nakatanggap kami ng tseke na nagkakahalaga ng \$300,000 upang maimprenta ang mga aklat para sa mga

lider sa ibang bansa.” Literal akong sumigaw sa kasiyahan sa balkonahe ng aking kuwarto sa hotel.

Ganito pala ang nangyari: ibinahagi ng isa naming empleyado ang aming *vision* sa isang negosyanteng taga-*Texas*. Sumulat siya ng tseke. Ang pinakamalaking donasyon ng isang tao na natanggap ng ministryo namin sa nakalipas na dalawampung taon ay \$50,000. Isa itong tunay na himala! Makapag-iimprenta ng halos 150,000 na mga aklat ang perang ito. Ang lubhang nakagugulat na katotohanan ay nasa kalahati na kami ng aming layunin para sa 2011—at Pebrero pa lamang noon! Naging pagdiriwang ang tawag na iyon sa telepono—sumigla kaming lahat at napuno ng kasiyahan.

Bago ko ibinaba ang telepono itinanong ko, “Mga kasama, naiintindihan na ba ninyo ngayon kung bakit matatag at maingay ako sa ating pulong dalawang linggo na ang nakararaan?”

Ang pinuno ng aming administrasyon, na siyang pinakanagduda sa akin sa pulong na iyon ay tumawa at nagsabing, “Akala ko sasabihan mo ako, ‘Umalis ka sa harapan ko, satanas.’” Tumawa kaming lahat.

Kinagabihan, nagkumento si Lisa, “Hindi nais ng Diyos na maniwala tayo sa Kanya para sa mga bagay na posible; Nais Niyang maniwala tayo para sa mga bagay na imposible. Kung hindi tayo nanatili sa layunin, hindi ako naniniwalang mapapasakamay natin ang \$300,000 tseke.” Sumangayon ako sa kanya. Ang punto ni Lisa ay tumpak.

Bago magtapos ang taon, mahigit sa 250,000 na mga aklat ang nai-pamahagi sa mga lider sa apatnapu’t isang bansa. Hindi mangyayari ang alinman dito nang wala ang tulong at panalangin ng aming mga taga-suporta at masigasig na pagsisikap ng lahat ng aming mga kasama. Masyadong marami para maitala ang mga patotoo ng mga *outreach* na ito.

Lubos na pinatatag ng pangyayaring ito ang pananampalataya ng aming buong grupo. Nakuha ito sa paulit-ulit na paghingi, paghahanap, at pagkatok upang makita ang pagbukas ng pintong ito na magpapabago ng hindi mabilang na mga buhay. Dapat nating laging tandaan na ang Diyos ay “makagagawa nang higit pa kaysa maaari nating hilingin at isipin, sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihang naghahari sa atin.” (Efeso 3:20) Hindi natin mapapayagan ang may hangganang isipan ng tao na limitahan Siya sa ating pag-iisip at paniniwala. Kung tunay tayong naniniwala,

hihingi tayo nang paulit-ulit at patuloy na kakatok hanggang makita nating maihayag ang Kanyang kaluwalhatian.

ANO PA ANG HINIHINTAY MO?

Ang pagsulong ng Kaharian ng Diyos ay hindi mangyayari sa pisikal na mundo hangga't hindi ito sigurado sa espirituwal na mundo. Itinuturo ni Pablo kay Timoteo, “Ipaglaban mong mabuti ang pananampalataya. Panghawakan mong mabuti ang buhay na walang hanggan, dahil tinawag ka ng Diyos para sa buhay na ito nang ipahayag mo ang pananampalataya mo sa harap ng maraming saksi” (1 Timoteo 6:12). Ang panghawakan nang mabuti ang buhay na walang hanggan ay ang pagkapit sa mga kaloob ni Hesus, at hindi natin ito magagawa nang may pag-aalinlangan sa ating puso. Kapag nakita ng Diyos ang ganitong uri ng pagpupursigi sa Kanyang mga anak, Siya ay kikilos.

“Kung hindi tayo sumasampalataya sa Diyos, hindi natin Siya mabibigyang kaluguran,” ang sabi sa Hebreo 11:6, “sapagkat ang sinumang lumalapit sa Diyos ay dapat sumampalatayang may *Diyos na nagbibigay ng gantimpala sa mga nananalig sa Kanya*.” Hindi tayo sinabihan na nagbibigay ng gantimpala ang Diyos sa mga basta lamang humahanap sa Kanya, kundi nagbibigay Siya ng gantimpala sa mga masigasig na humahanap sa Kanya. Malapit Siya sa mga taimtim, taos-puso at sa may maalab na hangarin.

Sa ganitong paraan din nangusap ang Diyos sa pamamagitan ni Propetang Jeremias:

“Sapagkat batid Kong lubos ang mga plano Ko para sa inyo; mga planong hindi ninyo ikasasama kundi para sa inyong ikabubuti. Ito’y mga planong magdudulot sa inyo ng kinabukasang punung-puno ng pag-asa. Kung maganap na ito, kayo’y tatawag, lalapit, at dadalangan sa Akin, at diringgin Ko naman kayo. Kapag hinanap ninyo Ako, Ako’y inyong matatagpuan; kung buong puso ninyo Akong hahanapin. Oo, Ako’y matatagpuan ninyo,’ sabi ni Yahweh.” (Jeremias 29:11-14)

Ang plano ng Diyos sa iyong buhay ay pawang mabuti. Datapwat, upang matanggap ang masaganang kaloob, kailangan ng masidhi at paulit-ulit na paghahanap. Ito ang tunay at buhay na pananampalataya.

Naaalala mo ba ang mga huling salita ni Hesus sa talinhaga ng babae at ng masamang hukom? “Ngunit kung Ako na Anak ng Tao ay bumalik na rito sa mundo, may makikita kaya Akong mga taong sumasampalataya sa Akin?” Matinding katanungan! Maaabutan ba Niya ang isang pananampalatayang matamlay at mabuway – o kaya ay isang ganap at tunay na pananampalataya? Sa salin ng *The Message*, mababasa ang ganito, “Gaano karami ang ganyang uri ng *masigasig na pananampalataya* na matatagpuan ng Anak ng tao sa mundo sa Kanyang pagbabalik?” Ang uri ng pananampalataya na Kanyang tinutukoy ay tulad ng sa babae na nagbigay ng kapaguran sa hukom dahil sa kanyang walang humpay na pakiusap.

Kaya huwag mahiya sa paglapit sa Diyos. Huwag maging kimi sa iyong mga kahilingan. Maging matapang, masidhi, matatag at tiyak. Ang ating pagtitiyaga sa Diyos ay hindi magmumula sa kawalan ng pag-asa kundi mula sa matatag na pananalig na Siya ang ating mapagmahal na Ama na magbibigay sa atin ng matapang nating hiningi sa Kanyang pangalan.

Huwag mahiya sa
paglapit sa Diyos.

Ano pa ang hinihintay mo? Napakalaki ng pangangailangan sa paligid mo. Napakaraming tao sa mundo na nangangailangan sa iyo upang maging tulay ka nila sa pag-abot ng presensya ng Diyos sa pamamagitan ng iyong panalangin. Maging ilaw ka sa kanila! Lumapit ka sa Diyos ngayon nang may pagtitiyagang walang makapipigil!

TUMAKBO PARA SA GANTIMPALA

“... Kaya’t pagbutihin ninyo ang pagtakbo upang kamtan
ninyo ang gantimpala.”

1 CORINTO 9:24

Katulad ng ating natutunan sa aklat na ito, ikaw at ako ay nasa isang mapanghamong takbuhin. At katulad ng nasusulat sa itaas mula sa 1 Corinto, ang takbuhin ay personal. Mayroon kang sariling takbuhin. Mayroon din ako.

Ang ating kompetisyon ay hindi laban sa isa’t isa kundi sa mga pwersa na pumipigil sa ating magtapos nang maayos. Ikaw at ako ay nasa isang lugmok na mundo, na siyang tunay na sanhi ng oposisyon. Tayo ay nakikipaglaban. Sa salin mula sa *New King James version*, ganito ang sinabi, “Tumakbo sa *isang tiyak na paraan*, nang ito ay makuha mo.”

Pansinin ang pariralang ginamit ni Apostol Pablo, *sa isang tiyak na paraan*. Sa paanong paraan tayo dapat tumakbo? Dapat tayong tumakbo nang hindi nagpapapigil. Ipinahayag ito sa atin ng manunulat ng Hebreo: “Kaya nga, dahil napapaligiran tayo ng napakaraming saksi, talikuran natin ang kasalanan at ang anumang balakid na pumipigil sa atin. Buong tiyaga, tuloy-tuloy at may pagpupursigi tayong tumakbo sa paligsahang ating sinalihan.” (Hebreo 12:1, AMP)

Isa akong atleta buong buhay ko. Marami sa aking mga kaibigan ay mga baguhan o propesyonal na atleta. Nag-eensayo nang mabuti, nagpupursigi sa kabila ng mga pagsubok, at nagtitiis sa mahihirap na nagsasanay ang mga taong seryoso. Ayon kay Pablo, bawat manlalarong nagsasanay ay may disiplina sa lahat ng bagay.” (1 Corinto 9:25) Bakit ginagawa ito ng mga manlalaro? Sinagot ng apostol, “Ginagawa nila ito upang manalo ng premyo.”

Para sa mga propesyonal na manlalaro ng boksing, pagkapanalo ng isang titulo mula sa *World Boxing Organization* ang premyo. Sa mga propesyonal na *basketball player*, ang pagkapanalo ng koponan ng kampeonato sa *PBA*, *UAAP* o *NCAA* (lokal na paligsahan sa *basketball* dito sa Pilipinas). Sa mga propesyonal na *volleyball player*, ang pagkapanalo sa *UAAP* o sa *V-league* (lokal na paligsahan sa *volleyball* dito sa Pilipinas). At para sa mga manlalaro ng *Olympics*, ito ang *gold medal*. Ang inaasam-asam na premyo ang kanilang nagiging panghikayat. Ang mga naghahangad na makamit ang premyo ay nagsasanay nang walang makapigil at nagtitiis ng matinding paghihirap—mas matindi pa kung ihahambing sa iba na walang premyong minimithi at walang pag-asam na magwagi.

Nakakita ako ng manlalaro ng *hockey* na namimilipit sa sakit dahil sa kanyang nalinsad na sakong, ngunit nagmamakaawa sa kanilang *trainer* na tapalan muna ang bahaging masakit upang makapagpatuloy siyang makalaban para sa *Stanley Cup*. Patuloy siyang nagse-skate sa kabila ng matinding sakit na kanyang nararamdaman na kung sa iba nangyari ay hindi na makalalakad pa. Nakakita ako ng *football player* na pumutok ang ilong ngunit tinapalan lang din ito upang makapagpatuloy siyang makalaro; di na niya pansin ang matinding sakit sa pag-asam na manalo sa *Super Bowl*. Nakita na natin ito sa isang pagkakataon o iba pa, maging sa *sports* o sa ibang gawain. Ang pag-tanaw sa hinaharap ay ang matinding panghikayat. Ito ang nagpapaangat sa isang tao kung ihahambing sa iba. Ito ang nag-uudyok sa kanila upang maging mga kampeon. Iyon lamang mayroong paghahangad sa premyo ang makapagtitiis sa mga paghihirap.

Bilang mga Kristiyano na araw-araw nakikipaglaban sa mga makapangyarihan at mapanirang kampon ni satanas, dapat nating malaman kung ano ang ating ipinaglalaman. Ano ang ating motibasyon o gaganyak sa atin upang makatapos nang maayos? Bakit napakahalaga na tayo’y

manatiling tapat? Ano ang patutunguhan ng ating mga indibidwal na buhay bilang mga tao ng Diyos? Bakit napakahalaga ng daan na inilaan ng Diyos sa atin para sa kaharian?

Sinasabi sa atin ni Pablo na ang sagot sa ating mga katanungan ay tulad din ng mga manlalaro. Pinagpupursigihan natin ang bawat premyo o gantimpala. “Kaya tumakbo kayo nang mapasainyo ang premyo at gawin itong inyo.” Sa kanyang huling mga taon, itinala ni Apostol Juan ang sumusunod na utos:

Ang pagsisimula nang maayos ay mahalaga...
ngunit ang matapos
nang maayos ay higit
na mahalaga.

“Mag-ingat nga kayo upang huwag mawalang saysay ang aming pinagpaguran, sa halip ay lubusan ninyong makamtan ang gantimpala.” (2 Juan 8, MBB)

Nawalan ng karapatan si Solomon sa pinakamataas na premyo dahil hindi siya nakapagtapos nang maayos. Hindi niya pinagtuunan ng pansin ang dulong layunin.

Ang pagsisimula nang mainam ay mahalaga ngunit, sa pananaw ng Diyos, kung paano tayo nakapagtapos ay higit na mahalaga. Ang pagtatapos nang matagumpay at pagtanggap ng gantimpala ay nangangailangan ng ating walang humpay na pagpupursigi at pagtitiis, na parehong pinalalakas ng hangaring mapagtagumpayan. Kaya ito ang tamang panahon upang sagutin ang isang mahalagang katanungan: Ano ang gantimpala na ating pinaghihirapan—*ang premyong binalaan tayong hindi natin dapat maiwala?*

Ang gantimpala ay dapat isaalang-alang sa dalawang antas. Siyasatin natin ang una dito sa kabanatang ito at ang ikalawa sa susunod na kabanata.

ANG UNANG GANTIMPALA

Umiikot ang unang gantimpala sa katotohanan na ang ating buhay ay direktang nakatuon sa pagtatayo ng tahanan ng Diyos—ang tahanan na Kanyang titirhan magpakailanman.¹

¹ Para sa mas malalim na diskusyon ng bahay ng Diyos, tingnan ang aking aklat na *Driven By Eternity* (New York: Faith Words, 2006).

Nagtatayo ang Diyos ng tahanan para sa Kanyang sarili—isang maningning at maluwalhating tahanan. Ito ang tahanan na Kanyang inaasam-asam na maging tirahan, at dito nakatuon ang Kanyang mga plano sa loob ng libu-libong mga taon. Nananabik na Siya para dito!

Nagkaroon kami ni Lisa ng pribilehiyong magpatayo ng pasadyang bahay. Sa mga huling taon ng 1980 nang pagtira namin sa Orlando, Florida, isang kilalang tagapagtayo ng bahay o *homebuilder* na nagngangalang Robert, ang lumapit sa amin. “Gusto ko ang inyong ministeryo,” sabi niya at saka idinagdag, “Gusto ko kayong igawa ng isang pasadyang bahay.” Noong panahong iyon, naninirahan kami sa isang maliit at simpleng tahanan kaya naisip naming baka mas mahal ang halaga nito para sa amin. Noong nais naming umatras, sinabi ni Robert, “Gagawin ko ito sa ‘presyong makadiyos’.” Ang kinalabasan, wala siyang kinita ni isang kusing.

Bago ito, nagkaroon na kami ni Lisa ng dalawang bahay. Pareho silang maliliit at wala kaming alam sa kanilang mga *layout* o *blueprint*. Kaya naman nasanay na kaming pumili ng mga *standard floor plan* at sa mga limitadong pagpipilian na mga kulay at materyales; hindi pa kami naphintulutan na gumawa ng mga malalaking desisyon. Kaya bago sa amin ang proseso ng pagpapatayo ng pasadyang bahay.

Hindi ko malilimutan nang dumating si Robert sa aming munting bahay pagkalipas ng ilang araw, umupo siya kasama namin sa aming mesa sa kusina, naglabas ng blangkong papel, at buong siglang sinabi, “Iguhit ninyo ang inyong *dream house*!”

Nagulat kami. Hindi namin inaasahang magagawa ang ganoong bagay. Agad-agad na nagtrabaho si Lisa. Gumuhit siya na para bang matagal na niya itong pinag-isipan. (Talaga naman!) Nakapagbigay lang ako ng mga ideya tungkol sa aking silid aralan (*study room*) at sa garahe. Para sa ibang bahagi ng bahay, si Lisa na ang nag-isip. Nakakatuwa ito, at ang pananabik, mas tumindi pa nang malaman namin na maaari palang idisenyo ang aming bagong bahay ayon sa aming kagustuhan. Walang limitasyon.

Nang naiguhit na ang aming *dream house*, dinala na ito sa arkitekto at *designer* at makalipas ang ilang araw, ipinakita na ni Bob sa amin ang *blueprint*. Nakakapanabik ito. Sumunod, naghukay na sila ng lupa at nagsimula na.

Pinupuntahan namin araw-araw ang lugar sa buong proseso ng pagtatayo ng aming bahay. Minsan, dalawang beses pa nga kaming pumupunta sa isang araw. Talagang nananabik kami at hindi na makapaghintay sa susunod na bahagi ng bahay na kanilang itatayo. Ang ilang buwan na iyon ay parang taon ang itinagal at ang bawat araw ay parang buwan dahil sa aming paghihintay ng mga bagong bagay na idadagdag sa aming natatanging tahanan. Kasama na rito ang pag-asam na isang araw ay makalilipat na kami. Namamangha kami habang pinapanood ang aming pinangarap na bahay, na aming iginuhit sa isang blangkong papel, ay nagkakatatoo na sa aming harapan!

Naniniwala ako na ang aming naramdamang kaligayahan ay halos tulad ng emosyon at paghihintay ng Diyos para sa Kanyang pinapangarap na tahanan. Ngunit, mas matagal na Siyang naghihintay kung ihahambing sa ilang buwan naming paghihintay. Sa totoo lang, hinihintay na ng Diyos ang katuparan nito bago pa man maitatag ang mundo.

Dito sa lupa, nagbibigay tayo ng pangalan sa mga espesyal na tahanan. Halimbawa, ang tawag sa tahanan ng reyna ng Britanya ay *Buckingham Palace*. Sa Amerika, ang pangulo ay nakatira sa *White House*. Ang bahay ng aktor na si Michael Douglas sa Bermuda ay *Longlands*. Ang bahay ng yumaong si George Harrison, dating *Beatle*, ay *Friar Park*. Kay Nicolas Cage naman ay *Midford Castle*. Ang hindi ganap na maunawaan ng tao, sinimulan na ng Diyos ang pagpapangalan sa mga tahanan bago pa man natin ito naisip. Ang Kanyang permanenteng tirahan, na patuloy pang ginagawa, ay ang Zion. Tulad ng naisulat ng mang-aawit,

Pinili ni Yahweh, na maging tahanan ang Lunsod ng Zion.

Ito ang wika niya: “Doon ako titira panghabang panahon, ang paghahari Ko’y magmumula roon.” (Awit 132:13-14, MBB)

Pansinin na ninanais ng Diyos ang tahananang ito. Sa madaling salita, sabik Siyang naghihintay, tulad ng paghihintay namin ni Lisa sa aming bagong tahanan. Sinasabi naman ng ibang kasulatan na ang tahananang tinatawag na Zion ay nasa puso ng Diyos sa mga di mabilang na henerasyon: “Itatayong muli ni Yahweh ang Zion, kaluwalhatian Niyay mahahayag doon” (Awit 102:16, MBB); “Kay Yahweh na hari ng *Zion* ay umawit tayo ng papuri,

sa lahat ng bansa ang ginawa Niya'y ipagbunyi! (Awit 9:11, MBB); at “Magmula sa dakong Zion, ang lungsod ng kagandahan, makikita Siyang nagniningning sa kaluwalhatian.” (Awit 50:2, MBB)

Kung magtatayo ka ng bahay, magsisimula kang gumawa ng pundasyon. Pakinggan ang sabi ni Isaias: “Naglalagay ako sa *Zion* ng batong- panulukan, subok, mahalaga, at matatag na *pundasyon*; ‘Ang magtiwala rito’y hindi mapapahiya.’” (Isaias 28:16, MBB) Ano (o mas tamang sabihin, sino) ang pundasyon na batong-panulukan? Wala nang iba kundi ang pinakamamahal na Anak ng Diyos na si Hesucristo. Ayon kay Isaias, si Hesus ay isang mahalagang bahagi ng pagtatayo ng Kanyang permanenteng tirahan, ang Zion. Sa katunayan, bilang batong-panulukan, Siya ang pinakamahalagang bahagi nito.

Pagkatapos ay idinedeklara ng Salita ng Diyos, “Tulad ng mga batong buhay, maging bahagi kayo ng isang templong espirituwal” (1 Pedro 2:5, MBB) Ang tahanan na tinutukoy dito ni Pedro ay walang iba kundi ang Zion. Matalinhagang ipinakilala si Hesus bilang ang *bato*, at gayundin naman tayo. Tayo ang mga “batong buhay,” at Siya ang panulukang-bato. Kasama ni Hesus, ang mga Kristiyano bilang mga bahagi sa pagtatatag ng Kanyang magiging tahanan!

“Samakatuwid, hindi na kayo dayuhan o taga-ibang bansa, kundi kababayan na ng mga hinirang ng Diyos at kabilang sa Kanyang sambahayan. Tulad ng isang gusali, kayo’y itinayo sa pundasyong inilagay ng mga apostol at mga propeta, na ang batong panulukan ay si Cristo Hesus. Sa pamamagitan Niya, ang bawat bahagi ng gusali ay nagkakaugnay-ugnay at nagiging isang banal na templo ng Panginoon. Dahil din sa inyong pakikipag-isa sa Kanya, kayo man ay kasama nilang naging bahagi ng tahanan ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu.” (Efeso 2:19-22, MBB)

ANG MGA SUBCONTRACTOR

Hindi lamang tayo ang bahagi na bumubuo ng bahay, kundi tayo rin ang sinasabing mga kamanggagawa (1 Corinto 3:9) Ang isang tawag dito ay mga “*subcontractor*” (o sa salita ng mga tagatayo, “*subs*”). Sino ang mga *subs*? Sila ang mga *tubero, electrician, framer, drywall/tiles installers, roofers,*

bricklayers, carpet layers—at marami pang iba. Sila ang mga taong talagang nagtatayo ng bahay. Nang itinayo ni Robert ang aming tahanan, hindi siya nagpukpok kahit isang pako sa bahay, hindi nagsemento ng bloke, hindi naglagari ng isang bahagi ng kahoy o pang-pader. Hindi, ang mga *subs* ang gumawa ng lahat ng trabaho.

Kung *subs* ang mga talagang gumagawa ng bahay, ano ang trabaho ng nagtatayo? Mayroong tatlong sagot. Una, ang tagapagtayo ang nagdisenyo ng bahay. Ang Diyos, bilang Tagapagtayo ng Kanyang sariling bahay, ang nagdisenyo ng Kanyang *master plan* noong unang panahon. Ayon sa sinulat ni Apostol Pablo, “Bago pa likhain ang sanlibutan, pinili na Niya tayo,” (Efeso 1:4). Sinasabi naman sa atin ng Hebreo, “Sinabi Niya ito kahit tapos na Niya ang Kanyang mga gagawin mula nang likhain ang sanlibutan” (4:3) Ang plano para sa tahanan ng Diyos ay tapos na bago pa man lalangin si Adan. Ang galing!

Ikalawa, ang tagatayo ang bumibili ng mga materyales na gagamitin sa pagpapatayo ng bahay. Hindi ka ba natutuwa na ang Diyos ang bumili sa iyo? Kaya naman sinasabi Niya, “Bago ka pa ipinaglihi at ipanganak ay pinili na Kita” (Jeremias 1:5). Sinasabi naman sa atin ni Pablo na, “Bago pa likhain ang sanlibutan, pinili na Niya tayo.” (Efeso 1:4)

Ang ikatlong tungkulin ng tagatayo ay ang pagbibigay ng iskedyul ng mga *subs*. Ito ay isang napakahalagang bahagi ng proyekto dahil hindi mo papupuntahin agad ang *sheetrock installer* bago ang tubero o *electrician*. Hindi mo rin uunahing magpalapat ng *carpet* bago pa magpakabit ng bubong o ang magpapinta. Kung hindi maayos ang pagtatakda ng oras ng paggawa ng mga *subs*, magkakagulo ang mga ito.

Walang *chief subcontractor* ang mga modernong bahay ngayon ngunit mayroon nito ang tahanan ng Diyos. Sino sa tingin mo ang *chief subcontractor* sa pagtatayo ng *custom house* ng Diyos? Nakuha mo: si Hesucristo. Sinasabi ng Galacia 4:4 ” Ngunit nang sumapit ang takdang panahon, isinugo ng Diyos ang Kanyang Anak.” Ang Diyos na *Tagatayo* ang nagtalaga kay Hesus, ang Panulukang-Bato at ang Punong Sub, at sa “tamang oras” sa pagpapatayo ng Zion.

Kaugnay ng Kanyang gawain bilang *Chief Sub*, matagumpay na naga-wa ni Hesus ang itinakdang gawain. Tunay na nagtapos Siya nang maayos!

Sa Huling Hapunan, buong kababaang-loob Niyang sinabi sa Kanyang Ama, “Inihayag Ko sa lupa ang Iyong karangalan; natapos Ko na ang ipinapagawa Mo sa Akin.” (Juan 17:4) Tinapos ni Hesus ang Kanyang trabaho bilang pangunahing *subcontractor* sa pagtatayo ng Zion.

Paano naman tayo? Ano ang sinasabi ng Salita ng Diyos sa atin bilang *subcontractor* sa pagtatayo ng tahanan ng Diyos?

Sinabihan tayo, “Sapagkat tayo’y nilalang ng Diyos; nilikha sa pamamagitan ni Cristo Hesus upang iukol natin ang ating buhay sa paggawa ng mabuti. Iyan ang layuning pinili ng Diyos para sa atin noong una pa man.” (Efeso 2:10) Pansinin na tayo’y nilikha para kay Cristo “sa paggawa ng mabuti”. Sa madaling salita, hindi lamang tayo nilikha upang maging *sinuman*, kundi tayo ay nilalang kay Cristo upang *gumawa* ng isang bagay. Pagtuunan ng pansin ito: Sa mga nakalipas na taon, nagkaroon ng di pantay na katuruan tungkol dito ang simbahan. Binigyang diin natin *kung sino tayo* kay Cristo, na mahalaga, ngunit nakaligtaan nating bigyang-pansin *kung ano ang dapat nating gawin* para kay Kristo. Nagkaroon ng dalawang malaking problema ang kawalan ng balanse nito.

Una, nagdulot ito ng pananamlay sa simbahan sa Kanlurang bahagi ng mundo. Ang karamihan sa mga mananampalataya ay nagsisimba minsan sa isang linggo, at ang karamihan ay madalang pang pumunta. Masyado tayong naging abala sa ating mga trabaho, paghahangad ng maayos na pakikisama, pagbili ng mga usong kagamitan, pagbabayad sa bahay, pagpapalaki ng mga bata, pag-iipon para sa kanilang edukasyon, at pagkakaroon ng ari-arian pagkatapos magretiro. Lahat ng ito ang humihikayat sa atin kaysa ang pagtupad sa ating personal na komisyon o atas mula sa Diyos. Marami sa atin ang walang-kamalayan sa katotohanang mayroon tayong walang hanggan na “gawaing” dapat tapusin.

Pag-isipan ito: Paano nasabi ni Pablo na, “Natapos ko na ang dapat kong takbuhin.” (2 Timoteo 4:7) Kung hindi niya alam ang kanyang patutunguhan? Hayaan mong ipaliwanag ko. Kapag ikaw ay tumakbo sa *cross-country (long-distance) track* sa sekundarya, malalaman mo na ang lahat ng kalahok ay tumitingin muna sa mapa ng takbuhin bago pa sila tumakbo sa laban. Kung tatakbo ka nang may mahabang distansya at hindi alam ang kursong dapat takbuhin, tatakbo ka nang tatakbo hanggang sa ikaw ay himatayin at bubuhatin ka na lang pauwi ng iyong mga kasamahan.

Ngunit hindi mo malalaman kung natapos mo nga ang takbuhin. Ang tanging paraan upang matapat at wasto mong masasabi na ikaw ay nakatapos ng iyong takbuhin ay kung alam mo at nakumpleto mo ang itinakdang kurso. Katulad ni Hesus, sinabi ni Pablo na, “Natapos ko ang gawaing ipinagagawa Mo.”

Paano natin matatapos ang ating takbuhin kung tayo ay nakatutok at okupado ng pang-araw-araw nating gawain? Paano natin malalaman ang ipinagagawa ng Diyos sa atin kung ang pinakamahalagang kuneksyon natin sa Kanya ay ang pagsisimba lamang tuwing Linggo? Paano natin malalaman ang Kanyang mga plano kung hindi tayo masigasig sa pakikipagniig sa Kanya sa araw-araw?

Ang ikalawang problemang idinulot ng ating hindi balanseng pagtutok sa *pagiging* at sa *paggawa* ay nagbibigay ng maling paniniwala sa maraming Kristiyano na ang mga full-time na manggagawa lamang ang may tunay na pagtawag mula sa Diyos sa kanilang mga buhay. Isa itong kalokohan! Ang bawat anak ng Diyos, lalaki o babae, bata o matanda, ay mayroong makalangit na pagtawag, at ang pagtawag na ito ay upang maging tapat na *subcontractor* na magtatayo ng natatanging tahanan ng Diyos. Maganda itong naipaliwanag ng *Amplified* na bersyon ng Bibliya sa pagsabing tayo ay nilikha para kay Cristo Hesus, “Upang magawa natin ang mga magagandang gawa na itinakda ng Diyos (nakaplano noong una pa) para sa atin [na tatahak ng mga landas na Kanyang inihanda bago pa ang oras], na tayo’y dapat lumakad sa mga ito [habang namumuhay ng magandang buhay na Kanyang isinaayos at inihanda para sa atin.]” (Efeso 2:10)

Ibinigay sa iyo ng Diyos ang pribilehiyong maglingkod bilang isa sa mga *subcontractor* sa pagtatayo ng Zion, ang Kanyang walang hanggang tahanan. Hindi ito tahanan na ginamitan ng mga mga bloke at mortar o kahoy at estuko. Isa itong tahanan na hindi kamay ang nagbuo, isang buhay na tahanan na binuo ng mga maharlikaing anak na lalaki at babae. Katulad ng maraming *subcontractor* ngayon, maaaring hindi mo malalaman (muna) kung paano ka tinawag upang makatulong sa buong disenyo ng Kanyang tahanan, dahil ang Punong Tagapagtayo lamang ang nakakakita noon. Ang ating ambag o bahagi ay magkakaroon lamang ng saysay sa hinaharap kapag nabuo na ang tahanan ng Diyos, at kasama Siya, tayo’y magiging maligaya sa Kanyang presensya magpasawalang-hanggan.

Nang nagbigay ng iskedyl si Robert sa mga *subs* upang ipatayo ang aming tahanan, binigyan niya ang bawat isa ng pinasadyang bahagi ng mga *blueprint* at *schematics*. Sinabi niya sa bawat isa kung ano ang eksaktong nais niyang gawin nila. Alam niya ang buong plano; ang alam lamang nila ay ang kanilang bahagi at inaasahan lamang na gagawin nila ito. Hindi sila nagpunta sa lugar upang gawin kung ano lamang ang nararamdaman nilang kailangang gawin o kung ano ang mukhang maganda. Sinunod nila ang plano na inihanda ng *tagapagtayo*.

Binalak na ng Diyos ang pinakamainam na landas para sa iyo, sa akin, at sa lahat ng nagtitiwala kay Cristo Hesus bilang Tagapagligtas at Panginoon noon pa man (Efeso 2:10) Katulad ng mga *subs* na nagtayo ng aming tahanan, ang bawat isa sa atin ay mayroong tiyak at mahalagang papel sa pagtatayo ng walang hanggang tahanan ng Diyos. Walang kulang o mas higit ang halaga sa isa't isa. Nais ng Diyos na matapos ang Kanyang tahanan ayon sa Kanyang eksaktong plano at gawin ng bawat isa sa atin ang kanyang bahagi—at gawin ito nang maayos.

GANTIMPALA O KALUGIHAN NG TAGAPAGTAYO NG BAHAY

Mas nauunawaan mo na ngayon kung bakit lagi tayong tinatawag na tagapagtayo sa Banal na Kasulatan. Isinulat ng Salmista, “Ang batong itinakwil ng mga tagapagtayo ng bahay, ang Siyang naging batong-panulukan.” (Awit 118:22, MBB) Sinabi ni Pedro sa kanyang isinulat na lahat ng mananampalataya ay mga bato sa bahay ng Diyos, ngunit pansinin ang kanyang paglipat mula sa kung sino tayo sa kung ano ang pagtawag sa atin para kay Cristo – matalinhagang tumutukoy sa atin bilang mga tagapagtayo (*subcontractor*) ng bahay ng Diyos: “Tulad ng mga batong buhay, maging bahagi kayo ng isang templong espirituwal... Kaya nga, mahalaga siya sa inyong mga sumasampalataya sa kanya, ngunit sa mga walang pananampalataya, matutupad ang nasa kasulatan.” Ang batong itinakwil ng mga tagapagtayo ng bahay ang siyang naging batong-pundasyon.” (1 Pedro 2: 5-7)

Sa mga salita ni Pedro, nakita natin na ang masunurin ay ang mga tapat at totoong mga *subcontractor* na nagtatayo ng bahay o templo ng

Diyos, habang ang mga hindi sumusunod sa Salita (disenyo at plano ng Diyos) ay ang talagang hadlang sa dulong layunin.

Kapag ito ang nasa isip natin, handa na tayong suriin ang paglalarawan ni Pablo ng proseso at ng gantimpala:

“Gagantimpalaan ng Diyos bawat isa, ayon sa kanyang ginawa. Sapagkat tayo ay magkakatuwang na gumagawa para sa Diyos... Ikaw rin ay bahagi ng Zion o binubuong gusali ng Diyos. Gamit ang kaloob na bigay ng Diyos sa akin, ginawa ko ang tungkulin ng isang mahusay na tagapagtayo. Inilatag ko ang pundasyon, at iba naman ang nagpatuloy sa aking sinimulan. Ngunit dapat na maging maingat ang bawat magtatayo (tayong lahat ay itinuring na *subcontractor*). Sapagkat wala nang ibang pundasyong maaaring ilagay maliban sa nailagay na, walang iba kundi si HesuCristo.” (1Corinto 3:8-11, TEV)

Una at pangunahin sa lahat, pansinin sa unang pangungusap na kinakausap tayo ng Diyos tungkol sa isang gantimpala o premyo. Patuloy nating isaisip ang mga talatang ito mula sa 1Corinto.

Si Pablo ay nagtayo ng pundasyon. Ang kanyang mga sulat ay naisulat halos dalawang libong taon na ang nakararaan at ginagamit pa rin hanggang ngayon bilang mga mapagkakatiwalaang batayan kung paano tayo mabubuhay kay Cristo. Ang mga unang *subcontractor* na gumawa ng aming bahay sa Florida ang mga naglagay ng pundasyon. Nang matapos ang kanilang trabaho, ang iba pang *subcontractor* ay dumating at nagtayo sa ibabaw ng mga konkreton tipak na itinayo ng mga orihinal na mga *subcontractors*.

Nagpatuloy si Pablo: “May nagtatayo na gumagamit ng ginto, pilak, o mahahalagang bato; mayroon namang gumagamit ng kahoy, damo, o dayami.” (3:12 MBB) Ang mga ginto, pilak at mahahalagang bato ay tumutukoy sa walang hanggan, habang ang kahoy, damo o dayami ay pansamantala lang. Sa bawat sandali ng ating buhay, mayroon tayong pagpipilian: makapagtatayo tayo alinman sa dalawa, para sa pang walang hanggan o sa pansamantala. Kung ang ating motibo ay kumita ng pera, maging sikat, tumulong sa tao para sa ating sariling kapakanan, tumaas sa hagdan ng tagumpay upang maging importante, at iba pang pang-sariling layunin lamang, tayo ay nagtatayo para sa buhay na ito lamang. Ngunit kung tayo ay nakatuon sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos at ng kanyang

tahanan sa pagpapalaganap ng Kanyang Salita at pag-abot ng tulong sa mga nangangailangan, tayo ay nagtatayo para sa walang hanggan.

Nagpatuloy pa si Pablo, “Makikilala ang uri ng gawa ng bawat isa sa Araw ng Paghuhukom, sapagkat mahahayag sa pamamagitan ng apoy kung anong uri ang ginawa ng bawat isa.” (1 Corinto 3:13, MBB)

Susubukin ng apoy ang ating mga gawa, ngunit susubukin din nito ang mga motibo at intensyon sa likod ng ating mga gawa (1 Corinto 4:5). Kapag naglagay ka ng apoy sa ilalim ng kahoy, damo at dayami, tutupukin ng apoy ang mga ito. Gayunman, ilagay mo ang parehong apoy sa ilalim ng ginto, pilak o mahahalagang bato, at magiging mas dalisay at mas maganda ang mga ito. Subok at napulido sila.

Ngayon masusubukan: “Kung ang itinayo sa ibabaw ng pundasyon ay hindi masunog, tatanggap ng gantimpala ang nagtayo noon. Ngunit kung masunog naman, mawawalan siya ng gantimpala. Gayunman, maliligtas siya, kaya lang ay para siyang nagdaan sa apoy.” (1 Corinto 3:14-15, MBB)

Ikaw, na nagtatayo ay tatanggap ng gantimpala kung makatatapos ka nang mabuti! Subalit, kung ikaw ay gagawa nang hindi ayon sa Salita ng Diyos—kung ang iyong motibo ay makasarili, hindi masunurin o may kayabangan—maaari kang mapagod. Bilang mananampalataya ni Cristo, makararating ka sa langit, ngunit walang gantimpala ng pangmatagalang paggawa. Matinding salita na nagbababala sa ating lahat!

Habang patuloy nating inuunawa ang mahalagang mensaheng ito, alalahanin natin na hindi lamang nangungusap si Pablo sa isang tao kundi sa buong simbahan:

“Hindi ba ninyo alam na kayo’y templo ng Diyos at naninirahan sa inyo ang Kanyang Espiritu? Parurusahan ng Diyos ang sinumang magwasak ng templo Niya. Sapagkat banal ang templo ng Diyos, at kayo ang templong iyan. Huwag dayain ninuman ang kanyang sarili.” (1 Corinto 3:16-18)

Muli, matitinding mga salita! Dapat nitong pukawin ang banal na pagkatakot sa sinumang mag-iisip na abusuhin o linlangin ang tahanan ng Diyos o ang ikakasal kay Cristo, ang simbahan. Isaalang-alang ito

na isang mahigpit na babala laban sa pang-aabuso ninuman, maging ang pinakamaliit na bato sa tahanan ng Diyos o ang tinatawag nating “pinakamaliit sa mga santo o binanal.”

ANG GANTIMPALA NG SUBCONTRACTOR

Idinagdag ni Pablo, “Huwag dayain ninuman ang kanyang sarili. (1 Corinto 3:18) Sa kasamaang-palad, ang ibang mga Kristiyano ay hindi nakatatapos nang maayos dahil napalayo sa landas na tinatahak at sumunod sa gayuma ng pagkamakasariili. Lumihis sila mula sa pagtatayo ng tahanan ng Diyos para sa kaluwalhatian Niya at nagpunta sa kaluwalhatian kumukupas—sumunod sa panandaliang papuri ng tao o ng kayamanan ng mundong ito na isang araw ay masusunog.

Huwag kang magpaloko! Manatiling nakatutok: May gawain ka para kay Cristo. Dapat na matapos ang gawain nang naayon sa orihinal na plano ng Diyos-- kung hindi, ang gawaing dapat na ginawa ay mapapalitan. Binigyang diin ito sa *The Message* na salin ng Bibliya:

“Hayaang ang bawat karpinterong magtatrabaho ay mag-ingat na magtayo sa pundasyon! Alalahanin, may isa lamang pundasyon, ang isang nakalagay na: si Hesus Cristo. Mag-ingat nang mabuti sa pagpili ng iyong mga materyales sa pagtatayo. Sa pagtatapos ay magkakaroon ng inspeksiyon. Kung gumamit ka ng mumurahin at mababang klaseng materyal, ikaw ay mabubuko. Ang inspeksiyon ay masusi at mahigpit. Hindi ka makalalampas sa isang bagay. Kung makakapasa sa inspeksiyon ang iyong trabaho, mabuti; kung hindi, ang parte ng pagtatayo mo ay sisirain at uumpisahang muli. Ngunit hindi ka masisira; makaliligtas ka—ngunit bahagya lamang. (1 Corinto 3:10-15)

Kung ang ginawa natin ay hindi nakapasa sa pamantayan ng pag-iinspeksiyon ng Diyos, “ang bahagi na ating itinayo ay sisirain at uumpisahang muli.” Walang sinuman ang nagnanais na ulitin ang kanyang mga nagawa na—lalo’t higit kung ginawa natin ito para sa Tagapaglikha ng sanlibutan!

Naalala ko yung isang *subcontractor* na hindi maayos ang ginawa sa aming bahay. Hindi niya ginawa ang kanyang trabaho ayon sa mga plano

na ibinigay ni Robert sa kanya. Dahil kami ni Lisa ay laging nasa lugar ng patrabaho, kami ang unang nakapansin ng problema. Tinawagan ko si Robert, kami ay nagkita sa *homesite*. Nagalit siya. Hindi regular na *subcontractor* ni Robert ang isang ito kaya agad niya itong tinanggal. Hindi natanggap ng taong iyon ang kanyang gantimpala. Hindi lang siya nawalan ng bayad, nawalan din siya ng magandang kredensyal na maibilang sa mga mahuhusay na nagtatayo ng magagandang bahay.

Pinanood ko kung paano sinira ni Robert ang ginawa ng taong ito. Kumuha siya ng panibagong *subcontractor* na dumating at ginawa ang eksaktong trabaho ayon sa plano na ginawa ni Robert. Natanggap ng taong ito ang gantimpala—sa pananalapi at maging ang kasiyahan na malaman na kabilang siya sa pagtatayo ng isang magandang tahanan.

Sinasabi ng Banal na Kasulatan na ang prisipyong ito ay lalong mas totoo sa pagtatayo ng bahay ng Diyos. Mayroong mga pamanahong trabaho (o maging panghabang buhay na gawain) na hindi mananatili. Ito ay sisirain at hindi maginging parte ng walang—hanggang tahanan.

Hayaan mong tulungan kitang makita sa iyong kaisipan ang bigat ng bagay na ito. Dahil pumupunta ako sa ipinatatayo kong bahay araw-araw, nakilala ako ng mga *subcontractor*. Tinatawag nila akong “Ang mangangaral”. Kapag ang aking sasakyan ay parating na, ang kanilang *acid rock music* ay napakalakas. Kapag nakita na nila ako, ang isa sa kanila ay tatakbo at papatayin ito. Napapangiti ako dahil sa paggalang nila sa mga bagay patungkol sa Diyos. Pagkatapos, mag-uusap kaming lahat nang panandalian. Marami akong naging magagandang pag-uusap kasama ang mga lalaking ito—maging mga oportunidad na makapagbahagi sa kanila.

Naalala ko, isang araw, kinausap ako ng mga *subcontractor* tungkol sa kanilang naging bahagi sa magagandang bahay na kanilang ginawa. Napakasaya nila habang sila ay nagkukuwento. Makikita mo ang napakatinding kagalakan na mapabilang sila sa dakilang gawain.

Magpatuloy pa tayo. Naiisip ba ninyo kung ano ang pakiramdam ng mga *subs* (*subcontractors*) na gumawa ng *White House* sa Washington, D.C.? Isipin ninyo ang araw na umuwi ang kanilang mga anak mula sa eskwelahan at masayang sinabing sila ay may *field trip* sa pinakatanyag na bahay sa buong bansa. Naiisip mo ba ang napakalaking katuwaan na

nadama ng mga tatay nang sabihin nila sa kanilang mga anak ang personal nilang karanasan sa pagtatayo ng bahay na iyon? Naiisip mo ba ang pakiramdam ng tatay nang personal niyang sinamahan ang buong klase ng kanyang anak sa *White House*? Ano kaya ang pakiramdam na makita ang pagmamalaki sa mukha ng kaniyang anak nang malaman ng ibang bata na ang kanyang tatay ay kasama sa mga nagtayo ng malapalasyong- bahay kung saan nakatira ang presidente ng Amerika? Naiisip mo ba?

Ganito rin tayo para sa bahay ng Diyos! Gayunpaman, hindi tayo nagtatrabaho para sa isang bahay na sisirain at papalitan matapos ang ilang daang taon. Nagtatrabaho tayo sa bahay na magiging sentro ng buong daigdig sa panghabang panahon. At oo, pakinggan ang mga salita ni Mikas na propeta:

“Darating ang panahon, na ang bundok na kinatatayuan ng Templo ni Yahweh ay mamumukod sa kataasan sa lahat ng bundok. Higit itong dadakilain kaysa lahat ng burol, at dudulog dito ang maraming bansa. Daragsa ang maraming tao at sasabihin nila, “Halikayo, tayo na sa bundok ni Yahweh, sa templo ng Diyos ni Jacob, upang malaman natin ang nais niyang gawin at matuto tayong lumakad sa kanyang landas. Sapagkat magmumula sa Zion ang katuruan, at sa Jerusalem ang salita ni Yahweh.” (Mikas 4:1-2, MBB)

Ang lahat ng gawain ng daigdig ay iikot sa loob ng bahay na ito. Ang karunungan at mga batas na magpapatakbo sa lahat ng nilalang ay dadaloy mula sa pamumuno sa bahay na ito. At marahil ang pinakanakamamanghang katotohanan ay: Ang bahay ng Diyos, na Zion, ay magiging kasing ganda sampung trilyong taon mula ngayon na tulad ng unang araw ng pagkakumpleto nito.

Mayroong dakilang ministro ng magandang balita na naging tapat ██████████ Nagtatrabaho tayo sa isang bahay na magiging sentro ng buong daigdig sa habang panahon. ██████████	hanggang sa wakas. Mahusay siyang nag-ministeryo sa higit na animnapung taon at nakapasok sa kanyang gantimpala nang malapit na ang pagpapalit ng milenyo. Isang taon matapos ang kanyang pag-alis, nagtungo ako sa isang malaking simbahan sa Midwest
--	---

kung saan isang *worship leader* ang nagsabi sa akin na nagbigay ang Diyos sa kanya ng isang malinaw na panaginip.

Sa panaginip na ito, siya ay nasa langit at nakita ang dakilang ministro na nagtapos nang mahusay. Sinabi ng ministro nang may ngiti sa *worship leader*, “Mas maganda dito kaysa sa aking inaasahan.” Nag-usap sila ng ilang minuto hanggang sa tumalikod at itinuro ng ministro ang gawain na naging kabahagi siya sa Zion. Napakalaki nito. Ang matinding epekto ng pagiging matapat ng lalaking ito ay mas higit at malawak pa kaysa sa kanyang pinangarap nang siya’y nasa mundo pa at kanya na itong natatanaw. Naipakita niya ang kanyang nagawa, katulad ng mga *construction subs* na nagkukuwento sa akin tungkol sa kanilang mga ginawa sa mga bahay na pinagtulungan nilang itayo. Anong laking gantimpala! Kay gandang premyo!

Naiisip mo ba, sa kabuuan ng walang-hanggan na maipapakita mo sa iyong mga kaapu-apuhan at sa mga nasyon at sa dinami-dami ng mga tao na darating na tingnan ang maluwalhating tahanan ng Diyos at ang iyong bahagi sa paggawa ng Kanyang tahanan?

Isa itong maluwalhating kaisipan, hindi ba? Isa itong dakilang gantimpala na dapat nating asahan! Isa itong motibasyon para tayo ay magtapos nang maigi!

Ngayon, isipin naman ang kabaligtaran. Naiisip mo ba kung wala kang representasyon ng iyong ginawa sa tahananang tinawag na Zion dahil hindi ka nagtapos nang maayos? Naiisip mo ba ang iyong mga ninuno at mga kaapu-apuhan na titingin sa iyong ginawa ngunit wala kang maipakikita sa buong walang hanggan dahil ang iyong bahagi ay inalis at pinalitan ng isang tao na naging higit na matapat? Isa itong kawalan magpakailanman katulad ng sinabi ni Pablo sa 1 Corinto 3.

O, minamahal na binanal ng Diyos, hindi ko ito ninanais para sa iyo. Hindi rin ito ang nais ng Diyos para sa iyo. Ang malungkot na katotohanan ay mangyayari ito sa maraming mga mananampalataya. Ngunit maaari kang magpasya ngayon na hindi ito mangyayari sa iyo. Sunding maigi ang mga salita ni Juan:

“Mag-ingat nga kayo upang huwag mawalan ng saysay ang aming pinagpaguran, sa halip ay lubusan ninyong makamtan ang gantimpala.” (2 Juan 8)

Ang Diyos mismo ang nagdisenyo ng paraan para sa bawat isa sa Kanyang mga anak upang magkaroon ng pagkakataon na matanggap ang buong gantimpala ng pakikibahagi sa pagtatayo ng tahanan ng Diyos magpakailanman. Ang iyong pinatrabahuhan ay hindi kukupas, hindi tatanda, hindi mapapalitan. Hahangaan ito ng bilyun-bilyong tao at mga anghel magpasawalang-hanggan.

Ito ang unang gantimpala o premyo na matatanggap natin sa ating hindi nagpapapigil na katapatan at pagsunod sa ating Panginoon. Kahangahanga man ang motibasyong ito, may isa pang premyo na mas malaki. Malalaman natin ito sa susunod na kabanata.

MALAPIT SA HARI

“Mag-ingat nga kayo upang huwag mawalang saysay
ang inyong pinagpaguran, sa halip ay lubusan ninyong
makamtan ang gantimpala.”

2 JUAN 8

Hindi natin maiiwasan ang kahirapan. Ang tamang insentibo ang magpapanatili sa atin sa takbuhin nang walang makapipigil, habang ang iba na kinukulang ng motibasyon ay pinanghihinaan ng loob at maaaring sumuko na. Ang motibasyon ay napakahalaga upang makatapos tayo nang maayos.

Ang unang premyo ay ang gantimpala na makita ang iyong pinaghirapan sa inilaang tahanan ng Diyos sa kawalang hanggan at malaman na ang iyong ginawa ay kinalugdan ng Diyos at karapat-dapat tumanggap ng Kanyang papuring salitang, “Magaling!” Ang ikalawang gantimpala ay higit na mas mahalaga at nagpapakita ng kung gaano tayo kalapit na maiuugnay sa Panginoong Hesus sa habang panahon.

ANG MAS MALAPIT NA RELASYON SA ATING HARI

Sa haba ng mga taon kong naglalakbay at nakikipag-usap sa mga mananampalataya sa buong mundo, minsan ay nagtataka ako kung ang karamihan ng mga Kristiyanong taga-kanluran ay naniniwalang ang Diyos ay sosyalista. Ang paniniwala ng maraming mananampalataya ay gagantimpalaan Niya ang bawat isa nang pantay–pantay at tayong lahat ay magkakaroon ng pare-parehong kapamahalaan, pananagutan, at karangalan sa bagong langit at bagong lupa. Nagkakamali sila. Hindi nila lubos na naunawaan ang katotohanang ito: bagamat pareho para sa lahat ang pagtubos ng Diyos at hindi nakabatay sa ating mga ginawa, ginagantimpalaan Niya ang ating katapatan ayon sa paraan ng ating pagsunod, pagpapatuloy, at pananatiling tapat sa Kanyang Salita.

Ang pinakamalaki nating gantimpala para sa pagtatapos nang maayos—ang premyo na higit pa kaysa sa ating napag-aralan sa nakaraang kabanata—ito ay kung paano tayo maiuugnay nang malapitan at walang hanggan sa Panginoong Hesus. Wala nang mas dadakila pa kaysa maging malapit at makilalang mabuti ang ating Pinakamamahal at Sinasamba. Nag-aalok ang Banal na Kasulatan ng malinaw na patunay nito: Ang isa ay tumutukoy para sa grupo ng mga nagtagumpay na mabibigyan ng pribilehiyo na “Sumunod sa Kordero saan man Siya magpunta.” (Pahayag 14:4) Napakalaking pribilehiyo at karangalan nito—na sumunod kay Hesus saan man Siya magpunta magpasawalang hanggan!

Ang katotohanang ito ay malinaw ding makikita sa Ebanghelyo. Patungo sa dulo ng ministeryo ni Hesus sa lupa, ang ina ng dalawa Niyang alagad ay may kahilingan: “Ibigay Mo ang Iyong salita,” kanyang hiningi kay Hesus, “na ang dalawang anak kong ito ay magawaran ng pinakamataas na mga lugar ng karangalan sa iyong kaharian, ang isa sa iyong kanang kamay, at ang isa ay sa iyong kaliwang kamay.” (Mateo 20:21)

Mangyari pa na ang pinakamataas na lugar ng karangalan ay walang iba kundi sa mismong tabi ni Hesus, na nakaupo rin sa tabi ng Ama. Wala nang hihigit pang lugar! Ang Bibliya ay may tinutukoy na mga makapangyarihang anghel, na kung tawagin ay serapin, na siyang tunay na malapit sa trono ng Diyos (Isaias 6:1-6). Patuloy na sinasambit nila sa isat isa, “Banal, banal, banal ang Panginoon!” Umaawit ang mga Kristiyano

ng ganitong himno galing sa mga salitang ito. Gayunpaman, hindi sila umaawit upang matuwa ang Diyos sa Kanyang sarili. Hindi, sila ay tumutugon sa kanilang nakikita! Bawat saglit na nahahayag ang panibagong mukha ng Kanyang kadakilaan, wala silang magawa kundi ang sumigaw ng, “Banal!” Sa katunayan, napakarubdob ng kanilang mga pagsigaw kung kaya’t nayayanig ang mga haligi ng pintuan ng bulwagan na naglalaman ng bilyun-bilyong mga anghel at mga santo sa langit.

Hindi pinagsasawaan ng mga makapangyarihang anghel na ito ang matagal na nilang kalagayan. Hindi nila lihim na iniisip, *sampung trilyong taon na nating ginagawa ito. Nakababagot na. Sa palagay mo magdadala kaya dito ang Diyos ng papalit sa atin upang makapagpahinga naman tayo at makapamasyal sa iba pang bahagi ng langit o sandaigdigang.*

Hindi! Walang ibang lugar sa buong sandaigdigang ang mas mainam kaysa sa tabi ng Diyos, minamasdan ang Kanyang kaluwalhatian at nakikinig ng Kanyang karunungan. Sa madaling salita, walang anuman sa lahat ng nilikha ang higit pang kamangha-mangha kaysa sa Manlilikha. Dapat nating alalahanin na walang maitatago sa Kanyang paningin, kaya kapag ikaw ay malapit sa Kanyang tabi, makikita mo ang lahat mula sa Kanyang mataas na posisyon. Ipagpalagay mong ikaw ay nakatingin sa teleskopyo sa kalawakan habang nakaupo sa tabi nina Albert Einstein, Neil Armstrong, at Sir Isaac Newton. *Wow*, nakamamanghang kaalaman ang makukuha mo! Naisip ko na walang-wala ito kung ihahambing sa pagtingin sa mga sitwasyon gamit ang pananaw ng Diyos, ngunit alam kong naiintindihan ninyo ang punto ko.

Isang ministro na kilala ko ang dinala sa langit. Naibahagi niya na habang naroon siya ay naramdaman niya ang di maipaliwanag na kauhawang dumako sa trono ng Diyos. At lahat ng naroon sa langit ay ganoon din ang naramdaman—nais nilang lahat na maging malapit sa Diyos hangga’t maaari. Naibulalas ng kaibigan ko na ang langit ay higit na napakaganda kaysa sa anuman na maaaring isipin, subalit walang bagay sa kalangitan na mas kanais-nais kaysa sa Panginoon mismo.

Balikan natin ang kahilingan ng ina nina Santiago at Juan. Sumagot si Hesus, “*Tungkol sa pagbibigay ng karangalan, hindi Ko gawain iyon. Ang Aking Ama ang nag-aasikaso niyan.*” (Mateo 20:23) Dapat nating alamin, mayroon bang totoong lugar ng karangalan na ipinagkakaloob sa langit?

O, sinasabi lamang ni Hesus na, “Hay, huwag na ninyong isaalang-alang ang mga lugar ng karangalan? Bakit pa ba ninyo pag-iisipan kung sino ang magiging malapit sa Akin at sa Aking Ama? Ikaw at ang iyong mga anak ay dapat lamang na mabuhay para sa Diyos. Isang araw maiaayos din ang lahat at ang Diyos ay magbibigay sa bawat Kristiyano ng pantay na mga lugar ng karangalan. Ito ay base sa lahat ng Aking ginawa, at hindi sa iyong ginawa, kaya huwag na ninyo itong pag-isipan.”

Upang masagot ang katanungang ito, dapat nating bigyan ng pansin ang isa pang bagay na itinatanong kay Hesus tungkol sa kabilang buhay. Isang araw, ang mga Saduseo ay lumapit sa Kanya, nagnanais na itulak Siya sa isang kontrobersiyang teolohika. May pitong magkakapatid na lalaki, ang pasimula ng mga Saduseo. Ang pinakamatanda ay nag-asawa at namatay nang walang anak. Pinakasalan naman ng ikalawang kapatid ang babae, subalit sa kasamaang palad, siya ay namatay din at walang naging anak. At nagpatuloy ito hanggang ang bawat isa sa pitong magkakapatid ay naging asawa ng babae. Ang mga Saduseo ay nagtanong kay Hesus, “Ngayon, sabihin Mo sa amin, kaninong asawa ang babae pagdating ng pagkabuhay na muli?”

Ang sagot ni Hesus ay kaiba kaysa sa tugon Niya sa ina ng mga alagad. “Ang pag-aasawa ay para lamang dito sa mga tao sa mundo,” sabi Niya.

“Subalit hindi ganyan sa darating na panahon. Dahil sa kabilang buhay, ang mga magiging karapat-dapat sa muling pagkabuhay ay hindi na mag-aasawa. Hindi na rin sila mamamatay sapagkat matutulad sila sa mga anghel. Sila’y mga anak ng Diyos dahil sila’y nakabilang sa mga muling binuhay.” (Lucas 20:35-36)

Kaya tinuwid ni Hesus ang mga Saduseo, at sinabi Niya sa kanila kung ano ang magiging lagay ng pag-aasawa sa langit. Gayunpaman, hindi Niya itinuwid ang ina nina Santiago at Juan tungkol sa kawastuan ng kanyang tinanong. Sa katunayan, iginiit Niyang may mas dakilang mga posisyon ng karangalan sa langit at para iyon sa mga malapit sa Kanya. Igagawad ng Diyos Ama ang mga posisyon sa araw ng Paghuhukom. Ipinakikita sa atin mula sa ibang mga bahagi ng Kasulatan na may mga posisyon ng karangalang ibibigay sa mga nagtapos nang mahusay—sa mga mananampalatayang nanindigan at hindi sumuko.

ANG URI NG MGA BAGAY NA DARATING

Ang katotohanang ito ay makikita rin sa aklat ng Ezekiel. Kahit na mga pari sa Lumang Tipan ang tinutukoy dito, nagbigay si Ezekiel ng mensahe—ng isang paunang kapahayagan—kung paano ang magiging buhay sa dakilang templo ng Zion, ang walang hanggang tahanan ng Diyos.

Sa pamamagitan ni Ezekiel na propeta, tinalakay ng Diyos ang mga Levita—ang mga pari sa Lumang Tipan. Paano ito maiuugnay sa atin? Sinabihan tayo ni Apostol Juan:

“Sa Kanya na nagmahal sa atin at naghugas sa atin mula sa mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang sariling dugo, at ginawa tayong mga hari at *mga pari* sa Kanyang Diyos at Ama, sa Kanya ang kaluwalhatian at karangalan magpakailanman. Amen.” (Pahayag 1:5-6)

Nakita mo kung paano ko binigyang-diin ang salitang *mga pari*? Ang mga Kristiyano, na isinilang sa Espiritu, ay mga pari na ngayon sa Diyos magpakailanman. Pakinggan mo ang mga salita ng Diyos:

“Ang mga Levita (pari) na tumalikod sa akin—kasama ng buong bansang Israel—ay sumunod sa mga ‘walang diyos na diyus-diyosan...’ pagbabayaran nila ang lahat ng kanilang nagawang pagkakasala. Mula ngayon, gagampanan nila ang mga gawain sa templo: magbabantay sila sa pintuan at tutulong sa mga gawain.” (Ezekiel 44:10 -11)

Ang mga “walang diyos na diyus-diyosan” ay isang pagtukoy sa pagsamba sa mga diyus-diyosan ng Israel. Ang idolatriya o pagsamba sa diyus-diyosan sa kasalukuyan ay hindi katulad ng pamamaraan ng dating kapanahunan, subalit kasuklam-suklam pa rin ito sa mata ng Diyos. Nasabi sa atin na, “Huwag kayong maging gahaman sa mga mabubuting bagay sa buhay na ito, dahil iyon ay pagsamba sa diyus-diyosan.” (Colosas 3:5) Nangyayari ang idolatriya kapag nagnanasa tayo nang sobra sa mga magagandang bagay sa buhay na ito. Sa ating kulturang kanluranin ngayon, ang idolatriya ay ang pag-uuna at paghahanap ng pag-angat sa posisyon, pera, materyal na mga bagay, magandang kalagayan, kasikatan, kalayawan, kabantugan, o anumang mga paghahayag ng pagkainggit o makasariling

hangarin. Ang idolo ay anumang bagay o sinuman na mahal o gusto natin nang higit pa sa pag-ibig natin sa Diyos. Ito ay anuman o sinuman na pinag-aalayan natin ng ating lakas o pinagkukunan ng ating lakas.

Ang pagsamba sa diyus-diyosan ay maaaring maipakita sa halos lahat ng larangan ng buhay—kahit na sa aspeto ng pagkain. Maraming mga Kristiyano ang gahaman sa pagkain. Kapag sila ay malungkot, sila ay kumakain; kapag masaya, kumakain; kapag nasasarapan, kumakain—kahit na walang nutrisyong naidudulot sa katawan ang pagkain. Naglalagay sila ng puro basura sa kanilang mga katawan dahil ninanasa nila ang panandaliang kasiyahanng dulot ng panlasa. Hindi sila naglalagay ng gamit na langis o ng maruming gas sa kanilang sasakyan, subalit pagdating sa kalidad at dami ng pagkain na kanilang nilulunok, tila wala silang pakialam. Ginawa nilang diyus-diyosan ang pagkain. Dahil kumukuha sila ng lakas mula sa panandaliang kasiyahanng nadarama sa panlasa at punong sikmura, sila ay nagbibigay ng lakas sa ganoong damdamin.

Ang pagsamba sa idolo o diyus-diyosan ay maaari ring matagpuan sa pagnanasa ng tao na makilala. May mga taong ginagawa ang lahat upang

Ang pagsamba sa diyus-
diyosan ay maaaring
maipakita sa halos kahit
anong bahagi ng buhay.

makakuha ng posisyon ng “kara-
ngalan” sa simbahan, sa kanilang
trabaho, o sa lipunan. Sila ay
magtsitsismis, maninira, manda-
raya, magsisinungaling, o pagbibig-
yan ang di tama upang makakuha
ng lugar na mapapansin, posisyon, o
kapangyarihan. O kaya, bagamat
hindi sila nakikiisa sa mga ganoong
palihim na gawain, ginawa nilang

diyus-diyosan ang kanilang paghahangad ng posisyon. Kumukuha sila ng lakas sa kanilang popularidad, katayuan, at kasikatan; samakatuwid ibinibigay nila ang lakas nila doon.

Nanakawin ng diyus-diyosan sa iyo ang hindi mapipigil na katapatan. Ito ang magnanakaw ng iyong lakas upang hindi ka makatakbo nang matapat hanggang sa wakas.

Sa talatang mula sa aklat ng Ezekiel, tinutukoy ng Diyos ang mga mananampalataya na tumalikod sa Kanya at ipinagpalit Siya sa mga bagay

na hindi nagbibibigay ng walang maliw na kasiyahan. Ang mga idolong ito ay maaaring makapagpasaya sa atin nang panandalian, ngunit hindi makapagbibigay ng kasiyahan sa atin nang pangmatagalan. Sinabi ng Diyos na ang mga sumasamba sa diyus-diyosan ay magbabayad sa lahat ng kanilang maling nagawa. Manlulumo sila sapagkat makikita nila ang kanilang gantimpala na masusunog. Maaari silang maligtas, subalit hanggang doon lamang. Kabilang sila sa tahanan ng Diyos, subalit bilang tagapaglingkod na gumagawa lamang ng mababang uri ng trabaho at tumutulong sa gawaing bahay.

Tandaan natin na kinakausap din tayo ng Diyos, dito at ngayon. Hindi Niya gustong ikaw o ako ay mawalan ng lahat ng kayamanan na inilaan Niya para sa atin. Ang kalangitan ay magiging sobrang mainam kaysa sa anumang bagay na maaari nating maisip; walang bagay sa mundo na maaaring ihambing sa kariktan nito. Gayunman, may aabutan tayong mga posisyon sa langit—may mga posisyong taglay ang malaking karangalan at mayroong kaunti lamang. Anumang posisyon sa tahanan ng Diyos ay mas mabuti kaysa anumang bagay dito sa mundo, na kahit si David ay nagpatunay, “Gusto ko pang maging bantay sa pinto ng Iyong templo, kaysa ako’y tumira sa bahay ng mga palalo.” (Awit 84:10, MBB) Isinalin ang talatang ito sa *The Message Bible* nang napakaganda:

“Isang araw na nakapanatili sa iyong tahanan, itong magandang lugar ng pagsamba, ay higit pa sa isang libong taon na ako ay nasa islang baybayin ng Griyego. Mas gugustuhin kong maglinis ng sahig sa tahanan ng aking Diyos kaysa maparangalan bilang bisita sa palasyo ng kasalanan.”

Ayon kay David, “Mas gusto kong magmistulang alipin sa tahanan ng Diyos kaysa mapunta saanmang lugar!” Walang ibang lugar na mas kanais-nais na puntahan sa sandaigdigan kundi sa tahanan ng Diyos, ang tahanan ng Kanyang nadaramang presensya. Kahit anong posisyon sa Zion ay mas mainam kaysa anuman o saan mang lugar.

Subalit huwag kaliligtaan ang puntong ipinahahayag ng Diyos dito. Dahil sa mahal Niya tayo nang labis, binabalaan Niya tayo sa posibleng kalungkutan na mararanasan natin kapag hindi natin nakamit mula sa Kanya ang pinakamahusay: ang gantimpala ng pagiging higit na malapit,

at gumagawa ng malapit sa Diyos mismo, sa buong walang hanggan. Magkakaroon ng pagluha sa paghuhukom ng mga mananampalataya, at tayo ay nakatitiyak na “Ang Diyos ang magpapahid ng bawat luha sa kanilang mga mata.” (Pahayag 21:4) Subalit ang pagkabatid na hindi natin nagamit nang tama ang ating maikling buhay, ay hindi na mawawala sa ating isipan. Palagi tayong mapapaalalahanan tungkol sa mga bagay na hindi natin nagawa dahil sa ating paghahangad sa mga bagay na hindi nananatili. Ito ang walang hanggang pagkalugi na tinalakay ko nang mahaba sa nakaraang kabanata. (1 Corinto 3:12-15)

Sa kabilang banda, pakinggan natin ang nais pang sabihin ng Diyos: “Subalit ang mga paring Levita lamang na mula sa angkan ni Zadok ang maaaring lumapit sa Akin at maglingkod nang tuwiran, sapagkat sila ang patuloy na nangalaga sa Aking templo nang talikuran Ako ng Israel.” (Ezekiel 44:15).

Bagamat ang tinutukoy ng Diyos sa mga talatang ito ay mga pari sa Lumang Tipan, nasabi sa atin na ito ay mga “anino ng mangyayari sa hinaharap” (Colosas 2:17) at “Ang lahat ng mga kaganapang ito ay nangyari sa kanila bilang mga halimbawa sa atin.” (1 Corinto 10:11) Sa maraming sitwasyon, ang mga kaganapan sa Lumang Tipan ay mga pagsasalarawan ng mga bagay na mangyayari sa darating na panahon. Pansinin ang mga salitang *maglilingkod sa Akin*. Magkaibang bagay ang maging alipin sa tahanan ng Diyos, na nagkukuskos ng mga sahig tulad ng handang gawin ni David. Subalit ganap na mataas ang paglilingkod sa Diyos!

Kabilang ako sa isang simbahan na may 8,000 miyembro nang ako ay nagsimulang maging *full-time* sa ministeryo noong 1983. Ang simbahang ito ay nakilala hindi lang sa aking siyudad kundi sa buong mundo. Kami ay nagkaroon ng 450 na manggagawang miyembro sa isang panahon. Kinuha ako bilang *executive assistant* ng pastor at ng kanyang asawa. Isang karangalan ang maglilingkod sa kanila. Ako ay higit na may pribilehiyo kaysa sa ibang kasamang miyembro ng samahan dahil sa ang opisina ko ay katabi ng kanila, ako ay palaging nasa tahanan nila at madalas na sumama sa kanila sa tanghalian o hapunan kasama ang iba sa mga dakilang ministro sa buong mundo. May mga panahon na ako ay nakaupo at namamangha. Naluluha ako kapag naiisip ko kung gaano ako kapalad na maging malapit sa mga dakilang lider na ito.

Nakarinig ako ng matataas at matatalinong mga pananaw at ideya na ang ibang manggagawang miyembro ay hindi nabigyan ng pribilehiyong marinig. Nakapulot ako ng mga pananaw na gumagabay sa akin hanggang ngayon. Ang aking posisyon ang pinakaaasam na trabaho sa buong simbahan. Ang ibang mga miyembrong manggagawa sa simbahan ay madalas na sinasabi sa akin, “Ikaw ay mapalad na naglilingkod sa posisyong hawak mo.” Tanong ng iba na naiiinggit, “Paano mo nakuha ang iyong posisyon? Ano ang ginawa mo upang makuha iyan?” Ang iba ay palaging pinag-uusapan kung sino ang papalit sa akin kapag ako ay umalis na. Alam ko na tama sila: ang aking posisyon ang pinakamainam sa lahat.

Naaisip mo ba ang ganitong uri ng pribilehiyo na kasama ang Diyos mismo? Ang mga mananampalatayang walang makapipigil, sila na ginagampanan nang mahusay ang kanilang trabaho at napagtitiiisan ang takbuhin hanggang wakas; sila ang magiging malapit sa presensya ng Diyos sa mga darating na panahon. Sila rin ang uupo sa mga lugar ng karangalan. Tulad ng sabi ng Diyos sa Ezekiel 44:28 “Mangyayari na, tungkol sa kanilang mamanahin, na Ako ang kanilang magiging mana.”

Wow! Mayroon pa bang hihigit sa premyo o gantimpalang ito? Ang mga taong magiging malapit sa Kanya ang makaririnig ng Kanyang iniisip, pangitain, at mga pananaw, makakasama Siya sa pagpapalano ng hinaharap at sa mga ibang bagay ng pamumuno. Sila ay ang mga nagtiis nang may pagsusumikap at katapatan. Maghahari sila na kasama Siya magpakailanman at maglilingkod sa Kanya nang malapitan. O, kamanghamanghang pangako!

Kaya dinggin muli ang pangaral ni Pablo:

“Ang lahat ng manlalaro ay nagsasanay nang istriktong pagpipigil sa sarili. Ginagawa nila ito upang mapanalunan ang premyo na lilipas din, subalit ginagawa natin ito para sa walang hanggang gantimpala. Kaya ako ay tumatakbong diretso sa layunin na may dahilan sa bawat hakbang.” (1 Corinto 9:25-26)

Ang mga propesyonal na manlalaro ay mahigpit ang pagsasanay at nagsusumikap patungo sa gantimpalang trofeo ng Super Bowl, ang berdeng dyaket ng Master, ang Stanley Cup, at ang gintong medalya ng Olympics, subalit ang lahat ng mga ito ay balewala kung ihahambing sa dahilan ng

ating tinatakbo! Kaya tayo ay pinapayuhan na, “Tayo ay tumakbo nang may *matiyagang katatagan* at *matibay at aktibong pagpupursigi* sa takbuhing itinakda para sa atin.” (Hebreo 12:1, AMP) Sa *The Message* na salin ng Bibliya ay ibinigay ang pinakamahalagang punto nang ganito: “Alisin ang sagabal, mag-umpisang tumakbo—at huwag huminto!” Ang iba pang kontemporaryong pagsalin ay nagsabi nang tuwiran, “Tumakbo, kung gayun, sa paraan na mapapanalunan ang premyo.” (1 Corinto 9:24)

Ngayon, tanungin mo ang iyong sarili: *Ang mga salita bang ito ay mas mahalaga na ngayong narinig ko na ang mga gantimpalang naghihintay sa akin?*

Palagay ko alam ko na ang iyong sagot.

HUWAG SUSUKO!

“Huwag kang susuko. Huwag kang guguh. Ang lahat ay sulit sa dulo.”

MATEO 10:22 (MSG)

Walang makapipilit sa iyong sumuko; ikaw lang ang tanging makapagdedesisyong umayaw. Kaya, sana huwag!

Ang gantimpala sa pagtatagumpay, sa buhay natin dito at sa susunod, ay higit na malaki kaysa kasawiang palad o paghihirap na iyong hinaharap. Tulad ng sinabi ni Hesus, “Ito ay ganap na sulit sa dulo.”

Ang Tagapagligtas ang unang nagsabi ng malungkot na katotohanan sa mga huling araw. “Marami ang susuko,” sinabi Niya sa Mateo 24:10. Para masabi Niya ang mga salitang ito ay maaaring nakadurog sa Kanyang puso. Ang mga taong labis Niyang minahal, sila na pinag-alayan Niya ng Kanyang buhay para sa kanilang kalayaan at tagumpay, ay may posibilidad na umayaw at sumuko.

Ang malungkot na katotohanan ay, hindi nila kailangang gawin iyon. Ibinigay na ng Diyos ang Kanyang makapangyarihang biyaya hindi lamang upang makalagpas tayo sa kahirapan kundi upang tayo ay maging mas malakas, mas matalino at mas mabunga kaysa noong bago tayo pumasok sa kahirapan. Marami ang aatras dahil wala silang tamang pananaw. Hindi sila armado.

Ang pagsuko ay maaaring mag-iba-iba ang porma. Kadalasan ito ay nakaugat sa pakikipagkumpromiso-- ang kabaligtaran ng *walang makapigil*. Mula sa pangitain na aking ikinuwento sa inyo noong unang kabanata, kailangan nating tularan ang taong nagsasagwan sa bangka na taliwas sa agos ng alon. Upang lumakad kasama ang Diyos, dapat nating ihayag ang Kanyang kaharian, at gawing katangi-tangi ang ating mga sarili dahil ang Kanyang *kabantugan ay di umaayon sa mundo*. At kasama rito ang paglakad nang taliwas sa takbo ng sistema ng mundo.

Hindi tayo dapat na sumuko sa pag-ayon sa Kanyang karunungan. At ang magkumpromiso ay hindi dapat isaisip.

MAHIRAP MAGING KRISTIYANO

Noong bago siya naging martir, nakini-kinita na ni Apostol Pablo ang mga mahihirap na kaganapan sa mga huling araw. “Sa mga huling araw ay magiging lubos na mahirap ang maging Kristiyano.” Isinulat niya kay Timoteo. (2 Timoteo 3:1) Nakatanggap si Pablo ng tatlumpu’t siyam na latigo nang limang beses sa magkakaibang panahon, binugbog siya ng palo nang tatlong beses, minsang pinagbabato, at naghirap nang maraming taon sa bilangguan. Naharap siya sa pagkapoot at pag-uusig sa lahat ng dakong kanyang pinuntahan. Gayunpaman, nagpropesiya siya na sa *ating kapanahunan*, mas magiging mahirap mabuhay para sa Diyos! Paano niya ito masasabi matapos siyang makaranas ng masidhing paghihirap sa kanyang buhay? Patuloy pa niyang sinabi:

“Ang mga tao’y magiging makasarili, sakim sa salapi, palalo, mapagmataas, mapagsamantala, suwail sa magulang, walang utang na loob at lapastangan sa Diyos. Sila’y magiging malupit, walang habag, mapanirang-puri, marahas, mapusok at namumuhi sa mabuti. Sila’y magiging mga taksil, pabaya, mayabang, mahilig sa kalayawan at walang pag-ibig sa Diyos.” (2 Timoteo 3:2-4, MBB)

Sa biglang tinggin, maaari nating itanong, “Ano kaya ang kanyang punto? Ano ang pinagkaiba ng listahan ng mga asal na ito sa ating panahon sa kapanahunan ni Pablo? Tunay na ang mga masasamang pag-uugaling ito ay naganap din sa kanyang kapanahunan. Ang mga tao ay nagmamahal sa kanilang sarili at sa salapi, walang kabanalan at di marunong magpatawad.

Sinabi rin ni Pedro na sa araw ng Pentecostes, “Maligtas kayo mula sa liku-likong (salungat, masama, di matuwid) henerasyon.” (Mga Gawa 2:40)

Kaya bakit ibinukod ni Pablo ang ating henerasyon? Bakit niya tinukoy ang mga ugaling ito upang ilarawan ang pinakamahirap na panahon sa kasaysayan ng paglakad kasama ang Diyos? Ang sumunod na talata ang nagbigay ng kasagutan: “Sila ay kikilos na parang relihiyoso, subalit sila ay tatanggi sa kapangyarihan na tutulong sa kanilang maging makadiyos.” (2 Timoteo 3:5)

Ang malaking paghihirap, sabi ni Pablo, ay mula sa “mga mananampalataya” na ininukumpromiso ang katotohanan. Kasama ang iba pang manunulat ng Bagong Tipan, nagbabala ang Apostol na sa ating panahon, ang malaking porsiyento ng mga nagpapanggap na “Kristiyanong ipinanganak na muli” ay hindi maninindigan nang matatag sa biyaya ng Diyos. Sila ay kakapit sa katotohanang sila ay naligtas sa pamamagitan ng biyaya, subalit tatanggihan nila ang kapangyarihan ng biyaya na maaaring magpatibay sa kanila bilang mga walang makapipigil na mandirigma ng kaharian.

Sila ang mga taong nagsuko ng mga sagwan. Maaaring nakasalungat sa agos ang kanilang bangka, subalit sila ay umaayon na sa takbo ng sanlibutan. At upang lalo pang palalain ang sitwasyon, sa aking pangitain ay may mga malalaking bangka na puno ng mga taong nagkakasiyahan. Ang kanilang nagkakaisang paniniwala ang lalong nagpalakas sa pandaraya at ginagawa itong mas kapani-paniwala. Sila ay hindi lamang nadaya kundi inililigaw din ang iba at naging dahilan ang pagkatisod ng mga taong matatapat. Ito ang mga kahirapan na tinutukoy ni Pablo.

Sa aking pagbabalik-tanaw sa kasaysayan, ako ay naniniwala na ang pinakamalaking labanang hinarap ng mga ama ng sina-unang simbahan ay ang pakikipaglaban sa *legalismo*. Nagtangkang hikayatin ng legalismo ang mga bagong mananampalataya na magpailalim sa mga kautusan upang maligtas kaysa magtiwala sa biyaya ng Diyos.

Tayo ay nakikipaglaban sa ibang digmaan ngayon. Ako ay naniniwala na ang pinakamalaking labanan na ating kakaharapin sa mga huling araw na ito ay ang kawalan ng paggalang sa batas (*lawlessness*). Ito ay tumutukoy sa kaligtasan na walang na idinudulot na pagbabago sa paraan ng pamumuhay. Wala tayong ipinagkaiba bilang mga Kristiyano mula noong bago tayo naligtas, subalit ngayon tayo ay parte na ng samahan, suot na natin

ang tatak, sinasalita natin ang wika ng samahan habang ang bangka ng kasiyahan ay sumusunod sa agos na pababa. Hindi na tayo matatag sa ating pagtitiwala sa Diyos at sa ating pagsunod sa Kanyang kapamaraan.

Tayo ay binigyang babala ni Hesus na sa mga huling araw “Ang kasa-maa’y lalaganap, kaya’t manlalamig ang pag-ibig ng marami. Ngunit ang mananatiling tapat hanggang wakas ang siyang maliligtas.” (Mateo 24:12-13, MBB) Subalit sandali lang – ang kasalanan din naman ay laganap na noong sabihin ni Hesus ang mga salitang ito. Ano ang pinagkaiba ng ating kapanahunan? At ang nakagugulat na katotohanan: hindi tinutukoy ni He-

██████████

Ako ay naniniwala na ang pinakamalaking labanan na ating kakaharapin sa mga huling araw na ito ay ang kawalan ng batas.

██████████

sus ang ating lipunan sa kabuuan; ang tinutukoy Niya ay ang mga taong nagsasabing sila ay mga tagasunod Niya. Pinatotohanan Niya na ang kasalanan ay lalaganap sa mga nagpapanggap na Kristiyano sa ating kapanahunan. Bakit pa Niya tatapusin ang Kanyang pahayag sa mga ganitong salita? “Ngunit ang mananatiling tapat hanggang wakas ang siyang maliligtas.” Hindi mo ito sasabihin sa hindi mananampalataya, “Kung

tatapusin mo ang takbuhin, ikaw ay maliligtas,” dahil wala pa siya sa takbuhin. Gayunpaman, ikaw ay maaaring magsabi sa mga naroon na sa pananampalataya, na nakapagsimula na sa takbuhin, “Kung ikaw ay magtatapos...”

Ang mahalagang salita na ginamit ni Hesus ay *makapagtitiis*. Ang *makapagtitiis* ay nangangahulugan na magkakaroon ng paghadlang, pakikipaglaban, o paghihirap sa pagkapit sa katotohanan. Dapat tayong hindi magpapigil upang makatapos nang mabuti.

DUMATING NA ANG TAKDANG PANAHON

Kaugnay ng mga salitang ito, ang ikalawang sulat ni Pablo kay Timoteo na nararapat na bigyan natin ng ibayong pansin. Matapos na sabihin niya ang kahirapan, ibinigay ni Pablo ang panlunas: “Samantalang ang masasama ay lalo namang magpapakasama, at ang manlilinlang ay patuloy na

manlilinlang at sila man ay malilinlang din. Ngunit ikaw, magpatuloy ka sa mga aral na natutuhan mo at matibay mong pinaniwalaan.” (2 Timoteo 3:13-14)

Ang katotohanan ay hindi nakikiuso; ito ay nanatiling tapat sa paglipas ng panahon at hindi apektado ng opinyon ng tao o kultura ng isang lugar. Pansinin natin si Pablo na nag-udyok at nagbabala sa kanyang tinuturuan na “magpatuloy ka sa mga aral na natutuhan mo at matibay mong pinaniwalaan.” Ang katapatan sa katotohanan ang siyang sagot.

Ang nakatutuksong pang-akit ay sumunod sa agos ng mundo, subalit dadalhin ka ng mga ito sa pandaraya. Dahil dito si Pablo ay nagpatuloy:

“Mula pa sa pagkabata ay alam mong ang Banal na Kasulatan ay nagtuturo ng daan ng kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Hesus. Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Diyos, at nagagamit sa pagtuturo ng katotohanan, sa pagtatama sa maling katuruan, sa pagtutuwid sa likong gawain at sa pagsasanay para sa matuwid na pamumuhay, upang ang lingkod ng Diyos ay maging karapat-dapat at handa sa lahat ng mabubuting gawain.” (2 Timoteo 3:15-17, MBB)

Binigyan ko ng pansin ang dalawang salita sa mga talatang ito: *ang Banal na Kasulatan* at *mula pagkabata*. Kinasihan ng Diyos ang Banal na Kasulatan. Ito ang Kanyang katotohanan na lumalampas sa kapanahunan at kultura. Ito ang pundasyon kung saan tayo nagtatayo ng ating buhay; ito ang nagbibigay sa atin sa kaalaman at kapangyarihan na bigyang kasiyahan ang Diyos sa lahat ng bagay.

Sa pagtatapos ng 2 Timoteo 3, marami sa atin ang nag-aakalang si Pablo ay tapos na sa partikular na kaisipang ito. Gayunpaman, mula lang noong 1227 AD nang ang simbahan ay nagdagdag ng kabanata at talata na paghahati sa nilalaman ng Bibliya. Sa orihinal na pagkasulat ni Pablo nito, ang ikalawang Timoteo ay isang liham. At siya ay tiyak na hindi pa tapos sa kanyang iniisip. Ang kasunod na mga salita ni Pablo ay nagpatuloy sa parehong kaisipan:

“Sa harap ng Diyos at ni Cristo Hesus na darating bilang Hari at hahatol sa mga buhay at sa mga patay, inaatasan kitang ipangaral mo ang salita ng Diyos; pagsikapan mong gawin iyan, napapanahon man

o hindi. Himukin mo at pagsabihan ang mga tao, at palakasin ang kanilang loob sa pamamagitan ng matiyagang pagtuturo. Sapagkat darating ang panahong hindi na sila makikinig sa wastong katuruan; sa halip, susundin nila ang kanilang hilig. Maghahanap sila ng mga tagapagturo na walang ituturo kundi ang ibig lamang nilang marinig. Hindi na sila makikinig sa katotohanan, sa halip ay ibabaling ang kanilang pansin sa mga alamat.” (2 Timoteo 4:1-4, MBB)

“Inaatasan kita sa harapan ng Diyos at ng Panginoong Hesucristo.” Wala nang hihigit pa sa iniutos ni Pablo sa kanyang mag-aaral. Ano ang iniutos? Ipahayag at ituro ang Salita ng Diyos. Hindi ito ang pagtuturo ng pilosopiya, ang mga prinsipyo ng pamumuno sa sekular, ang *life coaching technique* at iba pang mga materyal na may kaugnayan sa ating kapanahunan. Hindi, ang iniutos niya ay ipangaral ang walang-kupas na Kasulatan.

Ipinahayag ni Pablo na ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Diyos at magagamit sa pagbibigay ng direksyon sa ating mga buhay. Kaya iniutos niya kay Timoteo na ipangaral at ituro ang mga ito. Bakit? Dahil darating ang panahon (at naniniwala ako na ito ay dumating na) na ang mga nadaya at mandaraya ay hindi makatatagal sa tamang doktrina. Ano ang doktrina? Hindi ito basta katuruan, kundi ang mga saligang katuruan mula sa Kasulatan. Ito ang mga katuruan na nag-uugnay sa lahat.

Nakalulungkot na makita ang ating espirituwal (maka-Kasulatan) na saligan ay lumilihis upang sang-ayunan ang takbo ng kapanahunan. Hindi na ito mapigilan lalo na sa puntong ang isang ministro ng malaking simbahan ay maaaring tumayo sa harapan ng kanyang kongregasyon upang aminin ang kanyang pagiging binabae (*homosexual*) at makatanggap pa siya ng masigabong palakpakan (*standing ovation*). Idinideklara naman ng iba na hindi na kalooban ng Diyos ang magpagaling, at ang mga tao ay mananampalataya sa taong ito sa halip na sa Salita ng Diyos. Ang iba naman ay maaaring magsulat ng aklat na nagdedeklara na lahat ng mga tao ay pupunta din naman sa langit sa katapusan – na wala namang sinumang masusunog sa walang hanggang apoy – at siya ay mananatiling “*rock star*” sa paningin ng ibang mga Kristiyano.

Mayroon ding iba na tahasang tinatanggi ang kapanganakan ni Hesus mula kay birheng Maria at maging ang muling pagbabalik ni Hesus-cristo, subalit patuloy pa rin na pinagpipitaganan bilang isang tagapanguna

ng simbahan. Parami nang parami ang nakalulungkot na mga kaganapan na naiuulat mula sa mga nagpapanggap na “mga Kristiyano” sa bawat araw.

Ang ibang huling *survey* ay makatutulong sa atin upang maunawaan ang mga katawa-tawang mga pagbabagong ito. Ayon sa isang pambansang pananaliksik, mga 46% lamang na mga *born-again* ang naniniwala sa tiyak at moral na katotohanan (*absolute moral truth*). Mahigit sa 50% ng mga ebanghelikong Kristiyano ang naniniwala na maaaring makarating sa langit sa pamamagitan ng mga daan maliban sa sakripisyo ni Hesucristo. Tanging 40% lamang sa mga *born-again* ang sumasang-ayon na si satanas ay isang totoong pwera.¹

Paano ito nangyari? Ang sagot ay matatagpuan sa mga salita ni Pablo kay Timoteo: “Hindi nila *matitiis* ang tamang doktrina” – hindi tayo nananatiling matatag sa katotohanan.

Parami nang parami ang nakikinig at nagdedeklara na hindi nakapagbabago ng buhay ang ebanghelyo. Ang di-tapat sa mensahe ng saligang doktrina ng Salita ng Diyos ay nagsasabi ng mga bagay katulad ng, “Si Hesus ay namatay para sa ating mga kasalanan upang tayo ay dalhin sa langit, subalit tayo ay mga tao lamang, at ang Diyos ay nakauunawa sa ating iba’t ibang bisyo at mga pagnanasang sekswal.” Ang isa sa mga nauusong katuruan ay ang ideyang hindi na raw kailangang pagsisihan ang mga kasalanan. Maraming mga mananampalataya ang masayang napagsabihan na hindi na kinakailangang tanggapin ang makadiyos na kalungkutan (*godly sorrow*) dulot ng pagsuway o ang pag-amin ng mga pagkakasala sa Diyos dahil ito ay napagtakpan na ng biyaya. Nakarinig na ako ng mga lalaki at babae na yumakap sa katuruang ito habang ipinagmamalaki kung gaano ka-simple, ka-sariwa at mapagpalaya ang mensaheng ito. Subalit kung ang pagiging simple, sariwa, at mapagpalaya ang totoong mga indikasyon ng katotohanan, samakatuwid anumang doktrina ang nagbibigay kasiyahan sa laman ay magiging katotohanan! Kung totoo man na ang mga Kristiyano ay hindi na kailangang magsisi, nagkamali marahil si Hesus nang sabihan Niya ang lima sa pitong simbahan ay kailangang “magsisi” sa Aklat ng

¹www.barna.org/transformation-articles/252-barna-survey-examines-changes-in-worldview-among-christians-over-the-past-13-years.

Pahayag. (Pahayag 2:5,16, 21, 22; 3:3)

Ang katotohanan ay hindi nagbabago para lamang pagbigyan ang kagustuhan ng mga taong gusto pang magkasala. Ang katotohanan ay hindi naaayon sa kanyang pansariling pagnanasa, kasiyahan, o kaya naman, ang tinatawag na “pulitikal na kawastuhan” (*political correctness*). Sa kabaligtaran, sinabi ng Anak ng Diyos, “Subalit ang makipot na tarangkahan at makitid na daan ay patungo sa buhay...” (Mateo 7:14)

Sa ngayon, dumarami ang mga tagapagturo na lumilihis sa tamang doktrina. Ang mga ganitong tusong tagapagturo ay lumilikha ng sarili ni-lang ebanghelyo upang bigyang katwiran ang bumababa nilang moralidad. Ang katotohanan ay hindi na nakakapagpabago ng buhay ng mananampalataya. Sa halip, ang katotohanan ay binabaluktot upang umayon sa takbo ng panahon at kultura. Bakit? Dahil ang mga tainga ay nangangati upang makarinig ng mga salitang nagpapahintulot sa atin na tumalon tungo sa kamunduhan sa halip na tanggaping tayo ay “kailangang umalis mula doon at humiwalay.” (2 Corinto 6:17)

Maraming mananampalataya ang nakararamdam ng tapik ng Banal na Espiritu noong una silang nakipaglaro sa kumpromiso. Subalit dahil sa dumaraming bilang ng nakikisabay sa agos ng malaking bangka lulan ang maraming nagsasaya, ang karamihan, sa paglaon, ang pumipigil sa tinig ng Banal na Espiritu, tinakpan ang kanilang mga tainga, at naging tamad sa pakikinig ng katotohanan.

ANG HENERASYON NG MGA KAMPEON

At bakit tayo magtataka? Nasabi na sa atin ang mga ganitong malawakang pagtalikod na mangyayari sa mga huling araw. (2 Tesalonica 2:3)

Sa kabilang banda, tayo ay nasabihan rin tungkol sa henerasyon ng mga kampeon na sisibol sa darating na panahon. Ang mga dakilang nilalang na ito ay binubuo ng mga lalake at babae, ng mga kabataan at matatanda (Mga Gawa 2:17-18). Ang mga propeta at mga apostol ang tumukoy sa mga bayaning ito na di sinukuan ang katotohanan. Ang pagsubok sa kadiliman at pandaraya ang magtatanghal sa mga mandirigmang ito. Hindi sila aatras, subalit sa kanilang matatag na pananampalataya at gawa, ay papalalawakin nila ang kaharian ng Diyos. Sila ang totoong lilitaw

na katangi-tangi bilang maniningning na ilaw sa gitna ng dilim. Magiging mahusay sila sa lahat ng aspeto ng buhay – hindi sa kumpromiso kundi, katulad ni Daniel, sila ay aangat sa pamamagitan ng karunungan ng Diyos na matatagpuan lamang sa pagkatakot sa Kanya at sa Kanyang biyayang nagbibigay kapangyarihan.

Mahal kong mambabasa, umaasa akong isa ka sa mga kampeong ito. Nananalangin ako na ikaw ay magtataguyod ng dakilang pagbigkis ng iyong sinturon ng katotohanan at ihahanda ang iyong sarili taglay ang takip sa dibdib ng katuwiran. Nawa ikaw ay hahawak ng pangsangga ng pananampalataya at tatakbo nang hindi sumusuko sa takbuhin na itinakda sa iyo, buong katiyakan na lalaban sa lahat ng paghadlang hanggang sa dulo. Ikaw ay mananagumpay. Taglay mo ang binhi Niya na nagtiis at nakaranas ng pinakamatinding kalupitan. Ang Kanyang kalakasan ay sumasaiyo! Ang Kanyang katangian ay nasa Iyo. Ikaw ay nilikha hindi upang umayaw, umatras, mahulog, o makumpromiso. Ikaw ay pinagpala ng kamangha-manghang biyaya ng Diyos.

Kahit gaano katindi ang pagsubok na pinagdaraan mo, ituring mo ito na nagbibigay daan tungo sa mas mataas na antas ng pamumuno. Matuto ka mula sa kahirapan ni Pablo:

“Hindi mainam na maisip nating baka hindi tayo makatatapos. Naramdaman natin na para tayong dinala sa hilerang mga papatayin, na ito na ang ating katapusan. At ito ang naging resulta, na nakabuti ang nangyari sa atin. Sa halip, na magtiwala sa sarili nating lakas o sa kaalamang makalabas dito, tayo ay napilitang magtiwala nang lubos sa Diyos – na dapat lang sapagkat maging ang patay ay kaya Niyang buhayin! At Siya ang nagligtas sa atin sa tiyak na kapahamakan. At gagawin Niya ulit iyon, kahit ilang beses na tayo ay mangailangan ng Kanyang pagsagip.” (2 Corinto 1:8-10, MSG)

Dahil sa sobrang tindi ng paghihirap na pinagdaanan ni Pablo, siya, maging ang kanyang mga kasama, ay tila hindi na mabubuhay matapos iyon. Subalit sinabi niya na “naging pinakamabuting bagay sa akin ang nangyari.” Dahil sa mga paghadlang, si Pablo ay umangat sa pinakamataas na antas ng kapamahalaan at kapangyarihan. Ang biyaya ng Diyos (kapangyarihan) ay laging sapat. Ang Diyos ang Siyang sasagip sa atin nang paulit-ulit.

Ang kailangan lamang nating gawin ay ang manatili sa Kanya, at hindi tayo dapat bumitiw sa ating pananampalataya, dahil nasa kabilang dulo ang dakilang tagumpay, ang kaganapan, at katuparan. Katulad ng isinulat ni Santiago, “Ang Diyos ang magpapala sa iyo, kung ikaw ay hindi aayaw kapag ikaw ay sinusubok sa iyong pananampalataya. Siya ang magbibigay gantimpala sa iyo ng maluwalhating buhay.” (Santiago 1:12)

Ikaw ay tumanggap ng makapangyarihang biyaya ng Diyos, katangian, at mahahalagang asal, at kabuuan na naitanim na sa iyo. Ikaw ay nakiisa sa Kanya; ikaw ay katawan ni Cristo. Ang Ulo (si Hesus) ay hindi nabigo, kaya ganoon din ang Kanyang katawan. “Tayo ay nasubok sa bawat matinding problema,” isinulat ni Pablo, “subalit tayo ay hindi nawasak at nasira. Tayo ay nahirapan, subalit hindi tayo sumuko at umayaw.” (2 Corinto 4:8)

Tayo ang katawan ni Cristo; hindi tayo dapat umatras. Hindi tayo dapat umayaw! Sinabi ni Pablo ang mga salitang ito nang paulit-ulit, “Hindi tayo dapat umayaw,” (2 Corinto 4:1) at muli, “Hindi tayo dapat umayaw. Paano natin makakayang umayaw!” (2 Corinto 4:16) Ikaw ay nilikha upang magtagumpay sa nakamamanghang paraan.

At huwag mong kailanman isipin na isinuko ka ng Diyos. Hindi Niya iyon gagawin sa iyo. Pakinggan mo ang Kanyang pangako: “Ang Diyos, na Siyang nagdala sa iyo sa simula ng lakbaying espirituwal, ang nagbahagi sa atin ng Kanyang buhay at ang ating Panginoong Hesus. Hindi Niya tayo isusuko. Huwag nating kalimutan iyon.” (1 Corinto 1:9, MSG)

Hindi ba napakadakila ng pangakong ito na hindi tayo susukuan ng Diyos. Hindi Siya magpapapigil tungkol dito. At kung hindi ka Niya isusuko, bakit ka naman susuko? Manatili kang matatag, hindi nagpapatinag. “Ano ang gantimpala sa iyong pananatili? Ito iyon, mula mismo sa bibig ng Panginoon: Ang gantimpala na ibibigay Ko sa bawat mananagumpay, ang bawat isa na mananatili at hindi papayag na sumuko: *Ikaw ang maghahari sa mga bansa.*” (Pahayag 2:26)

Pambihirang gantimpala! Pinatotohanan ni Pablo ang pangako ni Hesus: “Kung hindi ka susuko, ikaw ay maghahari.” (2 Timoteo 2:12) Tandaan natin, hindi lang ngayon kundi maging dito rin at sa darating pang

panahon. “Ang lahat ng tumanggap ng masaganang biyaya ng Diyos at nakipag-isa sa Kanya ay maghahari sa buhay sa pamamagitan ni Cristo.” (Roma 5:17)

Kaya, mga minamahal kong kapatid kay Cristo, ikaw ay tiyak na nagtataglay ng kapangyarihan upang di sumuko. Taglay mo ang mga kailangan upang makatapos nang ganap: Ito ay ang biyaya ng Diyos, at hindi ito mabibigo. Kaya tumakbo ka ng may katiyakan sa iyong gantimpala. Ito man ay banal na gawain, isang mahalagang posisyon, o isang relasyon sa kaharian; kahit ito ay para sa maikling panahon, mahabang panahon, o panghabang-buhay, ikaw ay nakatakda na magtagumpay at maghari. Ikaw ay may pribilehiyo na maranasan ang mayamang katuparan at masaganang buhay mula sa pananatili. Naghihintay sa iyo ang paghahari. Ikaw ay magiging katangi-tangi dahil sa kaluwalhatian ng iyong Hari. Tunay na napakatamis nga ng gantimpala. Kaya palaging tandaan:

“Manatili ka sa Diyos! Lakasan mo ang iyong loob. Huwag kang umayaw. Sasabihin kong muli: Manatili ka sa Diyos.” (Awit 27:14)

Huwag mong iisipin kailanman na isinuko ka na ng Diyos.

APPENDIX A

PANALANGIN UPANG MAGING ANAK NG DIYOS

Paano ba tayo magiging anak ng Diyos? Una sa lahat, wala itong kinalaman sa iyo kundi sa kung ano ang ginawa para sa iyo ni Cristo Hesus. Ibinigay Niya ang Kanyang maharlikang buhay, at lubos na kawalang malay (*perfect innocence*), upang maibalik ka sa iyong Manlilikha, ang Diyos Ama. Ang Kanyang kamatayan sa krus ang tanging kabayaran na makatutubos sa iyong mga kasalanan upang magkaroon ka ng buhay na walang hanggan.

Anuman ang iyong pinanggalingang antas sa lipunan, lahi, relihiyon, at mabuti man ito o hindi sa paningin ng mga tao, ikaw ay maaaring maging anak ng Diyos. Ninanais at inaasam Niyang makasama ka sa Kanyang pamilya. Magagawa mo ito sa simpleng pagtalikod sa makasalanang pamumuhay na hiwalay sa Kanya at pagsuko ng iyong buhay sa Panginoong Hesucristo. Kapag nagawa mo na ito, literal na ikaw ay naipanganak na muli. Hindi ka na alipin ng kadiliman. Ikaw ay ipinanganak nang muli bilang anak ng Diyos. Idinedeklara ng Kasulatan,

“Kung ipahahayag ng iyong labi na si Hesus ay Panginoon at buong puso kang sasampalataya na Siya’y muling binuhay ng Diyos, maliligtas ka. Sapagkat sumasampalataya ang tao sa pamamagitan ng kanyang puso at sa gayon ay pinapawalang-sala ng Diyos. Nagpapahayag naman siya sa pamamagitan ng kanyang labi at sa gayon ay naliligtas.” (Roma 10:9-10)

Kaya kung naniniwala ka na si Hesucristo ay namatay para sa iyo at nais mong ibigay sa Kanya ang iyong buhay—hindi na upang mabuhay para sa iyong sarili—ikumpisal mo ang panalanging ito nang taos sa iyong puso at ikaw ay magiging anak ng Diyos:

Ama sa Langit, inaamin ko na ako ay isang makasalanan at nagkulang sa Iyong hinihinging kabanalan. Nararapat lamang na ako’y mahusgahan magpakailanman dahil sa aking kasalanan. Salamat po dahil hindi Mo ako iniwan sa kalagayang ito dahil naniniwala akong ipinadala Mo si Hesucristo, ang Iyong bugtong na

Anak, na isinilang ng birheng Maria, upang mamatay para sa akin at upang pasanin ang aking hatol sa krus. Naniniwala ako na Siya ay nabuhay na muli sa ikatlong araw at ngayo'y nakaupo sa Iyong kanang luklukan bilang aking Panginoon at Tagapagligtas. Kaya sa araw na ito ng _____, 20_____, ibinibigay ko ang aking buhay nang buong-buo sa Panginoong Hesus.

Hesus, idinedeklara Kita bilang aking Panginoon, Tagapagligtas, at Hari. Pumasok Ka sa aking buhay sa pamamagitan ng Iyong Espiritu at baguhin Mo ako upang maging tunay na anak ng Diyos. Tinatalikuran ko ang mga gawa ng kadiliman na dati kong ipinamuhay at, mula sa araw na ito, hindi na ako mabubuhay para sa aking sarili, kundi para sa Iyo na nagbigay ng Iyong sarili para sa akin upang ako'y mabuhay magpakailanman.

Salamat, Panginoon. Ang aking buhay ay lubos kong isinusuko sa Iyo, at, ayon sa Iyong Salita, ay hindi na ako mahihiya.

Ngayong ikaw ay ligtas na; isa ka nang anak ng Diyos. Ang buong kalangitan ay nagdiriwang kasama mo sa oras na ito! Maligayang pagdating sa pamilya ng Diyos! Nais kong magmungkahi ng tatlong bagay na maaari mong gawin:

1. Ibahagi mo ang iyong ginawasa isang kapwa mananampalataya. Sinasabi sa atin ng Kasulatan na ang isa sa mga paraan upang ating magapi ang kadiliman ay sa pamamagitan ng ating patotoo (Pahayag 12:11). Inaanyayahan kita na makipag-ugnay sa aming ministeryo, ang *Messenger International* sa www.messengerinternational.org. Nais naming makarinig mula sa iyo.
2. Umanib ka sa isang mabuting simbahan na nagtuturo ng Salita ng Diyos. Maging miyembro at makisangkot. Hindi iniwan ng mga magulang ang kanilang mga anak sa kalye pagkapanganak sa kanila upang sila ay mabuhay nang mag-isa. Isa ka na ngayong

sanggol kay Cristo; binigyan ka ng Diyos Ama ng isang pamilya na tutulong sa iyo upang ikaw ay lumago. Ang tawag dito ay lokal na simbahan ng Bagong Tipan.

3. Magpabautismo ka sa tubig. Kahit na ikaw ay anak na ng Diyos, ang pagpabautismo ay isang pampublikong paghahayag sa mundo na ibinigay mo na ang iyong buhay sa Diyos sa pamamagitan ni Hesucristo. Isa rin itong tanda ng iyong pagsunod, dahil sinasabi ni Hesus na tayo ay dapat na magbautismo ng mga bagong mananampalataya “sa Ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo.” (Mateo 28:19)

Hinahangad ko ang pinakamainam sa iyong bagong buhay kay Cristo. Palagi kang ipapanalangin ng aming ministryo. Magsimula ka nang mamuhay nang may katatagan at katapatan sa katotohanan!

APPENDIX B

KUNG BAKIT AKO GUMAGAMIT NG IBA'T IBANG
SALIN NG BIBLIYA

Dumarating ang mga tanong na ito minsan: Bakit marami akong ginagamit na mga salin, at ikalawa, bakit ako gumagamit lamang ng mga bahagi ng mga talata mula sa Kasulatan? Hayaan ninyong sagutin ko ang mga tanong na ito.

1. Ang Bibliya ay orihinal na naisulat na mayroong 11,000 Hebreo, Aramaic, at Griyegong mga salita. Sa kabila nito, ang karaniwang mga salin sa Ingles ay gumagamit ng humigit-kumulang sa 6,000 na mga salita. Mula sa estatistikang ito, maaari nating mahinuha ang iba't ibang pagpapakahulugan na maaaring makalampas at mawala sa mga salin. Ang pagkuha mula sa ilang mga sangguniang Ingles ay makatutulong na maibalik ang yaman ng sinasabi sa atin ng Diyos.
2. Sa paggamit lamang ng isang salin, madaling malalampasan ng mambabasa ang isang talatang pamilyar na sa kanya. Ang paggamit ng iba't ibang salin ang nagbabawas sa probabilidad na mangyari ito at tinutulungan ang mambabasa na pagtuunan ang Kasulatan.
3. Sa aking pagsusulat, maingat kong binabasa ang ang mga piling bahagi ng Kasulatan mula sa lima hanggang walong magkakaibang salin at saka ko pinagpapasiyahan ang kung alin ang pinakamainam magpapahayag ng puntong pinagtuunan. Sinisigurado ko rin na kapag ako ay gumagamit ng *paraphrase*, ang bahaging aking ginagamit ay hindi kaiba sa isang respetadong salin.
4. Ang dahilan kung bakit hindi ako palaging gumagamit ng mga buong talata ay dahil ang mga kabanata at talata ay idinagdag lamang sa Bibliya noong AD 1227. Ang Bibliya ay hindi orihinal

na isinulat nang may ganitong dibisyon. Maraming beses sa Ebanghelyo, sinipi lamang ni Hesus ang mga bahagi ng mga talata mula sa Lumang Tipan.

PARA SA MAS MALALIM NA PAGNINILAY AT DISKUSYON

1. Sumasang-ayon ka ba o hindi na kung paano tayo magtatapos sa buhay ay mas mahalaga kaysa sa kung paano tayo nagsimula? Ipaliwanag ang iyong sagot.
2. Paano mo ipaliliwanag ang isang “espiritung walang makapigil”?
3. Ano ang iyong masasabi na kahulugan ng biyaya ng Diyos? Paano napabuti ng pagbabasa ng aklat na ito ang iyong pag-unawa sa biyaya?
4. Ano ang mga implikasyon para sa iyo ng katotohanan na ang mga Kristiyano ay nararapat na “maghari sa buhay” (Roma 5:17)? Paano naaapektuhan ng katotohanang ito ang iyong pamilya? Iyong trabaho? Iyong tugon sa anumang hamon sa buhay?
5. Maraming mga Kristiyano ay mukhang hindi naghahari sa buhay. Sa tingin mo, bakit kaya nangyayari ito?
6. Ano ang ilan sa mga pag-uugali at gawa na kailangang taglayin ng isang mananampalataya upang pagharian niya ang bawat hamon sa buhay?
7. Ano ang plano ni satanas upang ikaw ay kontrahin (Juan 10:10)? Sa nakaraang mga araw o linggo, paano mo nakita si satanas na kumikilos upang ikaw ay “pagnakawan, patayin, at wasakin”?
8. Sinabi ni Hesus na tayo ay magkakaroon ng kapighatian sa mundong ito ngunit napagtagumpayan na Niya ang mga ito

(Juan 16:33). Ano ang makatutulong sa atin upang tayo ay tunay na maging mananagumpay at mananakop?

9. Anu-ano ang pag-uugali ng isang taong mapagmataas? Anu-ano ang mga pag-uugali ng isang taong mapagpakumbaba?
10. Hinikayat ni Apostol Pedro ang mga tagasunod ni Hesus na “magsuot ng kababaang-loob.” (1 Pedro 5:5) Sa praktikal na pamumuhay, ano sa tingin ninyo ang ibig niyang sabihin?
11. Anu-ano ang ilan sa mga taktikang maaari nating gamitin upang pigilan o hadlangan ang diyablo?
12. Bakit mahalaga sa buhay ng isang Kristiyano ang pagdurusa?
13. Ano ang papel ng panalangin sa buhay ng isang Kristiyanong hindi magpapapigil sa kanyang pananampalataya?
14. Paano mo maipaliliwanag ang “masigasig o taimtim” na panalangin?
15. Bakit magkakaroon ng iba’t ibang uri at antas ng mga gantimpala sa langit?
16. Habang ikaw ay nagninilay sa mga pangunahing tema ng aklat na ito, sa anong lugar ng iyong paglakad sa Diyos mo nais ang tulong ng Banal na Espiritu upang sumidhi ang iyong “espiritung hindi magpapapigil”?

WALANG MAKAPIPIGIL

ANG KAPANGYARIHANG KAILANGAN MO
UPANG KAILANMAN AY HINDI KA SUMUKO

Ang aklat na hawak mo ngayon ay bahagi ng **Curriculum sa Pagtuturo ng Aklat ng Walang Makapipigil** ni John Bevere. Sa pagbasa ng aklat na ito at paggamit ng mga kasamang *teaching materials* na nasa kalakip na DVD at maaaring i-download sa Internet, mapag-aaralan mo ang bawat bahagi ng pambihira at nakapagbabagong-buhay na serye ng katuruan. Kung pag-aaralan nang mabuti, lubos nitong maaapektuhan at mapabubuti ang iyong buhay Kristiyano upang lalo



kang makapaglingkod sa Diyos.

Ang buong curriculum ay naglalaman ng mga sumusunod na bahagi:

- **Aklat ng Walang Makapipigil**
Ang tanging nakalimbag na bahagi ng curriculum na ito. Ito ang aklat na hawak mo ngayon. Ang elektronikong edisyon ng aklat ay nasa disc at may ebook at PDF na format.
- **Resource Disc ng Walang Makapipigil**
Ang kalakip na disc ay naglalaman ng curriculum sa digital na format.
- **Gabay-Aralin para sa Walang Makapipigil**
Matatagpuan sa disc at may ebook at PDF na format.
- **Audio Book ng Walang Makapipigil**
Ang buong 18 kabanata ng aklat na Relentless na maaari mong mapakinggan.
- **Mga Video Teaching Session ng Walang Makapipigil**
Ang mga sipi ng Relentless Video Teaching Session ay nasa disc. Ang lahat ng 12 sesyon sa video ay libreng i-download sa internet.
- **Mga Audio Teaching Session ng Walang Makapipigil**
Lahat ng 12 sesyon ng pagtuturo ay maaari mong mapakinggan.
- **Aklat na Ang Pagbangon ng Babaeng Leon**
Matatagpuan sa disc at may ebook at PDF na format.

WALANG MAKAPIPIGIL

ANG KAPANGYARIHANG KAILANGAN MO
UPANG KAILANMAN AY HINDI KA SUMUKO

Para sa iba pang impormasyon tungkol sa mga bahagi ng **Curriculum** ng **Walang Makapipigil** :

MP3 AUDIO FILES -- Maaaring ilagay sa iyong audio media player, smart phone o computer.

PDF DIGITAL FILES -- Maaaring ilagay sa iyong tablet o kompyuter. Ito ay madaling basahin, i-print o kopyahin. Maaari mo rin itong kopyahin gamit ang iyong computer.

EBOOK -- Ito ay isang digital na anyo ng iyong aklat. Maaari itong ilagay sa at basahin sa tablet/pad, kompyuter o smart phone.

RESOURCE DVD -- Kung sa numang dahilan ay hindi mai-play ang DVD sa iyong video player, subukan mong ilagay ito sa iyong kompyuter at isa-isang buksan ang nilalaman. Kung mayroon pa ring problema, magpatulong sa nakakaalam tungkol sa mga kompyuter upang magamit mo ang files sa iyong pag-aaral.

Ang lahat ng materyales ng curriculum na ito ay regalo para sa'yo. Maaari kang gumawa ng kopya ng disc, mga materyales at i-email ito o ipamigay sa iyong mga kaibigan. Ipadala mo rin ang mga katuruan sa inyong simbahan. Maaari mong ilagay ito sa internet upang magamit ng iba. Ibahagi ang mga materyales na ito saanman may pangangailangan ng mabuting katuruan ng Salita ng Diyos at lakasan sa buhay Kristiyano.

www.Messengerinternational.org
www.ResourceLibrary.org

ANG PATIBONG NI SATANAS

Mamuhay nang Malayo sa Nakamamatay na Patibong ng Pagkakasala



Kadalasan, hindi alam ng mga taong nasaktan na sila ay nabitag. Nakalilimot sila sa kanilang kalagayan dahil nakatutok sila sa pagkakamaling nagawa sa kanila. Bilang mananampalataya, sila ay di makakilos, di makalabas, at walang kakayanang ipahayag at tanggapin nang buong tapang ang inilaan ng Diyos para sa kanila.

Isiwalat ng aklat na ito ang mapanlinlang na patibong ni satanas—ang sama ng loob na nag-aalis sa mga mananampalataya sa kalooban ng Diyos at naglalayo sa kanilang kapalaran kay Cristo. Ang usapin ng sama ng loob – ang pinakanilalaman ng “Ang Patibong ni Satanas,” - ay ang pinakamahirap na pagsubok na kailangang harapin at pagtagumpayan ng bawat isa. Ang pagpili ay hindi kung ikaw ay masasaktan ba o hindi, kundi kung paano ka tutugon sa sama ng loob. Palalakasin ka ng mensaheng ito upang mailayo ka sa sama ng loob upang walang makahadlang sa iyong relasyon sa Diyos.

Ang iba pang mga materyales at katuruan (sa inyong sariling wika) mula kina John at Lisa Bevere ay maaaring i-download sa:

www.CloudLibrary.com

Ang mga karagdagang katuruan sa iba pang wika ay makikita at maaaring i-download sa Youtube.com at Yuku.com at iba pang media sharing sites.

WALANG MAKAPIGIL RESOURCE DISC



Panoorin mo ang mga resources files sa iyong computer at maari mong i-download ang mga karagdagang material online.




magulang, amang, magulangin
**Messenger
International**
MessengerInternational.org

ANG KAPANGYARIHANG KAILANGAN MO
UPANG KAILANMAN AY HINDI KA SUMUKO

WALANG MAKAPIGIL

JOHN BEVERE



Ang Resource Disc na ito ay isang personal na kaloob sa iyo ni John Bevere. Magbibigay daan ito sa iyo tungo sa maraming makapangyarihang materyal na mapagkukunan mo ng tulong upang lalo mo itong mapag-aralan at maibahagi sa iba. Maaari mong ipakopya at ipamahagi ang kahit anong bahagi nito. Maaari mong iemail ito sa iyong mga kakilala o kaya naman ay iupload mo sa internet upang makapag *print* ka ng maraming kopya. Nilikha ang mga materyal na ito upang makapagpalakas at makapagbigay-inspirasyon sa bawat Kristiyanong mananampalataya sa lahat ng dako.

Ang mga ito at iba pang katuruan (sa Tagalog at Cebuano) mula kay John at Lisa Bevere ay maaari mong i-download sa:

www.MessengerInternational.org
www.CloudLibrary.org

May mga dagdag pang materyal sa iba't ibang wika na maaari mong i-download mula sa Youtube.com at Yuku.com at iba pang media sharing sites.

"Hindi Diyos ang pinanggagalingan ng kahirapan, ngunit ginagamit Niya ito upang tayo ay tumibay at maging handang pagtagumpayan ang mga matitinding hamon ng buhay. Hindi Niya tayo babayaang sumagupa sa mga unos ng buhay nang hindi muna Niya tayo binibigyan ng kakayahang magtagumpay.."

- JOHN BEVERE, *Walang Makapipigil*

Nasa iyo na ang kailangan mo upang makatapos ka nang maayos sa takbuhing Kristiyano!

Hindi ka nilikha ng Diyos upang magpatianod lang sa agos ng buhay sa mundo. Nilikha ka ng Diyos upang malampasan ang mga pagsubok at kakitaan ka ng kadakilaan. Sa kanyang mapanghamong aklat, tinalakay ng may akda na si John Bevere ang mga kinakailangan upang makatapos tayo nang maayos sa takbuhing Kristiyano. Ang aklat na *Relentless (Walang Makapipigil)* ay hindi lamang nag-aalok ng bagong stratehiya o paraan kung paano magtagumpay sa mga pagsubok. Nagtuturo ito ng isang mabisang pananaw na tulad ng kay Apostol Pablo nang kanyang ideklara na, "Nalulugod ako sa mga kahirapan..." Ang mga biblikal na katotohanang kanyang inihayag sa aklat ay tutulungan kang umangat sa bawat yugto ng iyong buhay.

Umanib ka na sa karanasang walang makapipigil!



Si JOHN BEVERE ay isang tanyag na manunulat at tagapagsalita sa mga malalaking kapulungan. Itinatag niya at ng kanyang asawang si Lisa Bevere, isa ring mahusay na manunulat, ang John Bevere Ministries noong taong 1990. Ang organisasyong ito ay lumawak at naging pangbuong mundo ang sakop, kabilang ang Kanilang programang pangtelebisyon na *The Messenger*. Ang programang ito ay napapanood ngayon sa 214 na bansa. Nakapagsulat na si Bevere ng marami pang ibang aklat, tulad ng *Pagwasak sa Pananakot*, *Ang Takot sa Panginon* at *Sa Ilalim ng Taging*.

MAY KALAKIP NA WALANG MAKAPIGIL RESOURCE DVD

Maaari itong i-download at iba pang materyales sa:

www.CloudLibrary.org

www.MessengerInternational.org



magpunta sa mga aklat
**Messenger
International**
MessengerInternational.org

Ang aklat na ito ay isang kaloob mula sa may-akda at hindi ipinagbili.



Sundan si John Bevere sa Facebook at Twitter.